

Ang Tapat na Saksi ng Diyos para sa Patotoo ni Hesus

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 1:1-2, 5, 9-12; 7:9-17; 19:10

Apoc. 1:1-2 Ang pahayag hinggil kay Hesu-Kristo na ibinigay ng Diyos sa Kanya upang ipakita sa Kanyang mga alipin ang mga bagay na kailangang mangyari kaagad; at Kanyang ipinaalam ito sa pamamagitan ng mga tanda, ipinadadala ito sa pamamagitan ng Kanyang anghel sa Kanyang aliping si Juan, ²Na nagpatotoo ng salita ng Diyos at ng patotoo ni Hesu-Kristo, maging ng lahat ng bagay na nakita niya.

Apoc. 1:5 At mula kay Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa. Sa Kanya na umiibig sa atin at nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo.

Apoc. 1:9-12 Akong si Juan, na inyong kapatid at inyong kapwa bumabahagi sa kapighatian at kaharian at pagtitiis sa loob ni Hesus, ay nasa pulo na tinatawag na Patmos dahil sa salita ng Diyos at sa patotoo ni Hesus. ¹⁰Ako ay nasa espiritu nang Araw ng Panginoon at narinig ko sa aking likuran ang isang malakas na tinig na tulad sa isang trumpeta, ¹¹Na nagsasabi, Ang iyong nakikita ay isulat mo sa isang balumbon at ipadala mo sa pitong ekklesia: sa Efeso at sa Esmirna at sa Pergamo at sa Tiatira at sa Sardis at sa Filadelfia at sa Laodicea. ¹²At ako ay lumingon upang makita ang tinig na nagsalita sa akin; at nang ako ay lumingon, nakita ko ang pitong gintong patungan ng ilawan.

Apoc. 7:9-17 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko, at narito, may malaking kalipunan na dimabilang ng sinuman, mula sa bawat bansa at lahat ng lipi at mga bayan at mga wika, na nakatayo sa harap ng trono at sa harap ng Kordero, nadaramtan ng mga puting balabal at may mga sanga ng palma sa kanilang mga kamay. ¹⁰At sila ay sumisigaw nang may malakas na tinig, na nagsasabi, Kaligtasan sa ating Diyos na nakaupo sa trono at sa Kordero. ¹¹At ang lahat ng anghel ay tumayo sa palibot ng trono at ng mga matanda at ng apat na buhay na nilalang; at sila ay nagpatirapa sa harap ng trono at sumamba sa Diyos, ¹²Na nagsasabi, Amen. Ang pagpapala at kaluwalhatian at karunungan at mga pagpapasalamat at karangalan at kapangyarihan at kalakasan ay sumaating Diyos magpakailan pa man. Amen. ¹³At sumagot ang isa sa mga matanda, na nagsasabi sa akin, Itong mga nadaramtan ng puting balabal, sino sila, at saan sila nanggaling? ¹⁴At sinabi ko sa kanya, panginoon ko, batid mo. At sinabi niya sa akin, Sila yaong mga lumabas mula sa matinding kapighatian, at kanilang hinugasan ang kanilang mga balabal at pinaputi ang mga ito sa dugo ng Kordero. ¹⁵Dahil dito ay nasa harap sila ng trono ng Diyos at naglilingkod sa Kanya araw at gabi sa Kanyang templo; at Siyang nakaupo sa trono ay magtatabernakulo sa ibabaw nila. ¹⁶Hindi na sila magugutom, ni mauuhaw pa, ni tatamaan pa ng araw, o ng anumang init; ¹⁷Sapagkat ang Kordero na nasa gitna ng trono ang magpapastol sa kanila at gagabay sa kanila sa mga balong ng mga tubig ng buhay; at papahirin ng Diyos ang bawat luha sa kanilang mga mata.

Apoc. 19:10 At nagpatirapa ako sa kanyang paanan upang sambahin siya. At sinabi niya sa akin, Huwag mong gawin iyan. Ako ay kapwa mo alipin at kapwa alipin ng iyong mga kapatid na may patotoo ni Hesus. Sumamba ka sa Diyos. Sapagkat ang patotoo ni Hesus ay ang espiritu ng propesiya.

I. Si Kristo ang tapat na Saksi ng Diyos, ang patotoo at kahayagan ng Diyos; ang Kanyang paghahayag ng Diyos ay ang Kanyang pagsasaksi—Apoc. 1:5; 3:14:

Apoc. 1:5 At mula kay Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa. Sa Kanya na umiibig sa atin at nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo.

Apoc. 3:14 At sa sugo ng ekklesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Amen, ang Saksing tapat at totoo, ang pasimula ng paglikha ng Diyos.

- A. Si Kristo ay ang Saksi ng Diyos, ang patotoo at kahayagan ng Diyos; ang ekklesia ay ang patotoo at kahayagan ni Kristo; bilang gayon, ang ekklesia ay ang pagpaparami ng patotoo at kahayagan ng Diyos sa loob ni Kristo—1:5.

Apoc. 1:5 At mula kay Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa. Sa Kanya na umiibig sa atin at nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo.

- B. Inilalahad sa atin ng Apocalipsis ang nahayag na Kristo at ang nagpapatotoong ekklesia, yaon ay ang patotoo ni Hesus; si Kristo ang patotoo ng Diyos, at ang ekklesia ay ang patotoo ni Hesus, ang napalaking Kristo bilang sama-samang kahayagan ng Tres-unong Diyos—Juan 1:18; 5:31-37; 8:14; Apoc. 1:2, 5, 9; 19:10; cf. Gen. 1:26.

Juan 1:18 Walang sinuman ang nakakita kailanman sa Diyos; ang bugtong na Anak, na nasa dibdib ng Ama, Siya ang nagdeklara sa Kanya.

Juan 5:31-37 Kung nagpapatotoo Ako hinggil sa Aking sarili, ang patotoo Ko ay hindi totoo. ³²May ibang nagpapatotoo hinggil sa Akin, at alam Ko na totoo ang patotoong kanyang ipinapatotoo hinggil sa Akin. ³³Nagsugo kayo ng mga tao kay Juan, at nagpatotoo siya sa katotohanan. ³⁴Ngunit ito ay hindi mula sa tao na tinatanggap Ko ang Aking patotoo, subalit sinasabi Ko ang mga bagay na ito upang kayo ay maligtas, ³⁵Siya ang ilawang nagniningas at nagliliwanag, at ninais ninyong magalak nang sandali sa kanyang liwanag. ³⁶Ngunit mayroon Akong patotoong mas dakila kaysa yaong kay Juan, sapagkat ang mga gawaing ibinigay sa Akin ng Ama upang tapusin, ang mga gawain mismo na Aking ginagawa, ay nagpapatotoo tungkol sa Akin na Ako ay isinugo ng Ama. ³⁷At ang Ama na nagsugo sa Akin, Siya ang nagpatotoo tungkol sa Akin. Kailanman ay hindi ninyo narinig ang Kanyang tinig, ni nakita man ninyo ang Kanyang anyo.

Juan 8:14 Sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Kahit na nagpapatotoo Ako tungkol sa Aking sarili, totoo ang Aking patotoo; sapagkat alam Ko kung saan Ako nanggaling at kung saan Ako paroroon; subalit hindi ninyo alam kung saan Ako nanggaling o kung saan Ako paroroon.

Apoc. 1:2 Na nagpatotoo ng salita ng Diyos at ng patotoo ni Hesu-Kristo, maging ng lahat ng bagay na nakita niya.

Apoc. 1:5 At mula kay Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa. Sa Kanya na umiibig sa atin at nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo.

Apoc. 1:9 Akong si Juan, na inyong kapatid at inyong kapwa bumabahagi sa kapighatian at kaharian at pagtitiis sa loob ni Hesus, ay nasa pulo na tinatawag na Patmos dahil sa salita ng Diyos at sa patotoo ni Hesus.

Apoc. 19:10 At nagpatirapa ako sa kanyang paanan upang sambahin siya. At sinabi niya sa akin, Huwag mong gawin iyan. Ako ay kapwa mo alipin at kapwa alipin ng iyong mga kapatid na may patotoo ni Hesus. Sumamba ka sa Diyos. Sapagkat ang patotoo ni Hesus ay ang espiritu ng propesiya.

cf. Gen. 1:26 Sinabi ng Diyos, Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa.

II. Ang patotoo ni Hesus ay ang pitong gintong patungan ng ilawan—ginto (dibino) sa kalikasan, nagliliwanag sa kadiliman, at magkapareho sa isa't isa—Apoc. 1:1-2, 9-12:

Apoc. 1:1-2 Ang pahayag hinggil kay Hesu-Kristo na ibinigay ng Diyos sa Kanya upang ipakita sa Kanyang mga alipin ang mga bagay na kailangang mangyari kaagad; at Kanyang ipinaalam ito sa pamamagitan ng mga tanda, ipinadadala ito sa pamamagitan ng Kanyang anghel sa Kanyang aliping si Juan, ²Na nagpatotoo ng salita ng Diyos at ng patotoo ni Hesu-Kristo, maging ng lahat ng bagay na nakita niya.

Apoc. 1:9-12 Akong si Juan, na inyong kapatid at inyong kapwa bumabahagi sa kapighatian at kaharian at pagtitiis sa loob ni Hesus, ay nasa pulo na tinatawag na Patmos dahil sa salita ng Diyos at sa patotoo ni Hesus. ¹⁰Ako ay nasa espiritu nang Araw ng Panginoon at narinig ko sa aking likuran ang isang malakas na tinig na tulad sa isang trumpeta, ¹¹Na nagsasabi, Ang iyong nakikita ay isulat

mo sa isang balumbon at ipadala mo sa pitong ekklesia: sa Efeso at sa Esmirna at sa Pergamo at sa Tiatira at sa Sardis at sa Filadelfia at sa Laodicea. ¹²At ako ay luminingon upang makita ang tinig na nagsalita sa akin; at nang ako ay luminingon, nakita ko ang pitong gintong patungan ng ilawan.

- A. Isinisimbolo ng gintong patungan ng ilawan ang Tres-unong Diyos; ang Ama bilang substansiya ay naisakatawan sa Anak, ang Anak bilang pagsasakatawan ay nahayag sa pamamagitan ng Espiritu, ang Espiritu ay lubos na naisarealidad at nahayag bilang mga ekklesia, at ang mga ekklesia ay ang patotoo ni Hesus—Exo. 25:31-40; Zac. 4:2-10; Apoc. 1:10-12.

Exo. 25:31-40 Gagawa ka ng isang patungan ng ilawan na lantay na ginto. Ang paa at tangkay ng ilawan ay yari sa pinitpit na ginto; ang mga sanga, ang mga kopa niyon, at ang mga bulaklak niyon ay isang piraso. ³²At magkakaroon ng anim na sangang lumalabas sa mga tagiliran niyon na kasama nito, tatlong sanga ng ilawan sa isang tagiliran niyon, at tatlong sanga ng ilawan ay sa kabilang tagiliran niyon, ³³Tatlong kopa na ginawang tulad ng almendro, bawat isa ay may usbong at isang bulaklak; at tatlong kopang anyong bulaklak ng almendro sa kabilang sanga, isang usbong at isang bulaklak; at gayon sa anim na sangang lumalabas mula sa patungan ng ilawan. ³⁴Sa patungan ng ilawan mismo ay magkakaroon ng apat na kopang anyong bulaklak ng almendro, kasama ng mga usbong at ng mga bulaklak niyon, ³⁵at magkakaroon ng isang usbong sa ilalim ng bawat pares ng anim na lumalabas sa patungan ng ilawan. ³⁶Ng magiging mga usbong at mga sanga niyon ay iisa, ang kabuuan niyon ay isa lamang putol na yari sa pinitpit na lantay na ginto. ³⁷Igagawa mo ito ng pitong ilaw, at ang mga ilaw ay sisindihan upang magbigay liwanag sa dakong katapat nito. ³⁸Ang mga pangsipit at ang patungan ay magiging lantay na ginto. ³⁹Ito ay gagawin sa isang talentong lantay na ginto pati ng lahat ng kasangkapang ito. ⁴⁰At tiyakin mong gawin ang mga iyon ayon sa anyong huwaran ng mga iyon na ipinakita sa iyo sa bundok.

Zac. 4:2-10 Sinabi niya sa akin, “Ano ang iyong nakikita?” Aking sinabi, “Ako’y tumingin, at nakita ko, at narito, ang isang patungan ng ilawan na purong ginto na may mangkok sa ibabaw niyon; may pitong ilawan sa ibabaw niyon, at may pitong tubo sa bawat isa sa mga ilawan na nasa ibabaw niyon; ³May dalawang puno ng olibo sa tabi niyon, isa sa dakong kanan ng mangkok, at ang isa’y sa dakong kaliwa niyon.” ⁴Sinabi ko sa anghel na nakipag-usap sa akin, “Ano ang mga ito, panginoon ko?” ⁵Nang magkagayo’y sinagot ako ng anghel na nakipag-usap sa akin, “Hindi mo ba nalalaman kung ano ang mga ito?” Aking sinabi, “Hindi, panginoon ko.” ⁶Sinabi niya sa akin, “Ito ang salita ng Panginoon kay Zerubabel, na sinasabi: Hindi sa pamamagitan ng lakas, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu, sabi [ni Jehovah] ng mga hukbo. ⁷Ano ka, O malaking bundok? Sa harapan ni Zerubabel ay magiging kapatagan ka; at kanyang ilalagay ang pangunahing bato na may pagsisigawan ng, ‘Biyaya, biyaya sa kanya.’” ⁸Bukod dito’y dumating sa akin ang salita [ni Jehovah] na sinasabi: ⁹“Ang mga kamay ni Zerubabel ay siyang naglagay ng pundasyon ng bahay na ito; ang kanyang mga kamay ay siya ring tatapos nito. At malalaman mo na [si Jehovah] ng mga hukbo ay siyang nagsugo sa akin sa inyo. ¹⁰Sapagkat sinong humamak sa araw ng maliliit na bagay? Sapagkat sila’y magagalak, at makikita nila ang batong pabigat sa kamay ni Zerubabel. “Ang pitong ito’y mga mata ng Panginoon na nagpaparoo’t parito sa buong lupa.”

Apoc. 1:10-12 Ako ay nasa espiritu nang Araw ng Panginoon at narinig ko sa aking likuran ang isang malakas na tinig na tulad sa isang trumpeta, ¹¹Na nagsasabi, Ang iyong nakikita ay isulat mo sa isang balumbon at ipadala mo sa pitong ekklesia: sa Efeso at sa Esmirna at sa Pergamo at sa Tiatira at sa Sardis at sa Filadelfia at sa Laodicea. ¹²At ako ay luminingon upang makita ang tinig na nagsalita sa akin; at nang ako ay luminingon, nakita ko ang pitong gintong patungan ng ilawan.

- B. Upang maranasan ang gintong patungan ng ilawan bilang patotoo ni Hesus, ang sama-samang kahayagan ni Hesus (Gawa 9:4-5; 1 Cor. 12:12), kailangan nating mapuspos ng Espiritu ni Hesus (Gawa 16:7) sa pamamagitan ng patuloy na pagtawag sa pangalan ng Panginoong Hesus (1 Cor. 12:3, 13; Roma 10:12-13; Panag. 3:55-56) upang taglayin ang mga tatak ni Hesus (Gal. 6:17) bilang mga kapatid at mga kapwa bumabahagi sa kapighatian, kaharian, at pagtitiis sa loob ni Hesus (Apoc. 1:9-10).

Gawa 9:4-5 At nabuwal siya sa lupa at narinig ang isang tinig na nagsasabi sa kanya, Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig? ⁵At sinabi niya, Sino Ka, Panginoon? At sinabi Niya, Ako si Hesus, na iyong pinag-uusig.

1 Cor. 12:12 Sapagkat kung paanong ang katawan ay iisa at may maraming sangkap, gayunman ang lahat ng sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan, gayundin naman ang Kristo.

Gawa 16:7 At nang makarating sila sa Misia, sinubukan nilang makapasok sa Bitinia, ngunit hindi sila pinayagan ng Espiritu ni Hesus.

1 Cor. 12:3 Kaya't ipinaalam ko sa inyo na walang nagsasalita sa Espiritu ng Diyos ang nagsasabi, Si Hesus ay isinumpa; at walang makapagsasabing, Si Hesus ay Panginoon! maliban sa Espiritu Santo.

1 Cor. 12:13 Sapagkat sa isang Espiritu rin ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan, mga Hudyo man o mga Griyego, mga alipin man o mga laya, at pinagkaloobang lahat na uminom sa isang Espiritu.

Roma 10:12-13 Sapagkat walang pagkakaiba ang Hudyo at Griyego, sapagkat ang Panginoon din ay Panginoon ng lahat at mayaman sa lahat ng tumatawag sa Kanya; ¹³Sapagkat “ang sinumang tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas.

Panag. 3:55-56 Ako'y tumawag sa Iyong pangalan, O [Jehovah], / Mula sa kalaliman ng hukay. ⁵⁶Pinakinggan Mo ang aking pakiusap, 'huwag Mong itago / Ang Iyong pandinig sa saklolo, mula sa pahingi ko ng tulong.

Gal. 6:17 Kaya mula ngayon ay huwag akong guluhin ninuman, sapagkat taglay ko sa aking katawan ang mga tatak ni Hesus.

Apoc. 1:9-10 Akong si Juan, na inyong kapatid at inyong kapwa bumabahagi sa kapighatian at kaharian at pagtitiis sa loob ni Hesus, ay nasa pulo na tinatawag na Patmos dahil sa salita ng Diyos at sa patotoo ni Hesus. ¹⁰Ako ay nasa espiritu nang Araw ng Panginoon at narinig ko sa aking likuran ang isang malakas na tinig na tulad sa isang trumpeta.

- C. Ang pagpupukpok ng ginto upang makabuo ng isang patungan ay sumasagisag sa pakikilahok ng mga mananampalataya sa mga pagdurusa ni Kristo; ang lahat ng bagay na nangyayari sa ating kapaligiran ay para sa pagbubunga ng pinukpok na patungan ng ilawan—Exo. 25:31; Col. 1:24:

Exo. 25:31 Gagawa ka ng isang patungan ng ilawan na lantay na ginto. Ang paa at tangkay ng ilawan ay yari sa pinitpit na ginto; ang mga sanga, ang mga kopa niyon, at ang mga bulaklak niyon ay isang piraso.

Col. 1:24 Nagagalak ako ngayon sa aking mga pagdurusa alang-alang sa inyo at sa aking laman ay pinupunuan ko ang kakulangan sa mga paghihirap ni Kristo para sa Kanyang Katawan, na siyang ekklesia.

1. Kung itutuon natin ang ating kaisipan sa pagkilala sa Diyos—nagpapasailalim sa panloob na paggawa ng Espiritu at sa panlabas na kapaligiran—ang bawat sirkumstansiya ay magiging isang pagkakataon para sa atin upang makilala Siya—Hos. 6:1-3; Fil. 3:10a; Efe. 6:20; cf. Gen. 41:42.

Hosea 6:1-3 Halikayo at tayo'y manumabalik [kay Jehovah]; / Sapagkat Siya ang lumapa, ngunit pagagalingin Niya tayo, / Sinugatan Niya tayo ngunit tayo'y Kanyang bebendahan. ²Pagkatapos ng dalawang araw ay muli Niya tayong bubuhayin; / Sa ikatlong araw ay ibabangon Niya tayo, / Upang tayo'y mabuhay sa harap Niya. ³At ating kilalanin, tayo'y magpatuloy upang makilala [si Jehovah]: / Ang Kanyang paglabas ay kasintiyak ng buwang-liwayway, / At Siya'y paparito sa atin na parang ulan, / Tulad ng ulan sa tagsibol na dumidilig sa lupa.

Fil. 3:10a Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na ako ay iwinawangis sa Kanyang kamatayan.

Efe. 6:20 Na dahil dito, ako ay isang embahador na natatanikalaan, upang sa ganito ako ay magsalita nang may katapangan, gaya ng nararapat kong salitain.

- cf. Gen. 41:42** Inalis ng Faraon sa kamay niya ang kanyang singsing at inilagay sa kamay ni Jose, at siya'y sinuotan ng pinong lino at inilagay ang isang kuwintas na ginto sa kanyang leeg.
2. Kung hindi kilala ng isang tao ang Diyos sa kanyang buong buhay, sinayang niya ang kanyang buong buhay; gawin nawa tayong laan ng Panginoon na tanggapin ang Kanyang mga pagtutuos sa ating mga sirkumstansiya upang makilala natin Siya nang higit—2 Cor. 4:16-18; 12:7-9; cf. Isa. 7:14-15; 2 Cor. 5:14-15.
- 2 Cor. 4:16-18** Kaya nga hindi kami pinanghihinaan ng loob; bagama't ang aming panlabas na tao ay nabubulok, ang aming panloob na tao naman ay napababago sa araw-araw. ¹⁷Sapagkat ang aming panandaliang kagaanan ng paghihirap ay gumagawa para sa amin, higit at higit pa, ng isang walang hanggang bigat ng kaluwalhatian, ¹⁸Sapagkat hindi namin isinasaalang-alang ang mga bagay na nakikita kundi ang mga bagay na hindi nakikita; sapagkat ang mga bagay na nakikita ay pansamantala, ngunit ang mga bagay na hindi nakikita ay walang hanggan.
- 2 Cor. 12:7-9** At dahil sa lumalampas na kataasan ng mga pahayag, upang hindi ako labis na magmataas, binigyan ako ng isang tinik sa laman, isang sugo ni Satanas, upang ako ay saktan niya, upang hindi ako labis na magmataas. ⁸Tungkol dito ay tatlong ulit akong namanhik sa Panginoon na maalis ito sa akin. ⁹At sinabi Niya sa akin, Ang Aking biyaya ay sapat sa iyo, sapagkat ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't ako ay magma-mapuri nang may malaking kagalakan sa aking mga kahinaan upang ang kapangyarihan ni Kristo ay magtabernakulo sa akin.
- cf. Isa. 7:14-15** Kaya't ang Panginoon mismo ang magbibigay sa inyo ng tanda. Narito, isang birhen ang maglilihi, at manganganak ng isang lalaki, at kanyang tatawagin ang kanyang pangalan na Emmanuel. ¹⁵Siya'y kakain ng keso at pulot, kapag siya'y natutong tumanggi sa kasamaan, at pumili ng mabuti.
- 2 Cor. 5:14-15** Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ang pumipilit sa amin dahil ipinasya namin ang ganito, na namatay ang Isa para sa lahat, kaya ang lahat ay namatay; ¹⁵At Siya ay namatay para sa lahat upang ang mga nabubuhay ay hindi na mabuhay pa sa kanilang sarili kundi sa Kanya na namatay para sa kanila at ibinangon.
3. Ang pinakapunto ng usapin ay kung nakatagpo ba ng isang tao o hindi ang Panginoon bilang dakilang liwanag sa gitna ng mga paghihirap at mga pagsubok; ang pagdurusa ay makapagpapaunawa sa atin ng mga bagay na hindi natin mauunawaan—1:8-9; cf. Efe. 1:17; Luc. 1:78-79.
- 2 Cor. 1:8-9** Sapagkat hindi namin ibig na hindi ninyo malaman, mga kapatid, ang aming paghihirap na dumating sa amin sa Asia, na kami ay lubhang nabigatan, higit sa aming lakas, kaya't kami ay nawalan ng pag-asang mabuhay pa. ⁹Tunay na kami mismo ay nagkaroon ng pagtugon ng kamatayan sa aming sarili, upang hindi namin dapat na ibatay ang aming tiwala sa aming sarili kundi sa Diyos, na nagbabangon ng mga patay.
- cf. Efe. 1:17** Upang ang Diyos ng ating Panginoong Hesu-Kristo, ang Ama ng kaluwalhatian, ay magkaloob sa inyo ng espiritu ng karunungan at pahayag sa lubos na pagkakilala sa Kanya,
- Luc. 1:78-79** Dahil sa mga maawaing kahabagan ng ating Diyos, kung saan ang sumisikat na araw ay dadalaw sa atin mula sa kaitaasan, ⁷⁹Upang magliwanag sa mga nakaupo sa kadiliman at sa anino ng kamatayan, upang gabayan ang ating mga paa tungo sa daan ng kapayapaan.
- D. Ang pagliliwanag ng gintong patungan ng ilawan ay upang makita ng mga tao ang pangitain hinggil sa maluwalhating Kristo bilang Anak ng Tao na lumalakad sa gitna nila; sa pamamagitan ng pagkilala sa Panginoon sa gitna ng mga ekklesia bilang ang Isa na nabubuhay magpakailanpaman, mayroon tayong katiyakan ng Kanyang presensiya sa ating espiritu sa lahat ng oras; Siya ay laging nabubuhay upang mamagitan para sa atin, nakaharap Siya ngayon sa mukha ng Diyos para sa atin, at hindi Niya tayo kailanman bibiguin ni tatalikdan.—Apoc. 1:12-18; 2:1; 2 Tim. 4:22; Heb. 7:25; 9:24; Bil. 6:22-27; Deut. 31:6.

Apoc. 1:12-18 At ako ay lumingon upang makita ang tinig na nagsalita sa akin; at nang ako ay lumingon, nakita ko ang pitong gintong patungan ng ilawan, ¹³At sa gitna ng mga patungan ng ilawan ay may Isang katulad ng Anak ng Tao, nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis. ¹⁴At ang Kanyang ulo at buhok ay mapuputing gaya ng puting lana, gaya ng niyebe; at ang Kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; ¹⁵At ang Kanyang mga paa ay katulad ng tansong binuli, na gaya ng dinalisay sa isang pugon; at ang Kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig. ¹⁶At sa Kanyang kanang kamay ay may pitong bituin; at mula sa Kanyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim; at ang Kanyang mukha ay nagliwanag gaya ng araw na matinding sumisikat. ¹⁷At nang makita ko Siya, nalugmok akong waring patay sa Kanyang paanan; at ipinatong Niya sa akin ang Kanyang kanang kamay, na nagsasabi, Huwag kang matakot; Ako ang Una at ang Huli ¹⁸At ang buháy na Isa; at namatay Ako, at tingnan mo, Ako ay nabubuhay magpakailan pa man; at nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.

Apoc. 2:1 Sa sugo ng ekklesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may hawak ng pitong bituin sa Kanyang kanang kamay, Siya na lumalakad sa gitna ng pitong gintong patungan ng ilawan.

2 Tim. 4:22 Sumaiyong espiritu ang Panginoon. Sumainyo ang biyaya.

Heb. 7:25 Kaya may kakayahan din Siyang ilitas sa sukdulan ang mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan Niya, yamang lagi Siyang nabubuhay upang mamagitan para sa kanila.

Heb. 9:24 Sapagkat si Kristo ay hindi pumasok sa dakong banal na gawa ng kamay, na sagisag ng tunay, kundi sa langit mismo, upang magpakita ngayon sa harap ng Diyos para sa atin.

Bil. 6:22-27 Nagsalita [si Jehovah] kay Moises, na sinasabi, ²³Sabihin mo kay Aaron at sa kanyang mga anak, 'Sa ganitong paraan babasbasan ninyo ang mga anak ni Israel; sabihin ninyo sa kanila: ²⁴Pagpalain ka nawa [ni Jehovah] at ingatan ka; ²⁵Paliwanagin nawa [ni Jehovah] ang Kanyang mukha sa iyo, at mahabag sa iyo; ²⁶Ilingap nawa [ni Jehovah] ang Kanyang mukha sa iyo, at bigyan ka ng kapayapaan. ²⁷Gayon nila ilalagay ang Aking pangalan sa mga anak ni Israel, at pagpapalain Ko sila."

Deut. 31:6 Kayo'y magpakalakas at magpakatapang, huwag kayong matakot ni masindak sa kanila sapagkat [si Jehovah] mong Diyos ay humahayong kasama mo; hindi ka Niya iiwan ni pababayaan.

- E. Ang pagliliwanag ng pitong ilawan ng gintong patungan ng ilawan, ang paglakad ng Panginoong Hesus sa kanilang kalagitnaan na taglay ang Kanyang pitong mata na katulad ng ningas ng apoy, ang Kanyang mga paa na katulad ng tansong binuli, at ang pagliliwanag ng Kanyang mukha gaya ng araw ay nagpapahiwatig na kailangan natin nang higit at higit pang pagliliwanag ng Panginoon araw kada araw sa ating pang-araw-araw na buhay at buhay-ekklesia para sa higit at higit pang pagpapastol—pagliligtas, pagpapanumbalik, pagpapanauli, at pagpapaging-diyos—Apoc. 1:14b-15a, 16b; 4:5; 5:6; Luc. 1:78-79; 2 Cor. 4:6-7; Mal. 4:2; Kaw. 4:18; Awit 22, pamagat; 80:1-3, 7, 15-19.

Apoc. 1:14b-15a At ang Kanyang ulo at buhok ay mapuputing gaya ng puting lana, gaya ng niyebe; at ang Kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; ¹⁵At ang Kanyang mga paa ay katulad ng tansong binuli, na gaya ng dinalisay sa isang pugon; at ang Kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig.

Apoc. 1:16b At sa Kanyang kanang kamay ay may pitong bituin; at mula sa Kanyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim; at ang Kanyang mukha ay nagliwanag gaya ng araw na matinding sumisikat.

Apoc. 4:5 At mula sa trono ay lumalabas ang mga kidlat at mga tinig at mga kulog. At may pitong ilawang apoy na nagliliyab sa harap ng trono, na siyang pitong Espiritu ng Diyos

Apoc. 5:6 At nakita ko sa gitna ng trono at ng apat na buháy na nilalang at sa gitna ng mga matanda ang isang Korderong nakatayo na kapapatay pa lamang, may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong lupa.

Luc. 1:78-79 Dahil sa mga maawaing kahabagan ng ating Diyos, kung saan ang sumisikat na araw ay dadalaw sa atin mula sa kaitaasan, ⁷⁹Upang magliwanag sa mga nakaupo sa kadiliman at sa anino ng kamatayan, upang gabayan ang ating mga paa tungo sa daan ng kapayapaan.

2 Cor. 4:6-7 Sapagkat ang Diyos na nagsabi, Mula sa kadiliman ay sisinag ang liwanag, ang Isa na suminag sa ating mga puso upang iliwanag ang pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Hesu-Kristo. ⁷Ngunit taglay namin ang kayamanang ito sa mga sisidlang lupa upang ang kahigtan ng kapangyarihan ay maging mula sa Diyos at hindi mula sa amin.

Mal. 4:2 Ngunit sa inyo na natatakot sa Aking pangalan ay sisikat ang araw ng katuwiran, na may pagpapagaling sa kanyang mga pakpak. Kayo'y lalabas at luluksong parang mga guya mula sa silungan.

Kaw. 4:18 Ngunit ang landas ng matuwid ay parang liwanag ng buwang-liwayway, / Na sumisikat ng higit at mas maliwanag hanggang maging ganap na araw.

Awit 22, pamagat Sa punong Mang-aawit: ayon sa Usa ng Pagbubukang-liwayway. Awit ni David.

Awit 80:1-3 O Pastol ng Israel, Iyong pakinggan, / Ikaw na pumapatnubay kay Jose na parang kawan; / Ikaw na nakaluklok sa trono sa ibabaw ng mga kerubin, Ikaw ay magliwanag ²Sa harapan ng Efraim, ng Benjamin at ng Manases / Pakilusin Mo ang Iyong kapangyarihan, / At pumarito Ka upang kami'y iligtas. ³Panunumbalikin Mo kami, O Diyos; paliwanagin Mo ang Iyong mukha, upang kami ay maligtas!

Awit 80:7 Panunumbalikin Mo kami, O Diyos ng mga hukbo; / Paliwanagin Mo ang Iyong mukha upang kami ay maligtas.

Awit 80:15-19 Ang punong itatanim ng kanang kamay Mo / At sa anak na Iyong pinalaki para sa Iyong sarili. ¹⁶Sinunog nila iyon sa apoy; iyon ay kanilang pinutol; / Sa saway ng Iyong mukha sila'y nalipol. ¹⁷Ipatong nawa ang Iyong kamay sa tao ng kanang kamay Mo, / Sa anak ng tao na Iyong pinalakas para sa sarili Mo; ¹⁸Sa gayo'y hindi kami tatalikod sa Iyo; / Bigyan Mo kami ng buhay, at tatawag kami sa pangalan Mo. ¹⁹Panunumbalikin Mo kami, O [Jehovah na Diyos] ng mga hukbo; / Paliwanagin Mo ang Iyong mukha, upang kami ay maligtas!

F. Ang pagliliwanag ay nakasalalay sa awa ng Diyos; sa tuwing dumarating ang Diyos at ipinagkakaloob ang Kanyang awa, ang liwanag ng Kanyang pagmumukha ay ating liwanag, ang Kanyang pagpapakita ay ating pangitain, at ang Kanyang presensiya ay ating pakinabang—Roma 9:15; Gawa 9:3-4; Isa. 50:10-11; Bil. 6:25-26:

Roma 9:15 Sapagkat sinasabi Niya kay Moises, “Ako ay maaawa sa sinumang Aking kaaawaan, at Ako ay mahahabag sa sinumang Aking kahahabagan.”

Gawa 9:3-4 At sa kanyang paglalakbay, nangyari na siya ay malapit na sa Damasco, at biglang kumislap sa palibot niya ang isang liwanag mula sa langit. ⁴At nabuwal siya sa lupa at narnig ang isang tinig na nagsasabi sa kanya, Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?

Isa. 50:10-11 Sino sa inyo ang natatakot [kay Jehovah]; / Na sumusunod sa tinig ng Kanyang lingkod; / Na lumalakad sa kadiliman / At walang liwanag? / Magtiwala siya sa pangalan [ni Jehovah], / At umasa sa kanyang Diyos. ¹¹Narito, kayong lahat na nagpapaningas ng apoy, / Na nagsisindi ng mga suló, / Lumakad kayo sa liyab ng inyong apoy / At sa gitna ng mga suló na inyong sinindihan, / Ito ang makakamit ninyo sa aking kamay: / Kayo'y hihiga sa pagpapahirap.

Bil. 6:25-26 Paliwanagin nawa [ni Jehovah] ang Kanyang mukha sa iyo, at mahabag sa iyo. ²⁶Ilingap nawa [ni Jehovah] ang Kanyang mukha sa iyo, at bigyan ka ng kapayapaan.

1. Upang maliwanagan, kailangan nating naisin at tanggapin ang pagliliwanag ng Panginoon, itinutuon ang ating puso na maging tapat sa paghahanap sa Panginoon lamang nang may ating buong pagnanais—Awit 139:23-24; Fil. 2:12-16; 2 Cron. 12:14; 16:12; 34:1-3; Awit 27:8; 73:25; Luc. 11:33-36.

Awit 139:23-24 Siyasatin Mo ako, O Diyos, at alamin Mo ang aking Puso; / subukin Mo ako, at alamin Mo ang mga pag-iisip ko; ²⁴At tingnan Mo kung may anumang lakad ng kasamaan sa akin, / At patnubayan Mo ako sa daang walang hanggan.

Fil. 2:12-16 Kaya nga, mga minamahal ko, kung paanong lagi kayong sumusunod, hindi lamang kapag kayo ay nasa harapan ko bagkus lalo ngayong ako'y wala, isagawa ninyo ang inyong sariling kaligtasan nang may takot at panginingin; ¹³Sapagkat Diyos ang gumagawa sa loob ninyo kapwa ng pagnanais at ng paggawa para sa Kanyang 6bmabuting kaluguran. ¹⁴Gawin ninyo ang lahat ng bagay nang walang mga pagbubulong-bulong at mga panga-ngatwiran ¹⁵Upang kayo ay maging walang kapintasan at walang daya, mga anak ng Diyos na walang dungis sa gitna ng liko at masamang henerasyon, na sa gitna nila ay magliwanag kayo bilang mga luminaryo sa sanlibutan, ¹⁶Tinatangananang may pagtatanyag paitaas ang salita ng buhay, upang may maipagmapuri ako sa araw ni Kristo na hindi ako tumakbo nang walang kabuluhan ni nagpagal nang walang kabuluhan.

2 Cron. 12:14 Siya'y gumawa ng kasamaan, sapagkat hindi niya inilagak ang kanyang puso upang hanapin [ni Jehovah].

2 Cron. 16:12 Nang ikatatlumpu't siyam na taon ng kanyang paghahari, si Asa ay nagkaroon ng karamdaman sa kanyang mga paa; ang kanyang sakit ay naging malubha. Gayunman, maging sa kanyang pagkakasakit ay hindi niya hinanap [si Jehovah], kundi humingi ng tulong sa mga manggagamot.

2 Cron. 34:1-3 Si Josias ay walong taong gulang nang siya'y nagsimulang maghari; at siya'y naghari ng tatlumpu't isang taon sa Jerusalem. ²Kanyang ginawa ang matuwid sa paningin [ni Jehovah], at lumakad sa mga landas ni David na kanyang ninuno, at hindi siya lumiko sa kanan o sa kaliwa. ³Sapagkat sa ikawalong taon ng kanyang paghahari, samantalang siya'y bata pa, kanyang pinasimulang hanapin ang Diyos ni David na kanyang ninuno. At sa ikalabindalawang taon ay kanyang pinasimulang linisin ang Juda at Jerusalem sa matataas na dako, mga sagradong poste, mga larawang inukit, at mga larawang hinulma.

Awit 27:8 Sinabi Mo, Hanapin ninyo ang Aking mukha, / Sabi ng Aking puso sa iyo, Ang iyong mukha, O [Jehovah], ay aking hinahanap.

Awit 73:25 Anong mayroon ako sa langit kundi Ikaw? / At liban sa iyo'y wala akong anumang ninanasa sa lupa.

Luc. 11:33-36 Walang sinuman, na pagkasindi ng ilawan, ang maglalagay nito sa taguan o sa ilalim ng takalan, kundi sa patungan ng ilawan, upang ang liwanag ay makita niyaong mga pumapasok. ³⁴Ang ilawan ng katawan ay ang iyong mata. Kapag ang iyong mata ay tapat sa isa, ang iyong buong katawan ay puspos din ng liwanag; subalit kapag ito ay masama, ang iyong katawan ay madilim din. ³⁵Kaya mag-ingat ka na ang liwanag na nasa loob mo ay hindi kadiliman. ³⁶Kaya nga, kung ang iyong buong katawan ay puspos ng liwanag at walang anumang bahaging madilim, ang kabuoan ay mapupuspos ng liwanag gaya ng kapag ang ilawan sa pamamagitan ng sinag nito ay nagliliwanag sa iyo.

2. Upang maliwanagan, kailangan nating buksan ang ating sarili sa Panginoon, ibaling ang ating puso sa Kanya, at ilagay ang ating sarili sa harap Niya nang walang anumang pasubali o pagpipigil; ang mga nagsasara ng kanilang sarili sa Panginoon ay mga dalubhasa sa paghahatol at pamumuna sa iba—2 Cor. 3:16; Kaw. 20:27; Mat. 7:1-5; Luc. 6:36-37, 41-42.

2 Cor. 3:16 Ngunit sa tuwing bumabaling ang kanilang puso sa Panginoon, ang talukbong ay naaalís.

Kaw. 20:27 Ilawan [ni Jehovah] ang espiritu ng tao, / Na sumisiyasat ng kaloob-looban nito.

Mat. 7:1-5 Huwag kayong humatol, upang hindi kayo mahatulan. ²Sapagkat sa hatol na inyong ihahatol, kayo ay hahatulan; at sa panukat na inyong ipanunukat, kayo ay susukatin. ³At bakit mo tinitingnan ang puwing na nasa mata ng iyong kapatid, subalit hindi mo pinapansin ang troso sa iyong mata? ⁴O paano mo masasabi sa iyong kapatid, Hayaan mong alisin ko ang puwing sa iyong mata, at narito, ang troso ay nasa iyong mata? ⁵Mapagkunwari, alisin mo muna ang troso sa iyong mata, at pagkatapos ay makakikita ka nang malinaw upang alisin ang puwing sa mata ng iyong kapatid.

Luc. 6:36-37 Maging puspos kayo ng habag, gaya ng inyong Ama na puspos ng habag. ³⁷At huwag kayong humatol, at hinding-hindi kayo hahatulan; at huwag kayong mangondena, at hinding-hindi kayo kokondenahin; magpalaya kayo, at kayo ay palalayain.

Luc. 6:41-42 At bakit mo tinitingnan ang puwing na nasa mata ng iyong kapatid, subalit hindi mo pinapansin ang troso na nasa sarili mong mata? ⁴²Paano mo masasabi sa iyong kapatid, Kapatid, hayaan mong alisin ko ang puwing na nasa iyong mata, gayong hindi mo mismo nakikita ang troso na nasa iyong mata? Mapagkunwari, alisin mo muna ang troso sa iyong mata, at pagkatapos ay makakakita ka nang malinaw upang alisin ang puwing na nasa mata ng iyong kapatid.

3. Upang maliwanagan, kailangan nating pigilan ang ating sarili, nangangahulugan ito na pigilan ang ating mga pananaw, ang ating mga paraan ng pagtingin sa mga bagay, ating mga damdamin, ating mga ideya, at ating mga opinyon; kapag ang isang tao na lubusang napigilan ay humarap sa Panginoon, siya ay magiging lubhang tapat at payak sa pagtanggap ng salita ng Panginoon—10:38-42; Juan 11:21-28; Isa. 40:31; Mat. 5:3; Luc. 18:15-17; Isa. 66:1-2.

Luc. 10:38-42 Ngayon sa kanilang paglalakbay, pumasok Siya sa isang nayon, at isang babaeng nagngangalang Martha ay tinanggap Siya sa kanyang tahanan. ³⁹At siya ay may kapatid na babaeng nagngangalang Maria, na nakaupo rin sa paanan ng Panginoon at nakikinig sa Kanyang salita. ⁴⁰Subalit si Martha ay naliligalig ng maraming paglilingkod, at lumapit siya sa Kanya at nagsabi, Panginoon, wala bang anuman sa Iyo na pabayaan ako ng aking kapatid na maglingkod nang mag-isa? Sabihin Mo nga sa kanya na gawin niya ang kanyang bahagi kasama ko. ⁴¹Subalit sumagot ang Panginoon at sinabi sa kanya, Martha, Martha, nababalisa ka at nababagabag sa maraming bagay; ⁴²Subalit isang bagay ang kinakailangan, sapagkat pinili ni Maria ang mabuting bahagi, na hindi kukunin sa kanya.

Juan 11:21-28 Pagkatapos ay sinabi ni Martha kay Hesus, Panginoon, kung narito Ka sana, hindi sana namatay ang kapatid ko. ²²Subalit kahit ngayon ay alam ko na anumang hingin Mo sa Diyos ay ipagkakaloob sa Iyo ng Diyos. ²³Sinabi sa kanya ni Hesus, Babangong muli ang iyong kapatid. ²⁴Sinabi sa Kanya ni Martha, Alam ko na babangon siyang muli sa pagkabuhay na muli sa huling araw. ²⁵Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay; ang sumasampalataya tungo sa Akin, bagama't siya ay mamatay, ay mabubuhay; ²⁶At ang bawat nabubuhay at sumasampalataya tungo sa Akin ay hinding-hindi mamamatay magpakailanman. Sumasampalataya ka ba rito? ²⁷Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon; sumasampalataya ako na Ikaw ang Kristo, ang Anak ng Diyos, ang Siyang dumarating sa sanlibutan. ²⁸At nang masabi na niya ito, umalis siya at tinawag nang palihim si Maria na kapatid niya, na nagsasabi, Ang Guro ay narito at tinatawag ka.

Isa. 40:31 Ngunit silang naghihintay [kay Jehovah] ay magpapanibagong lakas; / Sila'y paililang na may mga pakpak na parang mga agila; / Sila'y tatakbo at hindi mapapagod; / Sila'y lalakad, at hindi manghihina.

Mat. 5:3 Pinagpala ang mga dukha sa espiritu, sapagkat kanila ang kaharian ng kalangitan.

Luc. 18:15-17 At dinadala rin nila sa Kanya ang kanilang mga sanggol upang Kanyang mahipo sila. Subalit nang makita ito ng mga disipulo, kanilang sinaway sila. ¹⁶Subalit pinalapit sila ni Hesus sa Kanya, na nagsasabi, Hayaan ninyong lumapit sa Akin ang maliliit na bata, at huwag ninyo silang pagbawalan, sapagkat sa mga gayon ang kaharian ng Diyos. ¹⁷Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Sinumang hindi tumatanggap sa kaharian ng Diyos gaya ng isang maliit na bata ay hinding-hindi makapapasok dito.

Isa. 66:1-2 Ganito ang sinabi [ni Jehovah], / Ang langit ay Aking trono, / At ang lupa ay Aking tuntungan. / Ano ang bahay na inyong itatayo para sa Akin. / At ano ang dako ng Aking pahingahan? ²Sapagkat lahat ng mga bagay na ito ay nilikha ng Aking kamay, / Kaya't nangyari ang lahat ng mga bagay na ito, sabi [ni Jehovah]. / Ngunit ito ang aking titingnan, siya na mapagpakumbaba / At may nagsisising espiritu, at nanginig sa Aking salita.

4. Upang maliwanagan, hindi tayo dapat makipagtalo sa liwanag ng Espiritu na nagsasalita sa loob natin, at hindi tayo dapat makipagtalo sa mga tagapaghain ng Espiritu na nagsasalita sa panlabas—Gawa 22:10; A. A. 5:4-6; 2 Cor. 10:3-5; 11:2-3; Bil. 16:1-7, 31-39; 17:1-8; cf. Exo. 33:11-14.

Gawa 22:10 At sinabi ko, Ano ang gagawin ko, Panginoon? At sinabi ng Panginoon sa akin, Tumindig ka at pumunta ka sa Damasco, at doon ay sasabihin sa iyo ang tungkol sa lahat ng bagay na itinalagang gawin mo.

A. A. 5:4-6 Isinuot ng aking sinta ang kanyang kamay sa butas ng pintuan, / At ang aking puso ay nanabik sa kanya. ⁵Ako'y bumangon upang pagbuksan ang aking sinta; / At sa aking mga kamay ay tumulo ang mira, / At sa aking mga daliri ang lusaw na mira, / Sa mga hawakan ng trangka. ⁶Pinagbuksan ko ang aking sinta, / Ngunit ang aking sinta ay tumalikod at umalis na. / Pinanghina na ako ng aking kaluluwa nang siya'y magsalita; / Aking hinanap siya, ngunit hindi ko siya natagpuan; / Tinawag ko siya — ngunit hindi siya sumagot.

2 Cor. 10:3-5 Sapagkat bagaman kami ay lumalakad sa laman, hindi kami nakikipagdigma ayon sa laman; ⁴Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikipagdigma ay hindi makalaman kundi makapangyarihan sa harap ng Diyos sa ikagigiba ng mga kuta, ⁵Sa aming paggiba sa mga pangangatwiran at bawat matayog na bagay na nagmamataas laban sa kaalaman sa Diyos, at pagbihag sa bawat kaisipan tungo sa pagsunod kay Kristo.

2 Cor. 11:2-3 Sapagkat naninibugho ako sa inyo ng paninibugho ng Diyos; sapagkat ipinakitipon ko kayo sa isang asawang lalaki upang iharap kayo bilang isang dalisay na birhen kay Kristo. ³Ngunit natatakot ako na baka sa anumang paraan, kung paanong ang ahas ay nandaya kay Eva sa pamamagitan ng kanyang katusuhan, ang inyong mga kaisipan ay mapasamâ mula sa kapayakan at kadalisayang tungo kay Kristo.

Bil. 16:1-7 Si Kora na anak ni Izar, na anak ni Kohat, na anak ni Levi, kasama sina Datan at Abiram na mga anak ni Eliab, at si On na anak ni Pelet, na mga anak ni Ruben, ²Ay kumuha ng mga tao. Sila'y tumindig sa harap ni Moises, na kasama ng ilang mga anak ni Israel. Sila'y dalawandaan at limampung pinuno na mga lalaking kilala at pinili mula sa kapulungan. ³Sila'y nagtipon laban kina Moises at Aaron at sinabi nila sa kanila, "Sumusobra na kayo! Ang buong kapulungan ay banal, bawat isa sa kanila, at ang Panginoon ay nasa gitna nila; bakit nga ninyo itinataas ang inyong sarili sa kapulungan [ni Jehovah]?" ⁴Nang marinig ito ni Moises, siya ay nagpatirapa; ⁵At sinabi niya kay Kora at sa kanyang buong pangkat, "Sa kinaumagahan ay ipapakita [ni Jehovah] kung sino ang kanya, at kung sino ang banal, at kung sino ang palalapitin niya sa kanya. Samakatwid, ang piliin niya ay siyang kanyang palalapitin sa kanya. ⁶Gawin ninyo ito: Kumuha kayo ng mga suuban, si Kora at ang kanyang buong pangkat. ⁷Lagyan ninyo ng apoy at patungan ninyo ng insenso bukas sa harap [ni Jehovah] at ang taong piliin [ni Jehovah] ay siyang banal. Lumalabis na kayo, kayong mga anak ni Levi!"

Bil. 16:31-39 Nangyari nga, pagkatapos na masabi niya ang lahat ng salitang ito, ang lupa na nasa ilalim nila ay nahati. ³²At ibinuka ng lupa ang kanyang bibig at nilamon sila, at ang kanilang mga sambahayan, at ang lahat ng lalaki na kabilang kay Kora, at lahat ng kanilang ari-arian. ³³Anupa't sila at lahat ng kabilang sa kanila ay buháy na bumaba sa Sheol at sila'y pinagsarhan ng lupa, at sila'y nalipol mula sa sambayanan. ³⁴Ang buong Israel na nasa palibot nila ay tumakas sa sigawan nila; sapagkat kanilang sinabi, Baka pati tayo'y lamunin ng lupa! ³⁵May apoy na lumabas mula [kay Jehovah], at nilamon ang dalawandaan at limampung lalaki na naghandog ng insenso. ³⁶Nagsalita [si Jehovah] kay Moises, na sinasabi, ³⁷Sabihin mo kay Eleazar na anak ng paring si Aaron, na kanyang kunin ang mga suuban mula sa sunog, at magkalat ng apoy doon; sapagkat mga banal iyon. ³⁸Pati ang mga suuban ng mga makasalanang ito laban sa kanilang sariling buhay, at gawin mo ang mga ito na mga pinitpit na pantakip sa dambana, sapagkat kanilang inihandog sa harap [ni Jehovah], kaya't banal ang mga ito. Sa gayon, magiging isang tanda ito sa mga anak ni Israel. ³⁹Kaya't kinuha ng paring

si Eleazar ang mga tansong suuban na inihandog ng mga nasunog; at kanilang pinitpit bilang pantakip sa altar.

Bil. 17:1-8 Nagsalita [si Jehovah] kay Moises, na sinasabi, ²"Magsalita ka sa mga anak ni Israel, at kumuha ka sa kanila ng mga tungkod, isa sa bawat sambahayan ng mga ninuno; sa lahat nilang mga pinuno ayon sa mga sambahayan ng kanilang mga ninuno, labindalawang tungkod: isulat mo ang pangalan ng bawat isa sa kanyang tungkod. ³Isusulat mo ang pangalan ni Aaron sa tungkod ni Levi, sapagkat magkakaroon ng isa lamang tungkod para sa bawat pinuno sa mga sambahayan ng kanilang mga ninuno. ⁴Ilagay mo ang mga ito sa toldang tipanan sa harap ng patotoo, kung saan ako nakikipagtagpo sa inyo. ⁵Mamumulaklak ang tungkod ng lalaking aking pipiliin, at patitigilin ko ang mga pagrereklamo ng mga anak ni Israel, na kanilang inerereklamo laban sa inyo. ⁶Si Moises ay nagsalita sa mga anak ni Israel, at ang lahat ng kanilang mga pinuno ay nagbigay sa kanya ng tungkod, isa sa bawat pinuno ayon sa mga sambayanan ng kanilang mga ninuno, labindalawang tungkod, at ang tungkod ni Aaron ay nasa kalagitnaan ng kanilang mga tungkod. ⁷Inilagay ni Moises ang mga tungkod sa harap [ni Jehovah] sa tolda ng patotoo. ⁸Kinabukasan, nang si Moises ay pumasok sa tolda ng patotoo; ang tungkod ni Aaron sa sambahayan ni Levi ay namulaklak at nagkaroon ng mga hinog na almendras.

cf. Exo. 33:11-14. Sa gayon nakikipag-usap [ni Jehovah] kay Moises nang mukhaan, gaya ng pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang kaibigan. Kapag siya'y bumabalik uli sa kampo, ang kanyang lingkod na si Josue, anak ni Nun, na may kabataan pa, ay hindi umaalis sa tolda. ¹²Sinabi ni Moises sa Panginoon, Tingnan Mo, iyong sinasabi sa akin, Dalhin mo ang bayang ito; ngunit hindi Mo ipinakilala sa akin kung sino ang susuguin Mo na kasama ko. Gayunma'y Iyong sinabi, Aking nakikilala ka sa pangalan, at ikaw rin naman ay nakatagpo ng biyaya sa Aking paningin. ¹³Ngayon, kung ako'y nakatagpo ng biyaya sa Iyong paningin ay ituro Mo sa akin ngayon ang Iyong mga daan, upang Ikaw ay aking makilala, at ako'y makatagpo ng biyaya sa Iyong paningin. Alalahanin Mo rin na ang bansang ito ay Iyong bayan. ¹⁴Kanyang sinabi, Ako'y sasaiyo, at ikaw ay Aking bibigyan ng kapahingahan.

5. Upang maliwanagan, kailangan nating patuloy na mamuhay sa liwanag—Isa. 2:5; 1 Juan 1:7; Heb. 9:14; 10:22; Mat. 5:3, 8, 14; Awit 119:105; Apoc. 1:20; Awit 36:8-9.

Isa. 2:5 O sambahayan ni Jacob, halikayo at tayo'y lumakad sa liwanag [ni Jehovah].

1 Juan 1:7 Ngunit kung tayo ay lumalakad sa liwanag na gaya Niyang nasa liwanag, tayo ay may pakikipagsalamuha sa isa't isa, at ang dugo ni Hesus na Kanyang Anak ay naglilinis sa atin mula sa lahat ng kasalanan.

Heb. 9:14 Gaano pang higit ang dugo ni Kristo, na sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu ay naghandog ng Kanyang sarili nang walang dungis sa Diyos, ay makapagpapadalisay ng ating budhi mula sa mga patay na gawa upang makapaglingkod sa Diyos na buháy?

Heb. 10:22 Tayo ay lumapit sa dakong Banal ng mga Banal nang may tapat na puso sa lubos na katiyakan ng pananampalataya, na ang ating mga puso ay nawisikan mula sa isang masamang budhi at ang ating mga katawan ay nahugasan ng dalisay na tubig.

Mat. 5:3 Pinagpala ang mga dukha sa espiritu, sapagkat kanila ang kaharian ng kalangitan.

Mat. 5:8 Pinagpala ang mga dalisay sa puso, sapagkat makikita nila ang Diyos.

Mat. 5:14 Kayo ang liwanag ng sanlibutan. Imposibleng maitago ang isang lunsod na nakatayo sa ibabaw ng bundok.

Awit 119:105 Ilawan sa aking mga paa ang salita Mo / At liwanag sa landas ko.

Apoc. 1:20 Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa Aking kanang kamay at ng pitong gintong patungan ng ilawan: Ang pitong bituin ay ang mga sugo ng pitong ekklesia, at ang pitong patungan ng ilawan ay ang pitong ekklesia.

Awit 36:8-9 Sila'y nagpapakabusog sa kasaganaan ng Iyong bahay, / at binibigyan Mo sila ng inumin mula sa ilog ng Iyong kasiyahan. ⁹Sapagkat nasa Iyo ang bukal ng buhay; / Sa Iyong ilaw nakakakita kami ng liwanag.

III. Ang Patotoo ni Hesus ay ang malaking kalipunan na naglilingkod sa Diyos sa templo, ang buong Katawan na mga tinubos ng Diyos, na naraptyur sa kalangitan upang tamasahin ang pangangalaga ng Diyos at ang pagpapastol ng Kordero kalakip ang lahat ng espiritwal na pagpapala sa sangkalangitan at sa loob ni Kristo na maaaring matamasa ngayon—Apoc. 7:9-17; Efe. 1:3; Gal. 3:14; Gen. 12:2; cf. Apoc. 21:3-4; 22:3-5; Isa. 49:10:

Apoc. 7:9-17 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko, at narito, may malaking kalipunan na di-mabilang ng sinuman, mula sa bawat bansa at lahat ng lipi at mga bayan at mga wika, na nakatayo sa harap ng trono at sa harap ng Kordero, nadaramtan ng mga puting balabal at may mga sanga ng palma sa kanilang mga kamay. ¹⁰At sila ay sumisigaw nang may malakas na tinig, na nagsasabi, Kaligtasan sa ating Diyos na nakaupo sa trono at sa Kordero. ¹¹At ang lahat ng anghel ay tumayo sa palibot ng trono at ng mga matanda at ng apat na buháy na nilalang; at sila ay nagpatirapa sa harap ng trono at sumamba sa Diyos, ¹²Na nagsasabi, Amen. Ang pagpapala at kaluwalhatian at karunungan at mga pagpapasalamat at karangalan at kapangyarihan at kalakasan ay sumaating Diyos magpakailan pa man. Amen. ¹³At sumagot ang isa sa mga matanda, na nagsasabi sa akin, Itong mga nadaramtan ng puting balabal, sino sila, at saan sila nanggaling? ¹⁴At sinabi ko sa kanya, panginoon ko, batid mo. At sinabi niya sa akin, Sila yaong mga lumabas mula sa matinding kapighatian, at kanilang hinugasan ang kanilang mga balabal at pinaputi ang mga ito sa dugo ng Kordero. ¹⁵Dahil dito ay nasa harap sila ng trono ng Diyos at naglilingkod sa Kanya araw at gabi sa Kanyang templo; at Siyang nakaupo sa trono ay magtatabernakulo sa ibabaw nila. ¹⁶Hindi na sila magugutom, ni mauuhaw pa, ni tatamaan pa ng araw, o ng anumang init; ¹⁷Sapagkat ang Kordero na nasa gitna ng trono ang magpapastol sa kanila at gagabay sa kanila sa mga balong ng mga tubig ng buhay; at papahirin ng Diyos ang bawat luha sa kanilang mga mata.

Efe. 1:3 Pagpalain ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesu-Kristo, na Siyang nagpala sa atin ng bawat espiritwal na pagpapala sa sangkalangitan sa loob ni Kristo.

Gal. 3:14 Upang ang pagpapala ni Abraham ay dumating sa mga Hentil sa loob ni Kristo Hesus, upang matanggap natin ang pangako ng Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya.

Gen. 12:2 Gagawin kitang isang malaking bansa, / Ikaw ay Aking pagpapalain / Gagawin kong dakila ang iyong pangalan; / At ikaw ay magiging isang pagpapala.

cf. Apoc. 21:3-4 At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at magtatabernakulo Siya sa kanila, at sila ay magiging mga bayan Niya, at ang Diyos Mismo ay sasakanila at magiging Diyos nila. ⁴At papahirin Niya ang bawat luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan, ni magkakaroon pa ng dalamhati o ng pagtangis o ng sakit man; sapagkat ang dating mga bagay ay lumipas na.

Apoc. 22:3-5 At hindi na magkakaroon pa ng anumang sumpa. At ang trono ng Diyos at ng Kordero ay doroong, at ang Kanyang mga alipin ay maglilingkod sa Kanya; ⁴At makikita nila ang Kanyang mukha, at ang Kanyang pangalan ay sasakanilang mga noo. ⁵At hindi na magkakaroon pa ng gabi; at hindi na sila mangangailangan ng liwanag ng ilawan at ng liwanag ng araw, sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Diyos; at maghahari sila magpakailan pa man.

Isa. 49:10 Sila'y hindi magugutom, o mauuhaw man; / At hindi rin sila mapapaso ng maiinit na hangin ni sasaktan man sila ng araw; / Sapagkat siyang may awa sa kanila ang sa kanila ay papatnubay / At aakayin sila sa tabi ng mga bukal ng tubig.

A. Ang malaking kalipunan ay binubuo ng mga binili sa pamamagitan ng dugo ng Kordero mula sa bawat bansa, lipi, bayan, at wika upang maging mga bumubuong sangkap ng ekklesia—Apoc. 7:9a; 5:9; Roma 11:25; Gawa 15:14, 19; 1 Cor. 6:19-20.

Apoc. 7:9a Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko, at narito, may malaking kalipunan na di-mabilang ng sinuman, mula sa bawat bansa at lahat ng lipi at mga bayan at mga wika, na nakatayo sa harap ng trono at sa harap ng Kordero, nadaramtan ng mga puting balabal at may mga sanga ng palma sa kanilang mga kamay.

Apoc. 5:9 At sila ay umaawit ng isang bagong awit, na nagsasabi: Ikaw ang karapat-dapat na kumuha sa balumbon at magbukas ng mga tatak nito, sapagkat Ikaw ay pinatay at binili Mo para sa Diyos sa pamamagitan ng Iyong dugo ang mga tao mula sa bawat lipi at wika at bayan at bansa.

Roma 11:25 Sapagkat hindi ko ibig, mga kapatid, na hindi ninyo malaman ang hiwagang ito (baka kayo magmarunong sa inyong sarili), na ang katigasan ay bahagyang nangyari sa Israel, hanggang sa dumating ang kapuspusan ng mga Hentil.

Gawa 15:14 Isinalaysay ni Simeon kung paanong unang dinalaw ng Diyos ang mga Hentil upang kumuha mula sa kanila ng isang bayan para sa Kanyang pangalan.

Gawa 15:19 Kaya inihahatol ko na huwag nating ligaligin yaong mula sa mga Hentil na nagbabalik-loob sa Diyos.

1 Cor. 6:19-20 O hindi ba ninyo alam na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa loob ninyo, na inyong tinanggap mula sa Diyos, at kayo ay hindi sa inyong sarili? ²⁰Sapagkat kayo ay binili sa isang halaga. Kaya't luwalhatiin ninyo ang Diyos sa inyong katawan.

- B. “Sila yaong mga lumabas mula sa matinding kapighatian, at kanilang hinugasan ang kanilang mga balabal at pinaputi ang mga ito sa dugo ng Kordero”—Apoc. 7:14:

Apoc. 7:14 At sinabi ko sa kanya, panginoon ko, batid mo. At sinabi niya sa akin, Sila yaong mga lumabas mula sa matinding kapighatian, at kanilang hinugasan ang kanilang mga balabal at pinaputi ang mga ito sa dugo ng Kordero.

1. Ang matinding kapighatian sa bersikulo 14 ay tumutukoy sa mga kapighatian, mga pagdurusa, mga pag-uusig, at mga paghihirap na dinanas ng tinubos na bayan ng Diyos sa buong itinagal ng mga kapanahunan—Juan 16:33.

Apoc. 7:14 At sinabi ko sa kanya, panginoon ko, batid mo. At sinabi niya sa akin, Sila yaong mga lumabas mula sa matinding kapighatian, at kanilang hinugasan ang kanilang mga balabal at pinaputi ang mga ito sa dugo ng Kordero.

Juan 16:33 Sinalita Ko sa inyo ang mga bagay na ito upang sa Akin ay magkaroon kayo ng kapayapaan. Sa sanlibutan ay mayroon kayong paghihirap, ngunit lakasan ninyo ang inyong loob; dinaig Ko na ang sanlibutan.

2. Ang dugo ng Kordero ang tumutugon sa harap ng Diyos sa lahat ng pag-aakusa ng diyablo laban sa atin at nagbibigay sa atin ng katagumpayan laban sa kanya (Apoc. 12:11); dahil sa nagtutubos na Kristo bilang nabuksang bukal ng dugo para sa lahat ng ating kasalanan at karumihan (Zac. 13:1; Juan 19:34), makasisid tayo sa ilalim ng dugong iyon, maiwawala ang lahat ng bahid ng pagkakasala (*Mga Himno*, #1006, saknong 1), at “sa ‘babaw ng sala’t mundo / Lakarin liwanag, / Bagong puso, puting damit / Kristo’y iluklok ko” (*Mga Himno*, #1010, saknong 3).

Apoc. 12:11 At kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan.

Zac. 13:1 “Sa araw na iyon ay mabubuksan ang isang bukal para sa sambayanan ni David at sa mga naninirahan sa Jerusalem para sa kasalanan at karumihan.

Juan 19:34 Ngunit inulos ng sibat ng isa sa mga kawal ang Kanyang tagiliran, at kaagad ay may lumabas na dugo at tubig.

***Mga Himno*, #1006 saknong 1**

May bukal ng dugong banal

Kay Hesus nagmula;

Maysalang doo’y sisid,

Mawawala ang bahid:

Mawawala ang bahid,

Mawawala ang bahid;

Maysalang doo’y sisid,

Mawawala ang bahid.

***Mga Himno*, #1010, saknong 3**

Sa ‘babaw ng sala’t mundo

Lakarin liwanag,

Bagong puso, puting damit
Kristo'y iluklok ko.

3. Ang hugasan ang ating mga balabal ay ang panatilihin ang ating gawi na malinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng dugo ng Kordero; nagbibigay ito sa atin ng karapatang tamasahin ang puno ng buhay at makapasok tungo sa lunsod ng buhay bilang kinasasaklawan ng walang hanggang mga pagpapala ng Diyos—1 Juan 1:7; Apoc. 22:14.

1 Juan 1:7 Ngunit kung tayo ay lumalakad sa liwanag na gaya Niyang nasa liwanag, tayo ay may pakikipagsalamuha sa isa't isa, at ang dugo ni Hesus na Kanyang Anak ay naglilinis sa atin mula sa lahat ng kasalanan.

Apoc. 22:14 Pinagpala ang mga naghuhugas ng kanilang mga balabal upang sila ay magkaroon ng karapatan sa puno ng buhay at makapasok sa lunsod sa pamamagitan ng mga pintuan.

- C. Yaong mga kabilang sa malaking kalipunan ay nakatayo sa harap ng trono at sa harap ng Kordero na may mga sanga ng palma sa kanilang mga kamay—7:9b:

Apoc. 7:9b Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko, at narito, may malaking kalipunan na di-mabilang ng sinuman, mula sa bawat bansa at lahat ng lipi at mga bayan at mga wika, na nakatayo sa harap ng trono at sa harap ng Kordero, nadaramtan ng mga puting balabal at may mga sanga ng palma sa kanilang mga kamay.

1. Sumasagisag ang mga sanga ng palma sa ating pananagumpay sa kapighatian, na ating pinagdaanan alang-alang sa Panginoon; ang mga puno ng palma ay isang tanda rin ng kasiyahan na natamo sa pamamagitan ng pagiging nadiligan—b. 14; cf. Juan 12:13; Exo. 15:27.

Apoc. 7:14 At sinabi ko sa kanya, panginoon ko, batid mo. At sinabi niya sa akin, Sila yaong mga lumabas mula sa matinding kapighatian, at kanilang hinugasan ang kanilang mga balabal at pinaputi ang mga ito sa dugo ng Kordero.

cf. Juan 12:13 Ay kumuha ng mga palapa ng mga puno ng palma at lumabas upang salubungin Siya, at sumigaw, Hosanna! Pinagpala Siya na dumarating sa pangalan ng Panginoon, maging ang Hari ng Israel!

Exo. 15:27 Sila'y dumating sa Elim, kung saan mayroong labindalawang bukal ng tubig, at pitumpung puno ng palma; at sila'y humimpil doon sa tabi ng tubig.

2. Sa Tres-unong Diyos bilang templo ng Diyos, paglilingkuran natin Siya araw at gabi upang tamasahin Siya bilang walang hanggang Kapistahan ng mga Tabernakulo at upang yumabong sa buhay gaya ng puno ng palma—Apoc. 7:15a; 3:12; Lev. 23:40; Neh. 8:15; Awit 92:12-13; Juan 7:2, 37-39; Roma 1:9; Col. 2:19.

Apoc. 7:15a Dahil dito ay nasa harap sila ng trono ng Diyos at naglilingkod sa Kanya araw at gabi sa Kanyang templo; at Siyang nakaupo sa trono ay magtatabernakulo sa ibabaw nila.

Apoc. 3:12 Ang nananaig ay gagawin Kong haligi sa templo ng Aking Diyos, at hindang-hindi siya lalabas pa roon, at isusulat Ko sa kanya ang pangalan ng Aking Diyos at ang pangalan ng lunsod ng Aking Diyos, ang Bagong Herusalem, na bumababa buhat sa langit mula sa Aking Diyos, at ang Aking bagong pangalan.

Lev. 23:40 Sa unang araw ay magdadala kayo ng bunga ng magagandang punungkahoy, ng mga sanga ng mga palma, mga sanga ng mayayabong na punungkahoy, at ng maliliit na halaman sa batis; at kayo'y magdiriwang sa harapan [ni Jehovah] ninyong Diyos sa loob ng pitong araw.

Neh. 8:15 At dapat nilang ibalita at ipahayag ang ganito sa lahat ng kanilang mga bayan at sa Jerusalem, "Lumabas kayo sa bundok at kumuha kayo ng mga sanga ng olibo, mga sanga ng olibong-ligaw, mirto, palma, at iba pang madahong punungkahoy upang gumawa ng mga kubol, gaya ng nakasulat."

Awit 92:12-13 Ang matuwid ay umuunlad na parang puno ng palma; / At lumalagong gaya ng sedro sa Lebanon. ¹³Sila'y nakatanim sa bahay [ni Jehovah], / Sila'y lumalago sa mga bulwagan ng aming Diyos.

Juan 7:2 Malapit na noon ang Kapistahan ng mga Tabernakulo ng mga Hudyo.

Juan 7:37-39 Nang huling araw nga, ang dakilang araw ng kapistahan, tumayo si Hesus at sumigaw, na nagsasabi, Kung ang sinuman ay nauuhaw, pumarito siya sa Akin at uminom.

³⁸Ang sumasampalataya tungo sa Akin, gaya ng sinabi ng Kasulatan, mula sa kaibuturan ng kanyang katauhan ay aagos ang mga ilog ng buháy na tubig. ³⁹Ngunit ito ay sinalita Niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga sumampalataya tungo sa Kanya; sapagkat ang Espiritu ay hindi pa, sapagkat si Hesus ay hindi pa naluluwalhati.

Roma 1:9 Sapagkat saksi ko ang Diyos, na siyang aking pinaglilingkuran sa aking espiritu sa ebanghelyo ng Kanyang Anak, kung paanong walang patid ko kayong binabanggit lagi sa aking mga panalangin.

Col. 2:19 At hindi tinatanganan ang Ulo, na mula sa Kanya ang buong Katawan, na masaganang tinutustusan at magkakasamang pinaglalakip sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid, ay lumalago sa paglago ng Diyos.

3. Ang ating paglilingkod sa panahon ngayon ay isang paghahanda para sa ating paglilingkod sa kawalang-hanggan; ang tanging gol ng Diyos sa loob ng panahon ay ang ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa loob natin araw kada araw; kapag dumarating ang Diyos sa loob natin at lumalabas mula sa atin, yaon ay paglilingkod—Mat. 25:19-23; Juan 7:37-39.

Mat. 25:19-23 Ngayon, pagkatapos ng isang mahabang panahon, dumating ang panginoon ng mga aliping iyon at nakipagsulit sa kanila. ²⁰At ang tumanggap ng limang talento ay lumapit at nagdala ng lima pang talento, na nagsasabi, Panginoon, pinagkatiwalaan mo ako ng limang talento; narito, ako ay tumubo ng lima pang talento. ²¹Sinabi sa kanya ng kanyang panginoon, Magaling, mabuti at tapat na alipin. Naging tapat ka sa kakaunting bagay; pamamahalaan kita sa maraming bagay. Pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon. ²²At lumapit din ang tumanggap ng dalawang talento at nagsabi, Panginoon, pinagkatiwalaan mo ako ng dalawang talento; narito, ako ay tumubo ng dalawa pang talento. ²³Sinabi sa kanya ng kanyang panginoon, Magaling, mabuti at tapat na alipin. Naging tapat ka sa kakaunting bagay; pamamahalaan kita sa maraming bagay. Pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon.

Juan 7:37-39 Nang huling araw nga, ang dakilang araw ng kapistahan, tumayo si Hesus at sumigaw, na nagsasabi, Kung ang sinuman ay nauuhaw, pumarito siya sa Akin at uminom.

³⁸Ang sumasampalataya tungo sa Akin, gaya ng sinabi ng Kasulatan, mula sa kaibuturan ng kanyang katauhan ay aagos ang mga ilog ng buháy na tubig. ³⁹Ngunit ito ay sinalita Niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga sumampalataya tungo sa Kanya; sapagkat ang Espiritu ay hindi pa, sapagkat si Hesus ay hindi pa naluluwalhati.

- D. Hindi na tayo magugutom o mauuhaw pa—Apoc. 7:16a:

Apoc. 7:16a Hindi na sila magugutom, ni mauuhaw pa, ni tatamaan pa ng c araw, o ng anumang init.

1. Ang magutom at mauhaw ay ang magkaroon ng isang pag-asa na hindi pa nabibigyang-kasiyahan; ipinapangako ni Kristo na ang lahat ng sumasampalataya tungo sa Kanya ay masisiyahan at matatanggap Siya bilang kanilang nagpapasayang buhay—Juan 6:35.

Juan 6:35 Sinabi sa kanila ni Hesus, Ako ang tinapay ng buhay; ang lumalapit sa Akin ay hinding-hindi magugutom, at ang sumasampalataya tungo sa Akin ay hinding-hindi mauuhaw kailanman.

2. Ang kaugnayin ang Diyos Espiritu sa ating espiritu ay ang uminom mula sa buháy na tubig, at ang uminom mula sa buháy na tubig ay ang magbigay ng tunay na pagsamba sa Diyos—4:13-14, 23-24.

Juan 4:13-14 Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Ang bawat umiinom ng tubig na ito ay muling mauuhaw, ¹⁴Subalit ang sinumang iinom ng tubig na ibibigay Ko sa kanya ay hinding-hindi mauuhaw magpakailanman; ngunit ang tubig na ibibigay Ko sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig sa loob niya na babalong tungo sa buhay na walang hanggan.

Juan 4:23-24. Subalit darating ang oras, at ngayon na nga, na sasambahin ng mga totoong sumasamba ang Ama sa espiritu at pagkamakatotohanan; sapagkat hinahanap din ng Ama ang mga gayon upang sumamba sa Kanya. ²⁴Ang Diyos ay Espiritu, at ang mga sumasamba sa Kanya ay kinakailangang sumamba sa espiritu at pagkamakatotohanan.

E. Hindi tayo tatamaan ng matinding araw at ng nakapapasong init—Apoc. 7:16b:

Apoc. 7:16b Hindi na sila magugutom, ni mauuhaw pa, ni tatamaan pa ng c araw, o ng anumang init.

1. Ang Kordero-Diyos na nakaupo sa trono ay magtatatabernakulo sa ibabaw natin, nilililiman tayo ng Kanyang sarili—b. 15b; 2 Cor. 12:9.

Apoc. 7:15b Dahil dito ay nasa harap sila ng trono ng Diyos at naglilingkod sa Kanya araw at gabi sa Kanyang templo; at Siyang nakaupo sa trono ay magtatatabernakulo sa ibabaw nila.

2 Cor. 12:9 At sinabi Niya sa akin, Ang Aking biyaya ay sapat sa iyo, sapagkat ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't ako ay magmamapuri nang may malaking kagalakan sa aking mga kahinaan upang ang kapangyarihan ni Kristo ay magtatatabernakulo sa akin.

2. May isang uri ng buhay na nasa ilalim ng paglililim ng Diyos—ito ay isang buhay na natatago sa Diyos—Awit 36:7-9; Efe. 6:17; Awit 91:1; 17:8; 57:1; Ruth 2:12.

Awit 36:7-9 Napakahalaga, O Diyos, ng iyong pag-ibig na tapat! / Ang mga anak ng mga tao ay nanganganlong sa lilim ng Iyong mga pakpak. ⁸Sila'y nagpapakabusog sa kasaganaan ng Iyong bahay, / At binibigyan Mo sila ng inumin mula sa ilog ng Iyong kasiyahan. ⁹Sapagkat nasa Iyo ang bukal ng buhay; sa Iyong ilaw nakakakita kami ng liwanag.

Efe. 6:17 At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang tabak ng Espiritu, na ang Espiritu ay ang salita ng Diyos.

Awit 91:1 Siyang naninirahan sa tirahan ng Kataas-taasan / Ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan.

Awit 17:8 Gaya ng itim ng mata, ako ay ingatan mo; / Sa lilim ng Iyong mga pakpak, ako ay ikubli Mo.

Awit 57:1 Maawa ka sa akin, O Diyos, sa akin ay maawa ka; / Sapagkat nanganganlong sa Iyo ang aking kaluluwa; / sa lilim ng Iyong mga pakpak ay manganganlong ako, / Hanggang sa makaraan ang mga pagkawasak na ito.

Ruth 2:12 Gantihan nawa [ni Jehovah] ang iyong ginawa, at bigyan ka nawa ng lubos na gantimpala ng Panginoon, ang Diyos ng Israel, na sa ilalim ng kanyang mga pakpak ikaw ay nanganlong.”

3. Si Kristo bilang si Jehovah at bilang isang tao rin ay ang Hari na nagtutustos, nangangalaga, at nagtatakip sa bayan ng Diyos; Siya ang Hari para sa pamumuno at isang tao na gaya ng isang kanlungan laban sa hangin at isang panakip laban sa bagyo, gaya ng mga agos ng tubig sa isang tuyong dako, at gaya ng anino ng isang napakalaking bato sa isang pagod na lupain—Isa. 32:1-2.

Isa. 32:1-2 Narito, ang isang hari ay maghahari sa katuwiran, / At ang mga pinuno ay mamumuno na may katarungan. ²Bawat isa ay magiging gaya ng isang kublihang dako laban sa hangin / At kanlungan mula sa bagyo, / Gaya ng mga agos ng tubig sa tuyong dako, / Gaya ng lilim ng malaking bato sa pagod na lupain.

F. Ang Kordero na nasa gitna ng trono ay magpapastol at gagabay sa atin patungo sa mga balong ng mga tubig ng buhay—Apoc. 7:17a:

Apoc. 7:17a Sapagkat ang Kordero na nasa gitna ng trono ang magpapastol sa kanila at gagabay sa kanila sa mga balong ng mga tubig ng buhay; at papahirin ng Diyos ang bawat luha sa kanilang mga mata.

1. Kasama sa pagpapastol ang pagpapakain; sa ilalim ng pagpapastol ni Kristo, “Hindi ako magkukulang”—Awit 23:1.

Awit 23:1 [Si Jehovah] ay aking Pastol; hindi ako magkukulang.

2. Hindi natin kailanman mapabubuti ang ating sarili, at kailangan natin ng isang pastol upang pakainin tayo sa lahat ng oras; pinakakain Niya ang mga kordero ng Kanyang karanasan bilang Kordero ng Diyos, na nasa trono ng Diyos sa at para sa bahay ng Diyos—bb. 2-6; Apoc. 22:1.

Awit 23:2-6 Pinahihiga niya ako sa luntiang pastulan; / Inaakay niya ako sa tabi ng mga tubig na pahingahan. ³Pinanunumbalik niya ang aking kaluluwa; / Inaakay niya ako sa mga landas ng katuwiran / Alang-alang sa kanyang pangalan. ⁴Bagaman ako'y lumakad / Sa libis ng lilim ng kamatayan, / Wala akong katatakutang kasamaan, / Sapagkat Ikaw ay kasama ko, / Ang Iyong pamalo at ang Iyong tungkod, / Inaaliw ako ng mga ito. ⁵Ipinaghahanda mo ako ng hapag / Sa harapan ng aking mga kaaway; / Iyong binuhusan ng langis ang aking ulo; / Umaapaw ang aking saro. ⁶Tiyak na ang kabutihan at kaawaan ay susunod sa akin / Sa lahat ng mga araw ng aking buhay, / At ako'y maninirahan sa bahay [ni Jehovah] / magpakailanman.

Apoc. 22:1 At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito.

- G. Papahiran Niya ang bawat luha sa kanilang mga mata—7:17b:

Apoc. 7:17b Sapagkat ang Kordero na nasa gitna ng trono ang magpapastol sa kanila at gagabay sa kanila sa mga balong ng mga tubig ng buhay; at papahirin ng Diyos ang bawat luha sa kanilang mga mata.

1. Hindi maiiwasan ang mga luha sa kapanahunang ito, subalit ang ating mga luha ay inilalagay tungo sa sisidlan ng Diyos at itinatala sa Kanyang aklat—Heb. 5:7; Gawa 20:19, 31, Awit 56:8; cf. Mal. 3:16.

Heb. 5:7 Ang Isang ito, sa mga araw ng Kanyang laman, na naghandog kapwa ng mga pagdaing at mga pagsamo na may malakas na pagtangis at mga luha sa Kanya na may kakayahang iligtas Siya palabas ng kamatayan at dininig dahil sa Kanyang makadiyos na takot.

Gawa 20:19 Naglilingkod sa Panginoon bilang isang alipin na may buong kapakumbabaan at mga luha at mga pagsubok na dumating sa akin dahil sa mga pakana ng mga Hudyo.

Gawa 20:31 Kaya magbantay kayo, inaalaala na sa loob ng tatlong taon, gabi at araw, ay hindi ako humintong paalalahanan ang bawat isa na may pagluha.

Awit 56:8 Iyong ibinilang ang aking mga paglalakbay. / Ilagay Mo ang aking mga luha sa botelya Mo. / Wala ba sila sa aklat mo?

cf. Mal. 3:16 Nang magkagayo'y nag-usap silang mga natatakot [kay Jehovah]. Binigyangpansin sila [ni Jehovah] at pinakinggan, at ang isang aklat ng alaala ay isinulat sa harap niya, para sa kanila na natakot [kay Jehovah] at nagpahalaga sa kanyang pangalan.

2. Dahil tinutustusan tayo ng Kordero ng mga tubig ng buhay para sa ating kasiyahan, ang mga tubig ng luha ay napapahiran—Jer. 9:1; 2:13; cf. 15:16; Panag. 3:21-25, 55-56.

Jer. 9:1 O ang ulo ko sana ay mga tubig, / At ang aking mga mata ay bukal ng mga luha, / Upang ako'y makaiyak araw at gabi / Dahil sa mga pinaslang sa anak na babae ng aking bayan!

Jer. 2:13 Sapagkat ang bayan ko ay gumawa ng dalawang kasamaan: / Tinalikuran nila ako, / Ang bukal ng mga tubig na buháy, / At gumawa para sa kanila ng mga tipunan ng tubig, / Na mga sirang tipunan na hindi malagyan ng tubig.

cf. Jer. 15:16 Ang Iyong mga salita ay natagpuan, at aking kinain; / At sa ganang akin ang Iyong mga salita / Ay katuwaan at kagalakan ng aking puso, / Sapagkat ako'y tinatawag sa Iyong pangalan, / O Jehovah, Diyos ng mga hukbo.

Panag. 3:21-25 Ngunit ito'y naaalala ko sa aking puso; / Kaya't mayroon akong pag-asa.

²²Ang tapat na pag-ibig ng Panginoon ay hindi nagmamaliw, / Ang Kanyang mga habag ay hindi natatapos; ²³Sariwa ang mga iyon tuwing umaga; / Dakila ang Iyong katapatan. ²⁴[Si Jehovah] ay aking bahagi, sabi ng aking kaluluwa; / Kaya't ako'y aasa sa Kanya." ²⁵[Si Jehovah] ay mabuti sa kanila na naghihintay sa kanya, sa kaluluwa na humahanap sa kanya.

Panag. 3:55-56 Ako'y tumawag sa iyong pangalan, O [Jehovah], / Mula sa kalaliman ng hukay; ⁵⁶Pinakinggan Mo ang aking pakiusap! 'Huwag Mong itago / Ang Iyong pandinig sa saklolo, mula sa paghingi ko ng tulong.

3. Salamat sa Diyos na ang mga araw ng kalumbayan at ang mga bagay ng kalumbayan ay hindi magtatagal; ang sanlibutan ay lumilipas, at tayo ay pinagpala na makainom ng dumadaloy na Tres-unong Diyos hanggang tayo ay maging ang totalidad ng walang hanggang buhay, ang Bagong Herusalem—Juan 4:14b.

Juan 4:14b Subalit ang sinumang iinom ng tubig na ibibigay Ko sa kanya ay hinding-hindi mauuhaw magpakailanman; ngunit ang tubig na ibibigay Ko sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig sa loob niya na babalong tungo sa buhay na walang hanggan.

Si Kristo na May mga Susi ng Kamatayan at ng Hades

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 1:17-18; 10:7; 12:11; 15:1, 8; Gawa 2:24; Fil. 3:10-11

Apoc. 1:17-18 At nang makita ko Siya, nalugmok akong waring patay sa Kanyang paanan; at ipinatong Niya sa akin ang Kanyang kanang kamay, na nagsasabi, Huwag kang matakot; Ako ang Una at ang Huli¹⁸At ang buháy na Isa; at namatay Ako, at tingnan mo, Ako ay nabubuhay magpakailan pa man; at nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.

Apoc. 10:7 Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel kapag malapit na siyang magtrumpeta, kung magkagayon ang hiwaga ng Diyos ay tapos na, ayon sa magandang balita na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga alipin na mga propeta.

Apoc. 12:11 At kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan.

Apoc. 15:1 At nakita ko ang isa pang tanda sa langit, dakila at kagila-gilalas, pitong anghel na may pitong salot, ang huling mga salot; sapagkat sa mga iyon ay natapos ang matinding galit ng Diyos.

Apoc. 15:8 At ang templo ay napuno ng usok mula sa kaluwalhatian ng Diyos at mula sa Kanyang kapangyarihan, at walang sinumang makapasok sa templo hanggang sa matapos ang pitong salot ng pitong anghel.

Gawa 2:24 Na siyang ibinangon ng Diyos, pagkakalag sa mga hapdi ng kamatayan, yamang hindi posible na Siya ay mapigilan nito.

Fil. 3:10-11 Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na ako ay iwinawangis sa Kanyang kamatayan, ¹¹Baka sakaling makaabot ako sa higit na pagkabuhay na muli mula sa mga patay.

I. “Ako ang Una at ang Huli at ang buháy na Isa”—Apoc. 1:17b-18a:

Apoc. 1:17b-18a At nang makita ko Siya, nalugmok akong waring patay sa Kanyang paanan; at ipinatong Niya sa akin ang Kanyang kanang kamay, na nagsasabi, Huwag kang matakot; Ako ang Una at ang Huli¹⁸At ang buháy na Isa; at namatay Ako, at tingnan mo, Ako ay nabubuhay magpakailan pa man; at nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.

- A. Ang pagiging ang Una at ang Huli ni Kristo ay nagpapahiwatig na matagumpay Niyang tatapusin kung ano ang Kanyang sinimulan.
- B. Ang Panginoong Hesus ay hindi lamang ang Una bagkus ang Pasimula rin, at hindi lamang ang Huli bagkus ang Wakas rin—21:6; 22:13:

Apoc. 21:6 At sinabi Niya sa akin, Nangyari na ang mga ito. Ako ang Alpha at ang Omega, ang Pasimula at ang Wakas. Ang nauuhaw ay painumin Ko nang walang bayad sa balong ng tubig ng buhay.

Apoc. 22:13 Ako ang Alpha at ang Omega, ang Una at ang Huli, ang Pasimula at ang Wakas.

1. Ang ang *Una* ay nagpapahiwatig na walang nauna sa Kanya, at ang ang *Huli* na walang kasunod Niya.
2. Ang ang *Pasimula* ay nagpapahiwatig na Siya ang pinagmumulan ng lahat ng bagay, at ang ang *Wakas* na Siya ang kasukdulan ng lahat ng bagay.
3. Ang pagpapahiwatig dito ay hindi lamang na walang iba na nauna o kasunod ng Panginoong Hesus bagkus na walang pinagmumulan o kasukdulan kung wala Siya.
- C. Si Kristo ay hindi lamang ang Una at ang Huli bagkus ang Pasimula at ang Wakas din; tinitiyak nito sa atin na yamang sinimulan Niya ang buhay-ekklesia, tiyak na isasakatuparan Niya ito—cf. 2 Tim. 4:5:

cf. 2 Tim. 4:5 Subalit ikaw, maging mahinahon ka sa lahat ng bagay, magtiis ka ng kasamaan, gawin mo ang gawain ng isang ebanghelista, lubos mong ganapin ang iyong ministeryo.

1. Hindi kailanman iiwanan ng Panginoong Hesus ang Kanyang gawain nang hindi natatapos—

Apoc. 10:7; 15:1, 8.

Apoc. 10:7 Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel kapag malapit na siyang magtrumpeta, kung magkagayon ang hiwaga ng Diyos ay tapos na, ayon sa magandang balita na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga alipin na mga propeta.

Apoc. 15:1 At nakita ko ang isa pang tanda sa langit, dakila at kagila-gilalas, pitong anghel na may pitong salot, ang huling mga salot; sapagkat sa mga iyon ay natapos ang matinding galit ng Diyos.

Apoc. 15:8 At ang templo ay napuno ng usok mula sa kaluwalhatian ng Diyos at mula sa Kanyang kapangyarihan, at walang sinumang makapasok sa templo hanggang sa matapos ang pitong salot ng pitong anghel.

2. Kailangang sumampalataya ang lahat ng ekklesia-lokal na ang Panginoong Hesus ay ang Pasimula at ang Wakas.
3. Isasakatuparan Niya kung ano ang Kanyang sinimulan sa Kanyang pagbabawi.
- D. Ang Kristong lumalakad sa gitna ng mga ekklesia, na siyang Ulo ng mga ekklesia at kung kanino nabibilang ang mga ekklesia, ay ang buháy na Isa; kaya, ang mga ekklesia rin, bilang kahayagan ng Katawan, ay dapat maging buháy, sariwa, at malakas—2:1.

Apoc. 2:1 Sa sugo ng ekklesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may hawak ng pitong bituin sa Kanyang kanang kamay, Siya na lumalakad sa gitna ng pitong gintong patungan ng ilawan.

II. “At namatay Ako, at tingnan mo, Ako ay nabubuhay magpakailan pa man”—1:18a:

Apoc. 1:18a At ang buháy na Isa; at namatay Ako, at tingnan mo, Ako ay nabubuhay magpakailan pa man; at nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.

- A. Ang Panginoon ay nagdusa ng kamatayan at muling nabuhay—2:8.

Apoc. 2:8 At sa sugo ng ekklesia sa Esmirna ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Una at ng Huli, na namatay at muling nabuhay.

- B. Pumasok si Kristo sa kamatayan, subalit hindi Siya napigilan ng kamatayan (Gawa 2:24), sapagkat Siya ang pagkabuhay na muli (Juan 11:25).

Gawa 2:24 Na siyang ibinangon ng Diyos, pagkakalag sa mga hapdi ng kamatayan, yamang hindi posible na Siya ay mapigilan nito.

Juan 11:25 Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay; ang sumasampalataya tungo sa Akin, bagama’t siya ay mamatay, ay mabubuhay.

- C. Ang pagkabuhay na muli ay ang pagpapahaba ng mga araw ng Panginoon; Siya ay iiral magpakailan pa man sa Kanyang pagkabuhay na muli:
 1. Si Hesu-Kristo ngayon ay ang buháy na Isa, ang Isa na nasa pagkabuhay na muli.
 2. Upang makapamahagi si Kristo ng buhay, dapat Siyang maging ang buháy na Isa.
- D. Ang kahalagahan ng pagiging buháy na Isa ni Kristo ay yaong Siya ay nabubuhay magpakailanman at nabubuhay sa loob natin:
 1. Ninanais Niya na iwanan natin ang bawat uri ng kamatayan at bumangon upang maging buháy na ekklesia.
 2. Lalo tayong buháy, lalo tayong nagiging patotoo ng buháy na Hesus—Apoc. 12:11.

Apoc. 12:11 At kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila dinibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan.

III. “Sa ganito rin ay nagtungo Siya (si Kristo) at nagproklama sa mga espiritung nasa bilangguan”—1 Ped. 3:19:

1 Ped. 3:19 Sa ganito rin ay nagtungo Siya at nagproklama sa mga espiritung nasa bilangguan.

- A. Ang *ang mga espiritu* rito ay tumutukoy hindi sa mga espiritung walang katawan ng mga namatay na tao na pinanatili sa Hades kundi sa mga anghel (ang mga anghel ay mga espiritu—

Heb. 1:14) na natisod dahil sa pagsuway noong panahon ni Noe at nakakulong sa mga hukay ng karimlan, naghihintay ng paghahatol sa dakilang araw—2 Ped. 2:4-5; Jud. 6.

Heb. 1:14 Hindi ba mga naglilingkod na espiritu silang lahat, na isinugo para sa paglilingkod para sa kapakanan ng mga magmamana ng kaligtasan?

2 Ped. 2:4-5 Sapagkat kung hindi pinalampas ng Diyos ang mga anghel na nagkasala kundi ibinulid sila sa mga hukay ng karimlan, sa pagtapon sa kanila sa Tartarus, sila na itinataan para sa paghahatol; ⁵At hindi pinatawad ang sinaunang sanlibutan ngunit binantayan si Noe na isang tagapagbalita ng katuwiran, kasama ang pitong iba pa, nang magdala Siya ng baha sa sanlibutan ng mga di-makadiyos.

Judas 6 At ang mga anghel na hindi nag-ingat ng kanilang sariling pamunuan kundi iniwan ang kanilang sariling pinaninirahang lugar, ay Kanyang pinanatili sa walang hanggang pagkakagapos sa ilalim ng karimlan para sa paghahatol sa dakilang araw.

B. Pagkatapos ng Kanyang kamatayan sa laman, si Kisto sa Kanyang buháy na Espiritu bilang Kanyang pagkadibino ay nagtungo sa abismo sa mga mapagrebeldeng anghel na ito upang iproklama ang katagumpayan ng Diyos, na naisakatuparan sa pamamagitan ng Kanyang pagkakatawang-tao sa loob ni Kristo at sa kamatayan ni Kristo sa laman, laban sa balak ni Satanas na guluhin ang dibinong plano.

C. Ang *bilangguan* (1 Ped. 3:19) ay tumutukoy sa Tartarus, ang malalim at madilim na hukay, kung saan pinananatili ang mga natisod na anghel.

1 Ped. 3:19 Sa ganito rin ay nagtungo Siya at nagproklama sa mga espiritong nasa bilangguan.

IV. “Nakita ko ang isang bituin na nahulog sa lupa mula sa langit, at ibinigay sa kanya ang susi ng hukay ng abismo”—Apoc. 9:1-2; 11:7; 17:8; 20:1, 3:

Apoc. 9:1-2 At nagtrumpeta ang ikalimang anghel, at nakita ko ang isang bituin na nahulog sa lupa mula sa langit, at ibinigay sa kanya ang susi ng hukay ng abismo. ²At binuksan niya ang hukay ng abismo, at pumailanlang ang usok mula sa hukay na gaya ng usok ng isang malaking hurno; at nagdilim ang araw at ang himpapawid dahil sa usok ng hukay.

Apoc. 11:7 At kapag natapos na nila ang kanilang patotoo, ang halimaw na aahon mula sa abismo ay makikipagdigma sa kanila at dadaigin sila at papatayin sila.

Apoc. 17:8 Ang halimaw na nakita mo ay siya noon at ngayon ay hindi at malapit nang umahon mula sa abismo at patungo sa kapahamakan. At ang mga naninirahan sa lupa, na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula nang pagtatatag ng sanlibutan, ay manggigilalas kapag nakita nila ang halimaw, na siya noon at ngayon ay hindi at darating.

Apoc. 20:1 At nakita ko ang isang anghel na bumababa mula sa langit, na may susi ng abismo at isang malaking tanikala sa kanyang kamay.

Apoc. 20:3 At itinaon siya sa abismo at isinara ito at tinatakan ito sa ibabaw niya, upang hindi na niya malinlang pa ang mga bansa hanggang sa matapos ang sanlibong taon; pagkatapos ng mga bagay na ito ay kailangan siyang pakawalan nang maikling panahon.

A. Ang bituin sa Apocalipsis 9:1 ay tumutukoy kay Satanas, na ihahagis sa lupa mula sa langit:

Apoc. 9:1 At nagtrumpeta ang ikalimang anghel, at nakita ko ang isang bituin na nahulog sa lupa mula sa langit, at ibinigay sa kanya ang susi ng hukay ng abismo.

1. Ang mga anghel ay inihahalintulad sa mga bituin—Job 38:7; Apoc. 12:4.

Job 38:7 Nang sama-samang umawit ang mga tala sa umaga, at ang lahat ng mga anak ng Diyos ay nagsigawan sa tuwa.

Apoc. 12:4 At kinakaladkad ng kanyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit, at inihagis ang mga ito sa lupa. At tumayo ang dragon sa harap ng babaeng manganganak na, upang lamunin ang kanyang anak pagkapanganak niya.

2. Si Satanas, bilang arkanghel, ay ang Bituin sa umaga noon—Isa. 14:12.

Isa. 14:12 Ano't nahulog ka mula sa langit, O Tala sa Umaga, anak ng Umaga! Paanong ikaw

ay lumagpak sa lupa, ikaw na siyang nagpabagsak sa mga bansa!

B. “Sino ang bababa sa abismo?” yaon ay, upang iahon si Kristo mula sa mga patay—Roma 10:7:

Roma 10:7 O, Sino ang bababa sa abismo? yaon ay, upang iahon si Kristo mula sa mga patay.

1. Sa Griyego ang salitang isinalin bilang “abismo” ay *abyssos*.
2. Ginamit ang salitang ito sa Lucas 8:31 sa pagtukoy sa pinaninirahang lugar ng mga demonyo—bb. 27, 33, 35, 38.

Luc. 8:31 At nakiusap sila sa Kanya na huwag silang utusang lumisan patungo sa abismo.

Luc. 8:27 At nang makababa Siya sa lupa, sinalubong Siya ng isang lalaking mula sa lunsod, na may mga demonyo, at sa matagal na panahon ay hindi siya nagsusuot ng damit at hindi namamalagi sa isang bahay kundi sa mga libingan.

Luc. 8:33 At lumabas ang mga demonyo sa lalaki at pumasok sa mga baboy, at ang kawan ay rumagasang pababa sa matarik na dalisdis patungo sa lawa at nalunod.

Luc. 8:35 At lumabas ang mga tao upang makita kung ano ang nangyari. At lumapit sila kay Hesus at nakita ang lalaking nilabasan ng mga demonyo, nakaupo sa paanan ni Hesus, na nakadamit at matino ang pag-iisip, at sila ay natakot.

Luc. 8:38 At ang lalaking nilabasan ng mga demonyo ay nakiusap na makasama Niya, subalit Kanyang pinaalis siya, na nagsasabi.

3. Matatagpuan din ito sa Apocalipsis 9:1-2 at 11 upang tukuyin ang lugar kung saan ang mga “balang”, na ang hari ay si Apollyon, ay magmumula.

Apoc. 9:1-2 At nagtrumpeta ang ikalimang anghel, at nakita ko ang isang bituin na nahulog sa lupa mula sa langit, at ibinigay sa kanya ang susi ng hukay ng abismo. ²At binuksan niya ang hukay ng abismo, at pumailanlang ang usok mula sa hukay na gaya ng usok ng isang malaking hurno; at nagdilim ang araw at ang himpapawid dahil sa usok ng hukay.

Apoc. 9:11 Sila ay may haring namumuno sa kanila, ang anghel ng abismo; ang kanyang pangalan sa Hebreo ay Abaddon; at sa Griyego, siya ay may pangalang Apollyon.

4. Isinasagisag nito sa Apocalipsis 11:7 at 17:8 ang lugar mula kung saan ang halimaw, na siyang ang Antikristo, ay aahon.

Apoc. 11:7 At kapag natapos na nila ang kanilang patotoo, ang halimaw na aahon mula sa abismo ay makikipagdigma sa kanila at dadaigin sila at papatayin sila.

Apoc. 17:8 Ang halimaw na nakita mo ay siya noon at ngayon ay hindi at malapit nang umahon mula sa abismo at patungo sa kapahamakan. At ang mga naninirahan sa lupa, na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula nang pagtatatag ng sanlibutan, ay manggigilalas kapag nakita nila ang halimaw, na siya noon at ngayon ay hindi at darating.

5. Tinutukoy nito sa Apocalipsis 20:1 at 3 ang lugar kung saan itatapon at ibibilanggo si Satanas sa panahon ng milenyum.

Apoc. 20:1 At nakita ko ang isang anghel na bumababa mula sa langit, na may susi ng abismo at isang malaking tanikala sa kanyang kamay.

Apoc. 20:3 At itinaon siya sa abismo at isinara ito at tinatakan ito sa ibabaw niya, upang hindi na niya malinlang pa ang mga bansa hanggang sa matapos ang sanlibong taon; pagkatapos ng mga bagay na ito ay kailangan siyang pakawalan nang maikling panahon.

6. Tumutukoy ang *abismo* sa Roma 10:7 sa lugar na binisita ni Kristo pagkatapos ng Kanyang kamatayan at bago ang Kanyang pagkabuhay na muli, ang lugar na ito, ayon sa Mga Gawa 2:24 at 27, ay ang Hades, sapagkat inihahayag ng Mga Gawa 2:24 at 27 na si Kristo ay nagtungo sa Hades pagkamatay Niya at bumangon mula sa lugar na iyon sa Kanyang pagkabuhay na muli.

Roma 10:7 O, Sino ang bababa sa abismo? yaon ay, upang iahon si Kristo mula sa mga patay.

Gawa 2:24 Na siyang ibinangon ng Diyos, pagkakalag sa mga hapdi ng kamatayan, yamang hindi posible na Siya ay mapigilan nito.

Gawa 2:27 Sapagkat hindi Mo iiwan ang aking kaluluwa sa Hades, ni hahayaan Mo ang iyong Banal na Isa na makakita ng kabulukan.

7. Ayon sa biblikal na paggamit, ang salitang *abismo* ay palaging tumutukoy sa rehiyon ng kamatayan at ng kapangyarihan ng kadiliman ni Satanas kung saan bumaba si Kristo pagkatapos ng Kanyang kamatayan gaya ng sa kailalimang bahagi ng lupa (Efe. 4:9), na Kanyang napagtagumpayan, at mula roon ay umakyat Siya sa Kanyang pagkabuhay na muli. **Efe. 4:9** Ngayon ito, “Umakyat Siya,” ano ito kundi Siya ay bumaba rin naman sa mga kailalimang bahagi ng lupa?

V. Sinasabi ng Panginoong Hesus sa Apocalipsis 1:18b, “Nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades”:

Apocalipsis 1:18b At ang buháy na Isa; at namatay Ako, at tingnan mo, Ako ay nabubuhay magpakailan pa man; at nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.

- A. Dahil sa pagkatisod at kasalanan ng tao, pumasok ang kamatayan at gumagawa ngayon sa lupa upang tipunin ang lahat ng makasalanang tao at upang dalhin sila sa Hades, ang lugar kung saan pinananatili ang mga patay.
- B. Sa buhay-ekklesia, gayunpaman, wala na tayo sa ilalim ng kamatayan at ng Hades—**Fil. 3:10-11** Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na ako ay iwinawangis sa Kanyang kamatayan, ¹¹Baka sakaling makaabot ako sa higit na pagkabuhay na muli mula sa mga patay.
- C. Pinawalang-bisa ni Kristo ang kamatayan sa krus, at dinaig Niya ang Hades sa Kanyang pagkabuhay na muli:
1. Bagama’t labis na pinagsikapan ng kamatayan na pigilan si Kristo, wala itong kapangyarihan na gawin iyon—**Gawa 2:24** Na siyang ibinangon ng Diyos, pagkakalag sa mga hapdi ng kamatayan, yamang hindi posible na Siya ay mapigilan nito.
 2. Si Kristo ay kapwa Diyos at pagkabuhay na muli (**Juan 1:1; 11:25**), na nagtataglay ng di-nasisirang buhay (**Heb. 7:16**).
Juan 1:1 Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos.
Juan 11:25 Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay; ang sumasampalataya tungo sa Akin, bagama’t siya ay mamatay, ay mabubuhay.
Heb. 7:16 Na itinalaga hindi ayon sa kautusan ng utos na ukol sa laman kundi ayon sa kapangyarihan ng di-nasisirang buhay.
 3. Dahil Siya ay gayong palaging nabubuhay na Isa, hindi Siya kayang pigilan ng kamatayan.
 4. Ibinigay ni Kristo ang Kanyang sarili sa kamatayan, subalit walang paraan ang kamatayan na pigilan Siya; sa halip, ginapi Niya ang kamatayan, at bumangon Siya mula rito.
 5. Samakatwid, dahil dito, ang kamatayan ay walang tibo, at ang Hades ay walang kapangyarihan.
- D. Dahil si Kristo ang Isa sa loob ng ekklesia na siyang Tagahawak ng mga susi ng kamatayan at ng Hades, ang kamatayan at Hades ay dapat na walang anumang kapangyarihan sa atin.
- E. Sa buhay-ekklesia, ang mga susi ng kamatayan at Hades ay nasa kamay ng Panginoon.
- F. Imposible para sa atin na tuosin ang kamatayan:
1. Payak na wala tayong kakayahang harapin ito.
 2. Sa tuwing pumapasok ang kamatayan, marami ang madadaig nito.
- G. Kung ibibigay natin sa Panginoong Hesus ang puwang, ang pagkakataon, at ang kalayaan upang kumilos at gumawa sa gitna natin, kapwa ang kamatayan at ang Hades ay mapasasailalim sa Kanyang kontrol—**Mat. 16:18; Apoc. 20:14**:
Mat. 16:18 At sumagot si Simon Pedro at nagsabi, Ikaw ang Kristo, ang Anak ng buháy na Diyos.
Apoc. 20:14 At ang kamatayan at ang Hades ay inihagis sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, ang dagatdagatang apoy.

1. Kapag walang puwang ang Panginoong Hesus sa ekklesia, agad na mangingibabaw ang kamatayan, at magiging makapangyarihan ang Hades upang pigilan ang mga patay na isa.
 2. Napakamahalagang makita natin na na kay Kristo ang mga susi, ang awtoridad, sa kamatayan at Hades—Juan 5:27; 17:2; Apoc. 12:10.
Juan 5:27 At Siya ay binigyan Niya ng awtoridad na isagawa ang kahatulan sapagkat Siya ang Anak ng Tao.
Juan 17:2 Kung paanong binigyan Mo Siya ng awtoridad sa lahat ng laman upang bigyan Niya ng buhay na walang hanggan ang lahat ng ibinigay Mo sa Kanya.
Apoc. 12:10 At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ngayon ay dumating ang kaligtasan at ang kapangyarihan at ang kaharian ng ating Diyos at ang awtoridad ng Kanyang Kristo, sapagkat inihagis na ang tagapag-akusa ng ating mga kapatid, na araw at gabing nag-aakusa sa kanila sa harap ng ating Diyos.
 3. Ang kamatayan ay napasuko sa Kanya, at ang Hades ay nasa ilalim ng Kanyang kontrol.
- H. Dapat nating purihin ang Panginoon na na kay Kristo ang mga susi ng kamatayan at ng Hades—1:18; Heb. 13:15; 1 Ped. 1:7; Apoc. 19:5-6.
- Apoc. 1:18** At ang buháy na Isa; at namatay Ako, at tingnan mo, Ako ay nabubuhay magpakailan pa man; at nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.
- Heb. 13:15** Kaya't sa pamamagitan Niya ay patuloy tayong maghandog ng haing papuri sa Diyos, yaon ay, ang bunga ng mga labi na nagpapahayag ng Kanyang pangalan.
- 1 Ped. 1:7** Upang ang pagpapatunay sa inyong pananampalataya, na lalong mahalaga kaysa sa gintong nasisira bagama't sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal sa paghahayag kay Hesu-Kristo;
- Apoc. 19:5-6** At lumabas ang isang tinig mula sa trono, na nagsasabi, Purihin ninyo ang ating Diyos, kayong lahat na mga alipin Niya at yaong mga natatakot sa Kanya, ang maliliit at malalaki.
⁶At narinig ko ang gaya ng tinig ng isang malaking kalipunan at gaya ng lagaslas ng maraming tubig at gaya ng dagundong ng malalakas na kulog, na nagsasabi, Aleluya! Sapagkat ang Panginoon nating Diyos na Makapangyarihan sa lahat ay naghahari.

Si Kristo bilang Anak ng Tao na Naglalakad sa Gitna ng mga Gintong Patungan ng Ilawan

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 1:9—2:1

Apoc. 1:9-20 Akong si Juan, na inyong kapatid at inyong kapwa bumabahagi sa kapighatian at kaharian at pagtitiis sa loob ni Hesus, ay nasa pulo na tinatawag na Patmos dahil sa salita ng Diyos at sa patotoo ni Hesus. ¹⁰Ako ay nasa espiritu nang Araw ng Panginoon at narinig ko sa aking likuran ang isang malakas na tinig na tulad sa isang trumpeta, ¹¹Na nagsasabi, Ang iyong nakikita ay isulat mo sa isang balumbon at ipadala mo sa pitong ekklesia: sa Efeso at sa Esmirna at sa Pergamo at sa Tiatira at sa Sardis at sa Filadelfia at sa Laodicea. ¹²At ako ay lumingon upang makita ang tinig na nagsalita sa akin; at nang ako ay lumingon, nakita ko ang pitong gintong patungan ng ilawan, ¹³At sa gitna ng mga patungan ng ilawan ay may Isang katulad ng Anak ng Tao, nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis. ¹⁴At ang Kanyang ulo at buhok ay mapuputing gaya ng puting lana, gaya ng niyebe; at ang Kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; ¹⁵At ang Kanyang mga paa ay katulad ng tansong binuli, na gaya ng dinalisay sa isang pugon; at ang Kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig. ¹⁶At sa Kanyang kanang kamay ay may pitong bituin; at mula sa Kanyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim; at ang Kanyang mukha ay *nagliwanag* gaya ng araw na matinding sumisikat. ¹⁷At nang makita ko Siya, nalugmok akong waring patay sa Kanyang paanan; at ipinatong Niya sa akin ang Kanyang kanang kamay, na nagsasabi, Huwag kang matakot; Ako ang Una at ang Huli ¹⁸At ang buhay na Isa; at namatay Ako, at tingnan mo, Ako ay nabubuhay magpakailan pa man; at nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades. ¹⁹Kaya't isulat mo ang mga bagay na iyong nakita at ang mga bagay na ngayon at ang mga bagay na malapit nang mangyari pagkatapos ng mga bagay na ito. ²⁰Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa Aking kanang kamay at ng pitong gintong patungan ng ilawan: Ang pitong bituin ay ang mga sugo ng pitong ekklesia, at ang pitong patungan ng ilawan ay ang pitong ekklesia.

Apoc. 2:1 Sa sugo ng ekklesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may hawak ng pitong bituin sa Kanyang kanang kamay, Siya na lumalakad sa gitna ng pitong gintong patungan ng ilawan.

I. Upang makita ang pangitain hinggil kay Kristo bilang Anak ng Tao na naglalakad sa gitna ng mga gintong patungan ng ilawan, dapat tayong maging mga nananaig na sugo ng Panginoon, yaong mga nasa ating espiritu sa batayan ng ekklesia bilang mga kapwa bumabahagi sa kapighatian, kaharian, at pagtitiis sa loob ni Hesus—Apoc. 1:9-13, 20:

Apoc. 1:9-13 ⁹Akong si Juan, na inyong kapatid at inyong kapwa bumabahagi sa kapighatian at kaharian at pagtitiis sa loob ni Hesus, ay nasa pulo na tinatawag na Patmos dahil sa salita ng Diyos at sa patotoo ni Hesus. ¹⁰Ako ay nasa espiritu nang Araw ng Panginoon at narinig ko sa aking likuran ang isang malakas na tinig na tulad sa isang trumpeta, ¹¹Na nagsasabi, Ang iyong nakikita ay isulat mo sa isang balumbon at ipadala mo sa pitong ekklesia: sa Efeso at sa Esmirna at sa Pergamo at sa Tiatira at sa Sardis at sa Filadelfia at sa Laodicea. ¹²At ako ay lumingon upang makita ang tinig na nagsalita sa akin; at nang ako ay lumingon, nakita ko ang pitong gintong patungan ng ilawan, ¹³At sa gitna ng mga patungan ng ilawan ay may Isang katulad ng Anak ng Tao, nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis.

Apoc. 1:20 Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa Aking kanang kamay at ng pitong gintong patungan ng ilawan: Ang pitong bituin ay ang mga sugo ng pitong ekklesia, at ang pitong patungan ng ilawan ay ang pitong ekklesia.

A. Ang pagsasagawa ng buhay-ekklesia noong unang mga araw ay ang pagsasagawa ng pagkakaroon ng isang ekklesia sa isang lunsod, isang lunsod na may iisang ekklesia lamang; walang lunsod ang may higit sa isang ekklesia—Gawa 8:1; 13:1; Apoc. 1:11.

Gawa 8:1 At sumang-ayon si Saulo sa pagpatay sa kanya. At naganap nang araw na iyon ang isang

malaking pag-uusig laban sa ekklesia na nasa Herusalem; at nangalat ang lahat sa buong rehiyon ng Judea at Samaria, maliban sa mga apostol.

Gawa 13:1 Ngayon sa Antioquia, sa ekklesia-lokal, ay may mga propeta at mga guro: sina Barnabas at Simeon na tinatawag na Niger, at si Lucio na Cireneo, at si Manaen na kinakapatid ni Herodes na tetrarka, at si Saulo.

Apoc. 1:11 Na nagsasabi, Ang iyong nakikita ay isulat mo sa isang balumbon at ipadala mo sa pitong ekklesia: sa Efeso at sa Esmirna at sa Pergamo at sa Tiatira at sa Sardis at sa Filadelfia at sa Laodicea.

- B. May apat na katangian sa ating pagpupulong sa tunay na batayan ng kaisahan, ang lugar na pinili ng Diyos—cf. Deut. 12:5:

cf. Deut. 12:5 Kundi inyong hahanapin ang dakong pipiliin [ni Jehovah] ninyong Diyos mula sa lahat ng inyong mga lipi na paglalagyan ng kanyang pangalan, samakatuwid, sa kanyang tahanan ay inyong hahanapin, at doon kayo paroroon.

1. Una, ang bayan ng Diyos ay dapat palaging isa; hindi dapat magkaroon ng pagkakabaha-bahagi sa gitna nila—Awit 133; Juan 17:11, 21-23; 1 Cor. 1:10; Efe. 4:3.

Awit 133 Narito, napakabuti at napakaligaya kapag ang magkakapatid ay sama-samang namumuhay na nagkakaisa! ²Ito'y gaya ng mahalagang langis sa ulo, na tumutulo sa balbas, sa balbas ni Aaron, tumutulo sa laylayan ng kanyang damit! ³Ito ay gaya ng hamog sa Hermon, na pumapatak sa mga bundok ng Zion! Sapagkat doon iniutos [ni Jehovah] ang pagpapala, ang buhay magpakailanman.

Juan 17:11 At wala na Ako sa sanlibutan; ngunit sila ay nasa sanlibutan, at Ako ay paririyon sa Iyo. Amang Banal, ingatan Mo sila sa Iyong pangalan, na ibinigay Mo sa Akin, upang sila ay maging isa na gaya naman Natin.

Juan 17:21-23 Upang silang lahat ay maging isa; gaya Mo, Ama, na nasa Akin at Ako ay nasa Iyo, upang sila ay mapasa-Atin din; upang ang sanlibutan ay maniwala na isinugo Mo Ako. ²²At ang kaluwalhatian ibinigay Mo sa Akin ay ibinigay Ko sa kanila, upang sila ay maging isa, gaya naman Natin na iisa; ²³Ako ay nasa kanila, at Ikaw ay nasa Akin, upang sila ay mapasakdal na maging isa, upang malaman ng sanlibutan na isinugo Mo Ako at inibig Mo sila kung paanong inibig Mo Ako.

1 Cor. 1:10 Ngayon ay ipinamamamhi ko sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Hesu-Kristo, na kayong lahat ay magsalita ng parehong bagay at *na* huwag magkaroon ng pagkakabaha-bahagi sa inyo, kundi *na* kayo ay maging magkakatugma sa parehong kaisipan at sa parehong opinyon.

Efe. 4:3 Na pinagsusumakitang ingatan ang kaisahan ng Espiritu sa nagpapaging-isang tali ng kapayapaan.

2. Ikalawa, ang namumukod-tanging pangalan tungo kung saan dapat magtipon ang bayan ng Diyos ay ang pangalan ng Panginoong Hesu-Kristo, ang realidad ng pangalang ito ay ang Espiritu; ang tawagin sa anumang ibang pangalan ay ang mapangalanan, mabaha-bahagi; ito ay espiritwal na pakikiapid—Mat. 18:20; 1 Cor. 1:12-13; 12:3b.

Mat. 18:20 Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon tungo sa Aking pangalan, naroroon Ako sa gitna nila.

1 Cor. 1:12-13 Ito ngayon ang ibig kong sabihin, na ang bawat isa sa inyo ay nagsasabi, Ako ay kay Pablo, at ako ay kay Apollos, at ako ay kay Cefas, at ako ay kay Kristo. ¹³Nababahagi ba si Kristo? Ipinako ba sa krus si Pablo para sa inyo? O binautismuhan ba kayo tungo sa pangalan ni Pablo?

1 Cor. 12:3b Kaya't ipinaalam ko sa inyo na walang nagsasalita sa Espiritu ng Diyos ang nagsasabi, Si Hesus ay isinumpa; at walang makapagsasabing, Si Hesus ay Panginoon! maliban sa Espiritu Santo.

3. Ikatlo, sa Bagong Tipan, ang tirahan ng Diyos, ang Kanyang pinaninirahang lugar, ay

partikular na matatagpuan sa ating espiritu, yaon ay, sa ating pinagsamang espiritu, ang ating pantaong espiritu na isinilang na muli at pinaninirahan sa loob ng dibinong Espiritu; sa ating pagpupulong para sa pagsamba sa Diyos, kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu at gawin ang lahat ng bagay sa espiritu—Juan 3:6b; Roma 8:16; 2 Tim. 4:22; Efe. 2:22; Juan 4:24; Apoc. 1:10; 1 Cor. 14:15.

Juan 3:6b Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.

Roma 8:16 Ang Espiritu Mismo ang sumasaksi kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos.

2 Tim. 4:22 Sumaiyong espiritu ang Panginoon. Sumainyo ang biyaya.

Efe. 2:22 Na sa Kanya, kayo rin naman ay itinatayo nang sama-sama upang maging isang pinaninirahang lugar ng Diyos sa espiritu.

Juan 4:24 Ang Diyos ay Espiritu, at ang mga sumasamba sa Kanya ay kinakailangang sumamba sa espiritu at pagkamakatotohanan.

Apoc. 1:10 Ako ay nasa espiritu nang Araw ng Panginoon at narinig ko sa aking likuran ang isang malakas na tinig na tulad sa isang trumpeta.

1 Cor. 14:15 Ano kung gayon? Mananalangin akong gamit ang espiritu, at mananalangin din akong gamit ang isip; aawit akong gamit ang espiritu, at aawit din akong gamit ang isip.

4. Ikaapat, sa ating pagsamba sa Diyos, kailangan nating magkaroon ng tunay na pag-aaplay ng krus ni Kristo, na isinasagisag ng altar (Deut. 12:5-6, 27), sa pamamagitan ng pagtanggap sa laman, sarili, at natural na buhay at pagsamba sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo at ni Kristo lamang (Mat. 16:24; Gal. 2:20).

Deut. 12:5-6 Kundi inyong hahanapin ang dakong pipiliin [ni Jehovah] ninyong Diyos mula sa lahat ng inyong mga lipi na paglalagyan ng kanyang pangalan, samakatuwid, sa kanyang tahanan ay inyong hahanapin, at doon kayo paroroon. ⁶At doon ninyo dadalhin ang inyong mga handog na sinusunog, at ang inyong mga alay, at ang inyong mga ikasampung bahagi, at ang handog na iwawagayway ng inyong kamay, at ang inyong mga panata, at ang inyong mga kusang handog, at ang mga panganay sa inyong mga bakahan at sa inyong mga kawan.

Deut. 12:27 At iaalay mo ang iyong mga handog na sinusunog, ang laman at ang dugo, sa ibabaw ng [altar ni Jehovah] mong Diyos, at ang dugo ng iyong mga alay ay ibubuhos sa ibabaw ng [altar ni Jehovah] mong Diyos; at iyong kakainin ang karne.

Mat. 16:24 Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin.

Gal. 2:20 Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin; at ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya ng Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin.

- C. Tayo ay mga kapwa bumabahagi sa kapighatian sa loob ni Hesus:

1. Ang ibig sabihin ng *sa loob ni Hesus* ay yaong tayo ay nagdurusa at inuusig habang sinusundan natin si Hesus na Nazareno sa pamamagitan ng naninirahan sa loob na Espiritu ni Hesus, ang Espiritu ng isang tao na may masaganang kalakasan para sa pagdurusa—Gawa 16:6-7.

Gawa 16:6-7 At naglakbay sila sa rehiyon ng Frigia at Galacia, sapagkat pinagbawalan sila ng Espiritu Santo na salitain ang salita sa Asia. ⁷At nang makarating sila sa Misia, sinubukan nilang makapasok sa Bitinia, ngunit hindi sila pinayagan ng Espiritu ni Hesus.

2. Habang nagdurusa tayo ngayon, nagdurusa ang Panginoong Hesus sa loob natin at kasama natin—9:4-5; Heb. 13:13.

Gawa 9:4-5 At nabuwal siya sa lupa at narinig ang isang tinig na nagsasabi sa kanya, Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig? At sinabi niya, Sino Ka, Panginoon? At *sinabi* Niya, Ako si Hesus, na iyong pinag-uusig.

Heb. 13:13 Kaya't magtungo tayo sa Kanya sa labas ng kampo, binabatá ang Kanyang pagkadusta.

3. Pumapasok tayo sa kaharian sa pamamagitan ng maraming kapighatian—Gawa 14:22.

Gawa 14:22 Na pinagtibay ang mga kaluluwa ng mga disipulo, pinalalakas ang loob *nila* na magpatuloy sa pananampalataya at *sinasabi* na sa pamamagitan ng maraming kapighatian ay kinakailangang pumasok tayo sa kaharian ng Diyos.

4. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli, tayo ay nabibigyang-kakayahan na makibahagi sa Kanyang mga pagdurusa at mamuhay ng isang naipako sa krus na buhay sa pagwawangis sa Kanyang kamatayan—Fil. 3:10; Col. 1:24; A. A. 2:8-9, 14.

Fil. 3:10 Upang makilala Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli at ang pakikisalamuha sa Kanyang mga pagdurusa, na ako ay iwinawangis sa Kanyang kamatayan.

Col. 1:24 Nagagalak ako ngayon sa aking mga pagdurusa alang-alang sa inyo at sa aking laman ay pinupunuan ko ang kakulangan sa mga paghihirap ni Kristo para sa Kanyang Katawan, na siyang ekklesia.

A. A. 2:8-9 Ang tinig ng aking giliw! Narito, siya'y dumarating, palukso-lukso sa mga bundok, palundag-lundag sa mga burol. ⁹Ang aking sinta ay gaya ng usa o ng batang usa. Tingnan mo, siya'y nakatayo sa likod ng aming bakod, sa mga bintana'y sumisilip, sa mga durungawa'y nagmamasid.

A. A. 2:14 O kalapati ko, na nasa mga bitak ng bato, sa puwang ng bangin, ipakita mo sa akin ang iyong mukha, iparinig mo sa akin ang iyong tinig; sapagkat matamis ang iyong tinig, at ang iyong mukha ay kaibig-ibig.

5. Hindi natin dapat ibigin ang ating pangkaluluwang buhay maging hanggang kamatayan at dapat nating ibigay ang ating buhay alang-alang sa mga kapatid—Apoc. 12:11; 1 Juan 3:16.

Apoc. 12:11 At kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan.

1 Juan 3:16 Sa ganito ay nakikilala natin ang pag-ibig, na ibinigay Niya ang Kanyang buhay alang-alang sa atin, at nararapat nating ibigay ang ating buhay alang-alang sa mga kapatid.

- D. Tayo ay mga kapwa bumabahagi sa kaharian sa loob ni Hesus:

1. Ang kaharian ay ang buhay-ekkklesia, kung saan namumuhay ang mga tapat na mananampalataya para sa kanilang paglago sa buhay at transpormasyon sa buhay—Mat. 16:18-19; Roma 14:17; 1 Cor. 3:7; 2 Cor. 3:18.

Mat. 16:18-19 At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananagumpay laban dito. ¹⁹Ibibigay Ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng kalangitan, at anuman ang iyong talian sa lupa ay natalian na sa kalangitan, at anuman ang iyong kalagan sa lupa ay nakalagan na sa kalangitan.

Roma 14:17 Kaya huwag na nating hatulan ang isa't isa, kundi ihatol ninyo ito: huwag maglagay ng batong katitisan o dahilan ng pagbagsak sa harap ng iyong kapatid.

1 Cor. 3:7 Kaya't walang halaga ang nagtatanim ni ang nagdidilig, kundi ang Diyos na nagpapalago.

2 Cor. 3:18 Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

2. Upang isagawa ang buhay-kaharian, kailangan nating habulin ang katuwiran, pananampalataya, pag-ibig, at kapayapaan kasama ng mga tumatawag sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso—2 Tim. 2:22.

2 Tim. 2:22 Subalit takasan mo ang mga pita ng kabataan, at habulin mo ang katuwiran,

pananampalataya, pag-ibig, kapayapaan, kasama ng yaong mga tumatawag sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso.

3. Upang isagawa ang buhay-kaharian, kailangan nating magmalasakit sa mga nagkakasalang kapatid upang mabawi sila—Mat. 18:15-22.

Mat. 18:15-22 Higit pa rito, kung magkasala ang iyong kapatid sa iyo, pumaroon ka, pagsabihan mo siya sa pagitan ninyong dalawa lamang. Kung pakikilingan ka niya, natamo mo ang iyong kapatid. ¹⁶Subalit kung hindi siya makinig, magsama ka ng isa o dalawa pa, upang sa bibig ng dalawa o tatlong saksi ay mapagtibay ang bawat salita. ¹⁷At kung tumanggi siyang makinig sa kanila, sabihin mo *ito* sa ekklesia; at kung tumanggi siyang makinig din sa ekklesia, ituring mo siyang gaya ng Hentil at maniningil ng buwis. ¹⁸Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Anuman ang inyong talian sa lupa ay natalian na sa langit, at anuman ang inyong kalagan sa lupa ay nakalagan na sa langit. ¹⁹Muli, katotohanang sinasabi Ko sa inyo na kung nagkakatugma ang dalawa sa inyo sa lupa tungkol sa anumang bagay na kanilang hinihingi, ito ay gagawin para sa kanila mula sa Aking Ama na nasa kalangitan. ²⁰Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon tungo sa Aking pangalan, naroroon Ako sa gitna nila. ²¹Pagkatapos ay lumapit si Pedro at sinabi sa Kanya, Panginoon, makailang ulit magkakasala sa akin ang aking kapatid at siya ay aking patatawarin? Hanggang pitong ulit? ²²Sinabi sa kanya ni Hesus, Hindi Ko sinasabi sa iyo, Hanggang pitong ulit, kundi, Hanggang sa makapitumpung pito.

- E. Tayo ay mga kapwa bumabahagi sa pagtitiis sa loob ni Hesus:

1. Kailangan nating labanan ang mga taktika ni Satanas na pumapagod sa atin—Dan. 7:25.

Dan. 7:25 At siya'y magsasalita laban sa Kataas-taasan, at lilipulin niya ang mga banal ng Kataas-taasan; at kanyang iisiping baguhin ang mga panahon at ang kautusan; at sila'y ibibigay sa kanyang kamay hanggang sa isang panahon, mga panahon at kalahati ng isang panahon.

2. Kapag nananahan tayo kay Kristo, tinutupad natin ang salita ng Kanyang pagtitiis at mayroon tayong pagtitiis upang pasanin ang pagdurusa at pagsalungat—Apoc. 3:10.

Apoc. 3:10 Sapagkat tinupad mo ang salita ng Aking pagtitiis, ikaw naman ay Aking iingatan sa panahon ng pagsubok, na paparating sa buong pinananahanang lupa, upang subukin ang mga naninirahan sa ibabaw ng lupa.

3. Makapagtitiis tayo sa pamamagitan ng pagtitiis ni Kristo na ating natamasa at naranasan—2 Tes. 3:5.

2 Tes. 3:5 At patnubayan nawa ng Panginoon ang inyong mga puso tungo sa pag-ibig ng Diyos at tungo sa pagtitiis ni Kristo.

II. Si Kristo bilang Anak ng Tao ay ang Mataas na Saserdote, na “nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis” (Apoc. 1:13), upang kandilihin ang mga ekklesia sa Kanyang pagkatao at pakainin sila sa Kanyang pagkadibino:

Apoc. 1:13 At sa gitna ng mga patungan ng ilawan ay may Isang katulad ng Anak ng Tao, nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis.

- A. Ang Anak ng Tao ay nasa Kanyang pagkatao, ang gintong pamigkis ay sumasagisag sa Kanyang pagkadibino, at ang dibdib ay isang tanda ng pag-ibig:

1. Si Kristo ay nabigkisan sa kanyang baywang, napalakas para sa dibinong gawain (Exo. 28:4; Dan. 10:5) upang maibunga ang mga ekklesia, ngunit ngayon, Siya ay nabibigkisan sa dibdib, nangangalaga sa mga ekklesia na Kanyang ibinunga sa pamamagitan ng Kanyang pag-ibig.

Exo. 28:4 Ito ang mga kasuotang kanilang gagawin: isang pectoral, isang efod, isang balabal, isang tunika na tinahing guhit-guhit na anyong parisukat, isang turbante at isang pamigkis;

at kanilang igagawa ng mga banal na kasuotan si Aaron na iyong kapatid, at ang kanyang mga anak, upang maglingkod sa akin bilang mga pari.

Dan. 10:5 Aking itiningin ang aking paningin at tumanaw, at nakita ko ang isang lalaki na may suot ng telang lino, na ang mga balakang ay binigkisan ng ginto ng Uphaz.

2. Ang gintong pamigkis ay sumasagisag sa pagkadibino ni Kristo bilang Kanyang dibinong enerhiya, at ang dibdib ay nangangahulugan na ang gintong enerhiya na ito ay naeensayo at nahihikayat ng at sa pamamagitan ng Kanyang pag-ibig upang pakainin ang mga ekklesia.

- B. Pinangangalagaan ni Kristo ang mga ekklesia sa Kanyang pagkatao bilang Anak ng Tao upang kandilihin sila—Apoc. 1:13a:

Apoc. 1:13a At sa gitna ng mga patungan ng ilawan ay may Isang katulad ng Anak ng Tao, nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis.

1. Inaayos Niya ang mga ilawan ng mga patungan ng ilawan upang gawing wasto ang mga ito, kinakandili tayo upang tayo ay maging masaya, kaaya-aya, at maginhawa—Exo. 30:7; cf. Awit 42:5, 11:

Exo. 30:7 Maghahandog si Aaron sa ibabaw niyon ng mababangong insenso, tuwing umaga kapag kanyang inaayos ang mga ilaw, ay ihahandog niya iyon,

cf. Awit 42:5 Bakit ka nanlulumo, O kaluluwa ko? Bakit ka nababagabag sa loob ko? Umasa ka sa Diyos; sapagkat siya'y muling pupurihin ko, dahil sa kaligtasan mula sa kanyang harapan.

Awit 42:11 Bakit ka nanlulumo, O kaluluwa ko? At bakit ka nababagabag sa loob ko? Umasa ka sa Diyos; sapagkat siya'y muling pupurihin ko, ang tulong sa aking harapan, at Diyos ko.

- a. Ang presensiya ng Panginoon ay nagbibigay ng atmospero ng kagiliwan at init upang kandilihin ang ating katauhan, binibigyan tayo ng kapahingahan, kaginhawahan, pagpapagaling, paglilinis, at paghihikayat.
- b. Maaari nating matamasa ang nagkakandiling atmospera ng presensiya ng Panginoon sa ekklesia upang matanggap ang nagpapakaing tustos ng buhay—Efe. 5:29; cf. 1 Tim. 4:6; Efe. 4:11.

Efe. 5:29 Sapagkat walang sinumang napoot kailanman sa kanyang sariling laman, kundi pinakakain at kinakandili ito, gaya rin ni Kristo sa ekklesia

cf. 1 Tim. 4:6 Kung ilalahad mo ang mga bagay na ito sa mga kapatid, ikaw ay magiging isang mabuting tagapaghain ni Kristo Hesus, na pinakakain ng mga salita ng pananampalataya at ng mabuting pagtuturo na mahigpit mong sinusunod.

Efe. 4:11 At ipinagkaloob Niya Mismo ang ilan bilang mga apostol at ang ilan ay mga propeta at ang ilan ay mga ebangelista at ang ilan ay mga pastol at mga guro

2. Ginugupit Niya ang mga mitsa ng mga ilawan ng mga patungan ng ilawan, pinuputol ang lahat ng negatibong bagay na nakahahadlang sa ating pagliliwanag—Exo. 25:38:

Exo. 25:38 Ang mga pangsipit at ang patungan ay magiging lantay na ginto.

- a. Ang sunog na bahagi ng mitsa, ang dumi nito, ay sumasagisag sa mga bagay na hindi ayon sa layunin ng Diyos at kailangang maputol, gaya ng ating laman, ating natural na tao, ating sarili, at ating lumang nilikha.
- b. Ginugupit Niya ang lahat ng pagkakaiiba sa gitna ng mga ekklesia (ang mga pagkakamali, ang mga pagkukulang, ang mga kabiguan, at ang mga depekto) nang sa gayon ay maging magkatulad sila sa esensiya, anyo, at kahayagan—cf. 1 Cor. 1:10; 2 Cor. 12:18; Fil. 2:2.
cf. 1 Cor. 1:10 Ngayon ay ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Hesu-Kristo, na kayong lahat ay magsalita ng parehong bagay at *na* huwag magkaroon ng pagkakabaha-bahagi sa inyo, kundi *na* kayo ay maging magkakatugma sa parehong kaisipan at sa parehong opinyon.

2 Cor. 12:18 Pinakiusapan ko si Tito at isinugo kong kasama niya ang kapatid. Hindi nanamantala sa inyo si Tito, ginawa ba niya? Hindi ba kami lumakad sa parehong espiritu? Sa parehong mga hakbang?

Fil. 2:2 Lubusin ninyo ang aking kagalakan, na kayo ay mag-isip ng parehong bagay, nagtataglay ng parehong pag-ibig, magkahugpong sa kaluluwa, nag-iisip ng isang bagay

- C. Pinangangalagaan ni Kristo ang mga ekklesia sa Kanyang pagkadibino sa pamamagitan ng Kanyang dibinong pag-ibig, na isinasagisag ng gintong pamigkis sa Kanyang dibdib, upang pakainin ang mga ekklesia—Apoc. 1:13b:

Apoc. 1:13b At sa gitna ng mga patungan ng ilawan ay may Isang katulad ng Anak ng Tao, nadaramtan ng damit na umaabot hanggang sa mga paa, at nabibigkisan sa dibdib ng isang gintong pamigkis.

1. Pinakakain Niya tayo ng Kanyang sarili bilang nagpapaloob ng lahat na Kristo sa Kanyang ganap na ministryo sa tatlong yugto nang sa gayon ay lumago at gumulang tayo sa dibinong buhay upang maging Kanyang mga mandaraig upang isakatuparan ang Kanyang walang hanggang ekonomiya.
2. Bilang naglalakad na Kristo, nalalaman Niya ang kalagayan ng bawat ekklesia, at bilang nagsasalitang Espiritu, ginugupitan at pinupuno Niya ang mga patungan ng ilawan ng sariwang langis, ng panustos ng Espiritu—2:1, 7.

Apoc. 2:1 Sa sugo ng ekklesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may hawak ng pitong bituin sa Kanyang kanang kamay, Siya na lumalakad sa gitna ng pitong gintong patungan ng ilawan

Apoc. 2:7 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

3. Upang makabahagi sa Kanyang pagkilos at matamasa ang Kanyang pangangalaga, kailangan nating maging nasa mga ekklesia.

III. Ang makalangit na pagiging sinauna ng Panginoon ay inilarawan sa pagiging maputi na gaya ng puting lana, gaya ng niyebe, ng Kanyang ulo at buhok—1:14a; Dan. 7:9; Job 15:10; cf. A. A. 5:11.

Apoc. 1:14a At ang Kanyang ulo at buhok ay mapuputing gaya ng puting lana, gaya ng niyebe; at ang Kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy

Dan. 7:9 Habang ako'y nakatingin, may mga tronong inilagay, at ang Matanda sa mga Araw ay umupo. Ang kanyang kasuotan ay kasimputi ng niyebe, at ang buhok ng kanyang ulo ay gaya ng purong lana. Ang kanyang trono ay naglalagablab sa apoy at ang mga gulong nito ay nagniningas na apoy.

Job 15:10 Kasama namin kapwa ang mga may uban at ang matatanda, mas matanda pa kaysa iyong ama.

cf. A. A. 5:11 Ang kanyang ulo ay pinakamainam na ginto; ang bungkos ng kanyang buhok ay maalon-alon at kasing-itim ng uwak.

IV. Ang pitong mata ng Panginoon ay katulad ng ningas ng apoy para sa panonood, pagmamasid, pagsasaliksik, at paghahatol sa pamamagitan ng pagliliwanag at paglalalin—Apoc. 1:14b; 5:6; Dan. 10:6:

Apoc. 1:14b At ang Kanyang ulo at buhok ay mapuputing gaya ng puting lana, gaya ng niyebe; at ang Kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy

Apoc. 5:6 At nakita ko sa gitna ng trono at ng apat na buháy na nilalang at sa gitna ng mga matanda ang isang Korderong nakatayo na kapapatay *pa lamang*, may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong lupa.

Dan. 10:6 Ang kanyang katawan ay gaya ng berilo, ang kanyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat, ang kanyang mga mata ay gaya ng nagliliyab na sulo, ang kanyang mga kamay at mga paa ay gaya ng

kislap ng pinakintab na tanso, at ang tunog ng kanyang mga salita ay gaya ng ingay ng napakaraming tao.

- A. Ang mga mata ni Kristo ay para sa pagkilos at paggawa ng Diyos sa lupa, yamang ang pito ay ang bilang ng kakumpletuhan sa pagkilos ng Diyos.
- B. Ang pagiging katulad ng ningas ng apoy ng mga mata ng Panginoon ay pangunahing para sa Kanyang paghahatol—7:9-10; Apoc. 2:18; 19:11-12.

Dan. 7:9-10 Habang ako'y nakatingin, may mga tronong inilagay, at ang Matanda sa mga Araw ay umupo. Ang kanyang kasuotan ay kasimputi ng niyebe, at ang buhok ng kanyang ulo ay gaya ng purong lana. Ang kanyang trono ay naglalagablab sa apoy at ang mga gulong nito ay nagniningas na apoy. ¹⁰May dumaloy na isang ilog ng apoy at lumabas mula sa harapan niya, libu-libo ang naglilingkod sa kanya, at laksa-laksa ang nakatayo sa harapan niya. Ang hukuman ay humanda para sa paghuhukom, at ang mga aklat ay nabuksan.

Apoc. 2:18 At sa sugo ng ekklesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Diyos, Siya na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang Kanyang mga paa ay gaya ng tansong binuli.

Apoc. 19:11-12 At nakita kong nabuksan ang langit, at narito, ang isang puting kabayo, at Siya na nakasakay roon ay tinatawag na Tapat at Totoo, at sa katuwiran ay humahatol Siya at nakikipagdigma. ¹²At ang Kanyang mga mata ay ningas ng apoy, at sa Kanyang ulo ay maraming diadema, at Siya ay may pangalang nakasulat na walang sinuman ang nakaaalam kundi Siya Mismo.

- V. **Ang mga paa ng Panginoon ay katulad ng mga tansong binuli, na gaya ng dinalisay sa isang pugon, nangangahulugan na ginagawa Siyang kuwalipikado ng Kanyang sakdal at nagniningning na paglakad na isagawa ang dibinong paghahatol—1:15a; Ezek. 1:7; Dan. 10:6.**

Apoc. 1:15a At ang Kanyang mga paa ay katulad ng tansong binuli, na gaya ng dinalisay sa isang pugon; at ang Kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig.

Ezek. 1:7 Ang kanilang mga paa ay tuwid at ang talampakan ng kanilang mga paa ay parang talampakan ng paa ng isang guya; at sila'y kumikinang na parang tansong pinakintab.

Dan. 10:6 Ang kanyang katawan ay gaya ng berilo, ang kanyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat, ang kanyang mga mata ay gaya ng naglililyab na sulo, ang kanyang mga kamay at mga paa ay gaya ng kislap ng pinakintab na tanso, at ang tunog ng kanyang mga salita ay gaya ng ingay ng napakaraming tao.

- VI. **Ang tinig ng Panginoon ay katulad ng lagaslas ng maraming tubig (Apoc. 1:15b; cf. 14:2), na isang napakaingay na lagaslas, ang tunog ng tinig ng makapangyarihan sa lahat na Diyos (Ezek. 1:24; 43:2) sa kaseryosohan at kataimtiman nito (cf. Apoc. 10:3).**

Apoc. 1:15b At ang Kanyang mga paa ay katulad ng tansong binuli, na gaya ng dinalisay sa isang pugon; at ang Kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig.

cf. Apoc. 14:2 At narinig ko ang isang tinig mula sa langit gaya ng lagaslas ng maraming tubig at gaya ng dagundong ng malakas na kulog; at ang tinig na aking narinig ay gaya ng *tunog* ng sa mga mang-aawit ng alpa na tumutugtog sa kanilang mga alpa.

Ezek. 1:24 Nang sila'y gumalaw, aking narinig ang pagaspas ng kanilang mga pakpak na parang ugong ng maraming tubig, parang tinig ng Makapangyarihan sa lahat, at ugong ng kaguluhan na gaya ng ingay ng isang hukbo. Kapag sila'y nakahinto, kanilang ibinababa ang kanilang mga pakpak.

Ezek. 43:2 At narito, ang kaluwalhatian ng Diyos ng Israel ay nanggagaling sa dakong silangan. Ang kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at ang lupa ay nagniningning sa kanyang kaluwalhatian.

cf. Apoc. 10:3 At sumigaw Siya nang may malakas na tinig gaya ng leon na umaatungal. At nang sumigaw Siya, ang pitong kulog ay nagpahugong ng kani-kanilang mga tinig.

VII. Si Kristo ang Tagapaghawak ng mga maningning na sugo ng mga ekklesia—1:16a, 20:

Apoc. 1:16a At sa Kanyang kanang kamay ay may pitong bituin; at mula sa Kanyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim; at ang Kanyang mukha ay *nagliwanag* gaya ng araw na matinding sumisikat.

Apoc. 1:20 Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa Aking kanang kamay at ng pitong gintong patungan ng ilawan: Ang pitong bituin ay ang mga sugo ng pitong ekklesia, at ang pitong patungan ng ilawan ay ang pitong ekklesia.

A. Ang mga sugo ay ang mga espirital na tao sa mga ekklesia, ang mga taong nagpapasan ng responsabilidad ng patotoo ni Hesus.

B. Ang mga sugo, na mula sa makalangit na kalikasan at nasa isang makalangit na posisyon na katulad ng mga bituin, ay yaong mga may sariwang mensahe mula sa Panginoon para sa Kanyang bayan—2:1a.

Apoc. 2:1a Sa sugo ng ekklesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may hawak ng pitong bituin sa Kanyang kanang kamay, Siya na lumalakad sa gitna ng pitong gintong patungan ng ilawan.

C. Dahil ang mga nangunguna ay nasa Kanyang kanang kamay, walang pangangailangan para sila ay umatras; tunay na inaako ni Kristo ang responsabilidad para sa Kanyang patotoo.

VIII. Mula sa bibig ni Kristo ay lumalabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim, na siyang Kanyang kumikilala, humahatol, at pumapatay na salita upang tuosin ang mga negatibong tao at bagay—1:16b; Heb. 4:12; Efe. 6:17.

Apoc. 1:16b At sa Kanyang kanang kamay ay may pitong bituin; at mula sa Kanyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim; at ang Kanyang mukha ay *nagliwanag* gaya ng araw na matinding sumisikat.

Heb. 4:12 Sapagkat ang salita ng Diyos ay buháy at gumagawa at mas matalas kaysa sa anumang tabak na may dalawang talim, at tumatagos maging hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu at ng mga kasukasan at utak ng buto, at may kakayahang kumilala ng mga iniisip at mga binabalak ng puso.

Efe. 6:17 At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang tabak ng Espiritu, na ang Espiritu ay ang salita ng Diyos

IX. Ang mukha ni Kristo ay nagliliwanag na gaya ng pagliliwanag ng araw sa kapangyarihan nito (Dan. 10:6) para sa naghahatol na pagliliwanag upang ipasok ang kaharian (Apoc. 1:16c; 10:1; Mat. 17:2; cf. Mal. 4:2; Huk. 5:31; Mat. 13:43).

Dan. 10:6 Ang kanyang katawan ay gaya ng berilo, ang kanyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat, ang kanyang mga mata ay gaya ng nagliliyab na sulo, ang kanyang mga kamay at mga paa ay gaya ng kislap ng pinakintab na tanso, at ang tunog ng kanyang mga salita ay gaya ng ingay ng napakaraming tao.

Apoc. 1:16c At sa Kanyang kanang kamay ay may pitong bituin; at mula sa Kanyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim; at ang Kanyang mukha ay *nagliwanag* gaya ng araw na matinding sumisikat.

Apoc. 10:1 At nakita ko ang isa pang malakas na Anghel na bumababa mula sa langit, na nadaramtan ng ulap; at ang bahaghari ay nasa Kanyang ulo, at ang Kanyang mukha ay gaya ng araw, at ang Kanyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy

Mat. 17:2 At Siya ay nagbagong-anyo sa harap nila, at nagliwanag ang Kanyang mukha tulad ng araw, at pumuting tulad ng liwanag ang Kanyang mga damit.

cf. Mal. 4:2 Ngunit sa inyo na natatakot sa aking pangalan ay sisikat ang araw ng katuwiran, na may pagpapagaling sa kanyang mga pakpak. Kayo'y lalabas at luluksong parang mga guya mula sa silungan.

Huk. 5:31 “Gayon nalipol ang lahat ng iyong mga kaaway, [Jehovah]! Ngunit ang iyong mga kaibigan ay maging tulad ng araw sa pagsikat niya sa kanyang kalakasan.”

Mat. 13:43 Sa panahong iyon ang mga matuwid ay magliliwanag katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama. Ang may pandinig ay making.

- X. Si Kristo ang Una at ang Huli, tinitiyak sa atin na hinding-hindi Niya iiwan ang Kanyang gawain na hindi tapos, at ang buháy na Isa upang ang mga ekklesia bilang kahayagan ng Kanyang Katawan ay maging buháy, sariwa at malakas—Apoc. 1:17-18a.**

Apoc. 1:17-18a At nang makita ko Siya, nalugmok akong waring patay sa Kanyang paanan; at ipinatong Niya sa akin ang Kanyang kanang kamay, na nagsasabi, Huwag kang matakot; Ako ang Una at ang Huli ¹⁸At ang buháy na Isa; at namatay Ako, at tingnan mo, Ako ay nabubuhay magpakailan pa man; at nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.

- XI. Na kay Kristo ang mga susi ng kamatayan at ng Hades—b. 18b:**

Apoc. 1:18b At ang buháy na Isa; at namatay Ako, at tingnan mo, Ako ay nabubuhay magpakailan pa man; at nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.

- A. Ang kamatayan ay isang tagapagtipon, at ang Hades ay isang tagapag-ingat, ngunit pinawalang-bisa ni Kristo ang kamatayan sa krus at dinaig ang Hades sa Kanyang pagkabuhay na muli—2 Tim. 1:10; Gawa 2:24.

2 Tim. 1:10 Ngunit ngayon ay nahayag sa pamamagitan ng pagpapakita ng ating Tagapagligtas na si Kristo Hesus, na nagpawalang-bisa sa kamatayan at nagdala ng buhay at ng kawalang-kabulukan sa liwanag sa pamamagitan ng ebanghelyo

Gawa 2:24 Na siyang ibinangon ng Diyos, pagkakalag sa mga hapdi ng kamatayan, yamang hindi posible na Siya ay mapigilan nito.

- B. Hangga’t ibinibigay natin sa Panginoon ang puwang, ang pagkatataon, at ang daan upang kumilos at gumalaw sa gitna natin sa pamamagitan ng pag-eensayo na itatwa ang sarili, pasanin ang krus, at iwala ang ating pangkaluluwang buhay, ang kamatayan at Hades ay mapasasailalim sa Kanyang kontrol—Mat. 16:18, 21-26.

Mat. 16:18 At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananagumpay laban dito.

Mat. 16:21-26 Mula noon ay nagsimulang ipaalam ni Hesus sa Kanyang mga disipulo na kailangang Siya ay magtungo sa Herusalem at magdusa ng maraming bagay mula sa mga matanda at mga punong saserdote at mga eskriba at patayin at ibangon sa ikatlong araw. ²²At dinala Siya ni Pedro sa isang tabi at sinimulang pagwikaan Siya, na sinasabi, Kaawaan Ka nawa ng Diyos, Panginoon! Hinding-hindi ito mangyayari sa Iyo! ²³Subalit lumingon Siya at sinabi Niya kay Pedro, Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas! Ikaw ay isang katitisan sa Akin, sapagkat hindi mo itinuon ang iyong kaisipan sa mga bagay ng Diyos, kundi sa mga bagay ng tao. ²⁴Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin. ²⁵Sapagkat ang sinumang nagnanais na iligtas ang kanyang pangkaluluwang buhay ay maiwawala ito; subalit ang sinumang iwinawala ang kanyang pangkaluluwang buhay alang-alang sa Akin ay masusumpungan ito. ²⁶Sapagkat ano ang pakikinaabangan ng isang tao kung matatamo niya ang buong mundo, subalit mapapahamak naman ang kanyang pangkaluluwang buhay? O ano ang ibibigay ng tao kapalit ng kanyang pangkaluluwang buhay?

Mensahe Apat
Ang Leon-Kordero

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 5:5-10

Apoc. 5:5-10 At sinabi sa akin ng isa sa mga matanda, Huwag kang manangis; narito, ang Leon ng lipi ni Judah, ang Ugat ni David, ay nanaig upang mabuksan Niya ang balumbon at ang pitong tatak nito. ⁶At nakita ko sa gitna ng trono at ng apat na buháy na nilalang at sa gitna ng mga matanda ang isang Korderong nakatayo na kapapatay pa lamang, may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong lupa. ⁷At Siya ay lumapit at kinuha ang balumbon sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa trono. ⁸At pagkakuha Niya sa balumbon, ang apat na buháy na nilalang at ang dalawampu't apat na matanda ay nagpatirapa sa harap ng Kordero, na ang bawat isa ay may alpa at mga gintong mangkok na punô ng insenso, na ang mga mangkok ay ang mga panalangin ng mga banal. ⁹At sila ay umaawit ng isang bagong awit, na nagsasabi: Ikaw ang karapat-dapat na kumuha sa balumbon at magbukas ng mga tatak nito, sapagkat Ikaw ay pinatay at binili Mo para sa Diyos sa pamamagitan ng Iyong dugo ang mga tao mula sa bawat lipi at wika at bayan at bansa, ¹⁰At ginawa silang isang kaharian at mga saserdote sa ating Diyos; at sila ay maghahari sa ibabaw ng lupa.

I. Ang aklat ng Apocalipsis ay isang larawan ni Hesu-Kristo; ang dalawampu't dalawang kapitulo ng aklat na ito ay iisang larawan na naglalarawan at naglalahad kay Hesus—1:1-2, 5.

Apoc. 1:1-2 Ang pahayag hinggil kay Hesu-Kristo na ibinigay ng Diyos sa Kanya upang ipakita sa Kanyang mga alipin ang mga bagay na kailangang mangyari kaagad; at Kanyang ipinaalam ito sa pamamagitan ng mga tanda, ipinadadala ito sa pamamagitan ng Kanyang anghel sa Kanyang aliping si Juan, ²Na nagpatotoo ng salita ng Diyos at ng patotoo ni Hesu-Kristo, maging ng lahat ng bagay na nakita niya.

Apoc. 1:5 At mula kay Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa. Sa Kanya na umiibig sa atin at nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo.

II. “Narito, ang Leon ng lipi ni Judah, ang Ugat ni David, ay nanaig”—5:5a.

Apoc. 5:5a At sinabi sa akin ng isa sa mga matanda, Huwag kang manangis; narito, ang Leon ng lipi ni Judah, ang Ugat ni David, ay nanaig upang mabuksan Niya ang balumbon at ang pitong tatak nito.

A. Ang leon ay isang simbolo ni Kristo, naglalarawan sa Kanya bilang isang malakas na mandirigma laban sa kaaway, gaya ng inihayag sa Genesis 49:8-9.

Genesis 49:8-9 Juda, pupurihin ka ng iyong mga kapatid; ang iyong kamay ay malagay sa leeg ng iyong mga kaaway; ang mga anak ng iyong ama nawa ay yumukod sa harapan mo. ⁹Si Juda'y isang anak ng leon. Aking anak, ikaw ay umahon mula sa pagkahuli, siya'y yumuko, siya'y lumugmok na parang leon; at gaya ng isang babaing leon, sinong makakagising sa kanya?

B. Ang pananaig ni Kristo ang nagkuwalipika sa Kanya na buksan ang balumbon at ang pitong tatak nito—Apoc. 5:5-10.

Apoc. 5:5-10 At sinabi sa akin ng isa sa mga matanda, Huwag kang manangis; narito, ang Leon ng lipi ni Judah, ang Ugat ni David, ay nanaig upang mabuksan Niya ang balumbon at

ang pitong tatak nito. ⁶At nakita ko sa gitna ng trono at ng apat na buháy na nilalang at sa gitna ng mga matanda ang isang Korderong nakatayo na kapapatay pa lamang, may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong lupa. ⁷At Siya ay lumapit at kinuha ang balumbon sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa trono. ⁸At pagkakuha Niya sa balumbon, ang apat na buháy na nilalang at ang dalawampu't apat na matanda ay nagpatirapa sa harap ng Kordero, na ang bawat isa ay may alpa at mga gintong mangkok na punô ng insenso, na ang mga mangkok ay ang mga panalangin ng mga banal. ⁹At sila ay umaawit ng isang bagong awit, na nagsasabi: Ikaw ang karapat-dapat na kumuha sa balumbon at magbukas ng mga tatak nito, sapagkat Ikaw ay pinatay at binili Mo para sa Diyos sa pamamagitan ng Iyong dugo ang mga tao mula sa bawat lipi at wika at bayan at bansa, ¹⁰At ginawa silang isang kaharian at mga saserdote sa ating Diyos; at sila ay maghahari sa ibabaw ng lupa.

- C. Ang titulong *Ugat ni David* ay nangangahulugang si Kristo ang pinagmulan ni David; kaya, tinawag Siya ni David, na Kanyang ninuno, na "Panginoon"—Mat. 22:42-45.

Mat. 22:42-45 Na nagsasabi, Ano ang palagay ninyo hinggil sa Kristo? Kanino Siyang anak? Sinabi nila sa Kanya, Kay David. ⁴³Sinabi Niya sa kanila, Kung gayon, paanong sa espiritu ay tinatawag Siya ni David na Panginoon, na sinasabi, ⁴⁴"Sinabi ng Panginoon sa Aking Panginoon, Umupo Ka sa Aking kanang kamay hanggang sa ilagay Ko ang Iyong mga kaaway sa ilalim ng Iyong mga paa"? ⁴⁵Kaya kung tinatawag Siya ni David na Panginoon, paanong Siya ay kanyang anak?

- D. Bilang Leon ng lipi ni Judah, dinaig at ginapi ni Kristo ang mapagrebeldeng si Satanas, ang kaaway ng Diyos, at bilang nagtutubos na Kordero, inalis Niya ang kasalanan ng natisod na tao:

1. Sa paggawa nito, tinanggal Niya ang mga hadlang sa pagsasakatuparan ng layunin ng Diyos.
2. Ang resulta ay yaong karapat-dapat Siyang magbukas ng balumbon hinggil sa ekonomiya ng Diyos.

III. "Nakita ko sa gitna ng trono...isang Korderong nakatayo na pinatay pa lamang, may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong lupa"—Apoc. 5:6; 1:4; 3:1.

Apoc. 5:6 At nakita ko sa gitna ng trono at ng apat na buháy na nilalang at sa gitna ng mga matanda ang isang Korderong nakatayo na kapapatay pa lamang, may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong lupa.

Apoc. 1:4 Si Juan sa pitong ekklesia na nasa Asia: Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Kanya na siyang ngayon at siyang noon at siyang darating, at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono.

Apoc. 3:1 At sa sugo ng ekklesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may pitong Espiritu ng Diyos at may pitong bituin: Alam Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalan na ikaw ay buháy, ngunit ikaw ay patay.

- A. Sa kapitulo 5 ay ang tagpo sa kalangitan pagkatapos ng pag-akyat ni Kristo roon:
1. Inirekomenda Siya kay apostol Juan bilang Leon ng lipi ni Judah, subalit nagpakita Siya kay Juan bilang Kordero.

2. Bilang Leon, Siya ang Mandirigma laban sa kaaway; bilang Kordero, Siya ang Manunubos para sa atin.
 3. Nakipaglaban Siya upang tubusin tayo, at nagtagumpay Siya laban sa kaaway at nagsakatuparan ng pagtutubos para sa atin.
 4. Sa kaaway, Siya ay isang Leon, at sa atin, Siya ay isang Kordero; kaya, Siya ang Leon-Kordero.
- B. Patungkol sa pagtutubos, si Kristo ay umupo sa kanang kamay ng Diyos sa kalangitan pagkatapos ng Kanyang pag-akyat sa langit (Heb. 1:3; 10:12), samantalang patungkol sa pagsasagawa ng administrasyon ng Diyos, Siya ay nakatayo pa rin sa Kanyang pag-akyat sa langit.

Heb. 1:3 Siya, bilang ang ningning ng Kanyang kaluwalhatian at hayag na larawan ng Kanyang substansiya at nagpapanatili at nagpapasan ng lahat ng bagay sa pamamagitan ng salita ng Kanyang kapangyarihan, pagkatapos gumawa ng pagpapadalisay mula sa mga kasalanan, ay umupo sa kanang kamay ng Kamahalan sa kaitaasan.

Heb. 10:12 Ngunit ang Isang ito, yamang nakapaghandog ng isang hain para sa mga kasalanan, ay umupo magpakailanman sa kanang kamay ng Diyos.

- C. Ang *pinatay pa lamang* ay nagpapahiwatig na ang Kordero ay kapapatay pa lamang at ang tagpo rin sa kalangitan na inilahad sa Apocalipsis 5 ay naganap pagkatapos na pagkatapos ng pag-akyat ni Kristo tungo sa kalangitan.
- D. Ang Panginoon ay may pitong sungay—b. 6b:

Apoc. 5:6b At nakita ko sa gitna ng trono at ng apat na buháy na nilalang at sa gitna ng mga matanda ang isang Korderong nakatayo na kapapatay pa lamang, may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong lupa.

1. Ang mga sungay ay sumasagisag sa kalakasan sa pakikipaglaban—Deut. 33:17.

Deut. 33:17 Gaya ng panganay ng kanyang baka, kaluwalhatian ay sa kanya, at ang mga sungay ng mabangis na toro ay kanyang mga sungay; sa pamamagitan ng mga iyon ay itutulak niya ang mga bayan hanggang sa mga hangganan ng lupa, at sila ang sampung libu-libo ni Efraim, at sila ang libu-libo ni Manases.”

2. Si Kristo ang nagtutubos na Kordero, gayunman Siya ay may mga sungay para sa pakikipaglaban.
3. Siya ang nakikipaglabang Manunubos; ang Kanyang pakikipaglaban ay kumpleto sa pagkilos ng Diyos, na isinasagisag ng bilang na pito.

- E. Ang mga mata ay para sa pagmamasid at pagsasaliksik:

1. Si Kristo bilang nagtutubos na Kordero ay may pitong nagmamasid at nagsasaliksik na mata para sa pagpapatupad ng paghahatol ng Diyos sa sansinukob upang isakatuparan ang walang hanggang layunin ng Diyos, na mapasusukdol sa pagtatayo ng Bagong Herusalem.
2. Sa Zacarias 3:9 si Kristo ay ipinropesiya bilang bato, ang pangulong bato (4:7) na may pitong mata para sa pagtatayo ng Diyos.

Zac. 3:9 Sapagkat, narito, ang bato na aking inilagay sa harapan ni Josue, sa ibabaw ng isang bato na may pitong mata, narito, ako'y mag-uukit ng titik nito,” sabi [ni Jehovah] ng mga hukbo, “at aking aalisin ang kasamaan ng lupaing iyon sa loob ng isang araw.

Zac. 4:7 Ano ka, O malaking bundok? Sa harapan ni Zerubabel ay magiging kapatagan ka; at kanyang ilalagay ang pangunahing bato na may pagsisigawan ng, ‘Biyaya, biyaya sa kanya.’”

3. Ang pitong matang ito ay ang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong lupa, at pumaparoo’t parito ang mga ito sa buong lupa—b. 10.

Zac. 3:10 Sa araw na iyon,” sabi [ni Jehovah] ng mga hukbo, “aanyayahan ng bawat isa sa inyo ang kanyang kapwa sa lilim ng puno ng ubas at ng puno ng igos.”

4. Ayon sa gramatikang Griyego, ang salitang tinutukoy ng *na* ay ang *pitong mata*—Apoc. 5:6.

Apoc. 5:6 At nakita ko sa gitna ng trono at ng apat na buháy na nilalang at sa gitna ng mga matanda ang isang Korderong nakatayo na kapapatay pa lamang, may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong lupa.

5. Ang pitong Espiritu ng Diyos ay tumutukoy lamang sa pitong mata ng Kordero, at hindi sa Kanyang pitong sungay.

IV. “Ang pitong Espiritu ng Diyos”—1:4; 3:1; 4:5; 5:6b:

Apoc. 1:4 Si Juan sa pitong ekklesia na nasa Asia: Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Kanya na siyang ngayon at siyang noon at siyang darating, at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono.

Apoc. 3:1 At sa sugo ng ekklesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may pitong Espiritu ng Diyos at may pitong bituin: Alam Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalan na ikaw ay buháy, ngunit ikaw ay patay.

Apoc. 4:5 At mula sa trono ay lumalabas ang mga kidlat at mga tinig at mga kulog. At may pitong ilawang apoy na nagliliyab sa harap ng trono, na siyang pitong Espiritu ng Diyos.

Apoc. 5:6b At nakita ko sa gitna ng trono at ng apat na buháy na nilalang at sa gitna ng mga matanda ang isang Korderong nakatayo na kapapatay pa lamang, may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong lupa.

- A. Nagsasalita ang Apocalipsis 1:4 hinggil sa “pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono”:

Apoc. 1:4 Si Juan sa pitong ekklesia na nasa Asia: Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Kanya na siyang ngayon at siyang noon at siyang darating, at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono.

1. Ang pitong Espiritu ay walang alinlangang ang Espiritu ng Diyos dahil Sila ay nakahanay sa Tres-unong Diyos sa Apocalipsis 1:4-5.

Apoc. 1:4-5 Si Juan sa pitong ekklesia na nasa Asia: Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Kanya na siyang ngayon at siyang noon at siyang darating, at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono. ⁵At mula kay Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa. Sa Kanya na umiibig sa atin at nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo.

2. Kung paanong ang pito ay ang bilang para sa kakumpletuhan sa paggawa ng Diyos, gayundin ang pitong Espiritu ay tiyak na para sa pagkilos ng Diyos sa lupa.
3. Sa esensiya at pag-iral ang Espiritu ng Diyos ay isa; sa pinatinding pangsyon at gawain ng paggawa ng Diyos, ang Espiritu ng Diyos ay pitong ulit:

- a. Ito ay katulad ng patungan ng ilawan sa Zacarias 4:2.
Zac. 4:2 Sinabi niya sa akin, “Ano ang iyong nakikita?” Aking sinabi, “Ako’y tumingin, at nakita ko, at narito, ang isang ilawan na purong ginto na may mangkok sa ibabaw niyon; may pitong ilawan sa ibabaw niyon, at may pitong tubo sa bawat isa sa mga ilawan na nasa ibabaw niyon.
- b. Sa pag-iral nito, ito ay isang patungan ng ilawan, subalit sa pangsyon nito, ito ay pitong ilawan.
4. Sa panahong isinulat ang aklat ng Apocalipsis, ang ekklesia ay naging napababa:
 - a. Ang kapanahunan ay madilim.
 - b. Ang pitong ulit na pinatinding Espiritu ng Diyos ay kinakailangan para sa pagkilos at paggawa ng Diyos sa lupa.
- B. Sa Mateo 28:19 ang pagkakasunod-sunod ng Tres-unong Diyos ay ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo; sa Apocalipsis 1:4-5 ang pagkakasunod-sunod ay nabago:

Mat. 28:19 Kaya’t humayo kayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.

Apoc. 1:4-5 Si Juan sa pitong ekklesia na nasa Asia: Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Kanya na siyang ngayon at siyang noon at siyang darating, at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono. ⁵At mula kay Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa. Sa Kanya na umiibig sa atin at nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo.

 1. Ang pitong Espiritu ng Diyos ay itinala sa ikalawang puwesto sa halip na sa ikatlo.
 2. Inihahayag nito ang kahalagahan ng pinatinding pangsyon ng pitong ulit na Espiritu ng Diyos.
 3. Ang puntong ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbibigay-diin sa pagsasalita ng Espiritu sa 2:7, 11, 17, 29; 3:6, 13, 22; 14:13; at 22:17.

Apoc. 2:7 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

Apoc. 2:11 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay hinding-hindi masasaktan ng ikalawang kamatayan.

Apoc. 2:17 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Sa kanya na nananaig, sa kanya ay magbibigay Ako ng natatagong manna, at sa kanya ay magbibigay Ako ng isang puting bato, at sa ibabaw ng bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakaaalam kundi yaong tumatanggap nito.

Apoc. 2:29 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia.

Apoc. 3:6 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia.

Apoc. 3:13 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia.

Apoc. 3:22 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia.

Apoc. 14:13 At narinig ko ang isang tinig mula sa langit, na nagsasabi, Isulat mo, Pinagpala ang mga patay na namamatay sa Panginoon mula ngayon. Oo, sinasabi ng Espiritu, upang sila ay makapagpahinga sa kanilang mga pagpapagal; sapagkat ang kanilang mga gawa ay sumusunod sa kanila.

Apoc. 22:17 At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika! At ang nakikinig ay magsabi, Halika! At ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad.

- C. Sa pagbubukas ng iba pang Liham, tanging ang Ama at ang Anak ang binabanggit:
1. Mula sa Ama at sa Anak, ang biyaya at kapayapaan ay ibinibigay sa mga tumatanggap.
 2. Sa Apocalipsis 1:4-5, ang Espiritu ay kabilang; mula sa Kanya, ang biyaya at kapayapaan ay ipinamamahagi sa mga ekklesia.

Apoc. 1:4-5 Si Juan sa pitong ekklesia na nasa Asia: Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Kanya na siyang ngayon at siyang noon at siyang darating, at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono. ⁵At mula kay Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa. Sa Kanya na umiibig sa atin at nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo.

3. Ipinahihiwatig nito ang napakahalagang pangangailangan sa Espiritu upang salungatin ang pagbaba ng ekklesia para sa pagkilos ng Diyos.
- D. Ang pitong Espiritu ay gumagawa sa mga ekklesia, kaya tiyak na susulong ang mga ekklesia.
- E. Kailangan natin ngayong makita at maranasan ang pitong ulit na Espiritu, ang pinatinding Espiritu, ang Espiritu ng pagbabawi—bb. 4-5.

Apoc. 1:4-5 Si Juan sa pitong ekklesia na nasa Asia: Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Kanya na siyang ngayon at siyang noon at siyang darating, at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono. ⁵At mula kay Hesu-Kristo, ang tapat na Saksi, ang Panganay sa mga patay, at ang Pinuno ng mga hari sa lupa. Sa Kanya na umiibig sa atin at nagpalaya sa atin mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo.

- V. **“Sila ay umaawit ng isang bagong awit, na nagsasabi: Ikaw ang karapat-dapat na kumuha sa balumbon at magbukas ng mga tatak nito, sapagkat Ikaw ay pinatay at binili Mo para sa Diyos sa pamamagitan ng Iyong dugo ang mga tao mula sa bawat lipi at wika at bayan at bansa”—5:9.**

Apoc. 5:9 At sila ay umaawit ng isang bagong awit, na nagsasabi: Ikaw ang karapat-dapat na kumuha sa balumbon at magbukas ng mga tatak nito, sapagkat Ikaw ay pinatay at binili Mo para sa Diyos sa pamamagitan ng Iyong dugo ang mga tao mula sa bawat lipi at wika at bayan at bansa.

- A. Ang awit dito ay bago dahil ang Korderong pinupuri nito ay kapapatay pa lamang.
- B. Sa buong sansinukob ay walang sinuman ang karapat-dapat magbukas ng hiwaga ng ekonomiya ng Diyos kundi si Kristo, ang nananaig na Leon at ang nagtutubos na Kordero:
1. Bilang nananaig na Leon, ginapi Niya si Satanas para sa Diyos.
 2. Bilang nagtutubos na Kordero, inalis Niya ang kasalanan para sa atin.
 3. Si Kristo ang tanging Isa na kuwalipikadong ihayag at isagawa ang hiwaga ng ekonomiya ng Diyos.
 4. Kailangan nating matanto na si Kristo ay karapat-dapat magbukas ng mga tatak ng lihim ng dibinong ekonomiya; ang aspektong ito ng pagiging karapat-dapat ng Panginoon ay pansansinukob at di-masukat.
 5. Si Kristo ay karapat-dapat sa ating mga papuri; Siya ay karapat-dapat kahit sa ating mga buhay.

Mensahe Lima

Ang Puno ng Buhay

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 2:7-9; Apoc. 2:4-5, 7; 22:2, 14; 2 Cor. 4:5; 5:14-15

Gen. 2:7-9 At nilalang [ni Jehovah na Diyos] ang tao mula sa alabok ng lupa, hiningahan ang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging buháy na kaluluwa. ⁸Naglagay [si Jehovah na Diyos] ng isang halamanan sa silangan ng Eden, at inilagay Niya roon ang taong Kanyang nilalang. ⁹At pinatubo [ni Jehovah na Diyos] sa lupa ang lahat ng punungkahoy na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang punungkahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punungkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama.

Apoc. 2:4-5 Ngunit mayroon Akong isang bagay na laban sa iyo, na iyong iniwan ang unang pag-ibig. ⁵Kaya alalahanin mo kung saan ka nahulog at magsisi ka at gawin mo ang mga unang gawa; subalit kung hindi, paririyen Ako sa iyo at aalisin Ko ang iyong patungan ng ilawan sa kinalalagyan nito, malibang magsisi ka.

Apoc. 2:7 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

Apoc. 22:2 At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa.

Apoc. 22:14 Pinagpala ang mga naghuhugas ng kanilang mga balabal upang sila ay magkaroon ng karapatan sa puno ng buhay at makapasok sa lunsod sa pamamagitan ng mga pintuan.

2 Cor. 4:5 Sapagkat hindi namin ipinangangaral ang aming sarili kundi si Kristo Hesus bilang Panginoon, at ang aming sarili bilang inyong mga alipin alang-alang kay Hesus.

2 Cor. 5:14-15 Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ang pumipilit sa amin dahil ipinasya namin ang ganito, na namatay ang Isa para sa lahat, kaya ang lahat ay namatay; ¹⁵At Siya ay namatay para sa lahat upang ang mga nabubuhay ay hindi na mabuhay pa sa kanilang sarili kundi sa Kanya na namatay para sa kanila at ibinangon.

I. Si Kristo bilang buhay ay ang realidad ng puno ng buhay, na siyang sentro ng sansinukob; ang buhay ay ang gol ng paglikha ng Diyos (Gen. 1:26-28, 31; 2:7-9) at ang gol ng kumpletong pagliligtas ng Diyos (Juan 19:34; Roma 5:10; Apoc. 22:1-2, 14, 19):

Gen. 1:26-28 Sinabi ng Diyos, “Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangs; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa.” ²⁷Kaya’t nilalang ng Diyos ang tao ayon sa Kanyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang. Sila’y Kanyang nilalang na lalaki at babae. ²⁸Sila’y binasbasan ng Diyos at sa kanila’y sinabi ng Diyos, “Kayo’y magkaroon ng mga anak at magpakarami, punuin ninyo ang lupa at supilin ninyo ito. Magkaroon kayo ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawat bagay na may buhay na gumagalaw sa ibabaw ng lupa.”

Gen. 1:31 Nakita ng Diyos ang lahat ng Kanyang nilikha at ito ay napakabuti. Nagkaroon ng gabi at nagkaroon ng umaga nang ikaanim na araw.

Gen. 2:7-9 At nilalang [ni Jehovah na Diyos] ang tao mula sa alabok ng lupa, hiningahan ang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging buháy na kaluluwa. ⁸Naglagay [si Jehovah na Diyos] ng isang halamanan sa silangan ng Eden, at inilagay Niya roon ang taong Kanyang nilalang. ⁹At pinatubo [ni Jehovah na Diyos] sa lupa ang lahat ng punungkahoy

na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang punungkahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punungkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama.

Juan 19:34 Ngunit inulos ng sibat ng isa sa mga kawal ang Kanyang tagiliran, at kaagad ay may lumabas na dugo at tubig.

Roma 5:10 Sapagkat kung tayo na mga kaaway ay ipinagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak, higit pa ay maliligtas tayo sa loob ng Kanyang buhay, yamang tayo ay naipagkasundo na.

Apoc. 22:1-2 At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito. ²At sa dako rito at sa ibayo ng ilog naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa.

Apoc. 22:14 Pinagpala ang mga naghuhugas ng kanilang mga balabal upang sila ay magkaroon ng karapatan sa puno ng buhay at makapasok sa lunsod sa pamamagitan ng mga pintuan.

Apoc. 22:19 At kung ang sinuman ay mag-alis mula sa mga salita ng balumbon ng propesiyang ito, aalisin ng Diyos ang kanyang bahagi mula sa puno ng buhay at mula sa banal na lunsod, na nakasulat sa balumbon na ito.

A. Sa Biblia ang puno ng buhay ay palaging sumasagisag kay Kristo bilang pagsasakatawan ng lahat ng kayamanan ng Diyos para sa ating pagkain; ang paglalagay ng Diyos sa tao sa harap ng puno ng buhay ay nagpapahiwatig na ninanais ng Diyos na tanggapin Siya ng tao bilang buhay ng tao sa pamamagitan ng organikong pagkain sa Kanya at sa pamamagitan ng metabolikong pag-asimila sa Kanya, upang ang Diyos ay maging ang mismong bumubuong-sangkap ng katauhan ng tao—Col. 2:9; Gen. 2:9; Juan 1:4; 10:10; 14:6; 15:1; 6:35, 57, 63; 1 Cor. 15:45b.

Col. 2:9 Sapagkat sa Kanya ay naninirahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa katawan.

Gen. 2:9 At pinatubo [ni Jehovah na Diyos] sa lupa ang lahat ng punungkahoy na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang punungkahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punungkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama.

Juan 1:4 Nasa Kanya ang buhay, at ang buhay ay ang liwanag ng mga tao.

Juan 10:10 Ang magnanakaw ay hindi pumaparito malibang magnakaw at pumatay at pumuksa; Ako ay pumarito upang sila ay magkaroon ng buhay at magkaroon nito nang sagana.

Juan 14:6 Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang daan at ang realidad at ang buhay; walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko.

Juan 15:1 Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang Aking Ama ang magsasaka.

Juan 6:35 Sinabi sa kanila ni Hesus, Ako ang tinapay ng buhay; ang lumalapit sa Akin ay hindang-hindi magugutom, at ang sumasampalataya tungo sa Akin ay hindang-hindi mauuhaw kailanman.

Juan 6:57 Kung paanong isinugo Ako ng Amang buháy at Ako ay nabubuhay dahil sa Ama, gayundin ang kumakain sa Akin, siya naman ay mabubuhay dahil sa Akin.

Juan 6:63 Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; ang laman ay walang anumang pakinabang; ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay espiritu at buhay.

1 Cor. 15:45b Gayundin naman ay nasusulat, “Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay”; ang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay.

- B. Sa Apocalipsis 2:7, ang puno ng buhay ay sumasagisag sa ipinako sa krus (ipinahiwatig sa puno bilang isang piraso ng kahoy—1 Ped. 2:24) at nabuhay na muli (ipinahiwatig sa buhay ng Diyos—Juan 11:25) na Kristo, na ngayon ay nasa ekklesia, ang kasukdulan nito ay ang Bagong Herusalem, kung saan ang ipinako sa krus at nabuhay na muling Kristo ay magiging ang puno ng buhay para sa pagpapakain ng buong tinubos na bayan ng Diyos magpasawalang-hanggan (Apoc. 22:2, 14).

Apoc. 2:7 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

1 Ped. 2:24 Siya Mismo ang nagdala ng ating mga kasalanan sa Kanyang katawan sa puno, upang tayo, na namatay sa mga kasalanan, ay mabuhay sa katuwiran; dahil sa Kanyang mga sugat ay gumaling kayo.

Juan 11:25 Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay; ang sumasampalataya tungo sa Akin, bagama't siya ay mamatay, ay mabubuhay.

Apoc. 22:2 At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahol ng puno ay pamapagaling sa mga bansa.

Apoc. 22:14 Pinagpala ang mga naghuhugas ng kanilang mga balabal upang sila ay magkaroon ng karapatan sa puno ng buhay at makapasok sa lunsod sa pamamagitan ng mga pintuan.

II. Kailangan nating makita ang mga balakid na kinahaharap ng buhay ng Diyos sa tao:

- A. Ang unang suliranin na kinahaharap ng buhay ng Diyos sa loob natin ay yaong hindi natin natatanto ang kadiliman ng ating mga pantaong konsepto:

1. Kailangan nating makita na ang tanging bagay na mahalaga sa buhay-Kristiyano ay kung paano natin pinangangalagaan ang buhay na Kristo sa loob natin—Gal. 1:16; 2:20; 4:19; Fil. 1:19-21; Efe. 4:13; 2 Cor. 3:18.

Gal. 1:16 Na ihayag ang Kanyang Anak sa loob ko upang Siya ay aking maipahayag bilang ebanghelyo sa mga Hentil, hindi ako agad sumangguni sa laman at dugo.

Gal. 2:20 Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin; at ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya ng Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin.

Gal. 4:19 Mga anak ko, na muli kong ipinagdaramdam sa panganganak hanggang si Kristo ay maihubog sa inyo.

Fil. 1:19-21 Sapagkat alam ko na magreresulta ito sa aking kaligtasan sa pamamagitan ng inyong pananaing at ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo, ²⁰Ayon sa aking labis na inaasahan at pag-asa na sa anuman ay hindi ako mapapahiya, kundi sa buong katapangan, na gaya ng dati, gayundin naman ngayon ay dadakilain si Kristo sa aking katawan, maging sa pamamagitan ng buhay o sa pamamagitan ng kamatayan. ²¹Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo, at ang mamatay ay pakinabang.

Efe. 4:13 Hanggang sa marating nating lahat ang kaisahan ng pananampalataya at ng lubos na pagkakilala sa Anak ng Diyos, ang pagiging ganap na lumagong tao, ang sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo.

2 Cor. 3:18 Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang muka, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay

tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

2. Ang pagiging isang Kristiyano ay nangangahulugang hindi pagkuha ng anuman maliban kay Kristo bilang ating layon; maraming tao ang may kahirapan sa kanilang espirital na buhay pagkaraan nilang maligtas dahil hindi nila alam ang landas ng buhay, at hindi nila kinukuha si Kristo bilang kanilang buhay.
- B. Ang ikalawang suliranin na kinahaharap ng buhay sa loob natin ay pagkukunwari—Mat. 6:2, 5; 7:5; 23:13-29:

Mat. 6:2 Kaya kapag ikaw ay naglilimos, huwag kang magpatunog ng trumpeta sa harap mo gaya ng ginagawa ng mga mapagkunwari sa mga sinagoga at sa mga lansangan, upang sila ay luwalhatiin ng mga tao. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Tinanggap na nila ang kanilang gantimpala nang buo.

Mat. 6:5 At kapag kayo ay mananalangin, huwag kayong maging tulad ng mga mapagkunwari, sapagkat iniibig nilang manalangin nang nakatayo sa mga sinagoga at sa mga likuang-daan, upang sila ay makita ng mga tao. Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Tinanggap na nila ang kanilang gantimpala nang buo.

Mat. 7:5 Mapagkunwari, alisin mo muna ang troso sa iyong mata, at pagkatapos ay makakikita ka nang malinaw upang alisin ang puwing sa mata ng iyong kapatid.

Mat. 23:13-29 Subalit sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat isinasara ninyo ang kaharian ng kalangitan sa harap ng mga tao; sapagkat kayo mismo ay hindi pumapasok, ni pinapayagan man ninyo ang mga pumapasok na makapasok. ¹⁴Subalit sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat nilalamon ninyo ang mga bahay ng mga babaeng balo, samantalang sa pagkukunwari ay gumagawa kayo ng mahahabang panalangin. Kaya't tatanggap kayo ng mas malaking kahatulan. ¹⁵Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat nililibot ninyo ang dagat at tuyong lupa upang gawing proselita ang isa; at kapag siya ay nagkagayon na, siya ay ginagawa ninyong makalawang ulit na anak ng Gehenna kaysa sa inyong sarili. ¹⁶Sa aba ninyo, mga bulag na tagaakay, na nagsasabi, Sinumang sumumpa sa pamamagitan ng templo, ito ay walang anuman; subalit sinumang sumumpa sa pamamagitan ng ginto ng templo, siya ay mananagot. ¹⁷Mga mangmang at mga bulag, alin ang mas dakila, ang ginto o ang templo na nagpapabanal sa ginto? ¹⁸At, Sinumang sumumpa sa pamamagitan ng altar, ito ay walang anuman; subalit sinumang sumumpa sa pamamagitan ng kaloob na nasa ibabaw nito, siya ay mananagot. ¹⁹Mga bulag, alin ang mas dakila, ang kaloob o ang altar na nagpapabanal sa kaloob? ²⁰Kaya ang sumusumpa sa pamamagitan ng altar ay sumusumpa sa pamamagitan nito at sa pamamagitan ng lahat ng bagay na nasa ibabaw nito; ²¹At ang sumusumpa sa pamamagitan ng templo ay sumusumpa sa pamamagitan nito at sa pamamagitan Niya na naninirahan dito; ²²At ang sumusumpa sa pamamagitan ng langit ay sumusumpa sa pamamagitan ng trono ng Diyos at sa pamamagitan Niya na nakaupo rito. ²³Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat kayo ay nagbibigay ng ikapu ng yerbabuena at ng anis at ng komino, at pinabayaan ninyo ang mas matitimbang na bagay ng kautusan—ang katarungan at ang awa at ang katapatan. Subalit dapat ay ginawa ninyo ang mga ito at hindi pinabayaan ang iba. ²⁴Mga bulag na tagaakay, na mga sumasalà ng niknik subalit lumululon ng kamelyo! ²⁵Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat kayo ay naglilinis ng labas ng saro at ng pinggan, subalit sa loob ay punô ang mga ito ng pangingikil at

pagpapakasasa sa sarili. ²⁶Bulag na Fariseo, linisin mo muna ang loob ng saro at ng pinggan upang luminis din ang labas ng mga ito. ²⁷Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat katulad kayo ng mga pinaputing libingan, na sa labas ay mukhang maganda subalit sa loob ay punô ng mga buto ng mga patay at ng lahat ng karumihan. ²⁸Gayundin naman kayo, sa labas ay mukhang matuwid sa mga tao, subalit sa loob ay punô kayo ng pagkukunwari at katiwalian. ²⁹Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat itinatayo ninyo ang mga libingan ng mga propeta at ginagayakan ang mga puntod ng mga matuwid.

1. Ang espiritwalidad ng isang tao ay hindi nasusukat ng panlabas na anyo kundi ng kung paano niya pinangangalagaan ang naninirahan sa loob na Kristo.
 2. Ang ating natural na kabutihan ay huwad na espiritwalidad at sa katunayan ay isang malaking hadlang sa buhay; ang kahayagan ng buhay ay kinabibilangan ng pagtanggì sa ating natural na disposisyon at pagpipili, at ng simpleng pagpapahintulot kay Kristo na gumawa sa loob natin at basagin tayo.
 3. Kung palagi natin gagawin ng mga bagay ayon sa ating disposisyon at natural na katauhan, ang kahihinatnan ay palaging pagkukunwari.
- C. Ang ikatlong suliranin na kinahaharap ng buhay sa loob natin ay pagrerebelde:
1. Si Kristo ay gumagawa at kumikilos sa loob natin upang maging malinaw sa atin ang tungkol sa Kanyang kalooban at mga kahingian sa atin at ang tungkol sa Kanyang pangunguna at pakikitungo sa atin.
 2. Gayunpaman, kung hindi tayo susunod kundi tataliwas sa damdamin sa loob, hindi tinatanggap ang Kanyang pangunguna o nagbabayad ng halaga, ang ganitong pagiging hindi laan at pagsalungat ay pagrerebelde.
 3. Ang kasalanang pinakamadalas at pinakamalubha nating nagagawa ay hindi panlabas at nakikita; sa halip, ito ay ang kasalanan ng pagsuway sa pandama tungkol kay Kristo sa loob natin; si Kristo ay nabubuhay sa loob natin, at palagi Niya tayong binibigyan ng panloob na pandama ng buhay—Roma 8:6; 1 Juan 2:27.
- Roma 8:6** Sapagkat ang kaisipang nakatuon sa laman ay kamatayan, ngunit ang kaisipang nakatuon sa espiritu ay buhay at kapayapaan.
- 1 Juan 2:27** At tungkol sa inyo, ang pagpapahid na inyong tinanggap mula sa Kanya ay nananahan sa inyo, at hindi na kailangang turuan kayo ninuman; kundi kung paanong tinuturuan kayo ng Kanyang pagpapahid hinggil sa lahat ng bagay at totoo at hindi kasinungalingan, at kung paanong tinuruan kayo nito, manahan kayo sa Kanya.
- D. Ang ikaapat na suliranin na kinahaharap ng buhay sa loob natin ay ang ating natural na kakayahan:
1. Maraming kapatid ang tunay na iniibig ang Panginoon, masigasig para sa Panginoon, at lubhang makadiyos; gayunpaman, ang pinakamalaki nilang suliranin ay ang lakas at kahusayan ng kanilang mga kakahayan at mga abilidad; dahil dito, si Kristo ay walang puwang o paraan sa kanila.
 2. Maaaring tayo ay may kakayahan at may talento, ngunit hindi natin itinuturing ang mga bagay na ito bilang kasalanan o karumihan; sa halip na hamakin ang ating mga natural na kakayahan, pinahahalagahan natin ang mga ito; kung mananatiling hindi nababasag ang mga ito sa loob natin, ang mga ito ay magiging suliranin sa buhay ni Kristo.
- E. May isang solusyon sa lahat ng balakid na ito sa loob natin—kailangan tayong dumaan

sa krus at hayaang basagin tayo ng krus; kung ninanais nating hindi mahadlangan ang buhay ni Kristo sa loob natin, kailangan nating maranasan ang pagbabasag ng krus at pahintulutang matuos at maalís ang mga balakid na ito—Mat. 16:24-25.

Mat. 16:24-25 Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin. ²⁵Sapagkat ang sinumang nagnanais na iligtas ang kanyang pangkaluluwang buhay ay maiwawala ito; subalit ang sinumang iwinawala ang kanyang pangkaluluwang buhay alang-alang sa Akin ay masusumpungan ito.

III. Upang makain natin si Kristo bilang puno ng buhay, kailangan nating ibigay sa Kanya ang unang puwesto sa lahat ng bagay, iyon ay ang ibigin Siya ng ating unang pag-ibig, mapilit ng Kanyang pag-ibig upang ituring at kunin Siya bilang lahat-lahat sa ating buhay—Apoc. 2:4-5; Col. 1:18b; 2 Cor. 5:14-15; Marc. 12:30; Awit 73:25-26; 80:17-19.

Apoc. 2:4-5 Ngunit mayroon Akong isang bagay na laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pag-ibig. ⁵Kaya alalahanin mo kung saan ka nahulog at magsisi ka at gawin mo ang mga unang gawa; subalit kung hindi, pariryan Ako sa iyo at aalisin Ko ang iyong patungan ng ilawan sa kinalalagyan nito, malibang magsisi ka.

Col. 1:18b At Siya ang Ulo ng Katawan, ang ekklesia; Siya ang simula, ang Panganay mula sa mga patay, upang Siya Mismo ay magkaroon ng unang puwesto sa lahat ng bagay.

2 Cor. 5:14-15 Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ang pumipilit sa amin dahil ipinasya namin ang ganito, na namatay ang Isa para sa lahat, kaya ang lahat ay namatay; ¹⁵At Siya ay namatay para sa lahat upang ang mga nabubuhay ay hindi na mabuhay pa sa kanilang sarili kundi sa Kanya na namatay para sa kanila at ibinangon.

Marc. 12:30 At ibigin mo ang Panginoon mong Diyos mula sa buong puso mo at mula sa buong kaluluwa mo at mula sa buong pag-iisip mo at mula sa buong lakas mo.

Awit 73:25-26 Anong mayroon ako sa langit kundi Ikaw? at liban sa Iyo'y wala akong anumang ninanasa sa lupa. ²⁶Ang aking laman at ang aking puso ay maaaring manghina, ngunit ang Diyos ang lakas ng aking puso at bahagi ko magpakailanman.

Awit 80:17-19 Ipatong nawa ang Iyong kamay sa tao ng kanang kamay Mo, / Sa anak ng tao na Iyong pinalakas para sa sarili Mo; ¹⁸Sa gayo'y hindi kami tatalikod sa Iyo. / Bigyan Mo kami ng buhay, at tatawag kami sa pangalan Mo. ¹⁹Panunumbalikin Mo kami, O [Jehovah na Diyos] ng mga hukbo; / Paliwanagin Mo ang Iyong mukha, upang kami ay maligtas!

A. Ang ibigin ang Panginoon ng unang pag-ibig, ang ibigay sa Kanya ang unang puwesto sa lahat ng bagay, ay ang kainin Siya bilang puno ng buhay; ang pagkain kay Kristo bilang puno ng buhay, yaon ay, pagtatamasa kay Kristo bilang ating panustos-buhay, ay dapat maging pangunahing bagay sa buhay-ekklesia—Apoc. 2:7; Juan 6:57, 63.

Apoc. 2:7 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

Juan 6:57 Kung paanong isinugo Ako ng Amang buháy at Ako ay nabubuhay dahil sa Ama, gayundin ang kumakain sa Akin, siya naman ay mabubuhay dahil sa Akin.

Juan 6:63 Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; ang laman ay walang anumang pakinabang; ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay espiritu at buhay.

B. Ang nilalaman ng buhay-ekklesia ay nakadepende sa pagtatamasa kay Kristo; lalo natin Siyang tinatamasa, lalong magiging mayaman ang nilalaman; subalit ang kainin si Kristo bilang puno ng buhay, ang tamasahin Siya bilang ating panustos-buhay, ay humihiling sa ating ibigin Siya ng unang pag-ibig—Apoc. 2:4-5.

Apoc. 2:4-5 Ngunit mayroon Akong isang bagay na laban sa iyo, na iyong iniwan ang unang pag-ibig. ⁵Kaya alalahanin mo kung saan ka nahulog at magsisi ka at gawin mo ang mga unang gawa; subalit kung hindi, pariryan Ako sa iyo at aalisin Ko ang iyong patungan ng ilawan sa kinalalagyan nito, malibang magsisi ka.

- C. Sa isang panig, sa mahigpit na pagsasalita, ang kainin ang puno ng buhay sa Paraiso ng Diyos sa Apocalipsis 2:7 ay tumutukoy sa partikular na pagtatamasa kay Kristo bilang ating panustos-buhay sa Bagong Herusalem sa darating na milenyal na kaharian.

Apoc. 2:7 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

- D. Sa kabilang panig, tinatamasa natin ang ipinako sa krus at nabuhay na muling Kristo bilang puno ng buhay, ang pagkaing panustos sa ating espiritu, bilang patikim ngayon sa ekklesia; ang bawat ekklesia-lokal ay isang paraiso ng Diyos, kung saan si Kristo ang puno ng buhay upang ating tamasahin.
- E. Kapag ibinigay natin sa Panginoon ang unang puwesto sa lahat ng bagay at pinanatili ang ating pagkain sa ipinako sa krus at nabuhay na muling Kristo bilang puno ng buhay sa buong araw, ang ekklesia, anuman ang kalagayan nito, ay magiging paraiso sa atin; kaya, ang ating damdamin at ating saloobin tungo sa ekklesia ay nakadepende sa ating sitwasyon.
- F. “Kung hindi natin tinatamasa si Kristo bilang puno ng buhay sa buhay-ekklesia ngayon, tiyak na hindi tayo makalalahok sa puno ng buhay sa kapanahunan ng kaharian. Ayon sa aking karanasan, ngayon ang ekklesia sa Anaheim ay isang paraiso sa akin”—*The Collected Works of Witness Lee, 1994–1997*, vol. 5, “The Vital Groups,” p. 157.
- G. Ang intrinsikong dahilan para sa pagkatiwangwang at pagbaba ng ekklesia ay yaong si Kristo ay hindi naitataas ng bayan ng Diyos; hindi nila Siya binibigyan ng kataas-taasang lugar, ng unang puwesto, sa lahat ng bagay; sa tuwing itinataas ng bayan ng Diyos si Kristo, ibinibigay sa Kanya ang pagiging nakahihigit sa lahat sa bawat aspekto ng kanilang pamumuhay, mayroong pagpapanumbalik at pagpapanauli—Awit 80:17-19.
- Awit 80:17-19** Ipatong nawa ang Iyong kamay sa tao ng kanang kamay Mo, / Sa anak ng tao na Iyong pinalakas para sa sarili Mo; ¹⁸Sa gayo'y hindi kami tatalikod sa Iyo. / Bigyan Mo kami ng buhay, at tatawag kami sa pangalan Mo. ¹⁹Panunumbalikin Mo kami, O [Jehovah na Diyos] ng mga hukbo; / Paliwanagin mo ang Iyong mukha, upang kami ay maligtas.
- H. Si Kristo ay kailangang magkaroon ng unang puwesto hindi lamang sa ating pamumuhay bagkus sa lahat din ng ating mensahe; “hindi namin ipinangangaral ang aming sarili kundi si Kristo Hesus bilang Panginoon, at ang aming sarili bilang inyong mga alipin alang-alang kay Hesus”—2 Cor. 4:5; cf. Heb. 1:3; 8:1; 12:2; Awit 80:1, 17-19; 110:1-7:
- 2 Cor. 4:5** Sapagkat hindi namin ipinangangaral ang aming sarili kundi si Kristo Hesus bilang Panginoon, at ang aming sarili bilang inyong mga alipin alang-alang kay Hesus.
- Heb. 1:3** Siya, bilang ang ningning ng Kanyang kaluwalhatian at hayag na larawan ng Kanyang substansiya at nagpapanatili at nagpapasan ng lahat ng bagay sa pamamagitan ng salita ng Kanyang kapangyarihan, pagkatapos gumawa ng pagpapadalisay mula sa mga kasalanan, ay umupo sa kanang kamay ng Kamahalan sa kaitaasan.
- Heb. 8:1** Ngayon ang pangunahing punto sa mga bagay na sinasabi ay ito: Mayroon tayong gayong Mataas na Saserdote, na umupo sa kanang kamay ng trono ng Kamahalan sa kalangitan.
- Heb.12:2** Tumitinging palayo tungo kay Hesus, ang Maykatha at Tagapagpasakdal ng

ating pananampalataya, na dahil sa kagalakang inilagay sa harap Niya ay tiniis Niya ang krus, hinahamak ang kahihyan, at umupo sa kanang kamay ng trono ng Diyos.

Awit 80:1 O Pastol ng Israel, Iyong pakinggan, / Ikaw na pumapatnubay kay Jose na parang kawan; / Ikaw na nakaluklok sa trono sa ibabaw ng mga kerubin, Ikaw ay magliwanag.

Awit 80:17-19 Ipatong nawa ang Iyong kamay sa tao ng kanang kamay Mo, / Sa anak ng tao na Iyong pinalakas para sa sarili Mo. ¹⁸Sa gayo'y hindi kami tatalikod sa Iyo. / Bigyan Mo kami ng buhay, at tatawag kami sa pangalan Mo. ¹⁹Panunumbalikin Mo kami, O [Jehovah na Diyos] ng mga hukbo; / Paliwanagin mo ang Iyong mukha, upang kami ay maligtas!

Awit 110:1-7 Sinabi ni [Jehovah] sa aking Panginoon, / Umupo Ka sa Aking kanan / hanggang sa Aking gawing tuntungan ng Iyong paa / Ang Iyong mga kaaway.” ²Iuunat [ni Jehovah] / Ang setro ng Iyong kalakasan mula sa Zion: / Mamuno Ka sa gitna ng mga kaaway Mo! ³Kusang-loob na ihahandog ng Iyong bayan / Sa araw ng Iyong kapangyarihan, / Sa kagandahan ng kabanalan. / Mula sa buwang-liwayway ng umaga / Ang Iyong kabataan ay darating sa Iyo / Na hamog ang kagaya. ⁴Sumumpa [si Jehovah], / At hindi magbabago ang Kanyang isipan: / “Ikaw ay saserdote magpakailanman / Ayon sa orden ni Melquizedek.” ⁵Ang Panginoon ay nasa Iyong kanang kamay; / Dudurugin Niya ang mga hari sa araw ng Kanyang poot. ⁶Siya'y maglalapat ng hatol sa mga bansa; / Kanyang pupunuin sila ng mga bangkay; / Wawasakin Niya ang mga pinuno / Sa kalaparan ng lupa. ⁷Siya'y iinom sa batis sa tabi ng daan; / Kaya't ang Kanyang ulo ay kanyang itataas.

1. Sa ating gawain, dapat nating patuloy na akitin ang mga tao pabalik sa sentro at hayaang makita nila na “si Kristo ay Panginoon”; kailangan nating ibigay sa Panginoong Hesus ang Kanyang puwesto sa trono—cf. A. A. 1: 1-4; Isa. 6:1, 3; Juan 12:41.

A. A. 1:1-4 Ang awit ng mga awit na kay Solomon. ²Hagkan niya sana ako ng mga halik ng kanyang bibig! / Sapagkat mas mabuti kaysa alak ang iyong pag-ibig. / ³Ang iyong mga langis na pambuhos ay mabango; / Langis na ibinuhos ang pangalan mo; / Kaya't ang mga dalaga'y umiibig sa iyo. ⁴Palapitin mo ako sa iyo, magmadali tayo — Dinala ako ng hari sa mga silid niya — Kami ay matutuwa at sa iyo'y magsasaya; / Aming itataas ng higit kaysa alak ang pag-ibig mo. / Matuwid ang pag-ibig nila sa iyo.

Isa. 6:1 Noong taong mamatay si Haring Uzias ay nakita ko ang Panginoon na nakaupo sa isang tronong matayog at mataas; at napuno ang templong laylayan ng kanyang damit.

Isa. 6:3 At tinawag ng isa ang isa at sinabi: “Banal, banal, banal [si Jehovah] ng mga hukbo; / Ang buong lupa ay punô ng kanyang kaluwalhatian.”

Juan 12:41 Sinabi ni Isaias ang mga bagay na ito sapagkat nakita niya ang Kanyang kaluwalhatian at nagsalita tungkol sa Kanya.

2. Upang makapagbigay ng gayong mensahe, tayo mismo ay kailangang mabasag ng Diyos at pahintulutan si Kristo na magkaroon ng unang puwesto sa loob natin; ang ating mensahe ay ang ating persona lamang—2 Cor. 4:10-13; Juan 12:24-26; cf. Luc. 12:49-50.

2 Cor. 4:10-13 Palaging tinataglay sa katawan ang paglalagay sa kamatayan ni Hesus upang ang buhay ni Hesus ay mahayag din sa aming katawan. ¹¹Sapagkat kaming

nabubuhay ay laging dinadala sa kamatayan alang-alang kay Hesus upang ang buhay ni Hesus ay mahayag din sa aming laman na may kamatayan. ¹²Kaya nga ang kamatayan ay gumagawa sa loob namin, ngunit buhay ang sa inyo. ¹³At yamang may gayunding espiritu ng pananampalataya na ayon sa nasusulat, “Sumampalataya ako, kaya’t ako ay nagsalita,” sumasampalataya rin kami, kaya kami rin ay nagsasalita.

Juan 12:24-26 Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, mananatili itong nag-iisa; ngunit kung ito ay mamatay, magbubunga ito ng maraming butil. ²⁵Ang umiibig sa kanyang pangkaluluwang buhay ay maiwawala ito, at ang napopoot sa kanyang pangkaluluwang buhay sa sanlibutang ito ay maiingatan ito tungo sa buhay na walang hanggan. ²⁶Kung ang sinuman ay maglilingkod sa Akin, sumunod siya sa Akin; at kung saan Ako naroroon, doroon din naman ang lingkod Ko. Kung ang sinuman ay maglilingkod sa Akin, pararangalan siya ng Ama.

cf. Luc. 12:49-50 Pumarito Ako upang maghagis ng apoy sa lupa, at gaano Kong ninanais na ito ay nagningas na! ⁵⁰Subalit Ako ay may bautismo na sa Akin ay ibabautismo, at gaano Akong nagigipit hanggang sa ito ay matupad!

3. Ang *pagsasabi ng* Panginoon na “magaling” ay lumalampas sa lahat ng papuri ng sanlibutan; ang nakangiting mukha ng langit ay lumalampas sa lahat ng galit na mukha ng lupa; ang kaaliwan ng langit ay lumalampas sa lahat ng luha ng lupa—Mat. 25:21, 23; Jer. 1:7-9, 18-19; Dan. 4:26.

Mat. 25:21 Sinabi sa kanya ng kanyang panginoon, Magaling, mabuti at tapat na alipin. Naging tapat ka sa kakaunting bagay; pamamahalaan kita sa maraming bagay. Pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon.

Mat. 25:23 Sinabi sa kanya ng kanyang panginoon, Magaling, mabuti at tapat na alipin. Naging tapat ka sa kakaunting bagay; pamamahalaan kita sa maraming bagay. Pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon.

Jer. 1:7-9 Ngunit sinabi sa akin [ni Jehovah], / Huwag mong sabihin, ‘Ako’y isang kabataan;’ / Sapagkat saanman Kita suguin ay paroroon ka; / At anumang iutos Ko sa iyo ay sasabihin mo. ⁸Huwag kang matakot sa kanila, / Sapagkat Ako’y kasama mo na magliligtas sa iyo, sabi ni Jehovah. ⁹Pagkatapos ay iniunat ni Jehovah ang Kanyang kamay at hinipo ang aking bibig; at sinabi sa akin ni Jehovah, Narito, inilagay ko ang aking mga salita sa iyong bibig.

Jer. 1:18-19 Ngayon, tingnan mo, ginawa Kita sa araw na ito na isang lunsod na may kuta at isang haliging bakal, at gaya ng pader na tanso laban sa buong lupain, laban sa mga hari ng Juda, sa mga prinsipe nito, sa mga pari nito, at laban sa mamamayan ng lupain. ¹⁹Lalaban sila sa iyo, ngunit hindi sila magtatagumpay laban sa iyo, sapagkat Ako’y kasama mo upang iligtas ka, sabi [ni Jehovah].”

Dan. 4:26 Kung paanong iniutos na iwan ang tuod ng mga ugat ng kahoy; ang iyong kaharian ay magiging tiyak para sa iyo, mula sa panahon na iyong malaman na ang Langit ang namumuno.

- I. Upang mabigyan si Kristo ng unang puwesto sa lahat ng bagay, kailangan tayong magkaroon ng isang magiliw na pag-ibig para sa Kanya bilang ating Hari; sa gayon ang ating dila ay magiging panulat ng isang bihasang manunulat, handang isulat ang ating pag-ibig para sa Kanya at ating papuri sa Kanya kalakip ang ating karanasan at pagtatamasa sa Kanya ayon sa lahat ng kung ano Siya—Awit 45:1-2; 2 Cor. 3:3, 6.

Awit 45: 1-2 Ang aking puso ay nag-uumpaw sa mabuting paksa; / Ipinatutungkol ko ang aking mga salita sa Hari. / Ang Aking dila gaya ng panulat ng bihasang manunulat. ²Ikaw ang pinakamaganda sa mga anak ng mga tao; / Ang biyaya ay ibinubuhos sa mga labi Mo; / Kaya’t pinagpala Ka ng Diyos magpakailanman.

2 Cor. 3:3 Yamang nahahayag na kayo ay isang liham ni Kristo na inihain namin, isinulat hindi ng tinta kundi ng Espiritu ng buháy na Diyos; hindi sa mga tapyas na bato kundi sa mga tapyas na pusong laman.

2 Cor. 3:6 Na ginawa rin Niya kaming sapat na mga tagapaghain ng bagong tipan, mga tagapaghain hindi ng titik kundi ng Espiritu; sapagkat ang titik ay pumapatay, ngunit ang Espiritu ay nagbibigay ng buhay.

- J. Ang ibigin ang Panginoon ng unang pag-ibig, ang ibigay sa Kanya ang unang puwesto sa lahat ng bagay, ay ang kunin Siya bilang ating sentralidad—ang ating tumatangang sentro—at ating unibersalidad—ating lahat-lahat; kailangan natin Siyang kunin bilang sentro, nilalaman, at sirkumperensiya ng ating personal na sansinukob—Col. 1:17b, 18b.

Col. 1:17b At Siya ang nauna sa lahat ng bagay, at ang lahat ng bagay ay nahahawakang sama-sama sa loob Niya.

Col. 1:18b At Siya ang Ulo ng Katawan, ang ekklesia; Siya ang simula, ang Panganay mula sa mga patay, upang Siya Mismo ay magkaroon ng unang puwesto sa lahat ng bagay.

- K. Ang ibigin ang Panginoon ng unang pag-ibig, ang ibigay sa Kanya ang unang puwesto sa lahat ng bagay, ay ang masdan ang Kanyang kagandahan at hingin ang payo ni Jehovah sa bawat detalye ng ating pang-Kristiyanong buhay at gawain—Awit 27:4; Jos. 9:14; Fil. 4:6-7.

Awit 27:4 Isang bagay ang hiningi ko [kay Jehovah]; / Na aking hahanapin: / Na ako'y makapanirahan sa bahay [ni Jehovah] / Sa lahat ng mga araw ng aking buhay, / Upang mamasdan ang kagandahan [ni Jehovah], at sumangguni sa kanyang templo.

Jos. 9:14 Kinuha ng mga tao sa Israel ang kanilang baon, / At hindi humingi ng payo [ni Jehovah].

Fil. 4:6-7 Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay, kundi sa lahat ng bagay, sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pasasalamat ay ipaalam ninyo ang inyong mga kahilingan sa Diyos; ⁷At ang kapayapaan ng Diyos, na nakahihigit sa pang-unawa ng bawat tao, ang magbabantay sa inyong mga puso at inyong mga pag-iisip sa loob ni Kristo Hesus.

- L. Ang ibigin ang Panginoon ng unang pag-ibig, ang ibigay sa Kanya ang unang puwesto sa lahat ng bagay, ay ang mapangibabawan, mapamahalaan, madirektahan, mapangunahan, at mapakilos ng ating pinagsamang espiritu, pinangangalagaan ang iba pa sa ating espiritu sa pamamagitan ng pagiging Kanyang mga nabihag at sa pamamagitan ng pananalangin, “Panginoon, lupigin Mo ako. Gawin Mo akong bihag Mo. Huwag Mo akong hayaang manalo. Talunin Mo ako sa lahat ng panahon”—2 Cor. 2:13-14.

2 Cor. 2:13-14 Hindi ako nagkaroon ng katiwasayan sa aking espiritu, sapagkat hindi ko nasumpungan si Tito na aking kapatid; ngunit nang makapagpaalam ako sa kanila, pumunta ako sa Macedonia. ¹⁴Ngunit salamat sa Diyos, na laging nangunguna sa amin sa tagumpay sa Kristo at naghahayag ng samyo ng pagkakilala sa Kanya sa pamamagitan namin sa bawat dako.

- M. Ang ibigin ang Panginoon ng unang pag-ibig, ang ibigay sa Kanya ang unang puwesto sa lahat ng bagay, ay ang magkaroon ng isang malinaw na langit na parang kagila-gilalas na kristal na may zafirong trono ng Diyos sa itaas nito; nangangahulugan ito na walang anuman sa pagitan natin at ng Panginoon at tayo ay napupuspos ng makalangit na atmospera, kalagayan, at sitwasyon ng Kanyang namumunong presensiya—kinukuha Siya bilang ating Hari at pinahihintulutan Siyang mamuno at maghari sa loob natin—Ezek. 1:22, 26.

Ezek. 1:22 Sa ibabaw ng ulo ng mga nilalang na may buhay, may isang bagay na kawangis ng kalawakang kumikinang na parang kristal na nakaladlad sa itaas ng kanilang mga ulo.

Ezek. 1:26 Sa itaas ng kalawakan na nasa itaas ng kanilang mga ulo ay may kawangis ng isang trono na parang anyo ng batong zafiro. Sa ibabaw ng kawangis ng trono ay may kawangis ng isang tao na nakaupo sa itaas niyon.

- N. Tanging si Kristong Hari na naghahari sa lupa kasama ang mga mandaraig bilang Kanyang mga katulong sa pagkahari ang makalulutas ng mga suliranin ng kasalukuyang sanlibutan (Isa. 42:1-4); aalalahanin ang pangalan ni Kristo sa lahat ng henerasyon at pupurihin ng mga bansa sa pamamagitan ng Kanyang nananaig at kasamang naghaharing mga banal (Awit 45:16-17; Apoc. 2:26).

Isa. 42:1-4 Narito ang Aking lingkod, na Aking inaalalayan, / Ang Aking hinirang, na kinalulugdan ng Aking kaluluwa; / Inilagay Ko ang Aking Espiritu sa Kanya, / Siya'y maglalapat ng katarungan sa mga bansa. ²Siya'y hindi sisigaw, o maglalakas man ng tinig, / O ang Kanyang tinig man sa lansangan ay iparirinig. ³Ang gapok na tambo ay hindi Niya babaliin; / Ni ang mitsa na bahagyang nagniningas ay hindi Niya papatayin; / Siya'y tapat na maglalapat ng katarungan. ⁴Siya'y hindi manlulupaypay o madudurog man, / Hanggang sa maitatag Niya sa lupa; / Ang katarungan at ang mga pulo ay maghihintay sa Kanyang kautusan.

Awit 45:16-17 Sa halip ng iyong mga magulang ay ang Iyong mga anak; / Gagawin Mo silang mga pinuno sa buong lupa. ¹⁷Aking ipapaalala sa lahat ng salinlahi ang iyong pangalan; / Kaya't ang mga bayan ay magpapasalamat sa Iyo magpakailanpaman.

Apoc. 2:26 At ang nananaig at tumutupad ng Aking mga gawa hanggang sa katapusan, siya ay bibigyan Ko ng awtoridad sa mga bansa.

- O. Ang mga mandaraig, na isinasagisag ng Zion, ay ang tuntungan na sa pamamagitan nito ay babalik ang Panginoon upang angkinin ang buong lupa—Awit 48:2; Dan. 2:34-35.

Awit 48:2 Maganda sa kataasan, / Ang kagalakan ng buong lupa, / Ang Bundok ng Zion, sa malayong hilaga, / Ang lunsod ng dakilang Hari.

Dan. 2:34-35 Patuloy kang tumitingin hanggang sa may natibag na isang bato, hindi sa pamamagitan ng mga kamay, at ito'y tumama sa rebulto sa mga paa nitong bakal at luwad, at dinurog ang mga ito. ³⁵Nang magkagayon, ang bakal, ang luwad, ang tanso, ang pilak, at ang ginto ay nagkadurugdurog, at naging parang dayami sa mga giikan sa tag-araw. At ang mga ito ay tinangay ng hangin anupa't hindi matagpuan ang anumang bakas ng mga iyon. Ngunit ang bato na tumama sa rebulto ay naging malaking bundok at pinuno ang buong lupa.

- P. “Itaas ninyo ang inyong mga ulo, O mga tarangkahan; / At mangataas kayo, O mga pintuang mahabang nagtitiis; / At papasok ang Hari ng kaluwalhatian. / Sino ang Hari ng kaluwalhatian? / Si Jehovah, malakas at makapangyarihan! / Si Jehovah, makapangyarihan sa pakikipaglaban!... / Sino ang Hari ng kaluwalhatian? / Si Jehovah ng mga hukbo — / Siya ang Hari ng kaluwalhatian!”—Awit 24:7-8, 10:

Awit 24:7-8 Itaas ninyo ang inyong mga ulo, O mga tarangkahan; / At mangataas kayo, O mga pintuang mahabang nagtitiis; / At papasok ang Hari ng kaluwalhatian. / ⁸Sino ang Hari ang kaluwalhatian? / [Si Jehovah], malakas at makapangyarihan! / Si Jehovah, makapangyarihan sa pakikipaglaban!

Awit 24:10 Sino ang Hari ng kaluwalhatian? / [Si Jehovah] ng mga hukbo — / Siya ang Hari ng kaluwalhatian! Selah.

1. Ang mga tarangkahan ay sa mga lunsod ng mga bansa; ang mga pinto ay sa mga bahay ng mga tao, at si Kristo ang Nais ng lahat ng bansa (Hag. 2:7); sa pangkalahatang, inaasahan ng lahat ng bansa ang pagdating ni Kristo, subalit hindi darating nang madali si Kristo ayon sa ating pantaong konsepto (2 Ped. 3:8-9); kaya, kailangan nating itaas ang ating mga ulo at maghintay at asahan ang Kanyang pagdating nang may mahabang pagtitiiis.

Hag. 2:7 Aking ugain ang lahat ng mga bansa upang ang kayamanan ng lahat ng mga bansa ay dumating, at aking pupunuin ang bahay na ito ng kaluwalhatian, sabi [ni Jehovah] ng mga hukbo.

2 Ped. 3:8-9 Ngunit huwag ninyong hayaang hindi ninyo mapansin ang isang bagay na ito, mga minamahal, na sa Panginoon ang isang araw ay katulad ng sanlibong taon at ang sanlibong taon ay katulad ng isang araw. ⁹Hindi inaantala ng Panginoon ang tungkol sa pangako, gaya ng ipinagpapalagay ng iba na pag-aantala, kundi mapagtiis sa inyo, hindi ninanais na ang sinuman ay mapahamak kundi na ang lahat ay magpatuloy sa pagsisisi.

2. Ang Hari ng kaluwalhatian ay si Jehovah ng mga hukbo, ang napasukdol na Tres-unong Diyos na naisakatawan sa matagumpay at nananaig na Kristo (Luc. 21:27; Mat. 25:31); si Jehovah ay si Hesus, at si Hesus ay ang nagkatawang-tao, ipinako sa krus, at nabuhay na muling Tres-unong Diyos, na malakas sa pakikipaglaban at matagumpay (1:21; Apoc. 5:5).

Luc. 21:27 At pagkatapos ay makikita nila ang Anak ng Tao na dumarating na nasa ulap na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.

Mat. 25:31 Subalit kapag ang Anak ng Tao ay dumating sa Kanyang kaluwalhatian at kasama Niya ang lahat ng anghel, sa panahong iyon ay uupo Siya sa trono ng Kanyang kaluwalhatian.

Mat. 1:21 At magsisilang siya ng isang anak na lalaki, at tatawagin mong Hesus ang Kanyang pangalan, sapagkat Siya ang magliligtas sa Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan.

Apoc. 5:5 At sinabi sa akin ng isa sa mga matanda, Huwag kang manangis; narito, ang Leon ng lipi ni Judah, ang Ugat ni David, ay nanaig upang mabuksan Niya ang balumbon at ang pitong tatak nito.

3. Siya ang Isa na babalik sa loob ng pagkabuhay na muli kasama ang Kanyang mga mandaraig upang angkinin ang buong lupa bilang Kanyang kaharian—Dan. 2:34-35; 7:13-14; Joel 3:11; Apoc. 11:15; 19:13-14.

Dan. 2:34-35 Patuloy kang tumitingin hanggang sa may natibag na isang bato, hindi sa pamamagitan ng mga kamay, at ito'y tumama sa rebulto sa mga paa nitong bakal at luwad, at dinurog ang mga ito. ³⁵Nang magkagayon, ang bakal, ang luwad, ang tanso, ang pilak, at ang ginto ay nagkadurug-durog, at naging parang dayami sa mga giikan sa tag-araw. At ang mga ito ay tinangay ng hangin anupa't hindi matagpuan ang anumang bakas ng mga iyon. Ngunit ang bato na tumama sa rebulto ay naging malaking bundok at pinuno ang buong lupa.

Dan. 7:13-14 Patuloy akong nakakita sa pangitain sa gabi, / At narito, ang isang gaya ng Anak ng Tao / Na dumarating kasama ng mga ulap; / At Siya'y lumapit sa Matanda sa mga Araw, / At iniharap sa Kanya. ¹⁴Binigyan Siya ng kapangyarihan, kaluwalhatian, at kaharian, / Upang ang lahat ng mga bayan, bansa, at mga wika ay maglingkod sa Kanya. / Ang Kanyang kapangyarihan ay walang hanggang kapangyarihan na hindi lilipas; / At ang Kanyang kaharian ay hindi mawawasak.

Joel 3:11 Magmadali kayo, at magsiparito kayong lahat ng bansa sa palibot, magtipun-tipon kayo roon. Ibaba mo ang iyong mga malalakas, O [Jehovah].

Apoc. 11:15 At ang ikapitong anghel ay nagtrumpeta; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man.

Apoc. 19:13-14 At nadaramtan Siya ng damit na inilubog sa dugo; at ang Kanyang pangalan ay tinatawag na ang Salita ng Diyos. ¹⁴At ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa Kanya na mga nakasakay sa mga puting kabayo, nadaramtan ng pinong lino, maputi at malinis.

- Q. Si Kristo bilang Isa na nasa trono ng Diyos ay may anyo ng sardio (ang pulang kulay nito ay sumasagisag sa katubusan) at jaspe (ang matingkad na berdeng kulay nito ay sumasagisag sa buhay sa kasaganaan nito); kaya, kapag nagpasailalim tayo sa pagkaulo ni Kristo at nasa ilalim ng Kanyang trono, tayo ang tagatanggap ng lahat ng kung ano Siya sa Kanyang pambatas na pagtutubos at Kanyang organikong pagliligtas nang sa gayon ay magtaglay tayo ng parehong anyo ng Diyos ng kaluwalhatian sa Kanyang mayamang buhay—4:3; 21:10-11a; Roma 5:10.

Apoc. 4:3 At Siya na nakaupo ay tulad sa anyo ng isang batong jaspe at sardio, at sa palibot ng trono ay may bahagharing tulad sa anyo ng isang esmeralda.

Apoc. 21:10-11a At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, ¹¹Na may kaluwalhatian ng Diyos. Ang kanyang ilay ay katulad ng isang napakamahalagang bato, gaya ng batong jaspe, malinaw na gaya ng kristal.

Roma 5:10 Sapagkat kung tayo, na mga kaaway, ay ipinagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak, higit pa ay maliligtas tayo sa loob ng Kanyang buhay, yamang tayo ay naipagkasundo na.

- R. Ang mga naghuhugas ng kanilang mga balabal sa nagtutubos na dugo ni Kristo ay may karapatang magtamasa sa puno ng buhay bilang kanilang walang hanggang bahagi sa banal na lunsod, ang Paraiso ng Diyos, sa kawalang-hanggan—Apoc. 22:14; 2:7.

Apoc. 22:14 Pinagpala ang mga naghuhugas ng kanilang mga balabal upang sila ay magkaroon ng karapatan sa puno ng buhay at makapasok sa lunsod sa pamamagitan ng mga pintuan.

Apoc. 2:7 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

Mensahe Anim

**Si Kristo, ang Walang Hanggang Hari,
Darating upang Angkinin ang Lupa
At
ang Pagtatapos ng Hiwaga ng Diyos**

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 10:1-7; 11:15-18

Apoc. 10:1-7 At nakita ko ang isa pang malakas na Anghel na bumababa mula sa langit, na nadaramtan ng ulap; at ang bahaghari ay nasa Kanyang ulo, at ang Kanyang mukha ay gaya ng araw, at ang Kanyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy; ²At sa Kanyang kamay ay may maliit na bukás na balumbon. At itinuntong Niya ang Kanyang kanang paa sa dagat at ang kaliwa sa lupa; ³At sumigaw Siya nang may malakas na tinig gaya ng leon na umaatungal. At nang sumigaw Siya, ang pitong kulog ay nagpahugong ng kani-kanilang mga tinig. ⁴At nang magsalita ang pitong kulog, susulat na sana ako, at narinig ko ang isang tinig mula sa langit, na nagsasabi, Tatakan mo ang mga bagay na sinalita ng pitong kulog, at huwag mong isulat ang mga ito. ⁵At ang Anghel na nakita kong nakatayo sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa ay nagtaas ng Kanyang kanang kamay sa langit ⁶At sumumpa sa pamamagitan Niyaong nabubuhay magpakailan pa man, na lumikha ng langit at ng mga bagay na naroroon, at ng lupa at ng mga bagay na naririto, at ng dagat at ng mga bagay na naroroon, na hindi na magluluwat pa, ⁷Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel kapag malapit na siyang magtrumpeta, kung magkagayon ang hiwaga ng Diyos ay tapos na, ayon sa magandang balita na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga alipin na mga propeta.

Apoc. 11:15-18 At ang ikapitong anghel ay nagtrumpeta; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man. ¹⁶At ang dalawampu't apat na matanda na nakaupo sa harap ng Diyos sa kani-kanilang trono ay nagpatirapa at sumamba sa Diyos, ¹⁷Na nagsasabi, Pinasasalamatan Ka namin, Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Siya na ngayon at noon, sapagkat kinuha Mo ang Iyong dakilang kapangyarihan at naghari. ¹⁸At nagalit ang mga bansa, at dumating ang Iyong poot, at ang panahon ay dumating upang hatulan ang mga patay, at ang panahon upang ibigay ang gantimpala sa Iyong mga alipin na mga propeta at sa mga banal at sa mga natatakot sa Iyong pangalan, sa maliliit at malalaki, at upang puksain ang mga pumupuksa sa lupa.

I. Ipinahihiwatig sa Apocalipsis 11:15-18 at 12:10 na maaari nating maranasan at matamasa si Kristo bilang walang hanggang Hari:

Apoc. 11:15-18 At ang ikapitong anghel ay nagtrumpeta; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man. ¹⁶At ang dalawampu't apat na matanda na nakaupo sa harap ng Diyos sa kani-kanilang trono ay nagpatirapa at sumamba sa Diyos, ¹⁷Na nagsasabi, Pinasasalamatan Ka namin, Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Siya na ngayon at noon, sapagkat kinuha Mo ang Iyong dakilang kapangyarihan at naghari. ¹⁸At nagalit ang mga bansa, at dumating ang Iyong poot, at ang panahon ay dumating upang hatulan ang mga patay, at ang panahon upang ibigay ang gantimpala sa Iyong mga alipin na mga propeta at sa mga banal at sa mga natatakot sa Iyong pangalan, sa maliliit at malalaki, at upang puksain ang mga pumupuksa sa lupa.

Apoc. 12:10 At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ngayon ay dumating ang kaligtasan at ang kapangyarihan at ang kaharian ng ating Diyos at ang awtoridad ng Kanyang Kristo, sapagkat inihagis na ang tagapag-akusa ng ating mga kapatid, na araw at gabing nag-aakusa sa kanila sa harap ng ating Diyos.

- A. “Ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man”—11:15b:

Apoc. 11:15b At ang ikapitong anghel ay nagtrumpeta; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, na nagsasabi, ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man.

1. Sa pagtunog ng ikapitong trumpeta, hindi lamang magwawakas ang matinding kapighatian, bagkus magsasara din ang kapanahunang ito, matatapos ang hiwaga ng Diyos (10:7), at isa pang kapanahunan, ang kapanahunan ng kaharian, ang milenyum, ay magsisimula.

Apoc. 10:7 Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel kapag malapit na siyang magtrumpeta, kung magkagayon ang hiwaga ng Diyos ay tapos na, ayon sa magandang balita na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga alipin na mga propeta.

2. Ang kaharian ng sanlibutan ay magiging kaharian ni Kristo sa Kanyang pagbabalik pagkatapos Niyang ipatupad ang Kanyang paghahatol sa mga bansa—Dan. 7:13-14; 2:44-45.

Dan. 7:13-14 Patuloy akong nakakita sa pangitain sa gabi, / At narito, ang isang gaya ng Anak ng tao / Na dumarating kasama ng mga ulap; / At siya'y lumapit sa Matanda sa mga Araw, / At iniharap sa kanya.

Dan. 2:44-45 At sa mga araw ng mga haring iyon ang Diyos sa langit ay magtatatag ng isang kaharian na hindi magigiba kailanman, o ang kapangyarihan man nito'y iiwan sa ibang bayan. Dudurugin nito at wawakasan ang lahat ng mga kahariang iyon, at ito'y mananatili magpakailanman. ⁴⁵Kung paanong iyong nakita na ang isang bato ay natibag mula sa bundok, hindi sa pamamagitan ng kamay at dinurog ang mga bakal, ang tanso, ang luwad, ang pilak, at ang ginto, ipinaalam ng dakilang Diyos sa hari kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Ang panaginip ay totoo at ang kahulugan nito'y mapagkakatiwalaan.”

3. Dito ang paghahari ng Panginoon magpakailan pa man ay ang paghahari ng Panginoon sa milenyal na kaharian at sa bagong langit at bagong lupa magpasawalang-hanggan—Apoc. 22:5.

Apoc. 22:5 At hindi na magkakaroon pa ng gabi; at hindi na sila mangangailangan ng liwanag ng ilawan at ng liwanag ng araw, sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Diyos; at maghahari sila magpakailan pa man.

- B. “Ikaw, O Jehovah, ay nananahan magpakailanman; / Ang Iyong trono ay mula sa henerasyon hanggang sa henerasyon—Panag. 5:19:

Panag. 5:19 Ikaw, O [Jehovah], magpakailanman ay naghahari; / Ang iyong trono ay mananatili sa lahat ng salinlahi.

1. Ang walang hanggang pagka-Diyos ng Diyos at ang Kanyang trono ay mas mataas kaysa sa Kanyang mapagmahal na kabaitan, kahabagan, at katapatan—3:22-23.

Panag. 3:22-23 Ang tapat na pag-ibig [ni Jehovah] ay hindi nagmamaliw, / Ang Kanyang mga habag ay hindi natatapos; ²³Sariwa ang mga iyon tuwing umaga; / Dakila ang Iyong katapatan.

2. Ang mapagmahal na kabaitan at kahabagan ng Diyos ay maaaring magpabago-bago, subalit ang persona ng Diyos at ang Kanyang pamamahala ay mananatiling hindi nagbabago magpakailanman.
3. Sa Bagong Herusalem, ang Diyos ay lubusang mahahayag sa Kanyang persona bilang walang hanggang Hari at sa Kanyang pamamahala bilang Kanyang walang hanggan, di-nayayanig na kaharian (Heb. 12:28; Apoc. 22:3), na parehong di-nayayanig na pundasyon ng Kanyang pagtutuos sa Kanyang bayan.

Heb. 12:28 Kaya, tinatanggap ang isang kahariang hindi nayayanig, magkaroon tayo ng biyaya, na sa pamamagitan nito ay makapaglingkod tayo sa Diyos nang kalugod-lugod na may paggalang at takot.

Apoc. 22:3 At hindi na magkakaroon pa ng anumang sumpa. At ang trono ng Diyos at ng Kordero ay doroon, at ang Kanyang mga alipin ay maglilingkod sa Kanya.

II. Sa Apocalipsis 10:1-7, mayroon tayong malinaw na pangitain ng pagdating ni Kristo upang angkinin ang lupa:

Apoc. 10:1-7 At nakita ko ang isa pang malakas na Anghel na bumababa mula sa langit, na nadaramtan ng ulap; at ang bahaghari ay nasa Kanyang ulo, at ang Kanyang mukha ay gaya ng araw, at ang Kanyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy; ²At sa Kanyang kamay ay may maliit na bukás na balumbon. At itinuntong Niya ang Kanyang kanang paa sa dagat at ang kaliwa sa lupa; ³At sumigaw Siya nang may malakas na tinig gaya ng leon na umaatungal. At nang sumigaw Siya, ang pitong kulog ay nagpahugong ng kani-kanilang mga tinig. ⁴At nang magsalita ang pitong kulog, susulat na sana ako, at narinig ko ang isang tinig mula sa langit, na nagsasabi, Tatakan mo ang mga bagay na sinalita ng pitong kulog, at huwag mong isulat ang mga ito. ⁵At ang Anghel na nakita kong nakatayo sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa ay nagtaas ng Kanyang kanang kamay sa langit ⁶At sumumpa sa pamamagitan Niyaong nabubuhay magpakailan pa man, na lumikha ng langit at ng mga bagay na naroroon, at ng lupa at ng mga bagay na naririto, at ng dagat at ng mga bagay na naroroon, na hindi na magluluwat pa, ⁷Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel kapag malapit na siyang magtrumpeta, kung magkagayon ang hiwaga ng Diyos ay tapos na, ayon sa magandang balita na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga alipin na mga propeta.

- A. Sa kapitulong ito, si Kristo ay “isa pang malakas na Anghel” (b. 1), gaya ng Isa na nasa 7:2; 8:3; at 18:1.

Apoc. 10:1 At nakita ko ang isa pang malakas na Anghel na bumababa mula sa langit, na nadaramtan ng ulap; at ang bahaghari ay nasa Kanyang ulo, at ang Kanyang mukha ay gaya ng araw, at ang Kanyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy.

Apoc. 7:2 At nakita ko ang isa pang Anghel na umaakyat mula sa sikatan ng araw, na taglay ang tatak ng Diyos na buháy; at Siya ay sumigaw nang may malakas na tinig sa apat na anghel na pinagkalooban ng awtoridad upang pinsalain ang lupa at ang dagat.

Apoc. 8:3 At dumating ang isa pang Anghel at tumayo sa harap ng altar, na may hawak na isang gintong insensaryo, at maraming insenso ang ibinigay sa Kanya upang ihandog kasama ng mga panalangin ng lahat ng banal sa ibabaw ng gintong altar na nasa harap ng trono.

Apoc. 18:1 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang isa pang Anghel na bumababa mula sa langit, na may dakilang awtoridad; at ang lupa ay niliwanagan ng Kanyang kaluwalhatian.

- B. Nakita ni Juan ang isa pang Anghel na “bumababa mula sa langit”—10:1a.

Apoc. 10:1a At nakita ko ang isa pang malakas na Anghel na bumababa mula sa langit, na nadaramtan ng ulap; at ang bahaghari ay nasa Kanyang ulo, at ang Kanyang mukha ay gaya ng araw, at ang Kanyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy.

1. Si Kristo ngayon ay bumababa mula sa langit.

2. Ang pangitaing ito ay isang pahiwatig na si Kristo ay kasalukuyan pa ring patungo sa lupa.

- C. Si Kristo ay “nadaramtan ng ulap”—b. 1b:

Apoc. 10:1b At nakita ko ang isa pang malakas na Anghel na bumababa mula sa langit, na nadaramtan ng ulap; at ang bahaghari ay nasa Kanyang ulo, at ang Kanyang mukha ay gaya ng araw, at ang Kanyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy.

1. Wala pa Siya “sa ibabaw ng ulap,” gaya ng nasa 14:14 at Mateo 24:30; 26:64.

Apoc. 14:14 At nakita ko, at narito, may isang puting ulap, at nakaupo sa ulap ang Isa na katulad ng Anak ng Tao, may gintong korona sa Kanyang ulo at matalas na karit sa Kanyang kamay.

Mat. 24:30 At sa panahong iyon ang tanda ng Anak ng Tao ay lilitaw sa langit, at pagkatapos ang lahat ng lipi ng lupain ay mananaghoy, at makikita nila ang Anak ng Tao na dumarating na nasa ibabaw ng mga ulap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.

Mat. 26:64 Sinabi sa kanya ni Hesus, Tama ang pagkasabi mo. Gayunman ay sinasabi Ko sa inyo, Mula ngayon ay makikita ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanang kamay ng Kapangyarihan at dumarating na nasa ibabaw ng mga ulap ng langit.

2. Ang maging “nasa ibabaw ng ulap” ay ang dumating nang hayag, samantalang ang “nadaramtan ng ulap” ay ang dumating nang lihim.

3. Si Kristo ay darating nang lihim, hindi hayag, hanggang sa Siya ay makita ng lahat ng lipi ng lupa, gaya ng binanggit sa Apocalipsis 1:7 at sa Mateo 24:30.

Apoc. 1:7 Narito, Siya ay dumarating na nasa mga ulap, at makikita Siya ng bawat mata, maging ng mga umulos sa Kanya; at ang lahat ng lipi sa lupa ay mananaghoy dahil sa Kanya. Oo, amen.

Mat. 24:30 At sa panahong iyon ang tanda ng Anak ng Tao ay lilitaw sa langit, at pagkatapos ang lahat ng lipi ng lupain ay mananaghoy, at makikita nila ang Anak ng Tao na dumarating na nasa ibabaw ng mga ulap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.

4. Kahit sa panahon ng Apocalipsis 10, ang pagdating ni Kristo ay lihim pa rin.
 5. Siya ay mababalot sa ulap hanggang sa kapitulo 14, kung kailan Siya ay uupo sa ulap at ang Kanyang pagdating ay magiging hayag.
 6. Dahil dito, makikita natin na ang pangkalahatang pagtuturo na si Kristo ay darating bago ang matinding kapighatian ay hindi tumpak.
- D. “Ang bahaghari ay nasa Kanyang ulo”—10:1c:

Apoc. 10:1c At nakita ko ang isa pang malakas na Anghel na bumababa mula sa langit, na nadaramtan ng ulap; at ang bahaghari ay nasa Kanyang ulo, at ang Kanyang mukha ay gaya ng araw, at ang Kanyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy.

1. Dito ang bahaghari ay nagpapahiwatig na tutuparin ni Kristo, sa Kanyang paghahatol sa lupa at sa Kanyang pagdating upang angkinin ito, ang tipang ginawa ng Diyos kay Noe hinggil sa lupa—Gen. 9:8-17.

Gen. 9:8-17 At nagsalita ang Diyos kay Noe at sa mga anak na kasama niya, na sinasabi, ⁹Narito, aking itinatag ang tipan sa inyo, at sa inyong mga anak na susunod sa inyo; ¹⁰at sa bawat nilikhang may buhay na kasama ninyo, ang mga ibon, ang maamong hayop at bawat mailap na hayop sa lupa na kasama ninyo, sa lahat ng lumabas sa daong, sa bawat hayop sa lupa. ¹¹Aking pinagtibay ang aking tipan sa inyo; hindi ko na lilipulin ang lahat ng mga tao sa pamamagitan ng tubig ng baha at hindi na magkakaroon pa ng bahang magwawasak ng lupa.” ¹²Sinabi ng Diyos, “Ito ang tanda ng tipang gagawin ko sa inyo, at sa bawat nilalang na may buhay na kasama ninyo sa buong panahon. ¹³Inilagay ko ang aking bahaghari sa ulap, at ito ay magiging tanda ng tipan ko at ng lupa. ¹⁴At kapag tinipon ko ang mga ulap sa ibabaw ng lupa, ang bahaghari ay makikita sa ulap. ¹⁵Aalalahanin ko ang aking tipan sa inyo, at sa bawat nilalang na may buhay; at ang tubig ay hindi na magiging bahang lilipol ng lahat ng nabubuhay. ¹⁶Kapag ang bahaghari ay nasa ulap, ito ay aking makikita at maaalala ang walang hanggang tipan sa pagitan ng Diyos at ng bawat nilalang

na may buhay na nasa ibabaw ng lupa.”¹⁷ Sinabi ng Diyos kay Noe, “Ito ang tanda ng tipan na aking itinatag sa lahat ng nabubuhay na nasa ibabaw ng lupa.”

2. Ipinahihiwatig din nito na si Kristo ang Isa na magpapatupad ng paghahatol ayon sa Diyos na nakaupo sa trono na may bahaghari sa palibot nito—Apoc. 4:2-3.

Apoc. 4:2-3 Kaagad ako ay nasa espiritu; at narito, may isang tronong nakalagay sa langit, at sa ibabaw ng trono ay may Isang nakaupo; ³At Siya na nakaupo ay tulad sa anyo ng isang batong jasper at sardio, at sa palibot ng trono ay may bahagharing tulad sa anyo ng isang esmeralda.

3. Inihahayag ng aklat ng Apocalipsis na hahatulan ng Diyos ang lupa at ang lahat ng naninirahan dito.
4. Ang bahaghari sa palibot ng Kanyang trono ay sumasagisag na ang Diyos ay ang nakikipagtipang Diyos, ang tapat na Diyos, na mag-iingat sa Kanyang tipan habang ipinatutupad ang Kanyang paghahatol sa lupa.
5. Hindi na Niya muling hahatulan ang sangkatauhan sa pamamagitan ng baha ni lilipulin ang buong sangkatauhan, kundi magtitira Siya ng isang bahagi ng sangkatauhan upang maging mga bansa sa bagong lupa para sa Kanyang kaluwalhatian—21:24, 26.

Apoc. 21:24 At lalakad ang mga bansa sa pamamagitan ng liwanag nito; at dadalhin ng mga hari sa lupa ang kanilang kaluwalhatian sa loob nito.

Apoc. 21:26 At dadalhin nila ang kaluwalhatian at ang karangalan ng mga bansa sa loob nito.

- E. “Ang Kanyang mukha ay gaya ng araw, at ang Kanyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy”—10:1d:

Apoc. 10:1d At nakita ko ang isa pang malakas na Anghel na bumababa mula sa langit, na nadaramtan ng ulap; at ang bahaghari ay nasa Kanyang ulo, at ang Kanyang mukha ay gaya ng araw, at ang Kanyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy.

1. Sa nalalapit na panahon ng Kanyang hayag na pagdating sa mga tao sa lupa, si Kristo ay magiging gaya ng araw, hindi gaya ng tala sa umaga, na nagpapakita bago ang pinakamadilim na oras, bago magbukang-liwayway, sa mga umiibig sa Kanya at naghihintay sa Kanya.
2. Ang apoy sa bersikulo 1 ay sumasagisag sa kabanalan ng Diyos (Exo. 19:18; Heb. 12:29), na ayon dito ay isasagawa ni Kristo ang Kanyang paghahatol sa lupa.

Apoc. 10:1 At nakita ko ang isa pang malakas na Anghel na bumababa mula sa langit, na nadaramtan ng ulap; at ang bahaghari ay nasa Kanyang ulo, at ang Kanyang mukha ay gaya ng araw, at ang Kanyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy.

Exo. 19:18 Ang buong bundok ng Sinai ay nabalot sa usok, sapagkat [si Jehovah] ay bumaba sa ibabaw niyon na nasa apoy; at ang usok niyon ay pumailanglang na parang usok ng isang hurno, at nayanig nang malakas ang buong bundok.

Heb. 12:29 Sapagkat ang ating Diyos ay isa ring tumutupok na apoy.

- F. “Itinuntong Niya ang Kanyang kanang paa sa dagat at ang kaliwa sa lupa”—Apoc. 10:2b:

Apoc. 10:2b At sa Kanyang kamay ay may maliit na bukás na balumbon. At itinuntong Niya ang Kanyang kanang paa sa dagat at ang kaliwa sa lupa.

1. Ang pagtuntong ni Kristo ng Kanyang mga paa sa dagat at sa lupa ay ang Kanyang pagtapak sa mga ito, at ang tapakan ang mga ito ay ang angkinin ang mga ito—Deut. 11:24; Jos. 1:3; Awit. 8:6-8.

Deut. 11:24 Bawat dakong matuntungan ng talampakan ng inyong paa ay magiging inyo; ang inyong magiging sakop ay mula sa ilang hanggang sa Lebanon, mula sa ilog, sa Ilog Eufrates, hanggang sa dagat kanluran.

Jos. 1:3 Bawat dakong tuntungan ng talampakan ng inyong paa ay naibigay ko na sa inyo, gaya ng sinabi ko kay Moises.

Awit 8:6-8 Binigyan mo siya ng kapamahalaan sa mga gawa ng iyong mga kamay; / Sa ilalim ng kanyang mga paa ay inilagay mo ang lahat ng mga bagay: ⁷Lahat ng tupa at baka, / Gayundin ang mga hayop sa parang, ⁸ang mga ibon sa himpapawid, at ang mga isda sa dagat, / Anumang nagdaraan sa mga daanan ng dagat.

2. Ipinahihiwatig nito na si Kristo ay bababa upang angkinin ang lupa.
3. Tanging Siya ang karapat-dapat magbukas ng balumbon ng ekonomiya ng Diyos, at tanging Siya ang kuwalipikadong umangkin sa lupa.

G. “Sumigaw Siya nang may malakas na tinig gaya ng leon na umaatungal”—Apoc. 10:3a:

Apoc. 10:3a At sumigaw Siya nang may malakas na tinig gaya ng leon na umaatungal. At nang sumigaw Siya, ang pitong kulog ay nagpahugong ng kani-kanilang mga tinig.

1. Ang pag-atungal ng isang leon ay maihahalintulad sa poot ng isang hari—Kaw. 19:12; 20:2.
Kaw. 19:12 Ang poot ng hari ay parang ungal ng leon, / Ngunit parang hamog sa damo ang kanyang pagsang-ayon.

Kaw. 20:2 Ang matinding poot ng hari ay parang ungal ng leon; / Ang gumagalit sa kanya ay nagkakasala laban sa kanyang buhay.

2. Ipinahihiwatig nito na si Kristo, bilang Hari ng lupa, ay napukaw sa pagkapoot.

III. “Ang hiwaga ng Diyos ay tapos na”—Apoc. 10:7b:

Apoc. 10:7b Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel kapag malapit na siyang magtrumpeta, kung magkagayon ang hiwaga ng Diyos ay tapos na, ayon sa magandang balita na Kanyang ipinahayag sa Kanyang mga alipin na mga propeta.

- A. Sa mga kapanahunan mula kay Adam hanggang kay Moises at mula kay Moises hanggang kay Kristo, ang lahat ng bagay ay nahayag, naipakita, at walang hiwaga.
- B. Sa kapanahunan ng milenyal na kaharian at sa bagong langit at bagong lupa, ang lahat ng bagay ay mahahayag, at wala nang magiging hiwaga pa.
- C. Sa kapanahunan mula kay Kristo hanggang sa milenyal na kaharian—ang kapanahunan ng ekklesia, ang kapanahunan ng biyaya—ang lahat ng bagay ay isang hiwaga:

1. Ang pagkakatawang-tao ni Kristo, bilang simula ng kapanahunan ng hiwaga, ay isang hiwaga—1 Tim. 3:16:

1 Tim. 3:16 At walang alinlangan, dakila ang hiwaga ng pagkamakadiyos: Siya na nahayag sa laman, Inaring-matuwid sa Espiritu, Nakita ng mga anghel, Ipinangaral sa mga bansa, Sinampalatayanan sa sanlibutan, Iniakyat sa kaluwalhatian.

- a. Sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao ni Kristo, ang walang-hangganang Diyos ay dinala tungo sa isang taong may hangganan.
 - b. Ang buong Diyos, hindi lamang ang Diyos Anak, ay nagkakatawang-tao; kaya, si Kristo sa pagkakatawang-tao ay ang buong Diyos na nahayag sa laman.
2. Si Kristo ay ang hiwaga ng Diyos—Col. 2:2:

Col.2:2 Upang maaliw ang kanilang mga puso, sila na magkakasamang pinaglalakip sa pag-ibig at tungo sa lahat ng kayamanan ng lubos na katiyakan ng pagkaunawa, tungo sa lubos na kaalaman hinggil sa hiwaga ng Diyos, si Kristo.

- a. Ang Diyos ay isang hiwaga, at si Kristo, bilang pagsasakatawan ng Diyos upang ihayag Siya, ay ang hiwaga ng Diyos.
- b. Bilang hiwaga ng Diyos, si Kristo ay ang pagsasakatawan ng Diyos, pagpapakahulugan ng Diyos, at pagpapaliwanag ng Diyos; ang lahat ng nilalayong gawin ng Diyos ay may kaugnayan kay Kristo.

- c. Kay Kristo ay naninirahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa katawan; yaon ay, naninirahan ang kapuspusan ng Tres-unong Diyos kay Kristo sa anyo ng katawan—b. 9.
Col. 2:9 Sapagkat sa Kanya ay naninirahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa katawan.
3. Ang ekklesia ay ang hiwaga ni Kristo—Efe. 3:4-6:
Efe. 3:4-6 Sa pamamagitan niyaon, sa pagbasa nito, ay matatalastas ninyo ang aking pagkaunawa sa hiwaga ni Kristo, ⁵Na sa ibang henerasyon ay hindi ipinaalam sa mga anak ng mga tao, gaya ng pagkakahayag nito ngayon sa Kanyang banal na mga apostol at mga propeta sa espiritu, ⁶Na sa loob ni Kristo Hesus ang mga Hentil ay mga kapwa tagapagmana at mga kapwa sangkap ng Katawan at mga kapwa bumabahagi sa pangako sa pamamagitan ng ebanghelyo.
 - a. Si Kristo ay isang hiwaga, at ang ekklesia, bilang Katawan ni Kristo upang ihayag Siya, ay ang hiwaga ni Kristo.
 - b. Ang hiwagang ito ay ang ekonomiya ng Diyos, na ipamahagi si Kristo, bilang pagsasakatawan ng Diyos, tungo sa piniling bayan ng Diyos upang maibunga ang isang Katawan upang maging pagpaparami ng pagsasakatawan ng Diyos kay Kristo, upang ang Diyos ay magkaroon ng isang sama-samang kahayagan.
 - c. Si Kristo at ang ekklesia bilang isang espiritu ay ang dakilang hiwaga—5:32.
Efe. 5:32 Ang hiwagang ito ay dakila, subalit ako ay nagsasalita tungkol kay Kristo at sa ekklesia.
4. Ang kaharian ng kalangitan (Mat. 13:11), ang ebanghelyo (Efe. 6:19), ang paninirahan sa loob ni Kristo (Col. 1:27), at ang darating na pagkabuhay na muli at pagbabagong-anyo ng mga banal bilang katapusan ng kapanahunan ng hiwaga (1 Cor. 15:51-52) ay pawang mga hiwaga.
Mat. 13:11 At sumagot Siya at sinabi sa kanila, Sapagkat sa inyo ay ipinagkaloob na malaman ang mga hiwaga ng kaharian ng kalangitan, subalit ito ay hindi ipinagkaloob sa kanila.
Efe. 6:19 At para sa akin, na ako ay pagkalooban ng pananalita sa pagbukas ng aking bibig, upang ipaalam nang may katapangan ang hiwaga ng ebanghelyo.
Col. 1:27 Sa kanila ay niloob ng Diyos na ipaalam kung ano ang kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Hentil, na ito ay si Kristong nasa loob ninyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian.
1 Cor. 15:51-52 Narito, may sasabihin akong isang hiwaga sa inyo: Hindi tayong lahat ay matutulog, ngunit tayong lahat ay babaguhin, ⁵²Sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling trumpeta; sapagkat tutunog ang trumpeta, at ang mga patay ay ibabangong walang kabulukan, at tayo ay babaguhin.
5. Sa pagtunog ng ikapitong trumpeta, ang lahat ng hiwagang ito ay makukumpleto; kaya, ang hiwaga ng Diyos ay matatapos.

Mensahe Pito

**Ang Pagsasalita ng Espiritu sa mga Ekklesia,
ang Isa na may Susi ni David,
at ang Isa na Kakain na Kasalo ang mga Mandaraig**

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 3:7-22

Apoc. 3:7-22 At sa sugo ng ekklesia sa Filadelfia ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Banal na Isa, ng totoong Isa, ng Isa na may susi ni David, ang Isa na nagbubukas at walang sinumang makapagsasara, at nagsasara at walang sinumang makapagbubukas: ⁸Alam Ko ang iyong mga gawa; narito, inilagay Ko sa harapan mo ang isang bukás na pinto na walang sinumang makapagsasara, sapagkat ikaw ay may kaunting kapangyarihan at tinupad mo ang Aking salita at hindi mo ikinaila ang Aking pangalan. ⁹Narito, gagawin Ko yaong mga nasa sinagoga ni Satanas, yaong mga nagsasabing sila ay mga Hudyo at hindi naman, kundi nagsisinungaling—narito, sasanhiin Ko silang pumunta at magpatirapa sa iyong paanan at malaman na ikaw ay Aking inibig. ¹⁰Sapagkat tinupad mo ang salita ng Aking pagtitiis, ikaw naman ay Aking iingatan sa panahon ng pagsubok, na paparating sa buong pinananahanang lupa, upang subukin ang mga naninirahan sa ibabaw ng lupa. ¹¹Ako ay darating kaagad; panghawakan mong matibay ang nasa iyo upang huwag kunin ninuman ang iyong putong. ¹²Ang nananaig ay gagawin Kong haligi sa templo ng Aking Diyos, at hindang-hindi siya lalabas pa roon, at isusulat Ko sa kanya ang pangalan ng Aking Diyos at ang pangalan ng lunsod ng Aking Diyos, ang Bagong Herusalem, na bumababa buhat sa langit mula sa Aking Diyos, at ang Aking bagong pangalan. ¹³Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. ¹⁴At sa sugo ng ekklesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Amen, ang Saksing tapat at totoo, ang pasimula ng paglikha ng Diyos: ¹⁵Alam Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig ni mainit man; ibig Ko sanang ikaw ay malamig o mainit. ¹⁶Kaya, dahil ikaw ay malahininga at hindi mainit ni malamig man, malapit na kitang isuka mula sa Aking bibig. ¹⁷Sapagkat sinasabi mo, Ako ay mayaman at naging masagana at hindi ako nangangailangan ng anuman, at hindi mo nalalamang ikaw ay baba at miserable at dukha at bulag at hubad, ¹⁸Ipinapayo Ko sa iyo na bumili ka sa Akin ng gintong dinalisay ng apoy upang ikaw ay yumaman, at ng mga puting damit upang ikaw ay madamtan at upang hindi mahayag ang kahihiyan ng iyong kahubaran, at ng pamahid sa mata upang pahiran ang iyong mga mata nang sa gayon ay makakita ka. ¹⁹Ang lahat ng Aking iniibig ay Aking sinasaway at dinidisciplina; ikaw nga ay magsikap at magsisi. ²⁰Narito, Ako ay nakatayo sa pintuan at kumakatok; kung maririnig ng sinuman ang Aking tinig at magbubukas ng pinto, Ako ay papasok sa kanya at kakain na kasalo niya at siya na kasalo Ko. ²¹Ang nananaig ay pagkakalooban Ko na umupong kasama Ko sa Aking trono, gaya Ko naman na nanaig at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang trono. ²²Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia.

I. Si Kristo sa Apocalipsis 2 at 3 ay ang Espiritu na nagsasalita sa lahat ng ekklesia:

- A. Sa Apocalipsis 2 at 3, ang pagsasalita ng di-nalilimitahan, nagpapalaya ng buhay, pitong ulit na pinatindi, malahanging Kristo sa pitong ekklesia sa simula ng bawat liham ayon sa pagkakasunod (2:1, 8, 12, 18; 3:1, 7, 14) ay nagiging ang pansansinukob na pagsasalita ng pitong ulit na pinatindi, nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay sa lahat ng pitong ekklesia sa katapusan ng bawat liham (2:7, 11, 17, 29; 3-6, 13, 22).

Apoc. 2:1 Sa sugo ng ekklesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may hawak ng pitong bituin sa Kanyang kanang kamay, Siya na lumalakad sa gitna ng pitong gintong patungan ng ilawan.

Apoc. 2:8 At sa sugo ng ekklesia sa Esmirna ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Una at ng Huli, na namatay at muling nabuhay.

Apoc. 2:12 At sa sugo ng ekklesia sa Pergamo ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may matalas na tabak na may dalawang talim.

Apoc. 2:18 At sa sugo ng ekklesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Diyos, Siya na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang Kanyang mga paa ay gaya ng tansong binuli.

Apoc. 3:1 At sa sugo ng ekklesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi Niya na may pitong Espiritu ng Diyos at may pitong bituin: Alam Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalan na ikaw ay buháy, ngunit ikaw ay patay.

Apoc. 3:7 At sa sugo ng ekklesia sa Filadelfia ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Banal na Isa, ng totoong Isa, ng Isa na may susi ni David, ang Isa na nagbubukas at walang sinumang makapagsasara, at nagsasara at walang sinumang makapagbubukas.

Apoc. 3:14 At sa sugo ng ekklesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Amen, ang Saksing tapat at totoo, ang pasimula ng paglikha ng Diyos.

Apoc. 2:7 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

Apoc. 2:11 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay hindang-hindi masasaktan ng ikalawang kamatayan.

Apoc. 2:17 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Sa kanya na nananaig, sa kanya ay magbibigay Ako ng natatagong manna, at sa kanya ay magbibigay Ako ng isang puting bato, at sa ibabaw ng bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakaaalam kundi yaong tumatanggap nito.

Apoc. 2:29 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia.

Apoc. 3:6 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia.

Apoc. 3:13 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia.

Apoc. 3:22 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia.

- B. Kaya, ang nagsasalitang Kristo ay nagiging ang nagsasalitang Espiritu, ang Espiritu na nagsasalita sa lahat ng ekklesia; nagsasalita si Kristo sa isang partikular na ekklesia-lokal, at nagsasalita ang Espiritu sa pansansinukob na Katawan.
- C. Hindi lamang nito ipinahihwatig na ang Espiritu ay ang Panginoon at ang Panginoon ay ang Espiritu, bagkus binibigyang-diin din nito na sa kadiliman ng pagbaba ng ekklesia ang Espiritu ay mahalagang-mahalaga, gaya ng ipinahihwatig ng pitong ulit na pinatinding Espiritu sa 1:4.

Apoc. 1:4 Si Juan sa pitong ekklesia na nasa Asia: Sumainyo ang biyaya at kapayapaang mula sa Kanya na siyang ngayon at siyang noon at siyang darating, at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kanyang trono.

- D. Ang pitong liham sa Apocalipsis 2 at 3 ay mga salitang sinalita ng Panginoong Hesus, subalit ngayon kapag binabasa natin ang mga ito, ang pitong Espiritu ng Diyos ang nagsasalita ng mga salitang ito sa atin sa ating espiritu para sa layunin ng ekonomiya ng Diyos; ang salita ng Panginoon sa simula ng bawat liham ay para sa isang tiyak na ekklesia-lokal, subalit kapag binasa ito ng mga tao mula sa lahat ng kapanahunan, ito ay nagiging pagsasalita ng Espiritu sa lahat ng ekklesia.
- E. Palagi tayong ibinabaling ng pagsasalita ng Espiritu tungo sa paglalalin ng Kristo; ang pagsasalita ng Espiritu ay ang paglalalin ni Kristo—cf. 2 Cor. 3:16-18:

Cf. 2 Cor. 3:16-18 Ngunit sa tuwing bumabaling ang kanilang puso sa Panginoon, ang talukbong ay naaalis. ¹⁷At ang Panginoon ay ang Espiritu; at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan. ¹⁸Ngunit tayong lahat na walang talukbong

ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

1. Sa tuwing nakikinig tayo sa pagsasalita ng pitong Espiritu ng Diyos sa mga ekklesia, tayo ay kaagad nasa ilalim ng mahalaga, matamis, at minamahal na pagsasalin, isang paglalalin na bumabago sa atin, nagtatransporma sa atin, ginagawa tayong wastong materyales, at nagtatayo sa atin tungo sa pagtatayo ng Diyos.
2. Anumang kailangang mapunta sa dagat-dagatang apoy ay sinusunog ng pitong ilawan (Apoc. 4:5), at tayo ngayon ay nasa ilalim ng pitong mata (5:6), nalalalanan ng lahat ng kung ano si Kristo upang tayo ay maging bahagi ng Bagong Herusalem.

Apoc. 4:5 At mula sa trono ay lumalabas ang mga kidlat at mga tinig at mga kulog. At may pitong ilawang apoy na nagliliyab sa harap ng trono, na siyang pitong Espiritu ng Diyos.

Apoc. 5:6 At nakita ko sa gitna ng trono at ng apat na buhay na nilalang at sa gitna ng mga matanda ang isang Korderong nakatayo na kapapatay pa lamang, may pitong sungay at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos na isinugo sa buong lupa.

- F. Bagama't ang mga mananampalataya sa mga ekklesia ay nasa posisyon upang marinig ang pagsasalita ng Espiritu at sa gayon ay madaling magkaroon ng mga taingang makarinig, hindi lahat sa kanila ay susunod nang maigi sa Kanyang pagsasalita; kaya, may pagtawag para sa mga mandaraig.

- G. Ang mga may tainga upang makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia ay dapat makinig, at ang mga nakikinig ay magiging mga mandaraig:

1. Palaging ninanais ng Panginoon na buksan ang ating mga tainga upang makinig sa Kanyang tinig nang sa gayon ay makita natin ang mga bagay ayon sa Kanyang ekonomiya—Job 33:14-16; Isa. 50:4-5; Exo. 21:6.

Job 33:14-16 Sapagkat ang Diyos ay nagsasalita sa isang paraan, at sa dalawa, bagaman sa tao'y hindi ito nauunawaan. ¹⁵Sa isang panaginip, sa isang pangitain sa gabi, kapag ang mahimbing na pagkakaidlip ay dumating sa mga tao, habang sila'y natutulog sa kanilang mga higaan, ¹⁶kung magkagayo'y ang mga tainga ng mga tao'y binubuksan niya, at sa mga babala'y tinatakot sila.

Isa. 50:4-5 Binigyan ako ng Panginoong [Jehovah] ng dila ng mga naturuan, upang aking malaman kung paanong aalalayan ng mga salita ang nanlulupaypay. Siya'y nagigising tuwing umaga, ginigising niya ang aking pandinig upang makinig na gaya ng mga naturuan. ⁵Binuksan ng Panginoong [Jehovah] ang aking pandinig, at ako'y hindi naging mapaghimsik, o tumalikod man.

Exo. 21:6 Ay dadalhin siya ng kanyang amo sa Diyos, dadalhin siya sa pinto, o sa haligi ng pinto, at bubutasan ng kanyang amo ang kanyang tainga ng isang pambutas; at siya'y maglilingkod sa kanya habambuhay.

2. Ang mabibigat na tainga ay kailangang tuliin—Jer. 6:10; Gawa 7:51.

Jer. 6:10 Kanino ako magsasalita at magbibigay ng babala, upang sila'y makinig? Ang kanilang mga tainga ay nakapinid, at hindi sila makarinig: Narito, ang salita [ni Jehovah] sa kanila ay kadustaan; ito'y hindi nila kinaluluguran.

Gawa 7:51 Kayong matitigas ang ulo at di-tuli sa mga puso at mga tainga, lagi ninyong sinasalungat ang Espiritu Santo; gaya ng ginawa ng inyong mga magulang, gayundin ang ginagawa ninyo.

3. Ang mga tainga ng mga makasalanan ay kailangang malinisan ng nagtutubos na dugo at mapahiran ng Espiritu—Lev. 14:14, 17, 28.

Lev. 14:14 Ang saserdote ay kukuha ng dugo ng handog para sa budhing maysala at ilalagay niya sa dulo ng kanang tainga, sa hinlalaki ng kanang kamay, at sa hinlalaki ng kanang paa ng taong lilinisin.

Lev. 14:17 Mula sa nalabing langis na nasa kanyang kamay ay maglalagay ang saserdote ng dugo sa dulo ng kanang tainga, sa hinlalaki ng kanang kamay, at sa hinlalaki ng kanang paa ng taong lilinisin, sa ibabaw ng dugo ng handog para sa budhing maysala.

Lev. 14:28 At ilalagay ng saserdote ang langis na nasa kanyang kamay sa dulo ng kanang tainga, at hinlalaki ng kanang kamay, at sa hinlalaki ng kanang paa ng taong lilinisin sa ibabaw ng pinaglagyan ng dugo ng handog para sa budhing maysala.

4. Upang makapaglingkod sa Panginoon bilang mga saserdote, kailangang malinisan ang ating mga tainga ng nagtutubos na dugo—Exo. 29:20; Lev. 8:23-24.

Exo. 29:20 Papatayin mo ang tupa, kukunin mo ang dugo, at ilalagay mo sa dulo ng kanang tainga ni Aaron, at sa dulo ng kanang tainga ng kanyang mga anak, at sa hinlalaki ng kanilang kanang kamay, at sa hinlalaki ng kanilang kanang paa, at iwiwisik mo ang natirang dugo sa ibabaw ng altar sa palibot.

Lev. 8:23-24 Lyon ay pinatay ni Moises at kumuha siya ng kaunting dugo at nilagyan ang dulo ng kanang tainga ni Aaron, ang hinlalaki ng kanyang kanang kamay at ng kanang paa. ²⁴Pinalapit naman ang mga anak ni Aaron, at nilagyan ni Moises ng dugo ang dulo ng kanilang kanang tainga, ang hinlalaki ng kanilang kanang kamay at ng kanang paa; at iwinisik ni Moises ang dugo sa palibot ng altar.

5. Habang nagsasalita ang Espiritu sa mga ekklesia, kailangan nating lahat ng bukás, natuli, nalinisan, at napahirang tainga upang marinig ang pagsasalita ng Espiritu.
- H. Ang pagsasalita ng Espiritu ay patungkol sa pitong uri ng mga ekklesia sa kasaysayan ng ekklesia: ang naunang ekklesia (Efeso), ang nagdurusang ekklesia (Esmirna), ang makasanlibutang ekklesia (Pergamo), ang apostatang ekklesia (Tiatira), ang narepormang ekklesia (Sardis), ang nabawing ekklesia (Filadelfia), at ang napababang nabawing ekklesia (Laodicea):
1. Ang huling apat na uri ng ekklesia ay mananatili lahat hanggang sa bumalik ang Panginoon.
 2. Walang alinlangan, tanging ang nabawing ekklesia ang makapagsasakatuparan ng walang hanggang layunin ng Diyos, at tanging siya ang hinahangad ng Panginoon; kailangan nating kunin ang pinili ng Panginoon.
 3. Ang Laodicea ay isang nabaluktot na Filadelfia, na may pagkamalahininga at espiritwal na kapalaluan—Apoc. 3:14-17.
 4. **Apoc. 3:14-17** At sa sugo ng ekklesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Amen, ang Saksing tapat at totoo, ang pasimula ng paglikha ng Diyos: ¹⁵Alam Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig ni mainit man; ibig Ko sanang ikaw ay malamig o mainit. ¹⁶Kaya, dahil ikaw ay malahininga at hindi mainit ni malamig man, malapit na kitang isuka mula sa Aking bibig. ¹⁷Sapagkat sinasabi mo, Ako ay mayaman at naging masagana at hindi ako nangangailangan ng anuman, at hindi mo nalalamang ikaw ay baba at miserable at dukha at bulag at hubad.
 - a. Ang Laodicea ay nangangahulugang alam ang lahat ng bagay ngunit sa realidad ay maging maningas sa wala; sa pangalan ay taglay nito ang lahat ng bagay, ngunit hindi nito kayang isakripisyo ang buhay nito para sa anumang bagay; naaalaala nito ang dati nitong kaluwalhatian ngunit nalilimutan ang kasalukuyan nitong kalagayan sa harap ng Diyos.

- b. Kung ninanais nating magpatuloy sa daan ng Filadelfia, kailangan nating tandaan na magpakumbaba sa harap ng Diyos—cf. Bb. 7-22; Isa. 57:15; 66:1-2.
- c. **Cf. Apoc. 3:7-22** At sa sugo ng ekklesia sa Filadelfia ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Banal na Isa, ng totoong Isa, ng Isa na may susi ni David, ang Isa na nagbubukas at walang sinumang makapagsasara, at nagsasara at walang sinumang makapagbubukas: ⁸Alam Ko ang iyong mga gawa; narito, inilagay Ko sa harapan mo ang isang bukás na pinto na walang sinumang makapagsasara, sapagkat ikaw ay may kaunting kapangyarihan at tinupad mo ang Aking salita at hindi mo ikinaila ang Aking pangalan. ⁹Narito, gagawin Ko yaong mga nasa sinagoga ni Satanas, yaong mga nagsasabing sila ay mga Hudyo at hindi naman, kundi nagsisinungaling—narito, sasanhiin Ko silang pumunta at magpatirapa sa iyong paanan at malaman na ikaw ay Aking inibig. ¹⁰Sapagkat tinupad mo ang salita ng Aking pagtitiis, ikaw naman ay Aking iingatan sa panahon ng pagsubok, na paparating sa buong pinananahanang lupa, upang subukin ang mga naninirahan sa ibabaw ng lupa. ¹¹Ako ay darating kaagad; panghawakan mong matibay ang nasa iyo upang huwag kunin ninuman ang iyong putong. ¹²Ang nananaig ay gagawin Kong haligi sa templo ng Aking Diyos, at hindang-hindi siya lalabas pa roon, at isusulat Ko sa kanya ang pangalan ng Aking Diyos at ang pangalan ng lunsod ng Aking Diyos, ang Bagong Herusalem, na bumababa buhat sa langit mula sa Aking Diyos, at ang Aking bagong pangalan. ¹³Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. ¹⁴At sa sugo ng ekklesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Amen, ang Saksing tapat at totoo, ang pasimula ng paglikha ng Diyos: ¹⁵Alam Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig ni mainit man; ibig Ko sanang ikaw ay malamig o mainit. ¹⁶Kaya, dahil ikaw ay malahininga at hindi mainit ni malamig man, malapit na kitang isuka mula sa Aking bibig. ¹⁷Sapagkat sinasabi mo, Ako ay mayaman at naging masagana at hindi ako nangangailangan ng anuman, at hindi mo nalalamang ikaw ay baba at miserable at dukha at bulag at hubad, ¹⁸Ipinapayo Ko sa iyo na bumili ka sa Akin ng gintong dinalisay ng apoy upang ikaw ay yumaman, at ng mga puting damit upang ikaw ay madamtan at upang hindi mahayag ang kahihiyan ng iyong kahubaran, at ng pamahid sa mata upang pahiran ang iyong mga mata nang sa gayon ay makakita ka. ¹⁹Ang lahat ng Aking iniibig ay Aking sinasaway at dinidisciplina; ikaw nga ay magsikap at magsisi. ²⁰Narito, Ako ay nakatayo sa pintuan at kumakatok; kung maririnig ng sinuman ang Aking tinig at magbubukas ng pinto, Ako ay papasok sa kanya at kakain na kasalo niya at siya na kasalo Ko. ²¹Ang nananaig ay pagkakalooban Ko na umupong kasama Ko sa Aking trono, gaya Ko naman na nanaig at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang trono. ²²Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia.
- d. **Isa. 57:15** Sapagkat ganito ang sabi ng Mataas at Matayog na tumatahan sa walang hanggan, na ang pangalan ay Banal: “Ako’y naninirahan sa mataas at banal na dako, at gayundin sa may pagsisisi at mapagpakumbabang-loob, upang buhayin ang loob ng mapagpakumbaba, at upang buhayin ang puso ng may pagsisisi.
- e. **Isa. 66:1-2** Ganito ang sabi [ni Jehovah]: “Ang langit ay aking trono, at ang lupa ay aking tuntungan. Ano ang bahay na inyong itatayo para sa akin? At ano ang dako ng aking pahingahan? ²Sapagkat lahat ng mga bagay na ito ay nilikha ng aking

kamay, kaya't nangyari ang lahat ng mga bagay na ito, sabi [ni Jehovah]. Ngunit ito ang taong aking titingnan, siya na mapagpakumbaba at may nagsisising diwa, at nanginginig sa aking salita.

II. Sa nabawing ekklesia (Filadelfia), si Kristo ay nakikita bilang Isa na sa Kanyang balikat ay nakaatang ang susi ng (kabang-yaman ng) bahay ng Diyos (isinasagisag ng bahay ni David para sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos)—22:22; Apoc. 3:7:

Isa. 22:22 Ang katungkulan sa sambahayan ni David ay iaatang ko sa kanyang balikat; at siya'y magbubukas, at walang makapagsasara; at siya'y magsasara, at walang makapagbubukas.

Apoc. 3:7 At sa sugo ng ekklesia sa Filadelfia ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Banal na Isa, ng totoong Isa, ng Isa na may susi ni David, ang Isa na nagbubukas at walang sinumang makapagsasara, at nagsasara at walang sinumang makapagbubukas.

- A. Sa nabawing ekklesia, si Kristo ang Isa na may susi ni David, ang susi ng kaharian, na may awtoridad na magbukas at magsara; ibinigay ng Panginoon sa nabawing ekklesia sa loob ng isang puso't kaisipan ang bukás na pinto na walang sinumang makapagsasara—b. 8; cf. Awit 133.

Apoc. 3:8 Alam Ko ang iyong mga gawa; narito, inilagay Ko sa harapan mo ang isang bukás na pinto na walang sinumang makapagsasara, sapagkat ikaw ay may kaunting kapangyarihan at tinupad mo ang Aking salita at hindi mo ikinaila ang Aking pangalan.

Cf. Awit 133 Narito, napakabuti at napakaligaya kapag ang magkakapatid ay samasamang namumuhay na nagkakaisa! ²Ito'y gaya ng mahalagang langis sa ulo, na tumutulo sa balbas, sa balbas ni Aaron tumutulo sa laylayan ng kanyang damit! ³Ito ay gaya ng hamog sa Hermon, na pumapatak sa mga bundok ng Zion! Sapagkat doon iniutos [ni Jehovah] ang pagpapala, ang buhay magpakailanman.

- B. Binubuksan ng susi ni David ang pinto upang tayo ay matransporma tungo sa isang puting bato at maitayo tungo sa bahay ng Diyos bilang isang haligi na may pangalan ng Diyos, pangalan ng Bagong Herusalem, at bagong pangalan ng Panginoon—Apoc. 2:17; 3:12:

Apoc. 2:17 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Sa kanya na nananaig, sa kanya ay magbibigay Ako ng natatagong manna, at sa kanya ay magbibigay Ako ng isang puting bato, at sa ibabaw ng bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakaaalam kundi yaong tumatanggap nito.

Apoc. 3:12 Ang nananaig ay gagawin Kong haligi sa templo ng Aking Diyos, at hindinhindi siya labas pa roon, at isusulat Ko sa kanya ang pangalan ng Aking Diyos at ang pangalan ng lunsod ng Aking Diyos, ang Bagong Herusalem, na bumababa buhat sa langit mula sa Aking Diyos, at ang Aking bagong pangalan.

1. Ang maitayo tayo tungo sa Diyos, maging bumubuong-sangkap ng Bagong Herusalem, at maging bahagi ng bagong Kristo ay imposible sa tao, subalit ang kautusan ng Espiritu ng buhay sa loob natin ay naglalaman ng elemento na tumutuos sa imposibilidad—Roma 8:2; Apoc. 3:7-13; cf. Gen. 28:12-19; Juan 1:51.

Roma 8:2 Sapagkat ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay nagpalaya sa akin sa loob ni Kristo Hesus mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.

Apoc. 3:7-13 At sa sugo ng ekklesia sa Filadelfia ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Banal na Isa, ng totoong Isa, ng Isa na may susi ni David, ang Isa na nagbubukas at walang sinumang makapagsasara, at nagsasara at walang sinumang makapagbubukas: ⁸Alam Ko ang iyong mga gawa; narito, inilagay Ko sa harapan mo ang isang bukás na pinto na walang sinumang makapagsasara, sapagkat ikaw ay may

kaunting kapangyarihan at tinupad mo ang Aking salita at hindi mo ikinaila ang Aking pangalan. ⁹Narito, gagawin Ko yaong mga nasa sinagoga ni Satanas, yaong mga nagsasabing sila ay mga Hudyo at hindi naman, kundi nagsisinungaling—narito, sasanhiin Ko silang pumunta at magpatirapa sa iyong paanan at malaman na ikaw ay Aking inibig. ¹⁰Sapagkat tinupad mo ang salita ng Aking pagtitiis, ikaw naman ay Aking iingatan sa panahon ng pagsubok, na paparating sa buong pinananahanang lupa, upang subukin ang mga naninirahan sa ibabaw ng lupa. ¹¹Ako ay darating kaagad; panghawakan mong matibay ang nasa iyo upang huwag kunin ninuman ang iyong putong. ¹²Ang nananaig ay gagawin Kong haligi sa templo ng Aking Diyos, at hinding-hindi siya lalabas pa roon, at isusulat Ko sa kanya ang pangalan ng Aking Diyos at ang pangalan ng lunsod ng Aking Diyos, ang Bagong Herusalem, na bumababa buhat sa langit mula sa Aking Diyos, at ang Aking bagong pangalan. ¹³Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia.

Cf. Gen. 28:12-19 Siya ay nanaginip na may isang hagdan na nakalagay sa lupa, na ang dulo ay umaabot sa langit, at ang mga anghel ng Diyos ay nagmamamhik-manaog doon. ¹³At [si Jehovah] ay tumayo sa tabi niya at nagsabi, “Ako [si Jehovah], ang Diyos ni Abraham na iyong ama, at ang Diyos ni Isaac. Ang lupang kinahihigaan mo ay ibibigay ko sa iyo at sa iyong binhi. ¹⁴Ang iyong binhi ay magiging parang alabok sa lupa, at ikaw ay kakalat sa kanluran, silangan, hilaga, at sa timog at ang lahat ng angkan sa lupa ay pagpapalain sa pamamagitan mo at ng iyong binhi. ¹⁵Alamin mo na ako’y kasama mo at iingatan kita saan ka man pumunta, at ibabalik kita sa lupaing ito sapagkat hindi kita iiwan hanggang hindi ko nagagawa ang ipinangako ko sa iyo.” ¹⁶Nagising si Jacob sa kanyang panaginip at sinabi, “Tunay na [si Jehovah] ay nasa lugar na ito at hindi ko iyon nalalaman.” ¹⁷Siya’y natakot, at kanyang sinabi, “Kakila-kilabot ang lugar na ito! Ito’y walang iba kundi ang bahay ng Diyos, at ito ang pintuan ng langit.” ¹⁸Kinaumagahan, si Jacob ay maagang bumangon at kinuha ang batong kanyang inilagay sa ulunan niya, at kanyang itinayo bilang bantayog at kanyang binuhusan ng langis. ¹⁹Ang ipinangalan niya sa lugar na iyon ay Bethel, subalit ang dating pangalan ng lunsod ay Luz.

Juan 1:51 At sinabi Niya sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Makikita ninyong bukas ang langit at ang mga anghel ng Diyos na nagmamamhik-manaog sa Anak ng Tao.

2. Si Kristo ang may susi upang kontrolin ang pinto ng kabang-yaman ng Diyos, kung saan naroon ang kayamanan ng Diyos sa loob ni Kristo para sa ating katamasahan; naranasan na natin kapwa ang pagbubukás Niya at ang pagsasara Niya ng kayamananang ito para sa atin—Efe. 4:30; 1 Tes. 5:17; 1 Juan 1:7, 9:

Efe. 4:30 At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa Kanya kayo ay tinatakan hanggang sa araw ng pagtutubos.

1 Tes. 5:17 Manalangin kayo nang walang patid.

1 Juan 1:7 Ngunit kung tayo ay lumalakad sa liwanag na gaya Niyang nasa liwanag, tayo ay may pakikipagsalamuha sa isa’t isa, at ang dugo ni Hesus na Kanyang Anak ay naglilinis sa atin mula sa lahat ng kasalanan.

1 Juan 1:9 Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at matuwid na patatawarin tayo sa ating mga kasalanan at lilinisin tayo mula sa lahat ng kalikuan.

- a. Upang matamasa ang Kanyang yaman bilang kayamanan, kailangan nating

manatiling nasa pakikipag-ugnayan sa Panginoon, namamalagi sa pakikipag-ugnayan sa Panginoon ayon sa pandama ng buhay, upang maging dukha sa espiritu at dalisay sa puso—2 Cor. 2:10; Roma 8:6; 10:12-13; Col. 3:16; Mat. 5:3, 8.

2 Cor. 2:10 Ngunit ang inyong pinatatawad sa anuman, pinatatawad ko na rin; sapagkat kung ano ang pinatawad ko naman, kung nagpatawad ako ng anuman, ito ay alang-alang sa inyo sa persona ni Kristo.

Roma 8:6 Sapagkat ang kaisipang nakatuon sa laman ay kamatayan, ngunit ang kaisipang nakatuon sa espiritu ay buhay at kapayapaan.

Roma 10:12-13 Sapagkat walang pagkakaiba ang Hudyo at Griyego, sapagkat ang Panginoon din ay Panginoon ng lahat at mayaman sa lahat ng tumatawag sa Kanya; ¹³Sapagkat “ang sinumang tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas.”

Col. 3:16 Hayaan ang salita ni Kristo na manirahan sa inyo nang sagana sa buong karunungan, tinuturuan at pinapaalalahanan ang isa’t isa sa pamamagitan ng mga salmo at mga himno at mga espiritwal na awitin, umaawit nang may biyaya sa inyong mga puso sa Diyos.

Mat. 5:3 Pinagpala ang mga dukha sa espiritu, sapagkat kanila ang kaharian ng kalangitan.

Mat. 5:8 Pinagpala ang mga dalisay sa puso, sapagkat makikita nila ang Diyos.

- b. Upang matamasa ang Kanyang yaman bilang kayamanan, kailangan nating matutuhang gamitin ang mga susi ng pagtatatwa sa sarili, pagkuha sa krus at pagwala sa pangkaluluwang buhay; lahat tayo ay mga “Shebna,” na dapat maalis at mahalinhan ni Kristo upang Siya ay maging lahat-lahat sa loob natin at sa atin at gawin ang lahat ng bagay sa pamamagitan natin at para sa atin—Isa. 22:15-19; Mat. 16:24-25.

Isa. 22:15-19 Ganito ang sabi ng Panginoong [Jehovah] ng mga hukbo, “Ikaw ay humayo, pumaroon ka sa katiwalang ito, sa Sebna, na siyang katiwala sa bahay, at iyong sabihin sa kanya: ¹⁶Anong karapatan mo rito? Sinong mga kamag-anak mo rito at gumawa ka rito ng isang libingan para sa iyo? Gumagawa ka ng libingan sa itaas, at umuukit ka ng tahanan para sa iyong sarili sa malaking bato! ¹⁷Ibabagsak kang bigla [ni Jehovah], ikaw na malakas na tao. Hahawakan ka niya ng mahigpit. ¹⁸Paiikutin ka niya nang paiikutin, at itatapon ka na parang bola sa malaking lupain. Doon ka mamamatay, at doon malalagay ang iyong magagarang mga karwahe, ikaw na kahihyan ng sambahayan ng iyong panginoon. ¹⁹At aalisin kita sa iyong katungkulan, at sa iyong kinaroroonan ay ibubuwal ka.

Mat. 16:24-25 Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin. ²⁵Sapagkat ang sinumang nagnanais na iligtas ang kanyang pangkaluluwang buhay ay maiwawala ito; subalit ang sinumang iwinawala ang kanyang pangkaluluwang buhay alang-alang sa Akin ay masusumpungan ito.

- III. Sa napababang nabawing ekklesia, si Kristo ay nakikita bilang Isa na kakain na kasalo ng mga mandaraig at magkakaloob sa mga mandaraig na umupong kasama Niya sa Kanyang trono, gaya naman Niya na nanaig at umupong kasama ng Kanyang Ama sa Kanyang trono—Apoc. 3:20-21.

Apoc. 3:20-21 Narito, Ako ay nakatayo sa pintuan at kumakatok; kung maririnig ng sinuman ang Aking tinig at magbubukas ng pinto, Ako ay papasok sa kanya at kakain na kasalo niya at siya na kasalo Ko. ²¹Ang nananaig ay pagkakalooban Ko na umupong kasama Ko sa Aking trono, gaya Ko naman na nanaig at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang trono.

A. “Narito, Ako ay nakatayo sa pintuan at kumakatok; kung maririnig ng sinuman ang Aking tinig at magbubukas ng pinto, Ako ay papasok sa kanya at kakain na kasalo niya at siya na kasalo Ko”—b. 20.

Apoc. 3:20 Narito, Ako ay nakatayo sa pintuan at kumakatok; kung maririnig ng sinuman ang Aking tinig at magbubukas ng pinto, Ako ay papasok sa kanya at kakain na kasalo niya at siya na kasalo Ko.

1. Ang pinto ay hindi ang pinto ng mga puso ng mga indibidwal kundi ang pinto ng ekklesia; ang Panginoon bilang Ulo ng ekklesia ay nakatayo sa labas ng napababang ekklesia, kumakatok sa kanyang pinto.
2. Ang pinto ay ang pinto ng ekklesia, subalit ang pinto ay binubuksan ng mga indibidwal na mananampalataya; ang ekklesia sa Laodicea ay may kaalaman ngunit walang presensiya ng Panginoon.
3. Sa mga mata ng Panginoon, ang napababang nabawing ekklesia ay (1) aba dahil siya ay nagmamataas sa pagiging mayaman sa walang kabuluhang kaalaman ng doktrina ngunit sa realidad ay dukhang-dukha sa pagdaranas sa kayamanan ni Kristo; (2) miserable dahil siya ay hubad, bulag, at punô ng kahihiyan at kadiliman; (3) dukha dahil siya ay dukha sa karanasan kay Kristo at sa espiritwal na realidad ng ekonomiya ng Diyos; (4) bulag dahil kulang siya ng totoong espiritwal na pagkakita sa mga tunay na espiritwal na bagay; at (5) hubad dahil hindi siya nabubuhay sa pamamagitan ni Kristo o ibinubuhay si Kristo bilang kanyang subhektibong katuwiran, bilang ikalawang damit sa kanyang pang-araw-araw na paglakad—bb. 15-17; cf. Awit 45:1, 9-14.

Apoc. 3:15-17 Alam Ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig ni mainit man; ibig Ko sanang ikaw ay malamig o mainit. ¹⁶Kaya, dahil ikaw ay malahininga at hindi mainit ni malamig man, malapit na kitang isuka mula sa Aking bibig. ¹⁷Sapagkat sinasabi mo, Ako ay mayaman at naging masagana at hindi ako nangangailangan ng anuman, at hindi mo nalalamang ikaw ay baba at miserable at dukha at bulag at hubad.

Cf. Awit 45:1 Ang aking puso ay nag-uumapaw sa mabuting paksa, ipinatutungkol ko ang aking mga salita sa hari; ang aking dila ay gaya ng panulat ng bihasang manunulat.

Awit 45:9-14 Ang mga anak na babae ng mga hari ay kabilang sa iyong mararantal na babae; sa iyong kanang kamay ay nakatayo ang reyna na may ginto ng Ofir. ¹⁰Pakinggan mo, O anak na babae, iyong isaalang-alang, at ikiling mo ang iyong pandinig, kalimutan mo ang iyong bayan at ang bahay ng iyong magulang; ¹¹at nanasain ng hari ang iyong ganda; yamang siya'y iyong Panginoon, yumukod ka sa kanya. ¹²At ang anak na babae ng Tiro ay magsisikap na kunin ang iyong pagtatangi na may kaloob; at ang pinakamayaman sa mga bayan ay hahanap ng iyong kagandahang-loob. ¹³Ang anak na babae ng hari ay puspos ng kaluwalhatian sa loob niya, mga gintong hinabi ang kasuotang nasa kanya. ¹⁴Siya'y inihahatid sa hari na may kasuotang makulay, ang mga birhen, kanyang mga kasama na sumusunod sa kanya, ay dadalhin sa kanya.

4. Tinutuos ng Panginoon ang buong ekklesia, subalit ang pagtanggap sa pagtutuos ng Panginoon ay dapat maging isang personal at subhektibong bagay.

5. Ang kumaing kasalo ng Panginoon ay hindi lamang ang kumain ng isang aytem ng pagkain bagkus makibahagi sa kayamanan ng isang hapunan, isang piging; maaaring ipahiwatig nito ang katuparan ng sagisag ng pagkain ng mga anak ni Israel sa mayamang bunga ng mabuting lupain ng Canaan—Jos. 5:10-12.
Jos. 5:10-12 Habang ang mga anak ni Israel ay nagkakampo sa Gilgal ay kanilang isinagawa ang paskuwa nang ikalabing-apat na araw ng buwan sa kinahapunan sa mga kapatagan ng Jerico. ¹¹Kinabukasan, pagkatapos ng paskuwa, nang araw ding iyon, kanilang kinain ang bunga ng lupain, ang mga tinapay na walang pampaalsa at ang sinangag na trigo. ¹²At ang manna ay huminto kinabukasan, pagkatapos na sila'y makakain ng bunga ng lupain; at hindi na nagkaroon pa ng manna ang mga anak ni Israel kundi kanilang kinain ang bunga ng lupain ng Canaan ng taong iyon.
 6. Sa pamamagitan ng ating pagtatamasa kay Kristo bilang puno ng buhay, ang nakatagong manna, at ang piging, tayo ay maisasama sa Kanya sa ating pagkakabuo bilang isang entidad upang maihayag Siya bilang Bagong Herusalem—Apoc. 2:7, 17; 3:20.
Apoc. 2:7 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.
Apoc. 2:17 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Sa kanya na nananaig, sa kanya ay magbibigay Ako ng natatagong manna, at sa kanya ay magbibigay Ako ng isang puting bato, at sa ibabaw ng bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakaaalam kundi yaong tumatanggap nito.
Apoc. 3:20 Narito, Ako ay nakatayo sa pintuan at kumakatok; kung maririnig ng sinuman ang Aking tinig at magbubukas ng pinto, Ako ay papasok sa kanya at kakain na kasalo niya at siya na kasalo Ko.
- B. “Ang nananaig ay pagkakalooban Ko na umupong kasama Ko sa Aking trono, gaya Ko naman na nanaig at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang trono”—b. 21:
Apoc. 3:21 Ang nananaig ay pagkakalooban Ko na umupong kasama Ko sa Aking trono, gaya Ko naman na nanaig at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang trono.
1. Ang umupong kasama ng Panginoon sa Kanyang trono ay magiging isang premyo sa mandaraig, upang makalahok siya sa awtoridad ng Panginoon at maging kasamang hari Niya sa pamumuno sa buong lupa sa darating na milenyal na kaharian—Luc. 19:11-27; Mat. 25:21, 23.
Lucas 19:11-27 At habang pinakikinggan nila ang mga bagay na ito, nagsabi pa Siya ng isang talinghaga, sapagkat malapit Siya sa Herusalem at inakala nilang ang kaharian ng Diyos ay kaagad na magpapakita. ¹²Kaya sinabi Niya, Isang taong ipinanganak na maharlika ang pumunta sa isang malayong bayan upang tumanggap ng isang kaharian para sa kanyang sarili at babalik. ¹³At tinawag niya ang sampu sa sarili niyang mga alipin at binigyan sila ng sampung mina, at sinabi sa kanila, Ipangalakal ninyo hanggang sa ako ay dumating. ¹⁴Subalit kinamuhian siya ng kanyang mga mamamayan at nagsugo sa kanya ng isang kinatawan, na nagsasabi, Ayaw namin na ang taong ito ay maghari sa amin. ¹⁵At nang bumalik siya, pagkatanggap ng kaharian, ipinag-utos niyang tawagin yaong mga aliping binigyan niya ng salapi upang malaman niya kung ano ang tinubo nila sa pangangalakal. ¹⁶At dumating ang una, na nagsasabi, Panginoon, ang iyong mina ay tumubo ng sampung mina. ¹⁷At sinabi niya sa kanya, Magaling, mabuting alipin. Dahil naging tapat ka sa kakaunti, magkaroon ka ng awtoridad sa sampung lunsod. ¹⁸At dumating ang ikalawa, na nagsasabi, Ang iyong mina, panginoon, ay

tumubo ng limang mina. ¹⁹At sinabi rin niya sa isang ito, At ikaw, mamahala ka sa limang lunsod. ²⁰At dumating ang isa pa, na nagsasabi, Panginoon, narito ang iyong mina, na itinago ko sa isang a panyo; ²¹Sapagkat natatakot ako sa iyo, dahil ikaw ay taong mabagsik: kinukuha mo ang hindi mo inilagak, at inaani mo ang hindi mo inihasik. ²²Sinabi niya sa kanya, Mula sa iyong bibig ay hahatulan kita, masamang alipin. Alam mong ako ay taong mabagsik, kinukuha ang hindi ko inilagak at inaani ang hindi ko inihasik. ²³Bakit kung gayon ay hindi mo inilagay ang aking salapi sa bangko, at sa aking pagdating, nakolekta ko sana ito na may tubo? ²⁴At sinabi niya sa mga nakatayo roon, Kunin ninyo ang mina sa kanya, at ibigay ito sa kanya na may sampung mina. ²⁵At sinabi nila sa kanya, Panginoon, mayroon siyang sampung mina. ²⁶Sinasabi ko sa inyo na sa bawat isa na mayroon, higit pa ang ibibigay, subalit siyang wala, maging ang nasa kanya ay kukunin. ²⁷Gayunman, ang mga kaaway kong ito, na ayaw akong maghari sa kanila, dalhin ninyo sila rito at patayin sila sa harap ko.

Mat. 25:21 Sinabi sa kanya ng kanyang panginoon, Magaling, mabuti at tapat na alipin. Naging tapat ka sa kakaunting bagay; pamamahalaing kita sa maraming bagay. Pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon.

Mat. 25:23 Sinabi sa kanya ng kanyang panginoon, Magaling, mabuti at tapat na alipin. Naging tapat ka sa kakaunting bagay; pamamahalaing kita sa maraming bagay. Pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon.

2. Ang intensiyon ng Diyos ay ang isagawa ang Kanyang sarili tungo sa tao at gumawa sa tao upang mapasatrono ang tao; ang Kanyang pagnanais ay ang gawin tayong mga tao ng trono—Apoc. 2:26-27; 3:21; 22:5; cf. Isa. 14:12-14.

Apoc. 2:26-27 At ang nananaig at tumutupad ng Aking mga gawa hanggang sa katapusan, siya ay bibigyan Ko ng awtoridad sa mga bansa; ²⁷At sila ay kanyang papastulin sa pamamagitan ng isang bakal na pamalo, gaya ng pagdurog sa mga palayok, gaya naman ng tinanggap Ko sa Aking Ama.

Apoc. 3:21 Ang nananaig ay pagkakalooban Ko na umupong kasama Ko sa Aking trono, gaya Ko naman na nanaig at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang trono.

Apoc. 22:5 At hindi na magkakaroon pa ng gabi; at hindi na sila mangangailangan ng liwanag ng ilawan at ng liwanag ng araw, sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Diyos; at maghahari sila magpakailan pa man.

Cf. Isa. 14:12-14 “Ano't nahulog ka mula sa langit, O Tala sa Umaga, anak ng Umaga! Paanong ikaw ay lumagpak sa lupa, ikaw na siyang nagpabagsak sa mga bansa! ¹³Sinabi mo sa iyong puso, ‘Ako’y aakyat sa langit; sa itaas ng mga bituin ng Diyos aking itatatag ang aking trono sa itaas; ako’y uupo sa bundok na pinagtitipunan, sa malayong hilaga. ¹⁴Ako’y aakyat sa itaas ng mga kaitaasan ng mga ulap, gagawin ko ang aking sarili na gaya ng Kataas-taasan.

3. Sa pamamagitan ng Kanyang pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit, ang Panginoong Hesus ay dinala sa trono; isang totoong tao na ang pangalan ay Hesus ay nasa trono (Ezek. 1:26); sa kasalukuyan, ang ngayong Panginoon ng langit at lupa, ang Panginoon ng sansinukob, ay isang tao; ito ang dahilan kung bakit idinedeklara natin, “Si Hesus ay Panginoon,” at ito rin ang dahilan kung bakit tayo tumatawag, “O Panginoong Hesus.”

Ezek. 1:26 Sa itaas ng kalawakan na nasa itaas ng kanilang mga ulo ay may kawangis ng isang trono na parang anyo ng batong zafiro. Sa ibabaw ng kawangis ng trono ay may kawangis ng isang tao na nakaupo sa itaas niyon.

4. Nanguna ang Panginoon patungo sa trono; Siya ang Nauna, ang Tagapanguna (Heb. 6:20; 2:6-9), na nagbukas ng landas patungo sa trono; binuksan Niya ang daan at pinangunahan upang tayo ay makasunod (bb. 10-12).

Heb. 6:20 Kung saan pumasok para sa atin ang Tagapangunang si Hesus, na naging Mataas na Saserdote magpakailanman ayon sa orden ni Melquizedek.

Heb. 2:6-9 Ngunit may isa na taimtim na nagpatotoo sa isang dako, na nagsasabi, “Ano ang tao, upang siya ay Iyong alalahanin? O ang anak ng tao upang siya ay Iyong pagmalasakitan? ⁷Ginawa Mo Siyang mababa nang kaunti sa mga anghel; pinutungan Mo Siya ng kaluwalhatian at karangalan at pinamahala Mo Siya a sa mga gawa ng Iyong mga kamay; ⁸Ipinasakop Mo ang lahat ng bagay sa ilalim ng Kanyang mga paa.” Sapagkat sa pagpapasakop ng lahat ng bagay sa Kanya, wala Siyang iniwang hindi naipasakop sa Kanya. Ngunit ngayon ay hindi pa natin nakikitang naipasakop ang lahat ng bagay sa Kanya, ⁹Kundi nakikita natin si Hesus, na ginawang mababa nang kaunti sa mga anghel dahil sa pagdurusa ng kamatayan, pinutungan ng kaluwalhatian at karangalan, upang sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay matikman Niya ang kamatayan para sa lahat ng bagay.

5. Ngayon, tayo ay nagmamartsa patungo sa trono, sapagkat nilalayon ng Diyos na dalhin tayo tungo sa kaluwalhatian at ilagay tayo sa trono; ninanais ng Diyos na ipakita ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng tao, at ninanais Niyang maghari, mamahala, sa pamamagitan ng tao; ang intensiyon ng Diyos ay ang ihagis si Satanas at tubusin ang marami sa mga bihag ni Satanas at dalhin sila sa Kanyang trono.
6. Tayo ay tinawag upang maging mga anak ng Diyos, at tayo ay itinakdang maging mga hari, ngunit kailangan natin ang Diyos na gumawa sa loob natin at sa atin upang gawin tayong kuwalipikado para sa paghahari—Roma 5:17, 21; cf. Ezek. 1:22, 26; Mat. 8:9.

Roma 5:17 Sapagkat kung sa pagsalangsang ng isa, naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa, higit pa yaong mga tumatanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ng Isa, si Hesu-Kristo.

Roma 5:21 Upang kung paanong ang kasalanan ay naghari sa kamatayan, gayundin naman ang biyaya ay makapaghahari sa pamamagitan ng katuwiran tungo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Hesu-Kristong ating Panginoon.

Cf. Ezek. 1:22 Sa ibabaw ng ulo ng mga nilalang na may buhay, may isang bagay na kawangis ng kalawakang kumikinang na parang kristal na nakaladlad sa itaas ng kanilang mga ulo.

Ezek. 1:26 Sa itaas ng kalawakan na nasa itaas ng kanilang mga ulo ay may kawangis ng isang trono na parang anyo ng batong zafiro. Sa ibabaw ng kawangis ng trono ay may kawangis ng isang tao na nakaupo sa itaas niyon.

Mat. 8:9 Sapagkat ako rin ay isang taong nasa ilalim ng awtoridad, na may mga kawal sa ilalim ko. At sinasabi ko sa isang ito, Humayo ka, at siya ay humahayo; at sa isa pa, Halika, at siya ay lumalapit; at sa aking alipin, Gawin mo ito, at ginagawa niya ito.

**Ang Lalaking-anak, ang Digmaan sa Langit,
at ang mga Nananaig na Banal**

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 12:5, 7-11

Apoc. 12:5 At siya ay nanganak ng isang anak na lalaki, isang lalaking-anak, na siyang magpapastol sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng pamalong bakal; at ang kanyang anak ay inagaw paitaas sa Diyos at sa Kanyang trono.

Apoc. 12:7-11 At nagkaroon ng digmaan sa langit: si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nakipagdigma sa dragon. At nakipagdigma ang dragon at ang kanyang mga anghel. ⁸At hindi sila nagtagumpay, ni nasumpungan pa ang kanilang lugar sa langit. ⁹At inihagis ang malaking dragon, ang matandang aahas, ang tinatawag na Diyablo at Satanas, ang lumilinlang sa buong pinananahanang lupa; inihagis siya sa lupa, at ang kanyang mga anghel ay inihagis na kasama niya. ¹⁰At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ngayon ay dumating ang kaligtasan at ang kapangyarihan at ang kaharian ng ating Diyos at ang awtoridad ng Kanyang Kristo, sapagkat inihagis na ang tagapag-akusa ng ating mga kapatid, na araw at gabing nag-aakusa sa kanila sa harap ng ating Diyos. ¹¹At kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan.

I. “Siya ay nanganak ng isang anak na lalaki, isang lalaking-anak, na siyang magpapastol sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng pamalong bakal; at ang kanyang anak ay inagaw paitaas sa Diyos at sa Kanyang trono”—Apoc. 12:5:

Apoc. 12:5 At siya ay nanganak ng isang anak na lalaki, isang lalaking-anak, na siyang magpapastol sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng pamalong bakal; at ang kanyang anak ay inagaw paitaas sa Diyos at sa Kanyang trono.

A. Ang *nanganak* dito ay sumasagisag sa pagkabuhay na muli, gaya ng nasa Mga Gawa 13:33-34:

Gawa 13:33-34 Na lubusang tinupad ng Diyos ang pangakong ito sa atin na kanilang mga anak sa pagbabangon kay Hesus, gaya ng nasusulat din sa ikalawang Awit, “Ikaw ay Aking Anak; sa araw na ito ay ipinanganak Kita.” ³⁴At tungkol sa Kanyang pagbabangon sa Kanya mula sa mga patay, upang hindi na bumalik pa sa kabulukan, nagsalita Siya sa ganitong paraan, “Ibibigay Ko sa inyo ang mga banal na bagay ni David, ang mga tapat na bagay.”

1. Ang lalaking-anak ay binubuo ng mga nananaig na banal na namatay at nabuhay na muli.
2. Pinatutunayan ito ng mga salitang *hanggang sa kamatayan* sa Apocalipsis 12:11.

Apoc. 12:11 At kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan.

B. Sa Biblia, ang babae ay sumasagisag sa mas mahina at ang lalaki sa mas malakas—1 Ped. 3:7:

1 Ped. 3:7 Mga asawang lalaki, sa gayunding paraan ay manirahan kayong kasama nila ayon sa kaalaman, gaya ng sa mas mahina, babaeng sisidlan, nagtatalaga ng karangalan sa kanila bilang mga kapwa tagapagmana rin naman ng biyaya ng buhay, upang hindi mahadlangan ang inyong mga panalangin.

1. Ang lalaking-anak sa Apocalipsis 12 ay sumasagisag sa mas malakas na bahagi ng bayan ng Diyos.
2. Na ang lalaking-anak ay magpapastol sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng isang bakal na pamalo ay nagpapahiwatig na ang lalaking-anak ay binubuo ng mga mandaraig, gaya ng nabanggit sa 2:26-27.

Apoc. 2:26-27 At ang nananaig at tumutupad ng Aking mga gawa hanggang sa katapusan, siya ay bibigyan Ko ng awtoridad sa mga bansa; ²⁷At sila ay kanyang papastulin sa pamamagitan ng isang bakal na pamalo, gaya ng pagdurog sa mga palayok, gaya naman ng tinanggap Ko sa Aking Ama.

C. Ang maagaw paitaas ay ang maraptyur:

1. Ang raptyur ng lalaking-anak ay naiiba sa *raptyur ng* karamihan ng mga mananampalataya, na binanggit sa 1 Tesalonica 4:17.

1 Tes. 4:17 Pagkatapos, tayong nabubuhay, na natitira, ay aagawing kasama nila sa mga ulap upang salubungin ang Panginoon sa himpapawid; at sa gayon ay lagi na nating makakasama ang Panginoon.

2. Doon, ang karamihan ng mga mananampalataya ay iniraptyur sa himpapawid, at sa huling trumpeta (1 Cor. 15:52; 1 Tes. 4:16), na siyang ikapitong trumpeta (Apoc. 11:15).

1 Cor. 15:52 Sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling trumpeta; sapagkat tutunog ang trumpeta, at ang mga patay ay ibabangong walang kabulukan, at tayo ay babaguhin.

1 Tes. 4:16 Sapagkat ang Panginoon Mismo, na may isang sigaw ng pag-uutos, may tinig ng arkanghel at may trumpeta ng Diyos, ay bababa mula sa langit, at ang mga namatay kay Kristo ay unang babangon.

Apoc. 11:15 At ang ikapitong anghel ay nagtrumpeta; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ang kaharian ng sanlibutan ay naging *kaharian* ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man.

3. Dito, ang lalaking-anak ay iniraptyur sa trono ng Diyos, at bago ang sanlibo dalawandaan at animnapung araw, na siyang panahon ng matinding kapighatian na tatlo at kalahating taon (apatnapu't dalawang buwan, 12:14; 13:5; 11:2), simula sa ikaanim na tatak, bago ang ikalimang trumpeta (9:1).

Apoc. 12:14 At sa babae ay ibinigay ang dalawang pakpak ng malaking agila upang siya ay makalipad tungo sa ilang sa kanyang lugar, kung saan siya pakakainin sa loob ng isang panahon at mga panahon at kalahati ng isang panahon nang malayo sa ahas.

Apoc. 13:5 At binigyan siya ng bibig na nagsasalita ng mga dakilang bagay at mga kalapastanganan, at binigyan siya ng awtoridad upang kumilos sa loob ng apatnapu't dalawang buwan.

Apoc. 11:2 At ang loobang nasa labas ng templo ay pabayaang mo at huwag mong sukatin ito, sapagkat ibinigay ito sa mga Hentil, at kanilang yuyurakan ang banal na lunsod nang apatnapu't dalawang buwan.

Apoc. 9:1 At nagtrumpeta ang ikalimang anghel, at nakita ko ang isang bituin na nahulog sa lupa mula sa langit, at ibinigay sa kanya ang susi ng hukay ng abismo.

II. “Nagkaroon ng digmaan sa langit”—12:7a:

Apoc. 12:7a At nagkaroon ng digmaan sa langit: si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nakipagdigma sa dragon. At nakipagdigma ang dragon at ang kanyang mga anghel.

- A. Pagkatapos na pagkatapos maraptyur sa langit ng lalaking-anak, si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nagsimulang makipagdigma sa kaaway ng Diyos, si Satanas.

1. Ipinahihiwatig nito na ang lalaking-anak, ang mas malakas na bahagi ng bayan ng Diyos, ay palaging nakikipaglaban sa kaaway ng Diyos, si Satanas.
2. Sila ay patuloy na nakikipaglaban kay Satanas sa lupa.
3. Naghihintay ang langit sa kanilang pagdating upang maglunsad ng digmaan upang ihagis si Satanas mula sa langit.
4. Inihahayag ng Biblia ang mga pangalan ng dalawang anghel—sina Miguel at Gabriel.
5. Si Gabriel ay isang tagapag-ulat na nagdadala ng balita sa bayan ng Diyos (Dan. 8:16; 9:21-22; Luc. 1:19, 26), samantalang si Miguel ay isang mandirigmang nakikipaglaban para sa bayan ng Diyos (Dan. 10:13, 21; 11:1; 12:1; Jud. 9).

Dan. 8:16 Narinig ko ang tinig ng isang tao sa may pampang ng Ulai, at ito'y tumawag at nagsabi, “Gabriel, ipaunawa mo sa taong ito ang pangitain.”

Dan. 9:21-22 Samantalang ako'y nagsasalita sa panalangin, ang lalaking si Gabriel, na aking nakita sa pangitain nang una, ay dumating sa akin sa mabilis na paglipad, sa panahon ng pag-

aalay sa hapon. ²²Ako'y kanyang tinuruan at nakipag-usap sa akin at sinabi, “O Daniel, ako'y lumabas ngayon upang bigyan ka ng karunungan at pagkaunawa.

Luc. 1:19 At sumagot ang anghel at sinabi sa kanya, Ako si Gabriel, na nakatayo sa harapan ng Diyos, at isinugo ako upang magsalita sa iyo at ipahayag sa iyo ang magandang balita ng mga bagay na ito.

Luc. 1:26 At sa ikaanim na buwan ay isinugo ang anghel na si Gabriel mula sa Diyos sa isang lunsod ng Galilea na tinatawag na Nazareth,

Dan. 10:13 Ngunit hinadlangan ako ng pinuno ng kaharian ng Persia sa loob ng dalawampu't isang araw. Kaya't si Miguel na isa sa mga punong prinsipe ay dumating upang tulungan ako. At ako'y naiwan doon kasama ng mga hari ng Persia.

Dan. 10:21 Ngunit sasabihin ko sa iyo ang nakasulat sa kasulatan ng katotohanan. Wala akong kasamang nakikipaglaban sa mga pinunong ito maliban kay Miguel na inyong pinuno.

Dan. 11:1 Tungkol sa akin, nang unang taon ni Dario na taga-Media, ako'y tumayo upang patibayin at palakasin siya.

Dan. 12:1 “Sa panahong iyon ay tatayo si Miguel, ang dakilang pinuno na tagapag-ingat ng iyong bayan. At magkakaroon ng panahon ng kaguluhan na hindi pa nangyari kailanman mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong iyon. Ngunit sa panahong iyon ay maliligtas ang iyong bayan, bawat isa na ang pangalan ay matatagpuang nakasulat sa aklat.

Jud. 9 Subalit si Miguel na arkanghel, nang makipaglaban sa diyablo at makipagtalo hinggil sa katawan ni Moises, ay hindi nangahas na gumamit ng mapanlait na hatol laban sa kanya kundi nagsabi, Sawayin ka nawa ng Panginoon.

- B. “Nakipagdigma ang dragon at ang kanyang mga anghel” (Apoc. 12:7b); ang mga anghel na ito ay tiyak na ang mga natisod na anghel, na sumunod kay Satanas upang magrebelde sa Diyos (Mat. 25:41).

Apoc. 12:7b At nagkaroon ng digmaan sa langit: si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nakipagdigma sa dragon. At nakipagdigma ang dragon at ang kanyang mga anghel.

Mat. 25:41 Pagkatapos ay sasabihin din Niya sa mga nasa kaliwa, Lumayo kayo sa Akin, kayong mga isinumpa, patungo sa apoy na walang hanggan na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga anghel.

- C. Si Satanas, ang kaaway ng Diyos, ay hinatulan ng Panginoong Hesus sa krus—Juan 12:31; 16:11: **Juan 12:31** Ngayon ang paghatol sa sanlibutang ito; ngayon ay palalayasin ang pinuno ng sanlibutang ito.

Juan 16:11 At tungkol sa kahatulan, sapagkat ang pinuno ng sanlibutang ito ay hinatulan na.

1. Pagkatapos niyaon, kinakailangan ang mga nananaig na mananampalataya para sa pagsasagawa ng hatol na iyon, para sa pagpapatupad ng sentensiyang iyon.
2. Ang digmaang inilunsad ng mga nananaig na mananampalataya laban kay Satanas sa katunayan ay ang pagpapatupad ng hatol ng Panginoon sa kanya.
3. Sa kalaunan, sa pamamagitan ng kanilang pakikipaglaban, siya ay ihahagis mula sa langit—Apoc. 12:7-9.

Apoc. 12:7-9 At nagkaroon ng digmaan sa langit: si Miguel at ang kanyang mga anghel ay nakipagdigma sa dragon. At nakipagdigma ang dragon at ang kanyang mga anghel. ⁸At hindi sila nagtagumpay, ni nasumpungan pa ang kanilang lugar sa langit. ⁹At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diyablo at Satanas, ang lumilinlang sa buong pinananahanang lupa; inihagis siya sa lupa, at ang kanyang mga anghel ay inihagis na kasama niya.

- III. “Ngayon ay dumating ang kaligtasan at ang kapangyarihan at ang kaharian ng ating Diyos at ang awtoridad ng Kanyang Kristo, sapagkat inihagis na ang tagapag-akusa ng ating mga kapatid, na araw at gabing nag-aakusa sa kanila sa harap ng ating Diyos. At kanilang dinaig

siya [ang diyablo] dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan”—bb. 10-11:

Apoc. 12:10-11 At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ngayon ay dumating ang kaligtasan at ang kapangyarihan at ang kaharian ng ating Diyos at ang awtoridad ng Kanyang Kristo, sapagkat inihagis na ang tagapag-akusa ng ating mga kapatid, na araw at gabing nag-aakusa sa kanila sa harap ng ating Diyos. ¹¹At kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan.

A. Kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero:

1. Maaaring akusahan tayo ni Satanas, subalit makasasagot tayo na ang dugo ni Hesu-Kristo, ang Anak ng Diyos, ay naglilinis sa atin mula sa lahat ng kasalanan—1 Juan 1:7.

1 Juan 1:7 Ngunit kung tayo ay lumalakad sa liwanag na gaya Niyang nasa liwanag, tayo ay may pakikipagsalamuha sa isa't isa, at ang dugo ni Hesus na Kanyang Anak ay naglilinis sa atin mula sa lahat ng kasalanan.

2. Anumang tila kondensasyon na hindi humihinto pagkatapos nating ipahayag at iaplay ang dugo ay hindi kaliwanagan ng Diyos kundi akusasyon ni Satanas—b. 9.

1 Juan 1:9 Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at matuwid na patatawarin tayo sa ating mga kasalanan at lilinisin tayo mula sa lahat ng kalikuan.

3. Hindi lamang natin kailangang tanggiin ang mga akusasyong walang dahilan, bagkus kailangan din nating tanggiin ang lahat ng akusasyong may dahilan.

4. Kapag nagkakasala tayo, hindi natin niluluwalhati ang Diyos, ngunit kapag hindi natin pinagkakatiwalaan ang mahalagang dugo, lalo natin Siyang hindi iginagalang—Mat. 26:28; cf. Heb. 10:29.

Mat. 26:28 Sapagkat ito ang Aking dugo ng tipan, na ibinubuhos para sa marami sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.

Heb. 10:29 Gaano kayang katinding parusa sa palagay ninyo ang maituturing na nararapat sa kanya na yumurak sa Anak ng Diyos at nagturing sa dugo ng tipan na nagpabanal sa kanya na isang karaniwang bagay at umalipusta sa Espiritu ng biyaya?

5. Kailangan nating palaging iaplay ang dugo, sinasabi sa diyablo na bagaman hindi tayo sakdal, tayo ay nasa ilalim ng mahalagang dugo—1 Ped. 1:18-19; Gawa 20:28.

1 Ped. 1:18-19 Nalalamang *ito ay* hindi sa pamamagitan ng mga nabubulok na bagay, sa pamamagitan ng pilak o ginto, *na* kayo ay tinubos mula sa inyong walang kabuluhang paraan ng pamumuhay na ipinamana sa inyo ng inyong mga magulang, ¹⁹Kundi ng mahalagang dugo, gaya ng sa Korderong walang kapintasan at walang dungis, ang dugo ni Kristo.

Gawa 20:28 Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan, na sa gitna nila ang Espiritu Santo ang naglagay sa inyo bilang mga tagapangasiwa upang pastulin ang ekklesia ng Diyos, na Kanyang nakamit sa pamamagitan ng Kanyang sariling idugo.

B. Kanilang dinaig siya dahil sa salita ng kanilang patotoo:

1. Ang “patotoo” ay nangangahulugang sabihin sa iba kung ano ang mayroon kay Kristo, at ang salita ng patotoo ay isang bagay na kailangang isalita.
2. Kailangang palaging ipinoproklama ng mga mandaraig ang tagumpay ni Kristo, nagpapatotoo na hinatulan na ng Panginoon ang diyablo—1 Juan 3:8; Heb. 2:14.

1 Juan 3:8 Siya na gumagawa ng kasalanan ay sa diyablo, sapagkat buhat sa pasimula ay nagkasala na ang diyablo. Para sa layuning ito ay nahayag ang Anak ng Diyos, upang wasakin Niya ang mga gawa ng diyablo.

Heb. 2:14 Kaya, yamang ang mga anak ay nakibahagi sa dugo at laman, Siya rin Mismo sa gayunding paraan ay nakibahagi sa mga ito, upang sa pamamagitan ng kamatayan ay Kanyang mapuksa siya na may kapangyarihan ng kamatayan, yaon ay, ang diyablo,

3. Hindi kinatatakutan ni Satanas kapag sinubukan nating mangatwiran sa kanya, subalit talagang kinatatakutan niya kapag ipinroklama natin ang mga espiritwal na katunayan ng katagumpayan ni Kristo—cf. 2 Cron. 20:20-22.

cf. 2 Cron. 20:20-22 Kinaumagahan, sila'y maagang bumangon at lumabas sa ilang ng Tekoa. Habang sila'y lumalabas, si Jehoshafat ay tumayo at nagsabi, "Pakinggan ninyo ako, O Juda at mga mamamayan ng Jerusalem! Manalig kayo [kay Jehovah] ninyong Diyos, at kayo'y magiging matatag. Maniwala kayo sa kanyang mga propeta, at kayo'y magtatagumpay." ²¹Pagkatapos niyang sumangguni sa mga tao, kanyang hinirang ang mga aawit [kay Jehovah] at magpupuri sa kanya sa banal na kaayusan, habang sila'y nangunguna sa hukbo at nagsasabi, "Magpasalamat kayo [kay Jehovah]; sapagkat ang kanyang tapat na pag-ibig ay magpakailanman." ²²Nang sila'y magpasimulang umawit at magpuri, [si Jehovah] ay naglagay ng pagtambang laban sa mga taga-Ammon, Moab, at Bundok ng Seir na dumating laban sa Juda kaya't sila'y nagapi.

- a. Na ang pangalan ni Hesus ay higit sa lahat ng pangalan ay isang espiritwal na katunayan na kailangan nating ideklara sa loob ng panananampalataya, hindi lamang sa mga tao bagkus gayundin kay Satanas—Fil. 2:9-11; 1 Cor. 12:3b.

Fil. 2:9-11 Kaya't Siya naman ay ipinagkataas-taas ng Diyos at ipinagkaloob sa Kanya ang pangalang higit sa lahat ng pangalan, ¹⁰Upang sa pangalan ni Hesus ay lumuhod ang bawat tuhod, ng mga nasa langit at nasa lupa at nasa ilalim ng lupa, ¹¹At ang bawat dila ay hayagang magpahayag na si Hesu-Kristo ay Panginoon sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama. **1 Cor. 12:3b** Kaya't ipinaaalam ko sa inyo na walang nagsasalita sa Espiritu ng Diyos ang nagsasabi, si Hesus ay isinumpa; at walang makapagsasabing, Si Hesus ay Panginoon! maliban sa Espiritu Santo.

- b. Kailangan nating iproklama kay Satanas at sa kanyang mga demonyo na si Hesus ay Panginoon, na ang Panginoon ay matagumpay, at na si Satanas ay dinurog na sa ilalim ng Kanyang mga paa—Gen. 3:15; Juan 14:30b; Roma 16:20.

Gen. 3:15 Maglalagay ako sa iyo at sa babae ng pagkapoot sa isa't isa, at sa iyong binhi at sa kanyang binhi. Ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong."

Juan 14:30b Hindi na Ako magsasalita pa ng marami sa inyo, sapagkat dumarating ang pinuno ng sanlibutan, at sa Akin ay wala siyang anuman.

Roma 16:20 Ngayon ang Diyos ng kapayapaan ang dudurog kay Satanas sa ilalim ng inyong mga paa sa lalong madaling panahon. Ang biyaya ng ating Panginoong Hesus ay sumainyo.

- C. Hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan.

1. Dahil sa pagkatisod ni Adam, inihugpong ni Satanas ang kanyang sarili sa pangkaluluwang buhay ng tao—ang sarili ng tao; upang madaig siya, hindi natin dapat ibigin ang ating pangkaluluwang buhay; sa halip, kailangan nating kamuhian ito at itatwa ito—Mat. 16:23-24; Luc. 14:26; 9:23:

Mat. 16:23-24 Subalit lumigon Siya at sinabi Niya kay Pedro, Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas! Ikaw ay isang katitisuran sa Akin, sapagkat hindi mo itinutuon ang iyong kaisipan sa mga bagay ng Diyos, kundi sa mga bagay ng tao. ²⁴Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin.

Luc. 14:26 Kung ang sinuman ay pumaparito sa Akin at hindi namumuhi sa kanyang sariling ama at ina at asawang babae at mga anak at mga kapatid, at higit pa roon, maging sa kanyang sariling pangkaluluwang buhay, hindi siya maaaring maging disipulo Ko.

Luc. 9:23 At sinabi Niya sa kanilang lahat, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus araw-araw at sumunod sa Akin.

- a. Nais ni Satanas na gumawa tayo sa ating sariling lakas at kumilos sa ating sarili gamit ang kapangyarihan ng ating kaluluwa, ang ating natural na kakayahan.
- b. Ang natural na abilidad ay ang kakayahan na orihinal nating taglay at hindi kailanman natuos ng paggawa ng krus.
- c. Ang kabiguan ng ekklesia ay dahil sa pagpapasok ng tao ng kanyang natural na abilidad.
- d. Ang layunin ng krus ay ang tuosin ang ating natural na lakas at abilidad nang sa gayon ay hindi tayo mangahas na kumilos sa pamamagitan ng ating sarili, gaya ng makikita sa mga pangyayari kina Moises at Pedro—Gawa 7:23-30; Luc. 22:32-34; 1 Ped. 5:5-6.

Gawa 7:23-30 Ngunit nang siya ay mag-aapatnapung taong gulang na, pumasok sa kanyang puso na dalawin ang kanyang mga kapatid, ang mga anak ni Israel. ²⁴At nang makita niya ang isa sa kanila na ginawan ng mali, kanyang ipinagtanggol siya, at ipinaghiganti siya na inaapi sa pamamagitan ng pagpatay sa Ehipcio. ²⁵At inakala niyang naunawaan ng kanyang mga kapatid na sa pamamagitan ng kanyang kamay ay binibigyan sila ng Diyos ng kaligtasan; ngunit hindi nila naunawaan. ²⁶At nang sumunod na araw ay nagpakita siya sa kanila habang sila ay nag-aaway at sinubukang pagkasunduin sila sa kapayapaan, na nagsasabi, Mga ginoo, magkapatid kayo! Bakit kayo gumagawa ng mali sa isa't isa? ²⁷Ngunit itinulak siya ng isa na gumagawa ng mali sa kanyang kapwa, na nagsasabi, "Sino ang nagtalaga sa iyo na pinuno at hukom sa amin?" ²⁸Ibig mo bang patayin ako gaya ng iyong pagpatay sa Ehipcio kahapon?" ²⁹At tumakas si Moises sa salitang ito at naging isang nakikipamayan sa lupain ng Midian, kung saan nagkaanak siya ng dalawang lalaki. ³⁰At nang maganap ang apatnapung taon, nagpakita sa kanya sa ilang ng Bundok Sinai ang isang Anghel sa ningas ng apoy sa isang matinik na mababang punongkahoy.

Luc. 22:32-34 Subalit namanhik Ako hinggil sa iyo na ang iyong pananampalataya ay hindi mawala; at ikaw, kapag ikaw ay nakabalik, palakasin mo ang iyong mga kapatid. ³³At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, handa akong sumama sa Iyo kapwa sa bilangguan at sa kamatayan. ³⁴Subalit sinabi Niya, Sinasabi Ko sa iyo, Pedro, hindi titilaok ang tandang ngayon hanggang sa ikaila mo nang tatlong ulit na kilala mo Ako.

1 Ped. 5:5-6 Sa parehong paraan, kayong mga nakababatang lalaki ay magpasakop sa mga nakatatanda; at kayong lahat ay magbigkis ng pagpapakumbaba sa pakikitungo sa isa't isa, sapagkat sinasalangsang ng Diyos ang mga palalo subalit nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba. ⁶Kaya't kayo ay maipakumbaba sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos upang kayo ay Kanyang itaas sa takdang panahon,

- e. Dapat tayong magkaroon ng saloobin na hindi tayo mamumuhay sa pamamagitan ng ating sarili sa anumang paraan; hindi natin pahahalagahan ang ating sariling abilidad o magkakaroon ng pagtitiwala sa sarili—1 Cor. 2:2-4; Fil. 3:3; cf. Isa. 11:2b.

1 Cor. 2:2-4 Sapagkat hindi ko ipinasyang malaman ang anuman sa inyo maliban kay Hesu-Kristo, at ang Isang ito na ipinako sa krus. ³At kasama ninyo ako sa kahinaan at sa takot at sa lubhang panginginig; ⁴At ang aking pananalita at aking pagpoproklama ay hindi sa mga mapanghimok na salita ng karunungan kundi sa pagtatanghal ng Espiritu at ng kapangyarihan,

Fil. 3:3 Sapagkat tayo ang pagtutuli, ang mga naglilingkod sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos at nagmamapuri sa loob ng Kristo Hesus at walang pagtitiwala sa laman.

Isa. 11:2b At ang Espiritu [ni Jehovah] ay sasakanya, / Ang diwa ng karunungan at ng unawa, / Ang diwa ng payo at ng kapangyarihan, / Ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon.

- 2. Kailangan tayong maging mga taong nagsasakripisyo ng sarili, isang handog na inumin, nagpapahintulot kay Kristo bilang makalangit na alak na punuin tayo at sanhiin tayong maging alak sa Diyos—Fil. 2:17; 2 Tim. 4:6; Huk. 9:13:

Fil. 2:17 Ngunit kung ibinubuhos man ako bilang handog na inumin sa hain at paglilingkod ng inyong pananampalataya, ako ay nagagalak, at nakikigalak ako sa inyong lahat.

2 Tim. 4:6 Sapagkat ako ay ibinubuhos na, at ang panahon ng aking paglisan ay malapit na.

Huk. 9:13 Ngunit sinabi ng ubas sa kanila, 'Akin bang iiwan ang aking alak na nagpapasaya sa mga diyos at sa mga tao, at hahayo upang makipagsayawan sa mga punungkahoy?'

- a. Ang handog na inumin ay sumasagisag kay Kristo bilang ang Isa na ibinuhos bilang totoong alak sa harap ng Diyos para sa Kanyang kasiyahan—Exo. 29:40-41.

Exo. 29:40-41 At kasama ng unang kordero ang ikasampung bahagi ng mainam na harina na may halong ikaapat na bahagi ng isang hin ng langis na hinalo; at ang ikaapat na bahagi ng isang hin na alak, ang handog na inumin. ⁴¹Ang isa pang kordero ay iyong ihahandog sa hapon, at iyong ihahandog na kasama nito ang handog na butil at handog na inumin tulad ng sa umaga, na mabangong samyo, na isang handog [kay Jehovah] na pinaraan sa apoy.

- b. Si apostol Pablo ay naging isang handog na inumin na ibinuhos sa mga hain at paglilingkod ng pananampalataya ng mga banal—Fil. 2:17; 2 Tim. 4:6.

Fil. 2:17 Ngunit kung ibinubuhos man ako bilang handog na inumin sa hain at paglilingkod ng inyong pananampalataya, ako ay nagagalak, at nakikigalak ako sa inyong lahat.

2 Tim. 4:6 Sapagkat ako ay ibinubuhos na, at ang panahon ng aking paglisan ay malapit na.

- c. Ang handog na inumin ay sumasagisag hindi lamang kay Kristo Mismo, bagkus gayundin kay Kristo na nagtitigmak sa atin ng Kanyang sarili bilang makalangit na alak hanggang sa Siya at tayo ay maging isa upang maibuhos para sa katamasahan at kasiyahan ng Diyos at para sa pagtatayo ng Diyos—Mat. 9:17; Fil. 2:17; 2 Tim. 4:6.

Mat. 9:17 Hindi rin sila naglalagay ng bagong alak sa mga lumang sisidlang balat; kung hindi, ang mga sisidlang balat ay puputok, at ang alak ay tatapon, at ang mga sisidlang balat ay masisira; ngunit naglalagay sila ng bagong alak sa mga sariwang sisidlang balat, at kapwa naiingatan ang mga iyon.

Fil. 2:17 Ngunit kung ibinubuhos man ako bilang handog na inumin sa hain at paglilingkod ng inyong pananampalataya, ako ay nagagalak, at nakikigalak ako sa inyong lahat.

2 Tim. 4:6 Sapagkat ako ay ibinubuhos na, at ang panahon ng aking paglisan ay malapit na.

Mensahe Siyam

Ang Kordero na Sinusundan ng mga Nananaig na Unang Bunga

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 14:1-5;
Gen. 5:22-24; Heb. 11:5-6; Mat. 24:45-51

Apoc. 14:1-5 At nakita ko, at narito, ang Kordero na nakatayo sa Bundok Zion, at kasama Niya ang sandaan at apatnapu't apat na libo, may pangalan Niya at pangalan ng Kanyang Ama na nakasulat sa kanilang mga noo. ²At narinig ko ang isang tinig mula sa langit gaya ng lagaslas ng maraming tubig at gaya ng dagundong ng malakas na kulog; at ang tinig na aking narinig ay gaya ng tunog ng sa mga mang-aawit ng alpa na tumutugtog sa kanilang mga alpa. ³At sila ay umaawit ng isang bagong awit sa harap ng trono at sa harap ng apat na buháy na nilalang at ng mga matanda; at walang sinumang matuto ng awit maliban sa sandaan at apatnapu't apat na libo, na mga binili mula sa lupa. ⁴Ang mga ito ang hindi nadungisan ng mga babae, sapagkat sila ay mga birhen. Ang mga ito ang sumusunod sa Kordero saanman Siya pumaroon. Ang mga ito ay binili sa gitna ng mga tao bilang mga unang bunga sa Diyos at sa Kordero. ⁵At sa kanilang bibig ay walang nasumpungang kasinungalingan; sila ay mga walang dungis.

Gen. 5:22-24 Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos, pagkatapos na maipanganak si Matusalem ng tatlong daang taon, at nagkaanak pa siya ng mga lalaki at mga babae. ²³At ang lahat na naging araw ni Enoc ay tatlong daan at animnapu't limang taon. ²⁴Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos; at hindi na siya natagpuan sapagkat siya'y kinuha ng Diyos.

Heb. 11:5-6 Sa pamamagitan ng pananampalataya ay inilipat si Enoc upang hindi niya makita ang kamatayan; at hindi siya natagpuan, sapagkat inilipat siya ng Diyos. Sapagkat bago ang paglilipat sa kanya ay nagkamit siya ng patotoo na siya ay kalugod-lugod sa Diyos. ⁶Ngunit kung walang pananampalataya ay imposibleng maging kalugod-lugod sa Kanya, sapagkat ang lumalapit sa Diyos ay kailangang sumampalataya na Siya nga at Siya ay tagapaggantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa Kanya.

Mat. 24:45-51 Sino nga ba ang tapat at may maingat na katalinuhang alipin, na itinalaga ng panginoon sa kanyang sambahayan upang magbigay sa kanila ng pagkain sa tamang panahon? ⁴⁶Pinagpala ang aliping iyon na sa pagdating ng kanyang panginoon ay masusumpungan siyang gayon ang ginagawa. ⁴⁷Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na siya ay pamamahalin niya sa lahat ng kanyang ari-arian. Subalit kung sasabihin ng masamang aliping iyon sa kanyang puso, Maaantala ang aking panginoon, ⁴⁹At magsisimulang bugbugin ang kanyang mga kapwa alipin at kakain at iinom kasama ng mga lasing, ⁵⁰Ang panginoon ng aliping iyon ay darating sa araw na hindi niya siya inaasahan at sa oras na hindi niya nalalaman, ⁵¹At ihihiwalay siya at itatalaga ang kanyang bahagi kasama ng mga mapagkunwari. Sa lugar na iyon ay magkakaroon ng pagtangis at ng pangangalit ng mga ngipin.

I. Inihahayag ng Apocalipsis 14:1-5 si Kristo bilang Kordero na sinusundan ng mga nananaig na unang bunga:

Apoc. 14:1-5 At nakita ko, at narito, ang Kordero na nakatayo sa Bundok Zion, at kasama Niya ang sandaan at apatnapu't apat na libo, may pangalan Niya at pangalan ng Kanyang Ama na nakasulat sa kanilang mga noo. ²At narinig ko ang isang tinig mula sa langit gaya ng lagaslas ng maraming tubig at gaya ng dagundong ng malakas na kulog; at ang tinig na aking narinig ay gaya ng tunog ng sa mga mang-aawit ng alpa na tumutugtog sa kanilang mga alpa. ³At sila ay umaawit ng isang bagong awit sa harap ng trono at sa harap ng apat na buháy na nilalang at ng mga matanda; at walang sinumang matuto ng awit maliban sa sandaan at apatnapu't apat na libo, na mga binili mula sa lupa. ⁴Ang mga ito ang hindi nadungisan ng mga babae, sapagkat sila ay mga birhen. Ang mga ito ang sumusunod sa Kordero saanman Siya pumaroon. Ang mga ito ay binili sa gitna ng mga tao bilang mga unang bunga sa Diyos at sa Kordero. ⁵At sa kanilang bibig ay walang nasumpungang kasinungalingan; sila ay mga walang dungis.

- A. Ang mga unang bunga ay ang mga buháy na mandaraig, na siyang magiging mga unang mahihinog sa bukid ng Diyos; kaya, gagapasin sila bago ang pag-aani bilang mga unang bunga sa Diyos at sa Kordero.

1. Ang mga unang bunga ay aagawing paitaas sa makalangit na Bundok Zion, sa pinaninirahang lugar ng Diyos sa ikatlong langit, upang mapasapresensiya ng Diyos at ni Kristo.
2. Ang kahulugan ng raptyur ay ang makuha patungo sa presensiya ng Panginoon; upang makuha patungo sa presensiya ng Panginoon, kailangan tayong maging nasa Kanyang presensiya ngayon—Luc. 21:36; 2 Cor. 2:10; Hos. 6:2; 2 Tim. 4:8; Gawa 26:16.

Luc. 21:36 Subalit maging mapagbantay kayo sa bawat panahon, nagsusumamo na kayo ay managumpay upang matakasan ang lahat ng bagay na ito na malapit nang mangyari at ma-katayo sa harap ng Anak ng Tao.

2 Cor. 2:10 Ngunit ang inyong pinatatawad sa anuman, pinatatawad ko na rin; sapagkat kung ano ang pinatawad ko naman, kung nagpatawad ako ng anuman, ito ay alang-alang sa inyo sa persona ni Kristo.

Hos. 6:2 Pagkatapos ng dalawang araw ay muli niya tayong bubuhayin; sa ikatlong araw ay ibabangon niya tayo, upang tayo'y mabuhay sa harap niya.

2 Tim. 4:8 Kaya't mula ngayon ay nakalaan sa akin ang putong ng katuwiran, na ang Panginoon, ang matuwid na Hukom, iyon ay ibibigay bilang ganti sa akin sa araw na iyon, at hindi lamang sa akin bagkus sa lahat din ng mga umiibig sa Kanyang pagpapakita.

Gawa 26:16 Ngunit bumangon ka at tumayo sa iyong mga paa; sapagkat nagpakita Ako sa iyo para sa layuning ito, upang italaga ka bilang isang lingkod at isang saksi kapwa ng mga bagay kung saan nakita mo Ako at ng mga bagay kung saan magpapakita Ako sa iyo.

3. Ang raptyur ay para sa pagtalo sa kaaway at pagbibigay-kasiyahan sa Diyos; kailangan ng Panginoon ang lalaking-anak na makipaglaban sa Kanyang kaaway, subalit mas higit Niyang kailangan ang mga unang bunga para sa Kanyang kasiyahan at katamasahan—Apoc. 12:5; 14:1, 4b.

Apoc. 12:5 At siya ay nanganak ng isang anak na lalaki, isang lalaking-anak, na siyang magpapaol sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng pamalong bakal; at ang kanyang anak ay inagaw paitaas sa Diyos at sa Kanyang trono.

Apoc. 14:1 At nakita ko, at narito, ang Kordero na nakatayo sa Bundok Zion, at kasama Niya ang sandaan at apatnapu't apat na libo, may pangalan Niya at pangalan ng Kanyang Ama na nakasulat sa kanilang mga noo.

Apoc. 14:4b Ang mga ito ang hindi nadungisan ng mga babae, sapagkat sila ay mga birhen. Ang mga ito ang sumusunod sa Kordero saanman Siya pumaroon. Ang mga ito ay binili sa gitna ng mga tao bilang mga unang bunga sa Diyos at sa Kordero.

- B. Inihahayag ng Biblia ang dalawang aspekto ng raptyur: ang raptyur ng mga mandaraig bago ang matinding kapighatian at ang raptyur ng karamihan ng mga mananampalataya sa katapusan ng matinding kapighatian—Mat. 24:40-41; Luc. 21:36; Apoc. 3:10; 1 Tes. 4:15-17; Apoc. 12:5; 14:1.

Mat. 24:40-41 Sa panahong iyon, dalawang lalaki ang nasa bukid; ang isa ay kukunin at ang isa ay iiwan. ⁴¹Dalawang babae ang maggigiling sa gilingan; ang isa ay kukunin at ang isa ay iiwan.

Luc. 21:36 Subalit maging mapagbantay kayo sa bawat panahon, nagsusumamo na kayo ay managumpay upang matakasan ang lahat ng bagay na ito na malapit nang mangyari at makatayo sa harap ng Anak ng Tao.

Apoc. 3:10 Sapagkat tinupad mo ang salita ng Aking pagtitiis, ikaw naman ay Aking iingat sa panahon ng pagsubok, na paparating sa buong pinananahanang lupa, upang subukin ang mga naninirahan sa ibabaw ng lupa.

1 Tes. 4:15-17 Sapagkat sinasabi namin ito sa inyo sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na tayong nabubuhay, na natitira hanggang sa pagdating ng Panginoon, ay hinding-hindi mauuna sa mga natutulog; ¹⁶Sapagkat ang Panginoon Mismo, na may isang sigaw ng pag-uutos, may tinig ng arkanghel at may trumpeta ng Diyos, ay bababa mula sa langit, at ang mga namatay kay Kristo ay unang babangon. ¹⁷Pagkatapos, tayong nabubuhay, na natitira, ay aagawing kasama nila sa mga ulap upang salubungin ang Panginoon sa himpapawid; at sa gayon ay lagi na nating makakasama ang Panginoon.

Apoc. 12:5 At siya ay nanganak ng isang anak na lalaki, isang lalaking-anak, na siyang magpapastol sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng pamalong bakal; at ang kanyang anak ay inagaw paitaas sa Diyos at sa Kanyang trono.

Apoc. 14:1 At nakita ko, at narito, ang Kordero na nakatayo sa Bundok Zion, at kasama Niya ang sandaan at apatnapu't apat na libo, may pangalan Niya at pangalan ng Kanyang Ama na nakasulat sa kanilang mga noo.

- C. Makikita natin sa Leviticus 23:10 ang isang sagisag ng raptur—ang sagisag ng nahihinog na pananim sa bukid—Mat. 13:24; Apoc. 14:14-16:

Lev. 23:10 Magsalita ka sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila: Kapag kayo'y dumating sa lupain na aking ibinigay sa inyo, at inyong nagapas na ang ani niyon, ay dalhin ninyo sa [saserdote] ang unang bunga ng inyong inani.

Mat. 13:24 Isa pang talinghaga ang inilahad Niya sa kanila, na nagsasabi, Ang kaharian ng kalangitan ay naging tulad ng isang tao na naghahasik ng mabuting binhi sa kanyang bukid.

Apoc. 14:14-16 At nakita ko, at narito, may isang puting ulap, at nakaupo sa ulap ang Isa na katulad ng Anak ng Tao, may gintong korona sa Kanyang ulo at matalas na karit sa Kanyang kamay. ¹⁵At ang isa pang anghel ay lumabas mula sa templo, na sumisigaw nang may malakas na tinig sa Kanya na nakaupo sa ulap, Ihulog Mo ang Iyong karit at gumapas Ka; sapagkat dumating na ang oras ng paggapas dahil ang aanihin sa lupa ay hinog na. ¹⁶At inihagis Niya na nakaupo sa ulap ang Kanyang karit sa lupa, at nagapasan ang lupa.

1. Ang paggagapas sa pananim ng Diyos ay ang tinatawag nating raptur; ang paggagapas na ito ay nagpapahiwatig na kukunin mula sa lupa ang mga mananampalataya—Mat. 13:30, 39b.

Mat. 13:30 Pabayaan ninyong kapwa tumubo nang magkasama ang mga ito hanggang sa pag-aani, at sa panahon ng pag-aani ay sasabihin ko sa mga manggagapas, Tipunin muna ninyo ang mga mapanirang damo at pagbigkis-bigkisin ang mga ito upang sunugin, subalit ang trigo ay tipunin ninyo sa aking kamalig.

Mat. 13:39b At ang kaaway na naghasik ng mga ito ay ang diyablo; at ang pag-aani ay ang kaganapan ng kapanahunan; at ang mga manggagapas ay ang mga anghel.

2. Isang bahagi ng pananim—ang mga unang bunga—ay mas maagang nahihinog at mas maagang ginagapas; ang mga natitirang pananim—ang ani—ay huling nahihinog at huling ginagapas.

3. Ayon sa Apocalipsis 14, may dalawang uri ng raptur—ang raptur ng mga unang bunga at ang raptur ng ani—bb. 4b, 14-16.

Apoc. 14:4b Ang mga ito ang hindi nadungisan ng mga babae, sapagkat sila ay mga birhen. Ang mga ito ang sumusunod sa Kordero saanman Siya pumaroon. Ang mga ito ay binili sa gitna ng mga tao bilang mga unang bunga sa Diyos at sa Kordero.

Apoc. 14:14-16 At nakita ko, at narito, may isang puting ulap, at nakaupo sa ulap ang Isa na katulad ng Anak ng Tao, may gintong korona sa Kanyang ulo at matalas na karit sa Kanyang kamay. ¹⁵At ang isa pang anghel ay lumabas mula sa templo, na sumisigaw nang may malakas na tinig sa Kanya na nakaupo sa ulap, Ihulog Mo ang Iyong karit at gumapas Ka; sapagkat dumating na ang oras ng paggapas dahil ang aanihin sa lupa ay hinog na. ¹⁶At inihagis Niya na nakaupo sa ulap ang Kanyang karit sa lupa, at nagapasan ang lupa.

- D. Ang mga unang bunga ay niraptur patungo sa bahay ng Diyos sa Zion bilang sariwang pagtatamasa sa Diyos; ito ay para sa kasiyahan ng Diyos—Exo. 23:19a; Lev. 23:10; cf. Juan 20:17a.

Exo. 23:19a Ang mga pinakauna ng mga unang bunga ng iyong lupa ay iyong dadalhin sa bahay [ni Jehovah] mong Diyos.

Lev. 23:10 Magsalita ka sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila: Kapag kayo'y dumating sa lupain na aking ibinigay sa inyo, at inyong nagapas na ang ani niyon, ay dalhin ninyo sa [saserdote] ang unang bunga ng inyong inani.

cf. Juan 20:17a Sinabi sa kanya ni Hesus, Huwag mo Akong hipuin, sapagkat hindi pa Ako umaakyat sa Ama; ngunit pumunta ka sa Aking mga kapatid at sabihin mo sa kanila, Aakyat Ako sa Aking Ama at inyong Ama, at Aking Diyos at inyong Diyos.

- E. Ang mga unang bunga ay may pangalan ng Kordero at pangalan ng Kanyang Ama na nakasulat sa kanilang mga noo; ito ang pagtatanda ng kanilang pagiging kaisa ng Kordero at ng Ama at ng kanilang pagiging kabilang sa Kanila—Apoc. 14:1b.

Apoc. 14:1b At nakita ko, at narito, ang Kordero na nakatayo sa Bundok Zion, at kasama Niya ang sandaan at apatnapu't apat na libo, may pangalan Niya at pangalan ng Kanyang Ama na nakasulat sa kanilang mga noo.

- F. Ang mga unang bunga ang pinakamaagang gumugulang sa mga pananim ng Diyos—Heb. 5:14—6:1; 1 Cor. 2:6; Efe. 4:13; Fil. 3:15:

Heb. 5:14 Ngunit ang matigas na pagkain ay para sa mga nasa hustong gulang, na dahil sa pagsasanay ay naensayo ang kanilang mga kakayahan sa pagkilala kapwa sa mabuti at masama.

Heb. 6:1 Kaya't iniwan ang salita ng panimula ni Kristo, hayaang madala tayo sa paggulang, na hindi muling naglalagay ng pundasyon ng pagsisisi mula sa mga patay na gawa at ng pananampalataya sa Diyos.

1 Cor. 2:6 Subalit nagsasalita kami ng karunungan sa mga ganap na lumago, gayunma'y hindi ang karunungan ng kapanahunang ito ni ng mga pinuno ng kapanahunang ito, na mga pinawawalang-saysay.

Efe. 4:13 Hanggang sa marating nating lahat ang kaisahan ng pananampalataya at ng lubos na pagkakilala sa Anak ng Diyos, ang pagiging ganap na lumagong tao, ang sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo.

Fil. 3:15 Kaya nga, tayong lahat na mga ganap nang lumago ay magkaroon ng ganitong kaisipan; at kung sa anuman ay nagkakaiba kayo ng iniisip, ito rin ay ihahayag ng Diyos sa inyo.

1. Ang matransporma ay ang mabago sa ating natural na buhay; ang gumulang ay ang mapuspos ng dibinong buhay na bumabago sa atin—Roma 12:2; Efe. 3:19b.

Roma 12:2 At huwag kayong maiwangis sa kapanahunang ito, kundi matransporma sa pamamagitan ng pagpapabago ng kaisipan upang mapatunayan ninyo kung ano ang kalooban ng Diyos, yaong mabuti at kalugod-lugod at sakdal.

Efe. 3:19b At makilala ang humihigit sa kaalaman na pag-ibig ni Kristo, na kayo ay mapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Diyos.

2. Para sa kahayagan ng Diyos, may pangangailangan ng paggulang; tanging ang isang buhay na gumulang ang makapagtataglay ng larawan ng Diyos at makapagpapatupad ng Kanyang kapamahalaan—Gen. 1:26; Roma 5:10, 17, 21.

Gen. 1:26 Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

Roma 5:10 Sapagkat kung tayo, na mga kaaway, ay ipinagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak, higit pa ay maliligtas tayo sa loob ng Kanyang buhay, yamang tayo ay naipagkasundo na.

Roma 5:17 Sapagkat kung sa pagsalangsang ng isa, naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa, higit pa yaong mga tumatanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ng Isa, si Hesu-Kristo.

Roma 5:21 Upang kung paanong ang kasalanan ay naghari sa kamatayan, gayundin naman ang biyaya ay makapaghahari sa pamamagitan ng katuwiran tungo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Hesu-Kristong ating Panginoon.

II. Upang makasunod tayo sa Kordero at makapagpatuloy hanggang sa paggulang upang maging mga unang bunga, kailangan tayong lumakad kasama ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya upang makatakas sa kamatayan at makamit ang patotoo ng pagiging kalugod-lugod sa Diyos:

- A. Ang paraan upang makatakas sa kamatayan at makamit ang patotoo ng pagiging kalugod-lugod sa Diyos ay ang lumakad kasama ng Diyos—Gen. 5:22-24; Heb. 11:5-6:

Gen. 5:22-24 Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos, pagkatapos na maipanganak si Matusalem ng tatlong daang taon, at nagkaanak pa siya ng mga lalaki at mga babae. ²³At ang lahat na naging araw

ni Enoc ay tatlong daan at animnapu't limang taon. ²⁴Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos; at hindi na siya natagpuan sapagkat siya'y kinuha ng Diyos.

Heb. 11:5-6 Sa pamamagitan ng pananampalataya ay inilipat si Enoc upang hindi niya makita ang kamatayan; at hindi siya natagpuan, sapagkat inilipat siya ng Diyos. Sapagkat bago ang paglilipat sa kanya ay nagkamit siya ng patotoo na siya ay kalugod-lugod sa Diyos. ⁶Ngunit kung walang pananampalataya ay imposibleng maging kalugod-lugod sa Kanya, sapagkat ang lumalapit sa Diyos ay kailangang sumampalataya na Siya nga at Siya ay tagapaggantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa Kanya.

1. Ang lumakad kasama ng Diyos ay hindi lampasan ang Diyos, hindi maging pangahas, hindi gawin ang mga bagay ayon sa ating sariling konsepto at pagnanais, hindi gawin ang mga bagay ayon sa kasalukuyang agos ng kapanahunan, at hindi gumawa ng anumang bagay nang wala ang Diyos—cf. Awit 19:12-13; Jos. 9:14b; Luc. 24:15.

Awit 19:12-13 Sinong makakaalam ng kanyang mga kamalian? Patawarin mo ako sa mga pagkakamaling di nalalaman. ¹³Ilayo mo rin ang iyong lingkod sa mga mapangahas na pagkakasala. Huwag mong hayaang ang mga iyon ay magkaroon ng kapangyarihan sa akin!

Jos. 9:14b Kinuha ng mga tao sa Israel ang kanilang baon, at hindi humingi ng payo [kay Jehovah].

Luc. 24:15 At habang sila ay nag-uusap at nagtatalakayan, si Hesus Mismo ay lumapit at sumama sa kanila.

2. Ang lumakad kasama ng Diyos ay ang kunin Siya bilang ating sentro at lahat-lahat, ang mabuhay at gumawa ng mga bagay ayon sa Diyos at kasama ang Diyos, ayon sa Kanyang pahayag at pangunguna, at gawin ang lahat ng bagay na kasama Siya—Roma 8:4, 13-14; Gal. 2:2a; 2 Cor. 5:14-15.

Roma 8:4 Upang ang matuwid na kahingian ng kautusan ay matupad sa atin, na hindi lumalakad ayon sa laman kundi ayon sa espiritu.

Roma 8:13-14 Sapagkat kung kayo ay namumuhay ayon sa laman, kayo ay kailangang mamatay, ngunit kung sa pamamagitan ng Espiritu ay inilalagay ninyo sa kamatayan ang mga gawa ng katawan, kayo ay mabubuhay. ¹⁴Sapagkat ang lahat ng pinangungunahan ng Espiritu ng Diyos, ito ang mga anak na lalaki ng Diyos.

Gal. 2:2a At ako ay umahon ayon sa pahayag, at isinaysay ko sa harap nila ang ebanghelyo na aking ipinoproklama sa gitna ng mga Hentil, ngunit nang sarilinan sa mga kilalang tao, baka sa anumang paraan ay tumatakbo ako, o tumakbo ako, nang walang kabuluhan.

2 Cor. 5:14-15 Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ang pumipilit sa amin dahil ipinasya namin ang ganito, na namatay ang Isa para sa lahat, kaya ang lahat ay namatay; ¹⁵At Siya ay namatay para sa lahat upang ang mga nabubuhay ay hindi na mabuhay pa sa kanilang sarili kundi sa Kanya na namatay para sa kanila at ibinangon.

3. Ang lumakad kasama ng Diyos ay nangangahulugang hindi tayo nabubuhay sa pamamagitan ng kung ano tayo o kaya nating gawin kundi sa pamamagitan ng buhay na walang kamatayan, na siyang si Kristo Mismo—bb. 4, 9.

2 Cor. 5:4 Sapagkat gayundin, kaming nasa tabernakulong ito ay humihibik, na nabibigatan, sa dahilang hindi namin ninanais maging hubad, kundi mabihisan, upang ang may kamatayan ay malulon ng buhay.

2 Cor. 5:9 Kaya't determinado rin kami, nasa tahanan man o nasa malayo, na matamo ang karangalan na maging kalugod-lugod sa Kanya.

4. Ang lumakad kasama ng Diyos ay ang magkaroon ng kagawian na pakikipagsalamuha sa Diyos, ang mapasapalagiang paghipo sa Panginoon, at mapasailalim ng Kanyang palagiang paglalalin—1 Juan 1:3; Fil. 4:6; 2 Cor. 3:16, 18.

1 Juan 1:3 Yaong aming nakita at narinig ay iniuulat din namin sa inyo upang kayo rin ay magkaroon ng salamuha sa amin, at tunay nga na ang aming salamuha ay sa Ama at sa Kanyang Anak na si Hesu-Kristo.

Fil. 4:6 Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay, kundi sa lahat ng bagay, sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pasasalamat ay ipaalam ninyo ang inyong mga kahilingan sa Diyos.

2 Cor. 3:16 Ngunit sa tuwing bumabaling ang kanilang puso sa Panginoon, ang talukbong ay naaalalis.

2 Cor. 3:18 Ngunit tayong lahat na walang talukbong ang mukha, na tumitingin at nagbabalik-sinag gaya ng isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay tinatransporma tungo sa gayunding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, gaya ng mula sa Panginoong Espiritu.

5. Ang lumakad kasama ng Diyos ay ang patuloy na pag-ensayo ng ating epiritu upang tamasahin ang Pinagpalang Trinidad—Jud. 14, 19-21.

Jud. 14 At si Enoc, ang ikapito mula kay Adam, ay nagpropesiya rin tungkol sa mga ito, na nagsasabi, Narito, dumating ang Panginoon na kasama ang Kanyang laksa-laksang banal

Jud. 19-21 Ang mga ito ang gumagawa ng mga pagkakabaha-bahagi, makakaluluwa, mga hindi nagtataglay ng espiritu. ²⁰Ngunit kayo, mga minamahal, na itinatayo ang inyong sarili sa inyong kabanal-banalang pananampalataya, nananalangin sa loob ng Espiritu Santo, ²¹Ingatan ninyo ang inyong sarili sa pag-ibig ng Diyos, hinihintay ang awa ng ating Panginoong Hesu-Kristo tungo sa buhay na walang hanggan.

6. Ang lumakad kasama ng Diyos ay nagpapahiwatig ng pagtatatwa sa ating sarili at sa lahat ng bagay na mula sa ating sarili nang sa gayon ay maging kaisa tayo sa Kanya; nagpapahiwatig ito na ibinigay na natin ang ating sarili sa Kanya, na tayo ay susuko sa Kanya at hahayaan Siyang manguna—Mat. 16:24-25; 2 Cor. 2:13-14.

Mat. 16:24-25 Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin. ²⁵Sapagkat ang sinumang nagnanais na iligtas ang kanyang pangkaluluwang buhay ay maiwawala ito; subalit ang sinumang iwinawala ang kanyang pangkaluluwang buhay alang-alang sa Akin ay masusumpungan ito.

2 Cor. 2:13-14 Hindi ako nagkaroon ng katiwasayan sa aking espiritu, sapagkat hindi ko nasumpungan si Tito na aking kapatid; ngunit nang makapagpaalam ako sa kanila, pumunta ako sa Macedonia. ¹⁴Ngunit salamat sa Diyos, na laging nangunguna sa amin sa tagumpay sa Kristo at naghahayag ng samyo ng pagkakilala sa Kanya sa pamamagitan namin sa bawat dako.

- B. Ang lumakad kasama ng Diyos ay ang lumakad sa pamamagitan ng pananampalataya—5:7; Heb. 11:5-6:

2 Cor. 5:7 (Sapagkat lumalakad kami sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin)—

Heb. 11:5-6 Sa pamamagitan ng pananampalataya ay inilipat si Enoc upang hindi niya makita ang kamatayan; at hindi siya natagpuan, sapagkat inilipat siya ng Diyos. Sapagkat bago ang paglilipat sa kanya ay nagkamit siya ng patotoo na siya ay kalugod-lugod sa Diyos. ⁶Ngunit kung walang pananampalataya ay imposibleng maging kalugod-lugod sa Kanya, sapagkat ang lumalapit sa Diyos ay kailangang sumampalataya na Siya nga at Siya ay tagapaggantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa Kanya.

1. Ang pananampalataya ay nangangahulugang nananampalataya tayo na ang Diyos nga—bb. 1-2, 6; 2 Cor. 4:13, 18:

Heb. 11:1-2 Ngayon, ang pananampalataya ay ang pagsusubstansiya sa mga bagay na inaasahan, ang pagpapatunay sa mga bagay na hindi nakikita. ²Sapagkat sa pamamagitan nito ay nagkamit ang mga matanda ng isang mabuting patotoo.

Heb. 11:6 Ngunit kung walang pananampalataya ay imposibleng maging kalugod-lugod sa Kanya, sapagkat ang lumalapit sa Diyos ay kailangang sumampalataya na Siya nga at Siya ay tagapaggantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa Kanya.

2 Cor. 4:13 At yamang may gayunding espiritu ng pananampalataya na ayon sa nasusulat, “Sumampalataya ako, kaya’t ako ay nagsalita,” sumasampalataya rin kami, kaya kami rin ay nagsasalita.

2 Cor. 4:18 Sapagkat hindi namin isinasaalang-alang ang mga bagay na nakikita kundi ang mga bagay na hindi nakikita; sapagkat ang mga bagay na nakikita ay pansamantala, ngunit ang mga bagay na hindi nakikita ay walang hanggan.

- a. Kung walang pananampalataya, imposibleng mabigyang-lugod ang Diyos, mapasaya ang Diyos—Heb. 11:6a.

Heb. 11:6a Ngunit kung walang pananampalataya ay imposibleng maging kalugod-lugod sa Kanya, sapagkat ang lumalapit sa Diyos ay kailangang sumampalataya na Siya nga at Siya ay tagapaggantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa Kanya.

- b. Ang manampalataya na ang Diyos nga ay ang manampalataya na Siya ang lahat-lahat sa atin at tayo ay wala—Juan 8:58; Ecl. 1:2.

Juan 8:58 Sinabi sa kanila ni Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Bago pa umiral si Abraham ay Ako nga.

Ecl. 1:2 Walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan, sabi ng Mangangaral; walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan! Lahat ay walang kabuluhan.

- c. Ang manampalataya na ang Diyos nga ay nagpapahiwatig na tayo ay hindi; dapat na Siya ang maging tanging Isa, ang namumukod-tanging Isa, sa lahat ng bagay, at dapat tayong maging wala sa lahat ng bagay—Gen. 5:24; Heb. 11:5.

Gen. 5:24 Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos; at hindi na siya natagpuan sapagkat siya’y kinuha ng Diyos.

Heb. 11:5 Sa pamamagitan ng pananampalataya ay inilipat si Enoc upang hindi niya makita ang kamatayan; at hindi siya natagpuan, sapagkat inilipat siya ng Diyos. Sapagkat bago ang paglilipat sa kanya ay nagkamit siya ng patotoo na siya ay kalugod-lugod sa Diyos.

- d. Ang manampalataya na ang Diyos nga, ay ang itatwa ang ating sarili; sa buong sansinukob ay Siya nga, at tayong lahat ay wala—Luc. 9:23.

Luc. 9:23 At sinabi Niya sa kanilang lahat, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus araw-araw at sumunod sa Akin.

- e. Hindi ako dapat maging anuman; hindi ako dapat umiral; tanging Siya ang dapat umiral—hindi na ako kundi si Kristo—Gal. 2:20.

Gal. 2:20 Ako ay nakapako sa krus kalakip ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin; at ang buhay na ipinamumuhay ko ngayon sa laman ay ipinamumuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya ng Anak ng Diyos, na umibig sa akin at nagbigay ng Kanyang sarili para sa akin.

- f. Sa kanyang pagbabagong-loob, sinabi ng Panginoon kay Saulo ng Tarso, “Ako si Hesus”—Gawa 9:5.

Gawa 9:5 At sinabi niya, Sino Ka, Panginoon? At sinabi Niya, Ako si Hesus, na iyong pinag-uusig.

(1) Sinasabi ng Panginoon, “Ako ang dakilang Ako nga; Ako ang Isa na Siya nga; kailangan mong manampalataya na Ako nga at ikaw ay hindi.”

(2) Sa kalaunan, natapos si Saulo, at dumating si Pablo—13:9.

Gawa 13:9 Ngunit si Saulo, na siya ring si Pablo, puspos ng Espiritu Santo, ay tumitig sa kanya.

- g. Ito ang panananampalataya—“O ang kagalakan ng walang tinataglay at pagiging wala, walang nakikita kundi isang buháy na Kristo sa kaluwalhatian, at walang inaalalang anuman kundi ang Kanyang interes dito sa lupa” —J. N. Darby

2. Ang pananampalataya ay nangangahulugang nananampalataya tayo na ang Diyos ay isang tagapaggantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa Kanya—Heb. 11:6; Gen. 15:1; Fil. 3:8, 14: **Heb. 11:6** Ngunit kung walang pananampalataya ay imposibleng maging kalugod-lugod sa Kanya, sapagkat ang lumalapit sa Diyos ay kailangang sumampalataya na Siya nga at Siya ay tagapaggantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa Kanya.

Gen. 15:1 Pagkatapos ng mga bagay na ito, dumating ang salita [ni Jehovah] kay Abram sa isang pangitain, “Huwag kang matakot, Abram; ako ang iyong kalasag, ang iyong gantimpala ay magiging napakadakila.”

Fil. 3:8 Ngunit higit pa roon, inari ko ring kalugihan ang lahat ng bagay alang-alang sa kaekselentehan ng pagkakilala kay Kristo Hesus na aking Panginoon, na alang-alang sa Kanya ay tiniis ko ang kalugihan ng lahat ng bagay at inari kong sukal ang mga ito upang matamo ko si Kristo.

Fil. 3:14 Naghahabol ako tungo sa gol para sa gantimpala na ukol dito ang Diyos sa loob ni Kristo Hesus ay pataas akong tinawag.

- a. Ang gantimpala ni Enoc ay ang pinakamataas na antas ng buhay—makatakas sa kamatayan—Heb. 11:5a; 2 Cor. 5:4; Roma 8:6, 10-11; 5:17.

Heb. 11:5a Sa pamamagitan ng pananampalataya ay inilipat si Enoc upang hindi niya makita ang kamatayan; at hindi siya natagpuan, sapagkat inilipat siya ng Diyos Sapagkat bago ang paglilipat sa kanya ay nagkamit siya ng patotoo na siya ay kalugod-lugod sa Diyos.

2 Cor. 5:4 Sapagkat gayundin, kaming nasa tabernakulong ito ay humihibik, na nabibigatan, sa dahilang hindi namin ninanais maging hubad, kundi mabihisan, upang ang may kamatayan ay malulon ng buhay.

Roma 8:6 Sapagkat ang kaisipang nakatuon sa laman ay kamatayan, ngunit ang kaisipang nakatuon sa espiritu ay buhay at kapayapaan.

Roma 8:10-11 Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran. ¹¹At kung ang Espiritu Niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay ay naninirahan sa inyo, Siya na nagbangon kay Kristo mula sa mga patay ay magbibigay rin ng buhay sa inyong mga katawang may kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritung naninirahan sa loob ninyo.

Roma 8:5-17 Sapagkat ang mga ayon sa laman ay tumutuon sa mga bagay ng laman; ngunit ang mga ayon sa espiritu, sa mga bagay ng Espiritu. ⁶Sapagkat ang kaisipang nakatuon sa laman ay kamatayan, ngunit ang kaisipang nakatuon sa espiritu ay buhay at kapayapaan.

⁷Sapagkat ang kaisipang nakatuon sa laman ay pakikipag-alit sa Diyos; sapagkat hindi ito nagpapasakop sa kautusan ng Diyos, ni hindi nga maaari. ⁸At yaong mga nasa laman ay hindi makapagbibigay-lugod sa Diyos. ⁹Ngunit kayo ay wala sa laman, kundi nasa espiritu, kung tunay na ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa inyo. Ngunit kung ang sinuman ay walang Espiritu ni Kristo, siya ay hindi sa Kanya. ¹⁰Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran. ¹¹At kung ang Espiritu Niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay ay naninirahan sa inyo, Siya na nagbangon kay Kristo mula sa mga patay ay magbibigay rin ng buhay sa inyong mga katawang may kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritung naninirahan sa loob ninyo.

¹²Kaya nga, mga kapatid, tayo ay may utang hindi sa laman upang mamuhay ayon sa laman; ¹³Sapagkat kung kayo ay namumuhay ayon sa laman, kayo ay kailangang mamatay, ngunit kung sa pamamagitan ng Espiritu ay inilalagay ninyo sa kamatayan ang mga gawa ng katawan, kayo ay mabubuhay. ¹⁴Sapagkat ang lahat ng pinangungunahan ng Espiritu ng Diyos, ito ang mga anak na lalaki ng Diyos. ¹⁵Sapagkat hindi kayo tumanggap ng espiritu ng pagkaalipin na nagdadala sa inyo sa pagkatakot muli, kundi tumanggap kayo ng espiritu ng pagkaanak na sa pamamagitan nito ay tumatawag tayo, Abba, Ama! ¹⁶Ang Espiritu Mismo ang sumasaksi kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos. ¹⁷At kung mga anak, ay

mga tagapagmana rin; sa isang panig, mga tagapagmana ng Diyos; sa kabilang panig, ay mga kasamang tagapagmana ni Kristo, kung tunay na nagdurusa tayong kasama Niya upang tayo ay maluwalhati ring kasama Niya.

- b. Ang Panginoon ay isang tagapaggantimpala, at kailangan tayong maging Kanyang mga naghahanap—Awit 27:4, 8; 42:1-2; 43:4; 73:25; 119:2, 10.

Awit 27:4 Isang bagay ang hiningi ko [kay Jehovah]; / Na aking hahanapin: / Na ako'y makapanirahan sa bahay [ni Jehovah] / Sa lahat ng mga araw ng aking buhay, / Upang mamasdan ang kagandahan [ni Jeovah], / At sumangguni sa kanyang templo.

Awit 27:8 Sinabi mo, “Hanapin ninyo ang aking mukha;” / Sabi ng aking puso sa iyo, “Ang iyong mukha, Panginoon, ay aking hinahanap.”

Awit 42:1-2 Kung paanong ang usa / Ay nananabik sa batis na umaagos, / Gayon nananabik ang aking kaluluwa / Sa iyo, / O Diyos. ²Ang aking kaluluwa ay nauuhaw sa Diyos, / Sa buhay na Diyos. / Kailan ako makakarating at makikita / Ang mukha ng Diyos?

Awit 43:4 Kung magkagayo'y pupunta ako sa altar ng Diyos, / Sa Diyos na aking malabis na kagalakan; / At pupurihin kita ng alpa, / O Diyos, aking Diyos.

Awit 73:25 Anong mayroon ako sa langit kundi ikaw? / At liban sa iyo'y wala akong anumang ninanasa sa lupa.

Awit 119:2 Mapalad silang nag-iingat ng kanyang mga patotoo, / Na hinahanap siya ng buong puso.

Awit 119:10 Hinanap kita nang buong puso ko; / O huwag nawa akong maligaw sa mga utos mo!

- c. Si Enoc, bilang unang taong iniraptyur, ay ang kinatawan ng lahat ng mandaraig na mararaptyur habang sila ay nabubuhay—Mat. 24:37-51; Apoc. 14:1; Luc. 21:34-36:

Mat. 24:37-51 Sapagkat katulad ng mga araw ni Noe, magiging gayon din ang pagdating ng Anak ng Tao. ³⁸Sapagkat gaya nila sa mga araw na iyon bago ang baha, na kumakain at umiinom, nag-aasawa at pinag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa arka, ³⁹At hindi nila nalalaman na paparating ang paghahatol hanggang sa dumating ang baha at tinangay lahat, magiging gayundin ang pagdating ng Anak ng Tao. ⁴⁰Sa panahong iyon, dalawang lalaki ang nasa bukid; ang isa ay kukunin at ang isa ay iiwan. ⁴¹Dalawang babae ang maggigiling sa gilingan; ang isa ay kukunin at ang isa ay iiwan. ⁴²Magbantay nga kayo, sapagkat hindi ninyo alam kung anong araw darating ang inyong Panginoon. ⁴³Subalit alamin ninyo ito, na kung nalaman lamang ng panginoon ng sambahayan kung anong oras darating ang magnanakaw, nagbantay sana siya at hindi sana hinayaang malooban ang kanyang bahay. ⁴⁴Dahil dito, maging handa rin kayo, sapagkat sa oras na hindi ninyo inaasahan, ang Anak ng Tao ay darating. ⁴⁵Sino nga ba ang tapat at may maingat na katalinuhang alipin, na itinalaga ng panginoon sa kanyang sambahayan upang magbigay sa kanila ng pagkain sa tamang panahon? ⁴⁶Pinagpala ang aliping iyon na sa pagdating ng kanyang panginoon ay masusumpungan siyang gayon ang ginagawa. ⁴⁷Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na siya ay pamamahalain niya sa lahat ng kanyang ari-arian. ⁴⁸Subalit kung sasabihin ng masamang aliping iyon sa kanyang puso, Maaantala ang aking panginoon, ⁴⁹At magsisimulang bugbugin ang kanyang mga kapwa alipin at kakain at iinom kasama ng mga lasing, ⁵⁰Ang panginoon ng aliping iyon ay darating sa araw na hindi niya siya inaasahan at sa oras na hindi niya nalalaman, ⁵¹At ihihiwalay siya at itatalaga ang kanyang bahagi kasama ng mga mapagkunwari. Sa lugar na iyon ay magkakaroon ng pagtangis at ng pagngangalit ng mga ngipin.

Apoc. 14:1 At nakita ko, at narito, ang Kordero na nakatayo sa Bundok Zion, at kasama Niya ang sandaan at apatnapu't apat na libo, may pangalan Niya at pangalan ng Kanyang Ama na nakasulat sa kanilang mga noo.

Luc. 21:34-36 Subalit ingatan ninyo ang inyong sarili baka ang inyong mga puso ay mailugmok ng paglalasing at pagkalango at mga kabalisan ng buhay, at ang araw na iyon ay biglang dumating sa inyo na gaya ng isang patibong. ³⁵Sapagkat ito ay darating sa lahat ng naninirahan sa ibabaw ng lupa.

³⁶Subalit maging mapagbantay kayo sa bawat panahon, nagsusumamo na kayo ay managumpay

upang matakasan ang lahat ng bagay na ito na malapit nang mangyari at makatayo sa harap ng Anak ng Tao.

1. Ang ating pagiging naraptyur ay nakadepende sa ating paggulang sa dibinong buhay sa pamamagitan ng paglakad kasama ng Diyos—Heb. 6:1a.

Heb. 6:1a Kaya't iniwan ang salita ng panimula ni Kristo, hayaang madala tayo sa paggulang, na hindi muling naglalagay ng pundasyon ng pagsisisi mula sa mga patay na gawa at ng pananampalataya sa Diyos.

2. Si Enoc ay patuloy na naglakad pataas kasama ang Diyos araw at gabi sa loob ng tatlong siglo, na lalong naging malapit sa Diyos at lalong kaisa ng Diyos sa bawat araw hanggang sa “hindi na siya sapagkat kinuha siya ng Diyos”—Gen. 5:24; cf. A. A. 8:5a.

Gen. 5:24 Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos; at hindi na siya natagpuan sapagkat siya'y kinuha ng Diyos.

cf. A. A. 8:5a Sino itong umaahon mula sa ilang, na nakahilig sa kanyang minamahal? Sa ilalim ng punong mansanas ay ginising kita. Doon ay naghirap sa panganganak ang iyong ina, siya na nagsilang sa iyo ay naghirap doon sa panganganak.

III. Upang sumunod tayo sa Kordero at magpatuloy hanggang sa paggulang upang maging mga unang bunga, kailangang tayong maging tapat sa paglilingkod sa pag-aatas ng Panginoon na ibigay ang Diyos bilang pagkain sa mga miyembro ng Kanyang sambahayan nang sa gayon ay makamit natin si Kristo bilang ating gantimpala sa darating na kaharian—Mat. 24:45-51:

Mat. 24:45-51 Sino nga ba ang tapat at may maingat na katalinuhang alipin, na itinalaga ng panginoon sa kanyang sambahayan upang magbigay sa kanila ng pagkain sa tamang panahon? ⁴⁶Pinagpala ang aliping iyon na sa pagdating ng kanyang panginoon ay masusumpungan siyang gayon ang ginagawa. ⁴⁷Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na siya ay pamamahala niya sa lahat ng kanyang ari-arian. ⁴⁸Subalit kung sasabihin ng masamang aliping iyon sa kanyang puso, Maaantala ang aking panginoon, ⁴⁹At magsisimulang bugbugin ang kanyang mga kapwa alipin at kakain at iinom kasama ng mga lasing, ⁵⁰Ang panginoon ng aliping iyon ay darating sa araw na hindi niya siya inaasahan at sa oras na hindi niya nalalaman, ⁵¹At ihihiwalay siya at itatalaga ang kanyang bahagi kasama ng mga mapagkunwari. Sa lugar na iyon ay magkakaroon ng pagtangis at ng pagngangalit ng mga ngipin.

- A. Ang Diyos ay may sambahayan at isang sambahayang administrasyon, isang ekonomiya, upang ipamahagi ang Kanyang sarili bilang pagkain sa mga miyembro ng Kanyang sambahayan para sa Kanyang kahayagan—1 Tim. 1:4; 3:15; Efe. 2:19.

1 Tim. 1:4 Ni magbigay-pansin sa mga mito at walang katapusang talaangkanan, na nagbubunga ng mga pagtatanong sa halip na sa ekonomiya ng Diyos, na nasa pananampalataya.

1 Tim. 3:15 Ngunit kung ako ay maantala, sumusulat ako upang malaman mo kung paano dapat gumawi ang isang tao sa bahay ng Diyos, na siyang ekklesia ng Diyos na buháy, ang haligi at saligan ng katotohanan.

Efe. 2:19 Kaya nga, hindi na kayo mga estranghero at mga nakikipamayan, kundi kayo ay mga kapwa mamamayan ng mga banal at mga miyembro ng sambahayan ng Diyos,

- B. Ang Diyos ay nagtalaga ng mga tapat at may maingat na katalinuhang alipin sa Kanyang sambahayan bilang mga tagapamahala ng sambahayan, mga katiwala, mga daluyan ng panustos, upang magbigay ng pagkain sa Kanyang bayan sa tamang panahon—Mat. 24:45; 1 Cor. 9:17; Efe. 3:2; 1 Cor. 4:1; 1 Ped. 4:10; Fil. 1:25.

Mat. 24:45 Sino nga ba ang tapat at may maingat na katalinuhang alipin, na itinalaga ng panginoon sa kanyang sambahayan upang magbigay sa kanila ng pagkain sa tamang panahon?

1 Cor. 9:17 Kung kusang-loob ko itong ginagawa, may gantimpala ako; ngunit kung hindi ko kusang-loob, ako ay pinagkatiwalaan ng pagkakatiwala.

Efe. 3:2 Kung tunay na inyong narinig ang pagkakatiwala ng biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin para sa inyo.

1 Cor. 4:1 Ituring kami ng tao sa ganitong paraan, bilang mga lingkod ni Kristo at mga katiwala ng mga hiwaga ng Diyos.

1 Ped. 4:10 Ang bawat isa, ayon sa tinanggap niyang kaloob, ay maghain nito sa isa't isa bilang mabubuting katiwala ng iba't ibang biyaya ng Diyos.

Fil. 1:25 At nagtitiwala sa bagay na ito, alam kong mananatili ako at magpapatuloy na kasama ninyong lahat para sa inyong pagsulong at kagalakan ng pananampalataya,

- C. Ang *magbigay sa kanila ng pagkain* ay tumutukoy sa paghahain ng salita ng Diyos at ng Kristo bilang panustos-buhay sa mga mananampalataya sa ekklesia; si Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay ay ating pagkain, naikatawan at naisarealidad sa salita ng buhay—Juan 6:57, 63, 68; Gawa 5:20:

Juan 6:57 Kung paanong isinugo Ako ng Amang buháy at Ako ay nabubuhay dahil sa Ama, gayundin ang kumakain sa Akin, siya naman ay mabubuhay dahil sa Akin.

Juan 6:63 Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; ang laman ay walang anumang pakinabang; ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay espiritu at buhay.

Juan 6:68 Sumagot sa Kanya si Simon Pedro, Panginoon, kanino kami pupunta? Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.

Gawa 5:20 Humayo kayo at tumayo sa templo at salitain ninyo sa mga tao ang lahat ng salita ng buhay na ito.

1. Upang matamasa ang Panginoon bilang ating espiritwal na pagkain nang sa gayon ay mapakain natin ang iba, kailangan tayong manalangin at magnilay-nilay sa Kanyang salita, nilalasahan at tinatamasa ito sa pamamagitan ng maingat na pagsasaalang-alang—Efe. 6:17-18; Awit 119:15; Ezek. 3:1-4.

Efe. 6:17-18 At tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan at ang tabak ng Espiritu, na ang Espiritu ay ang salita ng Diyos, ¹⁸Sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at daing, nananalangin sa bawat panahon sa espiritu at nagbabantay tungo rito sa buong katiyagaan at daing hinggil sa lahat ng banal.

Awit 119:15 Ako'y magbubulay-bulay sa mga tuntunin mo, / At igagalang ang mga daan mo.

Ezek. 3:1-4 Sinabi niya sa akin, “Anak ng tao, kainin mo ang iyong natagpuan. Kainin mo ang balumbong ito, at ikaw ay humayo, magsalita ka sa sambahayan ni Israel.” ²Kaya't ibinuka ko ang aking bibig at ipinakain niya sa akin ang balumbon. ³Sinabi niya sa akin, “Anak ng tao, kainin mo ito at busugin mo ang iyong tiyan.” Kaya't kinain ko iyon at sa aking bibig ay naging parang pulot sa tamis. ⁴At sinabi niya sa akin, “Anak ng tao, humayo ka, pumunta ka sa sambahayan ni Israel, at magsalita ka ng aking mga salita sa kanila.

2. Kailangan nating iukol ang ating sarili sa panalangin at paghahain ng salita—Gawa 6:4; 2 Cor. 3:6, 8; Juan 7:37-39; cf. Heb. 7:25; 8:2.

Gawa 6:4 Ngunit magpapatuloy kaming matibay sa pananalangin at sa ministeryo ng salita.

2 Cor. 3:6 Na ginawa rin Niya kaming sapat na mga tagapaghain ng bagong tipan, mga tagapaghain hindi ng titik kundi ng Espiritu; sapagkat ang titik ay pumapatay, ngunit ang Espiritu ay nagbibigay ng buhay.

2 Cor. 3:8 Paanong ang ministeryo ng Espiritu ay hindi magiging lalong nasa kaluwalhatian?

Juan 7:37-39 Nang huling araw nga, ang dakilang araw ng kapistahan, tumayo si Hesus at sumigaw, na nagsasabi, Kung ang sinuman ay nauuhaw, pumarito siya sa Akin at uminom. ³⁸Ang sumasampalataya tungo sa Akin, gaya ng sinabi ng Kasulatan, mula sa kaibuturan ng kanyang katauhan ay aagos ang mga ilog ng buháy na tubig. ³⁹Ngunit ito ay sinalita Niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga sumampalataya tungo sa Kanya; sapagkat ang Espiritu ay hindi pa, sapagkat si Hesus ay hindi pa naluluwalhati.

cf. Heb. 7:25 Kaya may kakayahan din Siyang ilitas sa sukduhan ang mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan Niya, yamang lagi Siyang nabubuhay upang mamagitan para sa kanila.

Heb. 8:2 Isang Tagapaghain ng mga dakong banal, maging ng tunay na tabernakulo, na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao.

- D. Ang sabihin sa ating puso na maaantala ang ating Panginoon ay ang ibigin ang kasalukuyang masamang kapanahunan at ang hindi ibigin ang pagpapakita ng Panginoon—Mat. 24:48; 2 Tim. 4:8, 10; cf. Gawa 26:16:

Mat. 24:48 Subalit kung sasabihin ng masamang aliping iyon sa kanyang puso, Maaantala ang aking panginoon.

2 Tim. 4:8 Kaya't mula ngayon ay nakalaan sa akin ang putong ng katuwiran, na ang Panginoon, ang matuwid na Hukom, iyon ay ibibigay bilang ganti sa akin sa araw na iyon, at hindi lamang sa akin bagkus sa lahat din ng mga umiibig sa Kanyang pagpapakita.

2 Tim. 4:10 Sapagkat ako ay pinabayaan ni Demas, palibhasa'y iniibig niya ang kasalukuyang kapanahunan, at pumunta sa Tesalonica; si Crescente ay sa Galacia; si Tito ay sa Dalmacia.

cf. Gawa 26:16 Ngunit bumangon ka at tumayo sa iyong mga paa; sapagkat nagpakita Ako sa iyo para sa layuning ito, upang italaga ka bilang isang lingkod at isang saksi kapwa ng mga bagay kung saan nakita mo Ako at ng mga bagay kung saan magpapakita Ako sa iyo;

1. Kailangan tayong mag-ingat sa pag-iimbot, hindi nag-iimbak ng kayamanan para sa ating sarili kundi yumayaman tungo sa Diyos—Luc. 12:15-20; 2 Cor. 6:10; Efe. 3:8.

Luc. 12:15-20 At sinabi Niya sa kanila, Magbantay kayo at ingatan ang inyong sarili mula sa lahat ng pag-iimbot, sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa kasaganaan ng kanyang mga ari-arian. ¹⁶At nagsalaysay Siya sa kanila ng isang talinghaga, na nagsasabi, Ang lupain ng isang mayamang tao ay namunga nang sagana. ¹⁷At inisip niya sa loob niya, na sinasabi, Ano ang gagawin ko, sapagkat wala akong lugar na mapagtitipunan ng aking mga ani? ¹⁸At sinabi niya, Ito ang gagawin ko: Gigibain ko ang aking mga kamalig at magtatayo ako ng mas malalaki, at titipunin ko roon ang lahat ng aking trigo at aking mga ari-arian. ¹⁹At sasabihin ko sa aking kaluluwa, Kaluluwa, marami kang ari-ariang nakaimbak para sa maraming taon; magpahinga ka, kumain ka, uminom ka, magpakasaya ka. ²⁰Subalit sinabi sa kanya ng Diyos, Hangal, sa gabing ito ay hihingin nila sa iyo ang iyong kaluluwa; at ang mga bagay na inihanda mo, mapapasa kanino ang mga ito?

2 Cor. 6:10 Tulad sa mga pinalulumbay gayunma'y laging nagagalak; tulad sa mga dukha gayunma'y nagpapayaman sa marami, tulad sa mga walang pag-aari gayunma'y nagtataglay ng lahat ng bagay.

Efe. 3:8 Sa akin, na higit na mababa sa pinakamababa sa lahat ng banal, ay ibinigay ang biyayang ito upang ipahayag sa mga Hentil ang di-malirip na kayamanan ni Kristo bilang ebanghelyo.

2. Ang "Alalahanin ang asawa ni Lot" ay isang taimtim na babala sa mga mananampalatayang umiibig sa sanlibutan—Luc. 17:31-32; cf. Roma 1:21, 25.

Luc. 17:31-32 Sa araw na iyon, siya na nasa bubungan at ang kanyang mga kagamitan ay nasa loob ng bahay, huwag na siyang bumaba upang kunin ang mga iyon; at gayundin, siya na nasa bukid, huwag na niyang balikan ang mga bagay na nasa likuran. ³²Alalahanin ninyo ang asawa ni Lot.

cf. Roma 1:21 Sapagkat kahit kilala nila ang Diyos, Siya ay hindi nila niluwalhati bilang Diyos o pinasalamatan man, kundi sa halip ay naging walang kabuluhan sa kanilang mga pangangatwiran, at ang kanilang puso, na walang pang-unawa, ay nagdilim.

Roma 1:25 Na mga ipinagpalit ang katotohanan ng Diyos sa kasinungalingan, at sumamba at naglingkod sa nilikha sa halip na sa Lumikha na pinagpala magpakailanman. Amen.

3. Kailangan tayong maging mapagbantay at nagsusumamo upang ang araw ng pagdating ng Panginoon ay hindi dumating sa atin nang biglaan na gaya ng isang patibong—Luc. 21:34-36; cf. Mat. 2:3.

Luc. 21:34-36 Subalit ingatan ninyo ang inyong sarili baka ang inyong mga puso ay mailugmok ng paglalasing at pagkalango at mga kabalisan ng buhay, at ang araw na iyon ay biglang dumating sa inyo na gaya ng isang patibong. ³⁵Sapagkat ito ay darating sa lahat ng naninirahan sa ibabaw ng lupa. ³⁶Subalit maging mapagbantay kayo sa bawat panahon, nagsusumamo na kayo ay managumpay upang matakasan ang lahat ng bagay na ito na malapit nang mangyari at makatayo sa harap ng Anak ng Tao.

cf. Mat. 2:3 At nang marinig ito ng haring si Herodes, nabahala siya at ang buong Herusalem kasama niya.

- E. Ang bugbugin ang ating kapwa mga alipin ay pakitunguhan nang malupit ang ating mga kapwa mananampalataya—24:49a; 18:3-7; Gawa 9:4:

Mat. 24:49a At magsisimulang bugbugin ang kanyang mga kapwa alipin at kakain at iinom kasama ng mga lasing.

Mat. 18:3-7 At sinabi, Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Malibang kayo ay bumaling at maging tulad ng maliliit na bata, hinding-hindi kayo makapapasok sa kaharian ng kalangitan. ⁴Kaya't ang sinumang magpapakumbaba katulad ng maliit na batang ito, siya ang pinakadakila sa kaharian ng kalangitan. ⁵At ang sinumang tumatanggap sa ganitong maliit na bata dahil sa Aking pangalan ay tumatanggap sa Akin; ⁶At ang sinumang tumitisod sa isa sa maliliit na ito na sumasampalataya tungo sa Akin, higit na kapaki-pakinabang sa kanya na sabitan ang kanyang leeg ng isang malaking gilingang bato at malunod sa gitna ng dagat. ⁷Sa aba ng sanlibutan dahil sa mga katitisan! Sapagkat kinakailangang dumating ang mga katitisan, ngunit sa aba ng taong siyang panggagalingan ng katitisan.

Gawa 9:4 At nabuwal siya sa lupa at narinig ang isang tinig na nagsasabi sa kanya, Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinag-uusig?

1. Hindi natin dapat hatulan at kondenahin ang kapwa nating mananampalataya kundi maging mabait sa kanila, maawain, mapagpatawad sa kanila, gaya ng pagpatawad sa atin ng Diyos sa loob ni Kristo—Luc. 6:37; Efe. 4:31-32.

Luc. 6:37 At huwag kayong humatol, at hinding-hindi kayo hahatulan; at huwag kayong mangondena, at hinding-hindi kayo kokondenahin; magpalaya kayo, at kayo ay palalayain;

Efe. 4:31-32 Lahat ng pait at galit at poot at sigawan at paninirang-puri ay aalisin sa inyo, kasama ang lahat ng masamang hangarin. ³²At magmagandang-loob kayo sa isa't isa, maawain, nagpatawad sa isa't isa, gaya ng ang Diyos sa loob ni Kristo ay nagpatawad din sa inyo.

2. Hindi natin dapat alipustain o punahin ang ating mga kapatid kundi ituring sila na higit na magaling kaysa sa ating sarili—1 Cor. 6:10; Fil. 2:2-3, 29:

1 Cor. 6:10 Ni ang mga magnanakaw ni ang mga mapag-imbot, hindi ang mga manginginom, hindi ang mga mapanlait, hindi ang mga mapangamkam ang magmamana ng kaharian ng Diyos.

Fil. 2:2-3 Lubusin ninyo ang aking kagalakan, na kayo ay mag-isip ng parehong bagay, nagtataglay ng parehong pag-ibig, magkahugpong sa kaluluwa, nag-iisip ng isang bagay, ³Hindi gumagawa ng anuman sa pamamagitan ng makasariling ambisyon ni sa paraan ng pagmamalaki, kundi sa kababaan ng pag-iisip ay itinuturing ng isa't isa na higit na magaling ang iba kaysa sa inyong sarili; **Fil. 2:29** Kaya tanggapin ninyo siya sa Panginoon nang may buong kagalakan, at parangalan ninyo ang mga gayon.

- a. Ang alipustain ang isang kapatid ay ang punahin o hamakin siya nang malupit sa pamamagitan ng mapang-abusong pananalita—cf. Luc. 17:2.

cf. Luc. 17:2 Higit na kapaki-pakinabang sa kanya kung ang isang gilingang bato ay ilagay sa kanyang leeg at siya ay ihagis sa dagat kaysa matisod niya ang isa sa maliliit na ito.

- b. Ang mga tumatanggap ng mga mapang-alipustang salita ay may parehong pananagutan gaya ng mga nagsasalita ng mga mapang-alipustang salita; pinipinsala ng mga gayong salita ang Katawan.

- a. Hinding-hindi ipagkakatiwala ng Diyos ang awtoridad sa mga taong likas na mahilig mamuna ng iba.

3. Hindi tayo dapat mamanginoon sa ating mga kapwa mananampalataya kundi paglingkuran sila bilang alipin upang pakainin sila ng nabuhay na muling Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay—1 Ped. 5:3; Mat. 20:25-28:

1 Ped. 5:3 Hindi rin gaya ng namamanginoon sa mga bahaging inilaan sa inyo kundi sa pamamagitan ng pagiging mga tularan ng kawan.

Mat. 20:25-28 Subalit tinawag sila ni Hesus palapit sa Kanya at sinabi, Alam ninyo na ang mga pinuno ng mga Hentil ay namamanginoon sa kanila, at ang mga dakila ay gumagamit ng awtoridad sa kanila. ²⁶Hindi gayon sa inyo; kundi ang sinumang nagnanais na maging dakila sa inyo ay dapat maging lingkod ninyo. ²⁷At ang sinumang nagnanais na maging una sa inyo ay dapat maging alipin ninyo; ²⁸Kung paanong ang Anak ng Tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ibigay ang Kanyang buhay bilang pantubos sa marami.

- a. Ang mamanginoon ang isang tao sa mga banal ay nangangahulugang hinahalinhan niya ang Panginoon sa kanilang buhay sa pamamagitan ng pagpapasya para sa kanila o sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanila kung saan lilipat, sa gayon, ay iniinsulto ang pagkaulo at pagkapanginoon ni Kristo.
 - b. Kung sasabihan natin ang iba kung saan sila tutungo nang hindi sila hinihikayat na manalangin, hanapin ang pangunguna ng Panginoon, at magkaroon ng wastong salamuha sa Katawan, ito ay isang napakalaking insulto sa Panginoon!
- F. Ang kumain at uminom kasama ang mga lasing ay ang patuloy na pakikihalubilo sa mga makasanlibutang tao, na lasing sa mga makasanlibutang bagay —24:49b; cf. Efe. 5:18:

Mat. 24:49b At magsisimulang bugbugin ang kanyang mga kapwa alipin at kakain at iinom kasama ng mga alasing.

Efe. 5:18 At huwag kayong magpakalasing sa alak, na kinaroroonan ng kapariwaraan, kundi mapuspos sa espiritu.

1. Dahil sa kanilang dibinong kalikasan at banal na katayuan, hindi dapat makipamatok ang mga mananampalataya sa mga di-mananampalataya; ito ay dapat iaplay sa lahat ng matalik na relasyon sa pagitan ng mga mananampalataya at di-mananampalataya, hindi lamang sa pag-aasawa at pagnenegosyo—2 Cor. 6:14; 1 Cor. 15:33; cf. Kaw. 13:20.

2 Cor. 6:14 Huwag kayong makipamatok nang kabilan sa mga di-mananampalataya. Sapagkat anong samahan mayroon ang katuwiran at katiwalian? O anong salamuha mayroon ang liwanag sa kadiliman?

1 Cor. 15:33 Huwag kayong padaya: Ang masasamang pagsasamahan ay sumisira ng magagandang moral.

cf. Kaw. 13:20 Ang lumalakad na kasama ng matatalino ay magiging matalino rin, ngunit ang kasama ng mga hangal, kapahamakan ang daranasin.

2. Kailangan nating takasan ang mga pita ng kabataan at habulin ang nagpapaloob ng lahat na Kristo kasama ng yaong mga tumatawag sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso—2 Tim. 2:22.

2 Tim. 2:22 Subalit takasan mo ang mga pita ng kabataan, at habulin mo ang katuwiran, pananampalataya, pag-ibig, kapayapaan, kasama ng yaong mga tumatawag sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso.

**Si Kristo—ang Tagapagtatag ng Kaharian
at
ang Salita ng Diyos—Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon**

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 20:1-6; 19:11-16, 19-21

Apoc. 20:1-6 At nakita ko ang isang anghel na bumababa mula sa langit, na may susi ng abismo at isang malaking tanikala sa kanyang kamay. ²At sinunggaban niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diyablo at Satanas, at ginapos siya sa loob ng sanlibong taon ³At itinaon siya sa abismo at isinara ito at tinatakan ito sa ibabaw niya, upang hindi na niya malinlang pa ang mga bansa hanggang sa matapos ang sanlibong taon; pagkatapos ng mga bagay na ito ay kailangan siyang pakawalan nang maikling panahon. ⁴At nakita ko ang mga trono, at umupo sila sa mga ito, at ang paghahatol ay ibinigay sa kanila. At nakita ko ang mga kaluluwa ng mga yaong pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Hesus at dahil sa salita ng Diyos, at ng mga yaong hindi sumamba sa halimaw ni sa kanyang imahen man, at hindi tumanggap ng marka sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at nabuhay at naghari sila kasama ni Kristo sa loob ng sanlibong taon. ⁵Ang natitira pa sa mga patay ay hindi muling nabuhay hanggang sa matapos ang sanlibong taon. Ito ang unang pagkabuhay na muli. ⁶Pinagpala at banal ang may bahagi sa unang pagkabuhay na muli; sa mga ito ay walang awtoridad ang ikalawang kamatayan, kundi sila ay magiging mga saserdote ng Diyos at ni Kristo at maghaharing kasama Niya sa loob ng sanlibong taon.

Apoc. 19:11-16 At nakita kong nabuksan ang langit, at narito, ang isang puting kabayo, at Siya na nakasakay roon ay tinatawag na Tapat at Totoo, at sa katuwiran ay humahatol Siya at nakikipagdigma. ¹²At ang Kanyang mga mata ay ningas ng apoy, at sa Kanyang ulo ay maraming diadema, at Siya ay may pangalang nakasulat na walang sinuman ang nakaaalam kundi Siya Mismo. ¹³At nadaramtan Siya ng damit na inilubog sa dugo; at ang Kanyang pangalan ay tinatawag na ang Salita ng Diyos. ¹⁴At ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa Kanya na mga nakasakay sa mga puting kabayo, nadaramtan ng pinong lino, maputi at malinis. ¹⁵At lumalabas mula sa Kanyang bibig ang isang matalas na tabak, upang sa pamamagitan nito ay masaktan Niya ang mga bansa; at Kanyang papastulin sila ng pamalong bakal; at tinatapkan Niya ang pisaan ng ubas ng matinding galit ng poot ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. ¹⁶At Siya ay may pangalang nakasulat sa Kanyang damit at sa Kanyang hita, HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON.

Apoc. 19:19-21 At nakita ko ang halimaw at ang mga hari sa lupa at ang kanilang mga hukbo na nagtipon upang makipagdigma sa Kanya na nakasakay sa kabayo at sa Kanyang hukbo. ²⁰At hinuli ang halimaw, at kasama niya ang huwad na propeta, na gumawa ng mga tanda sa harap niya na siyang ipinanlinlang sa mga tumanggap ng marka ng halimaw at sa mga sumamba sa kanyang imahen. Ang dalawang ito ay inihagis nang buháy sa dagat-dagatang apoy, na nagliliyab sa asupre. ²¹At ang natitira ay pinatay sa pamamagitan ng tabak na lumalabas sa bibig Niya na nakasakay sa kabayo, at ang lahat ng ibon ay nabusog sa mga laman nila.

I. Si Kristo ang Tagapagtatag ng kaharian—Apoc. 20:1-6.

Apoc. 20:1-6 At nakita ko ang isang anghel na bumababa mula sa langit, na may susi ng abismo at isang malaking tanikala sa kanyang kamay. ²At sinunggaban niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diyablo at Satanas, at ginapos siya sa loob ng sanlibong taon ³At itinaon siya sa abismo at isinara ito at tinatakan ito sa ibabaw niya, upang hindi na niya malinlang pa ang mga bansa hanggang sa matapos ang sanlibong taon; pagkatapos ng mga bagay na ito ay kailangan siyang pakawalan nang maikling panahon. ⁴At nakita ko ang mga trono, at umupo sila sa mga ito, at ang paghahatol ay ibinigay sa kanila. At nakita ko ang mga kaluluwa ng mga yaong pinugutan

ng ulo dahil sa patotoo ni Hesus at dahil sa salita ng Diyos, at ng mga yaong hindi sumamba sa halimaw ni sa kanyang imahen man, at hindi tumanggap ng marka sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at nabuhay at naghari sila kasama ni Kristo sa loob ng sanlibong taon. ⁵Ang natitira pa sa mga patay ay hindi muling nabuhay hanggang sa matapos ang sanlibong taon. Ito ang unang pagkabuhay na muli. ⁶Pinagpala at banal ang may bahagi sa unang pagkabuhay na muli; sa mga ito ay walang awtoridad ang ikalawang kamatayan, kundi sila ay magiging mga saserdote ng Diyos at ni Kristo at maghaharing kasama Niya sa loob ng sanlibong taon.

- A. Pagkatapos na labanan ang Kanyang mga kaaway, itatatag ni Kristo ang kaharian ng Diyos sa lupa, ang milenyal na kaharian, at maghaharing kasama ng Kanyang mga nananaig na mananampalataya sa loob ng sanlibong taon—b. 2.

Apoc. 20:2 At sinunggaban niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diyablo at Satanas, at ginapos siya sa loob ng sanlibong taon.

- B. Ang buong lupa ay kailangang malinis bilang paghahanda sa pagdating ng kaharian ng Diyos.
C. Isang bagay lamang ang mananatili, at yaon ay si Satanas, ang pinagmumulan ng lahat ng suliranin.

- D. Ang unang aytem na binanggit sa Apocalipsis 20, isang kapitulo hinggil sa milenyum, ay ang paggapos kay Satanas:

1. Bagama't hinatulan ng Panginoon si Satanas sa krus, ang hatol na iyon ay hindi pa lubusang naipatutupad.
2. Kapag bumalik ang Panginoon, lubusan Niyang ipatutupad kay Satanas ang hatol na Kanyang isinakatuparan sa krus.
3. Si Satanas ay igagapos at itatapon sa abismo, magiging walang kapangyarihang kumilos o puminsala kaninuman; sa gayon ang lupa ay magiging kaharian ni Kristo.

- E. Ayon sa mga propesiya ng Biblia, ang milenyum ay may dalawang seksiyon: ang itaas, makalangit, na seksiyon at ang ibaba, makalupa, na seksiyon:

1. Ang itaas na seksiyon ng milenyum ay tinatawag na kaharian ng Ama (Mat. 13:43), at ang ibabang seksiyon ay tinatawag na kaharian ng Anak ng Tao (b. 41).

Mat. 13:43 Sa panahong iyon ang mga matuwid ay magliliwanag katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama. Ang may pandinig ay makinig.

Mat. 13:41 Isusugo ng Anak ng Tao ang Kanyang mga anghel, at kanilang titipunin mula sa Kanyang kaharian ang lahat ng katitisan at ang mga gumagawa ng katiwalian.

2. Ang kaharian ng Mesiyas, o ang Mesyanikong kaharian, ay isa pang pangalan para sa ibabang seksiyon ng milenyum.

- F. Inihahayag sa Apocalipsis 20:4-6 na si Kristo bilang Tagapagtatag ng kaharian ay maghahari kasama ng mga nananaig na banal:

Apoc. 20:4-6 At nakita ko ang mga trono, at umupo sila sa mga ito, at ang paghahatol ay ibinigay sa kanila. At nakita ko ang mga kaluluwa ng mga yaong pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Hesus at dahil sa salita ng Diyos, at ng mga yaong hindi sumamba sa halimaw ni sa kanyang imahen man, at hindi tumanggap ng marka sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at nabuhay at naghari sila kasama ni Kristo sa loob ng sanlibong taon. ⁵Ang natitira pa sa mga patay ay hindi muling nabuhay hanggang sa matapos ang sanlibong taon. Ito ang unang pagkabuhay na muli. ⁶Pinagpala at banal ang may bahagi sa unang pagkabuhay na muli; sa mga ito ay walang awtoridad ang ikalawang kamatayan, kundi sila ay magiging mga saserdote ng Diyos at ni Kristo at maghaharing kasama Niya sa loob ng sanlibong taon.

1. Dahil ipapasok ng mga mandaraig ang kaharian ni Hesu-Kristo, ang Panginoon ay maghahari sa loob ng sanlibong taon, at ang mga mandaraig ay maghahari ding kasama ni Kristo sa loob ng sanlibong taon.

2. Sinasabi sa Apocalipsis 20:4, “Nakita ko ang mga trono, at umupo sila sa mga ito, at ang paghahatol ay ibinigay sa kanila”:
Apoc. 20:4 At nakita ko ang mga trono, at umupo sila sa mga ito, at ang paghahatol ay ibinigay sa kanila. At nakita ko ang mga kaluluwa ng mga yaong pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Hesus at dahil sa salita ng Diyos, at ng mga yaong hindi sumamba sa halimaw ni sa kanyang imahen man, at hindi tumanggap ng marka sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at nabuhay at naghari sila kasama ni Kristo sa loob ng sanlibong taon.
 - a. Ang salitang *sila* ay tumutukoy sa mga mandaraig.
 - b. Sila ngayon ay nakaupo sa mga trono, at ang awtoridad na humatol ay ibinigay sa kanila:
 - (1) Ang magkaroon ng awtoridad na humatol ay nangangahulugang magkaroon ng kaharian—cf. Dan. 7:10, 18, 22.
cf. Dan. 7:10 May dumaloy na isang ilog ng apoy / At lumabas mula sa harapan Niya. / Libu-libo ang naglilingkod sa Kanya, / At laksa-laksa ang nakatayo sa harapan Niya. / Ang hukuman ay humanda para sa paghuhukom, / At ang mga aklat ay nabuksan.
Dan. 7:18 Ngunit tatanggapin ng mga banal ng Kataas-taasan ang kaharian, at aangkinin ang kaharian magpakailan kailanpaman.
Dan. 7:22 Hanggang sa ang Matanda sa mga Araw ay dumating. At ang paghatol ay ibinigay para sa mga banal ng Kataas-taasan, at ang panaho'y dumating na tinanggap ng mga banal ang kaharian.
 - (2) Ipinahihiwatig ng bersikulo 4 sa Apocalipsis 20 na natanggap at tinatamasa ng mga mandaraig ang kaharian.
Apoc. 20:4 At nakita ko ang mga trono, at umupo sila sa mga ito, at ang paghahatol ay ibinigay sa kanila. At nakita ko ang mga kaluluwa ng mga yaong pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Hesus at dahil sa salita ng Diyos, at ng mga yaong hindi sumamba sa halimaw ni sa kanyang imahen man, at hindi tumanggap ng marka sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at nabuhay at naghari sila kasama ni Kristo sa loob ng sanlibong taon.
- G. Naging kuwalipikado ang mga mandaraig na magharing kasama ni Kristo sa pamamagitan ng pagkatao ni Hesus na naisagawa tungo sa kanila—2:26.
Apoc. 2:26 At ang nananaig at tumutupad ng Aking mga gawa hanggang sa katapusan, siya ay bibigyan Ko ng awtoridad sa mga bansa.
- H. Ang mga mandaraig na maghaharing kasama ni Kristo sa milenyum ay magtatamasa ng pinakamainam na pagkabuhay na muli:
 1. Nagsasalita ang Apocalipsis 20:6 hinggil sa “unang pagkabuhay na muli.”
Apoc. 20:6 Pinagpala at banal ang may bahagi sa unang pagkabuhay na muli; sa mga ito ay walang awtoridad ang ikalawang kamatayan, kundi sila ay magiging mga saserdote ng Diyos at ni Kristo at maghaharing kasama Niya sa loob ng sanlibong taon.
 2. Ang unang pagkabuhay na muli ay ang “higit na pagkabuhay na muli” rin, yaon ay, ang extraordinaryong pagkabuhay na muli na hinangad ni apostol Pablo—Fil. 3:11.
Fil. 3:11 Baka sakaling makaabot ako sa higit na pagkabuhay na muli mula sa mga patay.
- I. Sinasabi sa Apocalipsis 20:6a, “Pinagpala at banal ang may bahagi sa unang pagkabuhay na muli”; tiyak na ito ang pinakamataas na pagpapala—ang manahin ang kahariang nahayag sa lupa at maging mga hari pa sa loob nito.
Apoc. 20:6a Pinagpala at banal ang may bahagi sa unang pagkabuhay na muli; sa mga ito ay walang awtoridad ang ikalawang kamatayan, kundi sila ay magiging mga saserdote ng Diyos at ni Kristo at maghaharing kasama Niya sa loob ng sanlibong taon.

- J. “Sila ay magiging mga saserdote ng Diyos at ni Kristo at maghaharing kasama Niya sa loob ng sanlibong taon” (b. 6b); ang mga mandaraig ay magiging mga saserdote upang kaugnayin ang Diyos at mga kasamang hari ni Kristo upang maghari sa mga bansa sa milenyum (2:26-27; 12:5).

Apoc. 20:6b Pinagpala at banal ang may bahagi sa unang pagkabuhay na muli; sa mga ito ay walang awtoridad ang ikalawang kamatayan, kundi sila ay magiging mga saserdote ng Diyos at ni Kristo at maghaharing kasama Niya sa loob ng sanlibong taon.

Apoc. 2:26-27 At ang nananaig at tumutupad ng Aking mga gawa hanggang sa katapusan, siya ay bibigyan Ko ng awtoridad sa mga bansa; ²⁷At sila ay kanyang papastulin sa pamamagitan ng isang bakal na pamalo, gaya ng pagdurog sa mga palayok, gaya naman ng tinanggap Ko sa Aking Ama.

Apoc. 12:5 At siya ay nanganak ng isang anak na lalaki, isang lalaking-anak, na siyang magpapastol sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng pamalong bakal; at ang kanyang anak ay inagaw paitaas sa Diyos at sa Kanyang trono.

II. Sa Apocalipsis 19:11-16 at 19-21, si Kristo ay inihayag bilang Salita ng Diyos—Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon:

Apoc. 19:11-16 At nakita kong nabuksan ang langit, at narito, ang isang puting kabayo, at Siya na nakasakay roon ay tinatawag na Tapat at Totoo, at sa katuwiran ay humahatol Siya at nakikipagdigma. ¹²At ang Kanyang mga mata ay ningas ng apoy, at sa Kanyang ulo ay maraming diadema, at Siya ay may pangalang nakasulat na walang sinuman ang nakaaalam kundi Siya Mismo. ¹³At nadaramtan Siya ng damit na inilubog sa dugo; at ang Kanyang pangalan ay tinatawag na ang Salita ng Diyos. ¹⁴At ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa Kanya na mga nakasakay sa mga puting kabayo, nadaramtan ng pinong lino, maputi at malinis. ¹⁵At lumalabas mula sa Kanyang bibig ang isang matalas na tabak, upang sa pamamagitan nito ay masaktan Niya ang mga bansa; at Kanyang papastulin sila ng pamalong bakal; at tinatapkan Niya ang pisaan ng ubas ng matinding galit ng poot ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. ¹⁶At Siya ay may pangalang nakasulat sa Kanyang damit at sa Kanyang hita, HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON.

Apoc. 19:19-21 At nakita ko ang halimaw at ang mga hari sa lupa at ang kanilang mga hukbo na nagtipon upang makikipagdigma sa Kanya na nakasakay sa kabayo at sa Kanyang hukbo. ²⁰At hinuli ang halimaw, at kasama niya ang huwad na propeta, na gumawa ng mga tanda sa harap niya na siyang ipinanlinlang sa mga tumanggap ng marka ng halimaw at sa mga sumamba sa kanyang imahen. Ang dalawang ito ay inihagis nang buháy sa dagat-dagatang apoy, na nagliliyab sa asupre. ²¹At ang natitira ay pinatay sa pamamagitan ng tabak na lumalabas sa bibig Niya na nakasakay sa kabayo, at ang lahat ng ibon ay nabusog sa mga laman nila.

- A. Pagkatapos ng Kanyang piging ng kasalan (b. 7), darating si Kristo bilang nakikipaglabang Heneral kasama ang Kanyang kasintahang babae, ang mga nananaig na mananampalataya, na Kanyang hukbo, upang labanan si Antikristo; tuwiran pa ngang makikipagdigma ang tao laban sa Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari:

Apoc. 19:7 Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili.

1. Si Antikristo, ang huwad na propeta, at ang sampung hari at kanilang mga hukbo ay makikipagdigma laban sa Kordero.
2. Ang digmaang ito ay magiging labanan ng lupa laban sa kalangitan, ng tao laban sa Diyos.
3. Ang mga kaaway ni Kristo ay magiging lalong masama, magdedeklara pa ng digmaan laban sa Kanya.

4. Talagang nakagugulat na ang tao ay kayang magdeklara ng digmaan laban sa Diyos.
 5. Si Kristo, ang Kasintahang lalaki, ay darating kasama ng Kanyang kasintahang babae upang makipaglaban sa kanila.
- B. “Narito, ang isang puting kabayo, at Siya na nakasakay roon ay tinatawag na Tapat at Totoo, at sa katuwiran ay humahatol Siya at nakikipagdigma”—b. 11.
- Apoc. 19:11** At nakita kong nabuksan ang langit, at narito, ang isang puting kabayo, at Siya na nakasakay roon ay tinatawag na Tapat at Totoo, at sa katuwiran ay humahatol Siya at nakikipagdigma.
1. Ang *Tapat at Totoo* ay magiging titulo ni Kristo.
 2. Si Kristo ay tapat kapwa sa Diyos at sa mga nananampalataya sa Kanya.
 3. Sa Kanyang katapatan ay tinatalo at nililipol Niya ang mga sumasalungat sa Diyos at umuusig sa mga mananampalataya.
 4. Siya rin ay totoo sa pagsasagawa ng ekonomiya ng Diyos at sa pangangalaga sa mga nananampalataya sa Kanya.
- C. Si Kristo ang tapat at totoong Saksi ng Diyos na nakasakay sa isang puting kabayo, humahatol sa katuwiran, at nakikipagdigma:
1. Si Kristo ay babalik upang makipaglaban sa kapangyarihan ng kalikuan ni Satanas, na kasalukuyang gumagawa sa sanlibutan bilang hiwaga ng katiwalian at magreresulta sa Antikristo, ang tao ng katiwalian—2 Tes. 2:3, 7-8.
- 2 Tes. 2:3** Huwag kayong padaya kaninuman sa anumang paraan, sapagkat hindi ito darating malibang dumating muna ang apostasiya at mahayag ang tao ng katiwalian, ang anak ng kapahamakan.
- 2 Tes 2:7-8** Sapagkat ang hiwaga ng katiwalian ang gumagawa ngayon, ngunit tanging hanggang sa ang isa na pumipigil ngayon ay maalis. ⁸At pagkatapos ay mahahayag ang tiwali (na papatayin ng Panginoong Hesus sa pamamagitan ng hininga ng Kanyang bibig at tatapusin sa pamamagitan ng pagkahayag ng Kanyang pagdating).
2. Ang buong sanlibutan ay nasa ilalim ng makasatanas na kapangyarihan ng kalikuan.
 3. Sa katuwiran, si Kristo ay babalik upang makipagdigma laban sa kalikuan isinasagawa ni Antikristo at ng lahat ng kanyang kasama.
 4. Hindi lamang hahatol si Kristo sa loob ng katuwiran bagkus makikipaglaban din sa loob ng katuwiran; humahatol Siya sa pamamagitan ng pakikipaglaban.
- D. “Ang Kanyang pangalan ay tinatawag na ang Salita ng Diyos”—Apoc. 19:13b:
- Apoc. 19:13b** At nadaramtan Siya ng damit na inilubog sa dugo; at ang Kanyang pangalan ay tinatawag na ang Salita ng Diyos.
1. Ipinahihiwatig nito na ang Panginoon Mismo ay ang Salita ng Diyos.
 2. Na ang pangalan ng Panginoon ay tinatawag na Salita ng Diyos ay nangangahulugang Siya ang kahayagan, ang patotoo, at ang pagsasalita ng Diyos.
 3. Ang Salita ng Diyos ay ang kahulugan, ang paliwanag, at ang kahayagan ng Diyos.
 4. Upang makilala ang Diyos, kailangan nating basahin, pag-aralan, tingnan, pagnilayan, at titigan si Kristo bilang Salita ng Diyos.
- E. Sa Apocalipsis 19, bilang Salita ng Diyos, si Kristo ay nagsasalita para sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapatupad ng hatol ng Diyos sa mga mapagrebeldeng tao:
1. Kahit habang nakikipaglaban ang Panginoon, nagsasalita Siya para sa Diyos at naghahayag ng Diyos.
 2. Ang Diyos ay hindi isang Diyos ng kaguluhan; Siya ay matuwid at soberano; Siya rin ay isang Diyos ng kaayusan, at dahil doon, hindi Niya maaaring kunsintihin ang kaguluhan at pagrerebelde.

3. Habang nakikipaglaban si Kristo sa kaaway, Siya ay magsasalita na ang Diyos ay soberano, matuwid, at may kaayusan.
4. Idedeklara Niya na ang Diyos ay ang Diyos ng lahat at hindi Niya kinukunsinti ang pagrerebelde laban sa Kanyang awtoridad.
5. Ang Mandirigma ay ang Salita; ang Kanyang pakikipaglaban ay ang pagsasalita ng Salita ng Diyos.
6. Ang pakikipaglaban ng Panginoon sa digmaan sa Armageddon ay magiging isang makapangyarihang pagsasalita:
 - a. Sasabihin nito kay Satanas, kay Antikristo, sa huwad na propeta, at sa buong sansinukob na ang Diyos ay soberano at na walang sinuman ang makapagrerebelde laban sa Kanya.
 - b. Wawalisin ng Diyos ng kaayusan ang lahat ng pagrerebelde.

III. Pagkatapos angkinin ni Kristo ang lupa, Siya ay maghahari sa lupa bilang Hari sa kaharian, mamumuno sa mga bansa kasama ang Kanyang mga nananaig na mananampalataya—20:4, 6, 2:26-27:

Apoc. 20:4 At nakita ko ang mga trono, at umupo sila sa mga ito, at ang paghahatol ay ibinigay sa kanila. At nakita ko ang mga kaluluwa ng mga yaong pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Hesus at dahil sa salita ng Diyos, at ng mga yaong hindi sumamba sa halimaw ni sa kanyang imahen man, at hindi tumanggap ng marka sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at nabuhay at naghari sila kasama ni Kristo sa loob ng sanlibong taon.

Apoc. 20:6 Pinagpala at banal ang may bahagi sa unang pagkabuhay na muli; sa mga ito ay walang awtoridad ang ikalawang kamatayan, kundi sila ay magiging mga saserdote ng Diyos at ni Kristo at maghaharing kasama Niya sa loob ng sanlibong taon.

Apoc. 2:26-27 At ang nananaig at tumutupad ng Aking mga gawa hanggang sa katapusan, siya ay bibigyan Ko ng awtoridad sa mga bansa; ²⁷At sila ay kanyang papastulin sa pamamagitan ng isang bakal na pamalo, gaya ng pagdurog sa mga palayok, gaya naman ng tinanggap Ko sa Aking Ama.

- A. Bilang darating na Hari, Siya ang magiging Ulo at sentro sa nalalapit na kaharian ng Diyos sa milenyum.
- B. Ito ang magiging katuparan ng Isaias 32:1, Jeremias 23:5, at Zacarias 14:9, 17.

Isa. 32:1 Narito, ang isang hari ay maghahari sa katuwiran, / At ang mga pinuno ay mamumuno na may katarungan.

Jer. 23:5 “Narito ang mga araw ay dumarating, / Sabi [ni Jehovah], / Na ako'y magbabangon para kay David ng isang matuwid na Sanga; / At siya'y mamumuno bilang hari at gagawang may katalinuhan / At maggagawad ng katarungan at katuwiran sa lupain.

Zac. 14:9 [Si Jehovah] ay magiging Hari sa buong lupa; sa araw na iyon [si Jehovah] ay magiging isa, at ang kanyang pangalan ay isa.

Zac. 14:17 Ang sinuman sa mga angkan sa lupa na hindi umahon sa Jerusalem upang sumamba sa Hari, [si Jehovah] ng mga hukbo, sila'y mawawalan ng ulan.

- C. Tinubos ni Kristo ang lupa at ang lahat ng mga bayan nito (Col. 1:20) upang maging kinasasaklawan at bumubuo sa kaharian, ipinagbili Niya ang lahat upang bilhin ang kaharian (Mat. 13:44), at sinagip Niya ang lupa kasama ang lahat ng mga bayan nito mula sa pangangamkam ni Satanas (Apoc. 20:2-3).

Col. 1:20 At sa pamamagitan Niya ay ipagkasundo ang lahat ng bagay sa Kanyang sarili, yamang gumawa ng kapayapaan sa pamamagitan ng dugo ng Kanyang krus—sa pamamagitan Niya, ang mga bagay man sa lupa o ang mga bagay sa kalangitan.

Mat. 13:44 Ang kaharian ng kalangitan ay tulad ng kayamanang nakatago sa bukid, na nasumpungan ng isang tao at itinago, at sa kanyang kagalakan ay umalis at ipinagbili ang lahat ng mayroon siya, at binili ang bukid na iyon.

Apoc. 20:2-3 At sinunggaban niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diyablo at Satanas, at ginapos siya sa loob ng sanlibong taon ³At itinaon siya sa abismo at isinara ito at tinatakan ito sa ibabaw niya, upang hindi na niya malinlang pa ang mga bansa hanggang sa matapos ang sanlibong taon; pagkatapos ng mga bagay na ito ay kailangan siyang pakawalan nang maikling panahon.

- D. Siya ay magkakaroon ng ganap na karapatang maging Hari ng napanumbalik na lupa at ng napanumbalik na mga bansa.
- E. Sa Kanyang nalalapit na paghahari, ang awtoridad at kaluwalhatian ng Diyos ay lubusang mahahayag (Mat. 6:13), at ang buong lupa kasama ang mga bayan nito ay madadala tungo sa katuwiran, kapayapaan, kagalakan, at ganap na pagpapala ng paglikha ng Diyos (Isa. 32:1, 16-18; 35:1-2, 5-7).

Mat. 6:13 At huwag Mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas Mo kami sa masamang isa. Sapagkat Iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen.

Isa. 32:1 Narito, ang isang hari ay maghahari sa katuwiran, / At ang mga pinuno ay mamumuno na may katarungan.

Isa. 32:16-18 Kung magkagayo'y ang katarungan ay maninirahan sa ilang, / At mananatili sa mabungang bukid ang katuwiran; ¹⁷At ang gawa ng katuwiran ay kapayapaan, / At ang gawa ng katuwiran ay katahimikan at pagtitiwala kailanman. ¹⁸At ang bayan ko ay maninirahan sa payapang tahanan / At sa mga ligtas na tirahan, at sa mga tiwasay na dakong pahingahan.

Isa. 35:1-2 Ang ilang at ang tuyong lupa ay magagalak; / At ang disyerto ay magagalak at mamumulaklak / Gaya ng rosas, ²Ito ay mamumulaklak nang sagana, / At magsasaya na may kagalakan at awitan. / Ang kaluwalhatian ng Lebanon ay ibibigay rito, / Ang karilagan ng Carmel at ng Sharon; / Kanilang makikita ang kaluwalhatian [ni Jehovah], / Ang karilagan ng ating Diyos.

Isa. 35:5-7 Kung magkagayo'y mamumulat ang mga mata ng bulag, / At ang mga tainga ng bingi ay mabubuksan; ⁶Kung magkagayo'y lulukso ang pilay na parang usa, / At ang dila ng pipi ay aawit sa kagalakan; / Sapagkat sa ilang ay bubukal ang tubig, / At batis sa disyerto. ⁷At ang tigang na lupa ay magiging lawa, / At ang uhaw na lupa ay magiging mga bukal ng tubig; / Ang tahanan ng mga asong-gubat ay magiging latian, / Ang damo ay magiging mga tambo at mga yantok.

Ang Kordero-Diyos na nasa Trono sa loob ng Lunsod

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 4:2-3; 22:1-5; 21:23; Ezek. 1:22, 26-28

Apoc. 4:2-3 Kaagad ako ay nasa espiritu; at narito, may isang tronong nakalagay sa langit, at sa ibabaw ng trono ay may Isang nakaupo; ³At Siya na nakaupo ay tulad sa anyo ng isang batong jaspe at sardio, at sa palibot ng trono ay may bahagharing tulad sa anyo ng isang esmeralda.

Apoc. 22:1-5 At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito. ²At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa. ³At hindi na magkakaroon pa ng anumang asumpa. At ang trono ng Diyos at ng Kordero ay doroong, at ang Kanyang mga alipin ay maglilingkod sa Kanya; ⁴At makikita nila ang Kanyang mukha, at ang Kanyang pangalan ay sasakanilang mga noo. ⁵At hindi na magkakaroon pa ng gabi; at hindi na sila mangangailangan ng liwanag ng ilawan at ng liwanag ng araw, sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Diyos; at maghahari sila magpakailan pa man.

Apoc. 21:23 At ang lunsod ay hindi nangangailangan ng araw o ng buwan man upang lumiwanag dito, sapagkat nililiwanagan ito ng kaluwalhatian ng Diyos, at ang ilawan nito ay ang Kordero.

Ezek. 1:22 Sa ibabaw ng ulo ng mga nilalang na may buhay, may isang bagay na kawangis ng kalawakang kumikinang na parang kristal na nakaladlad sa itaas ng kanilang mga ulo.

Ezek. 1:26-28 Sa itaas ng kalawakan na nasa itaas ng kanilang mga ulo ay may kawangis ng isang trono na parang anyo ng batong zafiro. Sa ibabaw ng kawangis ng trono ay may kawangis ng isang tao na nakaupo sa itaas niyon. ²⁷At nakita ko sa anyo ng kanyang balakang at paitaas ang isang bagay na tulad ng kumikinang na metal na kung pagmasdan ay gaya ng apoy sa palibot nito, at mula sa anyo ng kanyang balakang at paibaba ay nakita ko ang gaya ng apoy na may ningning sa palibot niya. ²⁸Gaya ng anyo ng bahaghari na nasa ulap sa araw na maulan, gayon ang anyo ng kinang sa palibot. Gayon ang anyo ng katulad ng kaluwalhatian [ni Jehovah]. Nang iyon ay aking makita, ako'y nasubasob at aking narinig ang tinig ng isang nagsasalita.

I. Ang Kordero-Diyos ay nasa trono sa loob ng lunsod—Apoc. 4:2-3; 22:1-5; 21:23:

Apoc. 4:2-3 Kaagad ako ay nasa espiritu; at narito, may isang tronong nakalagay sa langit, at sa ibabaw ng trono ay may Isang nakaupo; ³At Siya na nakaupo ay tulad sa anyo ng isang batong jaspe at sardio, at sa palibot ng trono ay may bahagharing tulad sa anyo ng isang esmeralda.

Apoc. 22:1-5 At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito. ²At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa. ³At hindi na magkakaroon pa ng anumang asumpa. At ang trono ng Diyos at ng Kordero ay doroong, at ang Kanyang mga alipin ay maglilingkod sa Kanya; ⁴At makikita nila ang Kanyang mukha, at ang Kanyang pangalan ay sasakanilang mga noo. ⁵At hindi na magkakaroon pa ng gabi; at hindi na sila mangangailangan ng liwanag ng ilawan at ng liwanag ng araw, sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Diyos; at maghahari sila magpakailan pa man.

Apoc. 21:23 At ang lunsod ay hindi nangangailangan ng araw o ng buwan man upang lumiwanag dito, sapagkat nililiwanagan ito ng kaluwalhatian ng Diyos, at ang ilawan nito ay ang Kordero.

A. Ipinakikita ng *trono ng Diyos at ng Kordero* na may isang trono para sa kapwa Diyos at Kordero, ipinahihiwatig na ang Diyos at ang Kordero ay iisa—ang Kordero-Diyos, ang nagtutubos na Diyos, ang Diyos na Manunubos—22:1; 4:2-3.

Apoc. 22:1 At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito.

Apoc. 4:2-3 Kaagad ako ay nasa espiritu; at narito, may isang tronong nakalagay sa langit, at sa ibabaw ng trono ay may Isang nakaupo; ³At Siya na nakaupo ay tulad sa anyo ng isang batong jaspe at sardio, at sa palibot ng trono ay may bahagharing tulad sa anyo ng isang esmeralda.

B. Sa kawalang-hanggan, ang mismong Diyos na nakaupo sa trono ay ang ating nagtutubos na Diyos, na mula sa *Kanyang* trono ay lumalabas ang ilog ng tubig ng buhay para sa ating panustos at kasiyahan.

- C. Inilalarawan nito kung paano ipinamamahagi ng Tres-unong Diyos—ang Diyos, ang Kordero, at ang Espiritu, na isinasagisag ng tubig ng buhay—ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang mga tinubos sa ilalim ng Kanyang pagkaulo (ipinahihiwatig ng awtoridad ng trono) sa kawalang-hanggan.

II. Ang trono ay ang sentro ng ating buhay-Kristiyano:

- A. Sa ating pang-araw-araw na buhay, sa ating buhay-pamilya, sa ating buhay-may-asawa, sa ating buhay-negosyo, at sa ating buhay-eklesya, ang sentro ay kinakailangang ang trono ng Diyos; ang lahat ng bagay ay dapat mapasakop sa Kanyang pagkaulo.
- B. Pagkabangon tuwing umaga, kailangan nating sabihin, “Panginoon, salamat sa Iyo sa bagong araw upang kunin Ka bilang aking Panginoon. Ipinasasakop ko ang aking sarili sa ilalim ng Iyong pagkaulo sa buong araw. Panginoon, ilagay Mo ang Iyong trono sa aking buhay. Ilagay Mo ang Iyong trono sa sentro ng aking katauhan. Panginoon, dalhin Mo ang aking buong araw at ang aking pang-araw-araw na buhay sa ilalim ng Iyong trono”; kung maghahandog tayo ng gayong panalangin sa Tres-unong Diyos tuwing umaga, mula sa sandaling iyon ay magkakaroon tayo ng pagdaloy ng buhay na tubig sa loob natin.
- C. Sa ating karanasan, sa tuwing ipinasasakop natin ang ating sarili sa Tres-unong Diyos, kinukuha Siya bilang ating Ulo, natatamasa natin ang isang pagdaloy sa loob natin; dumadaloy ang ilog kasama ang Diyos na naglayon, kasama ang Kordero na nagtubos, at kasama ang Espiritu na siya ngayong nagpapaloob, naproseso, nagbibigay-buhay na Espiritu.
- D. Sa ilalim ng Kanyang pagkaulo ay natatamasa natin ang daloy ng buhay na may panustos ng buhay at daan ng buhay; sa loob ng daloy ng buhay ay pinaglilingkuran natin Siya, nakikita natin Siya, at naghahari tayong kasama Niya—22:2-5.

Apoc. 22:2-5 At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa. ³At hindi na magkakaroon pa ng anumang asumpa. At ang trono ng Diyos at ng Kordero ay doroon, at ang Kanyang mga alipin ay maglilingkod sa Kanya; ⁴At makikita nila ang Kanyang mukha, at ang Kanyang pangalan ay sasakanilang mga noo. ⁵At hindi na magkakaroon pa ng gabi; at hindi na sila mangangailangan ng liwanag ng ilawan at ng liwanag ng araw, sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Diyos; at maghahari sila magpakailan pa man.

III. Inihahayag ng Ezekiel 1 na ang pinakamataas na punto ng ating espiritwal na karanasan ay ang pagkakaroon ng isang malinaw na langit na may trono ng Diyos sa itaas nito; ang maabot ang puntong ito ay nangangahulugang sa lahat ng bagay ay pinahihintulutan natin ang Diyos na magkaroon ng pagiging nakahihigit sa lahat at lubusang nagpapasailalim sa Kanyang awtoridad at administrasyon—bb. 22, 26:

Ezek. 1:22 Sa ibabaw ng ulo ng mga nilalang na may buhay, may isang bagay na kawangis ng kalawakang kumikinang na parang kristal na nakaladlad sa itaas ng kanilang mga ulo.

Ezek. 1:26 Sa itaas ng kalawakan na nasa itaas ng kanilang mga ulo ay may kawangis ng isang trono na parang anyo ng batong zafiro. Sa ibabaw ng kawangis ng trono ay may kawangis ng isang tao na nakaupo sa itaas niyon.

- A. Ang espiritwal na langit sa itaas ng mga ulo ng mga buhay na nilalang ay malinaw na malinaw, tulad ng isang napakalaking kalawakan ng kagila-gilalas na kristal; higit pa rito, ang langit na ito ay lumalawak at kasintatag, di-nagbabago, gaya ng kristal—b. 22.

Ezek. 1:22 Sa ibabaw ng ulo ng mga nilalang na may buhay, may isang bagay na kawangis ng kalawakang kumikinang na parang kristal na nakaladlad sa itaas ng kanilang mga ulo.

- B. Sa gayong sitwasyon, walang nasa pagitan natin at ng Diyos at walang nasa pagitan natin at ng isa’t isa; mayroon tayong lubusan at malinaw na pakikipagsalamuha sa Panginoon at sa isa’t isa.
- C. Nangangailangan ito ng pagpapanatili ng isang dalisay na budhi na walang anumang pagkakasala tungo sa Diyos at sa mga tao; ang salaysay ng ating langit ay ang salaysay ng ating budhi—Gawa 24:16.

Gawa 24:16 Dahil dito ay sinasanay ko rin ang aking sarili na laging magkaroon ng isang budhing walang sala sa Diyos at sa mga tao.

D. Ang trono ang namumunong presensiya ni Kristo:

1. Ang presensiya ng Panginoon ay palaging kasama ng Kanyang trono; ang trono ng Panginoon ay kapwa nasa ikatlong langit at nasa ating espiritu—Apoc. 4:2-3; Heb. 4:16; cf. 2 Tim. 4:22:
Apoc. 4:2-3 Kaagad ako ay nasa espiritu; at narito, may isang tronong nakalagay sa langit, at sa ibabaw ng trono ay may Isang nakaupo; ³At Siya na nakaupo ay tulad sa anyo ng isang batong jaspe at sardio, at sa palibot ng trono ay may bahagharing tulad sa anyo ng isang esmeralda.
Heb. 4:16 Kaya't lumapit tayong may kalakasang-loob sa trono ng biyaya upang makatanggap tayo ng awa at makasumpung ng biyaya para sa napapanahong tulong.
cf. 2 Tim. 4:22 Sumaiyong espiritu ang Panginoon. Sumainyo ang biyaya.
 - a. Ang mismong Kristo na nakaupo sa trono sa langit (Roma 8:34) ay nasa loob na rin natin ngayon (b. 10), yaon ay, nasa ating espiritu (2 Tim. 4:22), kung saan naroon ang tirahan ng Diyos.
Roma 8:34 Sino siya na magkokondena? Si Kristo Hesus ang namatay at, higit pa, ang ibinangon, na Siya ring nasa kanang kamay ng Diyos, na Siya ring namamagitan para sa atin.
Roma 8:10 Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran.
2 Tim. 4:22 Sumaiyong espiritu ang Panginoon. Sumainyo ang biyaya.
 - b. Sa Bethel, ang bahay ng Diyos, ang tirahan ng Diyos, na siyang pintuan ng langit, si Kristo ang hagdan na naghuhugpong ng lupa sa langit at nagdadala ng langit sa lupa—Gen. 28:12-17; Juan 1:51.
Gen. 28:12-17 Siya ay nanaginip na may isang hagdan na nakalagay sa lupa, na ang dulo ay umaabot sa langit, at ang mga anghel ng Diyos ay nagmamamhik-manaog doon. ¹³At [si Jehovah] ay tumayo sa tabi niya at nagsabi, "Ako [si Jehovah], ang Diyos ni Abraham na iyong ama, at ang Diyos ni Isaac. Ang lupang kinahihigaan mo ay ibibigay ko sa iyo at sa iyong binhi. ¹⁴Ang iyong binhi ay magiging parang alabok sa lupa, at ikaw ay kakalat sa kanluran, silangan, hilaga, at sa timog at ang lahat ng angkan sa lupa ay pagpapalain sa pamamagitan mo at ng iyong binhi. ¹⁵Alamin mo na ako'y kasama mo at iingatnang kita saan ka man pumunta, at ibabalik kita sa lupaing ito sapagkat hindi kita iiwan hanggang hindi ko nagagawa ang ipinangako ko sa iyo." ¹⁶Nagising si Jacob sa kanyang panaginip at sinabi, "Tunay na [si Jehovah] ay nasa lugar na ito at hindi ko iyon nalalaman." ¹⁷Siya'y natakot, at kanyang sinabi, "Kakilakilabot ang lugar na ito! Ito'y walang iba kundi ang bahay ng Diyos, at ito ang pintuan ng langit."
Juan 1:51 At sinabi Niya sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Makikita ninyong bukas ang langit at ang mga anghel ng Diyos na nagmamamhik-manaog sa Anak ng Tao.
 - c. Yamang ngayon ang ating espiritu ay ang lugar ng tirahan ng Diyos, ito na ngayon ang pintuan ng langit, kung saan si Kristo ang hagdan na naghuhugpong sa atin, ang mga tao sa lupa, tungo sa langit, at nagdadala ng langit sa atin.
 - d. Kaya, sa tuwing bumabaling tayo sa ating espiritu, pumapasok tayo sa pintuan ng langit at hinihipo ang trono ng biyaya sa langit sa pamamagitan ni Kristo bilang makalangit na hagdan.
2. Ang trono sa ibabaw ng malinaw na malinaw na kalawakan ay nagpapahiwatig na sa tuwing mayroon tayong malinaw na langit sa ating buhay-Kristiyano at sa ating buhay-ekklesia, tayo ay mapasasailalim ng pamumuno ng trono; ang awtoridad sa ekklesia ay ang trono sa ibabaw ng malinaw na langit.
3. Ang trono ay hindi lamang para sa Diyos na maghari sa atin kundi gayundin para maisakatuparan ng Diyos ang Kanyang walang hanggang layunin; kung taglay natin ang trono sa ating espiritwal na buhay, hindi lamang tayo pamumunuan ng Diyos bagkus ay isasakatuparan din ang Kanyang layunin sa loob natin, kasama natin, at sa pamamagitan natin—Roma 5:17, 21; cf. Mat. 28:18-20.
Roma 5:17 Sapagkat kung sa pagsalangsang ng isa, naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa, higit pa yaong mga tumatanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ng Isa, si Hesu-Kristo.

Roma 5:21 Upang kung paanong ang kasalanan ay naghari sa kamatayan, gayundin naman ang biyaya ay makapaghahari sa pamamagitan ng katuwiran tungo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Hesu-Kristong ating Panginoon.

cf. Mat. 28:18-20 At lumapit si Hesus at nagsalita sa kanila, na nagsasabi, Lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa ay ibinigay na sa Akin. ¹⁹Kaya't humayo kayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa, binabautismuhan sila tungo sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, ²⁰Tinuturuan silang ganapin ang lahat ng bagay na iniutos Ko sa inyo. At narito, Ako ay kasama ninyo sa lahat ng araw hanggang sa kaganapan ng kapanahunan.

4. Ang trono ay may anyo ng isang batong zafiro; ang isang batong zafiro, na asul ang kulay, ay sumasagisag sa makalangit na sitwasyon, kondisyon, at atmospera ng namumunong presensiya ni Kristo—Exo. 24:10.

Exo. 24:10 At kanilang nakita ang Diyos ng Israel. Sa ilalim ng kanyang mga paa ay mayroong parang isang tuntungan na yari sa mga batong zafiro, at tulad ng langit sa kaliwanagan.

IV. Inihahayag ng Ezekiel na ang Isa na nasa trono ay kaanyo ng isang tao, gayunman sa Kanya ay may anyo ng kaluwalhatian ni Jehovah, nagpapahiwatig na ang Isa na nakaupo sa trono ay kapwa Diyos at tao; ito ay si Hesu-Kristo, ang Diyos-tao, ang pagsasama ng Diyos at tao—bb. 26, 28:

Ezek. 1:26 Sa itaas ng kalawakan na nasa itaas ng kanilang mga ulo ay may kawangis ng isang trono na parang anyo ng batong zafiro. Sa ibabaw ng kawangis ng trono ay may kawangis ng isang tao na nakaupo sa itaas niyon.

Ezek. 1:28 Gaya ng anyo ng bahaghari na nasa ulap sa araw na maulan, gayon ang anyo ng kinang sa palibot. Gayon ang anyo ng katulad ng kaluwalhatian [ni Jehovah]. Nang iyon ay aking makita, ako'y nasubasob at aking narinig ang tinig ng isang nagsasalita.

- A. Si Hesu-Kristo ay ang kumpletong Diyos, at Siya ay nagkatawang-tao upang maging tao; taglay ang kalikasan ng tao, Siya ay namuhay, namatay, nabuhay na muli, at umakyat sa langit bilang tao, at ngayon bilang Isa na nasa sa trono, Siya pa rin ang Anak ng Tao—Juan 1:1, 14; 6:62; Gawa 7:56, 59-60.

Juan 1:1 Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos.

Juan 1:14 At ang Salita ay naging laman at nagtabernakulo sa gitna natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiayang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at realidad.

Juan 6:62 Kung gayon, paano kung makita ninyong umaakyat ang Anak ng Tao sa kinaroroonan Niya nang una?

Gawa 7:56 At sinabi niya, Tingnan ninyo, nakikita kong nabuksan ang kalangitan at ang Anak ng Tao na nakatayo sa kanang kamay ng Diyos.

Gawa 7:59-60 At kanilang binato si Esteban habang siya ay tumatawag sa Panginoon at nagsasabi, Panginoong Hesus, tanggapin Mo ang aking espiritu! ⁶⁰At sa pagluhod, sumigaw siya nang may malakas na tinig, Panginoon, huwag Mong iparatang ang kasalanang ito laban sa kanila. At pagkasabi nito, siya ay natulog.

- B. Kaya, mula nang umakyat sa langit ang Panginoong Hesus, may tao na sa trono; sa milenyum at sa bagong langit at bagong lupa sa kawalang-hanggan, may tao pa rin sa trono—Mat. 19:28; Apoc. 22:1, 3.

Mat. 19:28 At sinabi sa kanila ni Hesus, Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na kayong sumunod sa Akin, sa pagpapanumbalik, kapag ang Anak ng Tao ay umupo sa trono ng Kanyang kaluwalhatian, kayo rin ay uupo sa labindalawang trono, na hahatulan ang labindalawang lipi ng Israel.

Apoc. 22:1 At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito.

Apoc. 22:3 At hindi na magkakaroon pa ng anumang sumpa. At ang trono ng Diyos at ng Kordero ay doroon, at ang Kanyang mga alipin ay maglilingkod sa Kanya.

- C. Ang mahiwagang layunin ng Diyos sa Kanyang relasyon sa tao ay ang isama ang Kanyang sarili sa tao at sa gayon ay maging pareho ng tao at gawin ang tao na pareho Niya sa buhay, sa kalikasan, at sa kahagayan subalit hindi sa Pagka-Diyos; ang tao ay nilikha ayon sa larawan ng Diyos upang ihayag ang Diyos at mamuno para sa Diyos—Gen. 1:26-28; cf. Isa. 14:12-14:

Gen. 1:26-28 Sinabi ng Diyos, “Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa.” ²⁷Kaya't nilalang ng Diyos ang tao ayon sa kanyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang. Sila'y kanyang nilalang na lalaki at babae. ²⁸Sila'y binasbasan ng Diyos at sa kanila'y sinabi ng Diyos, “Kayo'y magkaroon ng mga anak at magpakarami, punuin ninyo ang lupa at supilin ninyo ito. Magkaroon kayo ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawat bagay na may buhay na gumagalaw sa ibabaw ng lupa.”

cf. Isa. 14:12-14 Ano't nahulog ka mula sa langit, / O Tala sa Umaga, anak ng Umaga! / Paanong ikaw ay lumagpak sa lupa, / Ikaw na siyang nagpabagsak sa mga bansa! ¹³Sinabi mo sa iyong puso: / Ako'y aakyat sa langit; / Sa itaas ng mga bituin ng Diyos / Aking itatatag ang aking trono sa itaas. / Ako'y uupo sa bundok na pinagtitiipunan / Sa malayong hilaga. ¹⁴Ako'y aakyat sa itaas ng mga kaitaasan ng mga ulap; / Gagawin ko ang aking sarili na gaya ng Kataas-taasan.

1. Kapwa ang Isa na nasa trono at ang apat na buháy na nilalang ay may anyo ng isang tao, ipinahihwatig na ang apat na buháy na nilalang sa lupa ay ang kahayagan ng Isa na nasa trono; ang kahayagang ito ay ang pagpapakita ng Diyos sa pagkatao—Ezek. 1:5; 1 Tim. 3:15-16.

Ezek. 1:5 Mula sa gitna nito ay may isang kahawig ng apat na nilalang na may buhay. Ganito ang kanilang anyo: sila'y may anyong tao.

1 Tim. 3:15-16 Ngunit kung ako ay maantala, sumusulat ako upang malaman mo kung paano dapat gumawi ang isang tao sa bahay ng Diyos, na siyang ekklesia ng Diyos na buháy, ang haligi at saligan ng katotohanan. ¹⁶At walang alinlangan, dakila ang hiwaga ng pagkamakadiyos: Siya na nahayag sa laman, Inaring-matuwid sa Espiritu, Nakita ng mga anghel, Ipinangaral sa mga bansa, Sinampalatayanan sa sanlibutan, Iniakyat sa kaluwalhatian.

2. Ang Diyos sa kalangitan ay nagnanais na tamuhin ang tao sa lupa para sa Kanyang kahayagan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Kanyang sarili tungo sa tao; higit pa rito, ang intensiyon ng Diyos ay ang gumawa sa tao upang ang tao ay mapasatrono—Efe. 3:16-21; Apoc. 3:21; 5:10; 20:4; 22:5; Mat. 19:28.

Efe. 3:16-21 Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, ¹⁷Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig, ¹⁸Ay mapalakas upang matalastas kasama ng lahat ng banal kung ano ang luwang at haba at taas at lalim ¹⁹At makilala ang humihigit sa kaalaman na pag-ibig ni Kristo, na kayo ay mapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Diyos. ²⁰Subalit sa Kanya na may kakayahang gumawa nang lubhang sagana nang higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang gumagawa sa loob natin, ²¹Suma-Kanya nawa ang kaluwalhatian sa ekklesia at kay Kristo Hesus sa lahat ng henerasyon magpakailan pa man. Amen.

Apoc. 3:21 Ang nananaig ay pagkakalooban Ko na umupong kasama Ko sa Aking trono, gaya Ko naman na nanaig at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang trono.

Apoc. 5:10 At ginawa silang isang kaharian at mga saserdote sa ating Diyos; at sila ay maghahari sa ibabaw ng lupa.

Apoc. 20:4 At nakita ko ang mga trono, at umupo sila sa mga ito, at ang paghahatol ay ibinigay sa kanila. At nakita ko ang mga kaluluwa ng mga yaong pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Hesus at dahil sa salita ng Diyos, at ng mga yaong hindi sumamba sa halimaw ni sa kanyang imahen man, at hindi tumanggap ng marka sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at nabuhay at naghari sila kasama ni Kristo sa loob ng sanlibong taon.

Apoc. 22:5 At hindi na magkakaroon pa ng gabi; at hindi na sila mangangailangan ng liwanag ng ilawan at ng liwanag ng araw, sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Diyos; at maghahari sila magpakailan pa man.

Mat. 19:28 At sinabi sa kanila ni Hesus, Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na kayong sumunod sa Akin, sa pagpapanumbalik, kapag ang Anak ng Tao ay umupo sa trono ng Kanyang kaluwalhatian, kayo rin ay uupo sa labindalawang trono, na hahatulan ang labindalawang lipi ng Israel.

3. Bilang ang Nauna, ang Tagapanguna, binuksan ng Panginoong Hesus ang daan upang makapasok sa kaluwalhatian at maupo sa trono, at tayo, ang Kanyang maraming kapatid, ay mga sumusunod sa Kanya ngayon—Heb. 2:6-12; Apoc. 3:21; 22:5.

Heb. 2:6-12 Ngunit may isa na taimtim na nagpatotoo sa isang dako, na nagsasabi, “Ano ang tao, upang siya ay lyong alalahanin? O ang anak ng tao upang siya ay lyong pagmalasakitan? ⁷Ginawa Mo Siyang mababa nang kaunti sa mga anghel; pinutungan Mo Siya ng kaluwalhatian at karangalan at pinamahala Mo Siya sa mga gawa ng lyong mga kamay; ⁸Ipinasakop Mo ang lahat ng bagay sa ilalim ng Kanyang mga paa.” Sapagkat sa pagpapasakop ng lahat ng bagay sa Kanya, wala Siyang iniwang hindi naipasakop sa Kanya. Ngunit ngayon ay hindi pa natin nakikitang naipasakop ang lahat ng bagay sa Kanya, ⁹Kundi nakikita natin si Hesus, na ginawang mababa nang kaunti sa mga anghel dahil sa pagdurusa ng kamatayan, pinutungan ng kaluwalhatian at karangalan, upang sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay matikman Niya ang kamatayan para sa lahat ng bagay. ¹⁰Sapagkat nararapat para sa Kanya, na pinag-uukulan ng lahat ng bagay at ang lahat ng bagay ay sa pamamagitan Niya, sa pagdadala sa maraming anak tungo sa kaluwalhatian, na ang Maykatha ng kanilang kaligtasan ay gawing sakdal sa pamamagitan ng mga pagdurusa. ¹¹Sapagkat kapwa Siyang nagpapabanal at ang mga pinababanal ay pawang mula sa Isa, na dahil dito ay hindi Siya nahihiyang tawagin silang mga kapatid, ¹²Na sinasabi, “Ipahahayag Ko ang lyong pangalan sa Aking mga kapatid; sa gitna ng ekklesia ay aawit Ako ng mga himno ng papuri sa Iyo.”

Apoc. 3:21 Ang nananaig ay pagkakalooban Ko na umupong kasama Ko sa Aking trono, gaya Ko naman na nanaig at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang trono.

Apoc. 22:5 At hindi na magkakaroon pa ng gabi; at hindi na sila mangangailangan ng liwanag ng ilawan at ng liwanag ng araw, sapagkat liliwanagan sila ng Panginoong Diyos; at maghahari sila magpakailan pa man.

V. Sinasabi ng Ezekiel 1 na ang anyo ng tao na nasa trono ay may dalawang aspekto: mula sa Kanyang balakang pataas ay may anyo Siya ng elektrum, at mula sa Kanyang balakang pababa, ang anyo ng apoy—b. 27.

Ezek. 1:27 At nakita ko sa anyo ng kanyang balakang at paitaas ang isang bagay na tulad ng kumikinang na metal na kung pagmasdan ay gaya ng apoy sa palibot nito, at mula sa anyo ng kanyang balakang at paibaba ay nakita ko ang gaya ng apoy na may ningning sa palibot niya.

- A. Ang elektrum ay isang kumikinang na metal, isang paghahalo ng ginto at pilak; ang ginto ay sumasagisag sa kalikasan ng Diyos, at ang pilak ay sumasagisag sa katubusan; sa gayon, ang elektrum, binubuo ng mga elemento ng ginto at pilak, ay sumasagisag sa Kordero-Diyos, ang nagtutubos na Diyos—b. 4.

Ezek. 1:4 Habang ako'y nakatingin, at narito, isang maunos na hangin ang lumabas mula sa hilaga. May isang malaking ulap na may apoy na patuloy na sumisiklab, may maningning na liwanag na nakapalibot dito at sa gitna ay may parang nagbabagang tanso sa gitna ng apoy.

- B. Ang itaas na bahagi ng isang tao, mula sa kanyang balakang hanggang sa kanyang ulo, ay ang bahagi ng pakiramdam, ng pandama, sumasagisag sa kanyang kalikasan at disposisyon; ayon sa kanyang kalikasan at disposisyon, ang Panginoong Hesus sa trono ay may anyo ng elektrum, sumasagisag sa nagtutubos na Diyos.
- C. Ang ibabang bahagi ng katawan ng isang tao ay para sa pagkilos; ang anyo ng apoy mula sa balakang pababa ay sumasagisag sa anyo ng Panginoon sa Kanyang pagkilos na may nagliliyab at nagpapabanal na kapangyarihan ng Diyos.
- D. Kapag dumarating ang Panginoon sa atin, Siya ay dumarating bilang apoy upang magliwanag, magsaliksik, at magsunog; pagkatapos sa pamamagitan ng apoy, Siya ay nagiging kumikinang na elektrum sa atin, at tayo ay napupuspos ng kumikinang na kahayagan ng nagtutubos na Diyos.

- E. Pagkatapos masunog ang lahat ng negatibong bagay sa atin sa pamamagitan ng Panginoon bilang tumutupok na apoy (Heb. 12:29), ang matitira sa atin ay ang elektrum, ang nagtutubos na Diyos.

Heb. 12:29 Sapagkat ang ating Diyos ay isa ring tumutupok na apoy.

VI. Sinasabi ng Ezekiel 1 na may bahaghari bilang ningning sa palibot ng tao na siyang nakaupo sa trono, sumasagisag sa karilagan at kaluwalhatian sa palibot ng Panginoon sa trono—b. 28; Apoc. 4:3:

Ezek. 1:28 Gaya ng anyo ng bahaghari na nasa ulap sa araw na maulan, gayon ang anyo ng kinang sa palibot. Gayon ang anyo ng katulad ng kaluwalhatian [ni Jehovah]. Nang iyon ay aking makita, ako'y nasubasob at aking narinig ang tinig ng isang nagsasalita.

Apoc. 4:3 At Siya na nakaupo ay tulad sa anyo ng isang batong jaspe at sardio, at sa palibot ng trono ay may bahagharing tulad sa anyo ng isang esmeralda.

- A. Sa panahon ni Noe ang bahaghari sa ulap ay isang tanda ng katapatan ng Diyos sa pagtupad Niya sa Kanyang tipan sa tao at sa bawat buhay na nilalang, sumasagisag na hindi na Niya kailanman muling lilipulin ang sangkatauhan sa pamamagitan ng baha—Gen. 9:13.

Gen. 9:13 Inilagay ko ang aking bahaghari sa ulap, at ito ay magiging tanda ng tipan ko at ng lupa.

- B. Ang isang bahaghari ay maituturing na ibinunga mula sa tatlong pangunahing kulay—pula, dilaw, at asul: ang pula, ang kulay ng apoy, ay tumutukoy sa kabanalan ng Diyos; ang dilaw, ang kulay ng elektrum, ay sumasagisag sa kaluwalhatian ng Diyos; at ang asul, ang kulay ng trono na zafiro, ay sumasagisag sa katuwiran ng Diyos—Awit 89:14:

Awit 89:14 Ang katuwiran at katarungan ang mga saligan ng iyong trono; / Ang tapat na pag-ibig at katapatan ay nagpapauna sa iyo.

1. Ang katuwiran, kabanalan, at kaluwalhatian ng Diyos ay tatlong dibinong kagalingan na naglalayo sa mga makasalanang mula sa Diyos—Gen. 3:24.

Gen. 3:24 At kanyang itinaboy ang lalaki; at inilagay sa silangan ng halamanan ng Eden ang mga kerubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang bantayan ang daang patungo sa punungkahoy ng buhay.

2. Gayunpaman, dumating si Kristo, namatay sa krus upang bigyang-kasiyahan ang mga kahingian ng katuwiran, kabanalan, at kaluwalhatian ng Diyos, at nabuhay na muli, at Siya ngayon ang ating katuwiran, kabanalan, at kaluwalhatian—1 Cor. 1:30.

1 Cor. 1:30 Subalit sa Kanya, kayo ay na kay Kristo Hesus, na naging karunungan sa atin mula sa Diyos: kapwa katuwiran at pagpapabanal at katubusan.

3. Dahil tayo, ang mga mananampalataya, ay nasa loob ni Kristo ngayon, sa paningin ng Diyos ay tinataglay natin ang anyo ni Kristo bilang katuwiran, kabanalan, at kaluwalhatian; ito ang anyo ng isang bahaghari bilang patotoo ng katapatan ng Diyos sa pagsagip sa atin at pagligtas sa atin, ang mga natisod, mula sa Kanyang paghahatol sa mga makasalanang.

4. Sa Bagong Herusalem, isang lunsod na ang mga pundasyon ay may anyo ng bahaghari (Apoc. 21:19-20), tayo, ang kabuuan ng mga naligtas, ay magiging isang bahaghari na iniaaninag ang kaningningan ng katuwiran, kabanalan, at kaluwalhatian ng Diyos at nagpapatotoo magpakailanman na ang Diyos ay matuwid at tapat.

Apoc. 21:19-20 Ang mga pundasyon ng pader ng lunsod ay nagagayakan ng bawat isang mahalagang bato: ang unang pundasyon ay jaspe; ang ikalawa ay zafiro; ang ikatlo ay calcedonia; ang ikaapat ay esmeralda; ²⁰Ang ikalima ay sardonica; ang ikaanim ay sardio; ang ikapito ay crisolito; ang ikawalo ay berilo; ang ikasiyam ay topacio; ang ikasampu ay crisopasio; ang ikalabing-isa ay jacinto; ang ikalabindalawa ay amatista.

5. Gaya ng inilalarawan sa Ezekiel 1, ang buhay-Kristiyano at ang buhay-ekklesia ay mapasusukdol sa gayong bahaghari; sa puntong iyon ang walang hanggang plano ng Diyos ay naisakatuparan na.

Mensahe Labindalawa

**Ang Pagdating ni Kristo na may Gantimpala at Kaparusahan,
isang Ilawang Nagliliwanag sa Madilim na Lugar,
at ang Lihim na Pagpapakita ni Kristo sa Kanyang mga Mandaraig
bilang Tala sa Umaga**

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 22:12, 16; 2 Ped. 1:19

Apoc. 22:12 Narito, Ako ay darating kaagad, at ang Aking gantimpala ay nasa Akin upang igawad sa bawat isa ayon sa kanyang gawa.

Apoc. 22:16 Akong si Hesus ay nagsugo ng Aking anghel upang magpatotoo sa inyo ng mga bagay na ito para sa mga ekklesia. Ako ang Ugat at ang Supling ni David, ang maningning na tala sa umaga.

2 Ped. 1:19 At mayroon kaming salita ng mga propeta na ginawang lalong matatag, na makabubuti para sa inyo kung inyong bibigyang-pansin gaya ng sa isang ilawang nagliliwanag sa isang madilim na lugar, hanggang sa magbukang-liwayway at ang tala sa umaga ay sumikat sa inyong mga puso.

I. “Narito, Ako ay darating kaagad, at ang Aking gantimpala ay nasa Akin upang igawad sa bawat isa ayon sa kanyang gawa”—Apoc. 22:12:

Apoc. 22:12 Narito, Ako ay darating kaagad, at ang Aking gantimpala ay nasa Akin upang igawad sa bawat isa ayon sa kanyang gawa.

A. Inuulit ng Panginoon ang Kanyang babala, “Ako ay darating kaagad” (3:11; 22:7), nang sa gayon ay isaalang-alang natin ang Kanyang gantimpala, na igagawad sa pagbalik Niya.

Apoc. 3:11 Ako ay darating kaagad; panghawakan mong matibay ang nasa iyo upang huwag kunin ninuman ang iyong putong.

Apoc. 22:7 At narito, Ako ay darating kaagad. Pinagpala ang tumutupad ng mga salita ng propesiya ng balumbon na ito.

B. Sa pagdating ng Panginoon, ang gantimpalang ito ay igagawad sa bawat isa sa mga mananampalataya, pagkatapos ng kanilang raptur, sa luklukan ng paghahatol ni Kristo—2 Cor. 5:10; 1 Cor. 4:5; Roma 14:10; Mat. 16:27.

2 Cor. 5:10 Sapagkat tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harap ng luklukan ng paghahatol ni Kristo, upang makatanggap ang bawat isa ng mga bagay na ginawa sa pamamagitan ng katawan ayon sa kanyang ginawa, mabuti man o masama.

1 Cor. 4:5 Kaya’t huwag ninyong hatulan ang anuman bago ang panahon, hanggang sa dumating ang Panginoon, na kapwa magdadala sa liwanag ng mga nakatagong bagay ng kadiliman at maghahayag sa mga layon ng mga puso, at pagkatapos ay magkakaroon ng papuri para sa bawat isa mula sa Diyos.

Roma 14:10 Ngunit ikaw, bakit mo hinahatulan ang iyong kapatid? O ikaw, bakit mo hinahamak ang iyong kapatid? Sapagkat tayong lahat ay tatayo sa harap ng luklukan ng paghahatol ng Diyos.

Mat. 16:27 Sapagkat ang Anak ng Tao ay darating na nasa kaluwalhatian ng Kanyang Ama kasama ang Kanyang mga anghel, at pagkatapos ay gagantimpalaan Niya ang bawat tao ayon sa kanyang mga gawa.

C. Ang salitang Griyego na isinaling “gantimpala” sa Apocalipsis 22:12 ay nangangahulugang “kabayaran.”

Apoc. 22:12 Narito, Ako ay darating kaagad, at ang Aking gantimpala ay nasa Akin upang igawad sa bawat isa ayon sa kanyang gawa.

D. Kapag dumating muli ang Panginoong Hesus upang angkinin ang kaharian, gagantimpalaan o parurusahan Niya ang lahat ng nabibilang sa Kanya:

1. Ang ilan ay tatanggap ng Kanyang parusa dahil ang salita ng Panginoon na “ang Aking gantimpala ay nasa Akin” ay nagpapahiwatig na hindi lamang may gantimpala bagkus may kaparusahan din.
2. Sa pagpapatupad nito, idineklara ng Panginoon sa Apocalipsis 22:7, “Ako ay darating kaagad. Pinagpala siya na tumutupad ng mga salita ng propesiya ng balumbon na ito.”
Apoc. 22:7 At narito, Ako ay darating kaagad. Pinagpala ang tumutupad ng mga salita ng propesiya ng balumbon na ito.
3. Siya na tumutupad ng mga salita ng propesiya ng Apocalipsis ay pinagpala dahil siya ay gagantimpalaan.
4. Ang gantimpala na tatanggapin natin sa araw na iyon ay may malaking kinalaman sa ating saloobin ngayon:
 - a. Sinasabi sa 1 Corinto 3:8 na tayo ay gagantimpalaan ayon sa ating pagpapagal.
1 Cor. 3:8 Ngayon ang nagtatanim at ang nagdidilig ay iisa, subalit tatanggapin ng bawat isa ang kanyang gantimpala ayon sa kanyang sariling pagpapagal.
 - b. Sinabi ng Panginoong Hesus sa Mateo 16:27 na sa Kanyang pagbabalik ay gagantimpalaan Niya tayo ayon sa ating mga gawa.
Mat. 16:27 Sapagkat ang Anak ng Tao ay darating na nasa kaluwalhatian ng Kanyang Ama kasama ang Kanyang mga anghel, at pagkatapos ay gagantimpalaan Niya ang bawat tao ayon sa kanyang mga gawa.
- E. Ang walang hanggang kaligtasan ay walang kinalaman sa ating mga gawa, ngunit ang gantimpala ng kaharian ay lubusang magiging ayon sa ating mga gawa na nagawa natin sa pamamagitan ng buhay ng Panginoon matapos maligtas.
- F. Ang bawat naligtas ay mahahayag sa harap ng luklukan ng paghahatol ni Kristo nang sa gayon ay makatanggap ang bawat isa ng mga bagay na ginawa sa pamamagitan ng katawan ayon sa kanyang ginawa, mabuti man o masama; ang mga gumagawa ng mabuti ay makakatanggap ng gantimpala, at ang mga gumawa ng masama ay makakatanggap ng parusa—2 Cor. 5:10.
2 Cor. 5:10 Sapagkat tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harap ng luklukan ng paghahatol ni Kristo, upang makatanggap ang bawat isa ng mga bagay na ginawa sa pamamagitan ng katawan ayon sa kanyang ginawa, mabuti man o masama.
- G. Tayo ay tatayo sa harap ng luklukan ng paghahatol at magbibigay-sulit sa Panginoon hinggil sa lahat ng ating nakalipas na pamumuhay, paglakad, at paggawi; dahil dito, kahit si apostol Pablo ay nagsabi na hindi siya nangahas suriin ang kanyang sarili, kundi ang sumuri sa kanya ay ang Panginoon—1 Cor. 4:3-4.
1 Cor. 4:3-4 Subalit para sa akin ay isang napakaliit na bagay na ako ay suriin ninyo o ng araw ng tao; ni hindi ko nga sinusuri ang aking sarili. ⁴Sapagkat wala akong nalalamang anuman na laban sa aking sarili; subalit hindi ako inaaring-matuwid sa pamamagitan nito, kundi Siya na sumusuri sa akin ay ang Panginoon.
- H. Ang paraan ng ating paglilingkod at paggawa para sa Panginoon matapos tayong maligtas ay isang dakilang bagay.
- I. Sinasabi ni Pablo, “Kung ang gawa ng sinuman na kanyang itinayo sa ibabaw ng pundasyon ay mananatili, siya ay tatanggap ng gantimpala”—3:14.
1 Cor. 3:14 Kung ang gawa ng sinuman na kanyang itinayo sa ibabaw ng pundasyon ay mananatili, siya ay tatanggap ng gantimpala.
- J. Kapag bumalik ang Panginoon, magkakaroon ng paghahatol; sa paghahatol na iyon ay magpapasya Siya kung tayo ba ay tatanggap ng gantimpala o parusa.
- K. Ang gantimpala ay pagpapasyahan ng luklukan ng paghahatol ni Kristo: “Tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harap ng luklukan ng paghahatol ni Kristo, upang makatanggap

ang bawat isa ng mga bagay *na ginawa* sa pamamagitan ng katawan ayon sa kanyang ginawa, mabuti man o masama”—2 Cor. 5:10.

2 Cor. 5:10 Sapagkat tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harap ng luklukan ng paghahatol ni Kristo, upang makatanggap ang bawat isa ng mga bagay na ginawa sa pamamagitan ng katawan ayon sa kanyang ginawa, mabuti man o masama.

II. “Mayroon kaming salita ng mga propeta na ginawang lalong matatag, na makabubuti para sa inyo kung inyong bibigyang-pansin gaya ng sa isang ilawang nagliliwanag sa isang madilim na lugar, hanggang sa magbukang-liwayway at ang tala sa umaga ay sumikat sa inyong mga puso”—2 Ped. 1:19:

2 Pet. 1:19 At mayroon kaming salita ng mga propeta na ginawang lalong matatag, na makabubuti para sa inyo kung inyong bibigyang-pansin gaya ng sa isang ilawang nagliliwanag sa isang madilim na lugar, hanggang sa magbukang-liwayway at ang tala sa umaga ay sumikat sa inyong mga puso.

A. Inihalintulad ni Pedro ang salita ng propesiya sa Kasulatan sa isang ilawang nagliliwanag sa madilim na lugar:

1. Ipinahihiwatig nito na ang kapanahunang ito ay isang madilim na lugar sa madilim na gabi (Roma 13:12), at ang lahat ng tao ng sanlibutang ito ay gumagalaw at kumikilos sa kadiliman.

Roma 13:12 Malalim na ang gabi, at ang araw ay malapit na. Kaya’t iwaksi natin ang mga gawa ng kadiliman, at isuot natin ang mga sandata ng liwanag.

2. Ang salita ng mga propeta sa Kasulatan, bilang ilawang nagliliwanag sa mga mananampalataya, ay naghahatid ng espiritwal na liwanag na sumisinag sa kanilang kadiliman (hindi lamang kaalaman sa mga titik para sa kanilang pangkaisipang pang-unawa), ginagabayan silang pumasok sa maliwanag na araw, maging dumaan sa madilim na gabi hanggang ang araw ng pagpapakita ng Panginoon ay magbukang-liwayway.
 3. Bago magpakita ang Panginoon bilang sikat ng araw, kailangan natin ang salitang ito bilang liwanag upang magliwanag sa ating mga hakbang.
- B. *Ang magbukang-liwayway* (2 Ped. 1:19) ay isang metaporang naglalarawan ng darating na panahon na magiging punô ng liwanag, gaya ng isang maliwanag na araw na nagbubukang-liwayway, na may tala sa umagang sumisikat, bago ang pagbukang-liwayway nito, sa puso ng mga mananampalataya, na nailawan at naliwanagan sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin sa nagliliwanag na salita ng mga propesiya sa Kasulatan:

2 Pet. 1:19 At mayroon kaming salita ng mga propeta na ginawang lalong matatag, na makabubuti para sa inyo kung inyong bibigyang-pansin gaya ng sa isang ilawang nagliliwanag sa isang madilim na lugar, hanggang sa magbukang-liwayway at ang tala sa umaga ay sumikat sa inyong mga puso.

1. Sa panahon ng apostasiya, makabubuting magbigay-pansin ang mga mananampalataya sa bagay na ito, upang ang salita ng mga propeta, bilang ilawan, ay magliwanag sa kadiliman ng apostasiya hanggang sa magbukang-liwayway ang isang gayong araw sa kanila.
2. Ito ay magsasanhi at maghihikayat sa kanila na masigasig na hanapin ang presensiya ng Panginoon at maging mapagbantay nang sa gayon ay hindi nila mapalampas ang Panginoon sa lihim na bahagi ng Kanyang pagdating (parousia), kung kailan Siya ay darating bilang isang magnanakaw.
3. Ang metaporang ito ay tiyak na tumutukoy sa darating na kapanahunan, ang kapanahunan ng kaharian, bilang isang araw na nagbubukang-liwayway sa pagpapakita (pagdating) ng Panginoon (b. 16) bilang Araw ng katuwiran (Mal. 4:2), na ang Kanyang liwanag ay sisinag upang tumagos sa karimlan ng madilim na gabi ng kapanahunang ito.

2 Pet. 1:16 Sapagkat hindi kami sumunod sa mga mito na ginawa nang may katusuhan

nang aming ipinaalam sa inyo ang kapangyarihan at pagdating ng ating Panginoong Hesu-Kristo, kundi kami ay naging mga saksi na nakakita ng Kanyang kamaharlihan.

Mal. 4:2 Ngunit sa inyo na natatakot sa aking pangalan ay sisikat ang araw ng katuwiran, na may pagpapagaling sa kanyang mga pakpak. Kayo'y lalabas at luluksong parang mga guya mula sa silungan.

4. Bago nito, sa pinakamadilim na oras ng gabi ay magpapakita ang Panginoon bilang tala sa umaga (Apoc. 2:28; 22:16) sa mga mapagbantay at nag-aasam ng Kanyang magiliw na pagpapakita (2 Tim. 4:8).

Apoc. 2:28 At ibibigay Ko sa kanya ang tala sa umaga.

Apoc. 22:16 Akong si Hesus ay nagsugo ng Aking anghel upang magpatotoo sa inyo ng mga bagay na ito para sa mga ekklesia. Ako ang Ugat at ang Supling ni David, ang maningning na tala sa umaga.

2 Tim. 4:8 Kaya't mula ngayon ay nakalaan sa akin ang putong ng katuwiran, na ang Panginoon, ang matuwid na Hukom, iyon ay ibibigay bilang ganti sa akin sa araw na iyon, at hindi lamang sa akin bagkus sa lahat din ng mga umiibig sa Kanyang pagpapakita.

5. Sila ay naliwanagan ng pagsinag ng salita ng mga propeta, na may kakayahang maggabay sa kanila sa araw ng pagbubukang-liwayway.
6. Kung bibigyang-pansin natin ang salita sa Biblia, na nagliliwanag gaya ng isang ilawan sa isang madilim na lugar, matataglay natin ang Kanyang pagsikat sa ating mga puso upang magliwanag sa kadiliman ng apostasiya kung saan tayo ngayon naroroon, bago ang Kanyang aktuwal na pagpapakita bilang tala sa umaga.

III. “Ako ang Ugat at ang Supling ni David, ang maningning na tala sa umaga”—Apoc. 22:16b:

Apoc. 22:16b Akong si Hesus ay nagsugo ng Aking Anghel upang magpatotoo sa inyo ng mga bagay na ito para sa mga ekklesia. Ako ang Ugat at ang Supling ni David, ang maningning na tala sa umaga.

- A. Si Kristo, na isinasagisag ng makalangit na luminaryo, mga ilaw, ay ang maningning na tala sa umaga—b. 16b.

Apoc. 22:16b Akong si Hesus ay nagsugo ng Aking Anghel upang magpatotoo sa inyo ng mga bagay na ito para sa mga ekklesia. Ako ang Ugat at ang Supling ni David, ang maningning na tala sa umaga.

- B. Sa Kanyang pagbabalik, si Kristo ay magiging sumisikat na araw sa Kanyang bayan sa pangkalahatan (Mal. 4:2) subalit tala sa umaga sa Kanyang mapagbantay na mangingibig sa partikular.

Mal. 4:2 Ngunit sa inyo na natatakot sa aking pangalan ay sisikat ang araw ng katuwiran, na may pagpapagaling sa kanyang mga pakpak. Kayo'y lalabas at luluksong parang mga guya mula sa silungan.

- C. Ang huli ay magiging isang gantimpala sa mga mandaraig: “Ibibigay Ko ang tala sa umaga”—Apoc. 2:28.

Apoc. 2:28 At ibibigay Ko sa kanya ang tala sa umaga.

- D. Si Kristo bilang Ugat at Supling ni David ay may kaugnayan sa Israel at sa kaharian, samantalang ang Kanyang pagiging maningning na tala sa umaga ay may kaugnayan sa ekklesia at sa raptur.
- E. Ang tala sa umaga ay lumilitaw bago ang pinakamadilim na oras, bago magbukang-liwayway.
- F. Ang matinding kapighatian ang magiging pinakamadilim na panahong ito, pagkatapos nito ang araw ng kaharian ay magbubukang-liwayway; ipinakikita nito na si Kristo ay magpapakita bilang ang maningning na tala sa umaga sa pinakamadilim na panahon, bago ang pagsasara ng kapanahunang ito.

- G. Sa kaharian, ang Panginoon ay magpapakita nang hayagan sa Kanyang bayan bilang araw, ngunit magpapakita Siya nang lihim bago ang matinding kapighatian sa Kanyang mga mandaraig bilang tala sa umaga upang irapyur sila.
- H. Ang maningning na tala sa umaga ay magpapakita lamang sa mga mapagbantay.
- I. Hindi makikita ng natutulog na mga mananampalataya ang tala sa umaga; makikita lamang nila si Kristo bilang araw sa isang pangkalahatang paraan.
- J. Ang mga mapagbantay ay magkakaroon ng prayoridad na matikman ang kasariwaan ng Kanyang presensiya sa Kanyang pagbabalik pagkatapos ng mahabang pagkawala.
- K. Ang buong Biblia ay nagtatapos sa pagnanais para sa pagdating ng Panginoon na ipinahayag bilang isang panalangin.
- L. Ang panalangin ni Juan sa Apocalipsis 22:20 ay ang huling panalangin sa Biblia.
Apoc. 22:20 Siya na nagpapatotoo sa mga bagay na ito ay nagsasabi, Oo, Ako ay darating kaagad. Amen. Dumating Ka, Panginoong Hesus!
- M. “Siya na nagpapatotoo sa mga bagay na ito ay nagsasabi, Oo, Ako ay darating kaagad. Amen. Dumating Ka, Panginoong Hesus!”—b. 20.
Apoc. 22:20 Siya na nagpapatotoo sa mga bagay na ito ay nagsasabi, Oo, Ako ay darating kaagad. Amen. Dumating Ka, Panginoong Hesus!